# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## Gordon B. Hinckley



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# GORDON B. HINCKLEY

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

## Mga Aklat sa Seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*

*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (aytem bilang 36481 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (35554 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (35969 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (36315 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (36787 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (35744 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (35970 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (36786 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* (36492 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* (36907 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (35892 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (36500 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (08860 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Howard W. Hunter* (08861 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* (08862 893)

Para makakuha ng kopya ng mga aklat na ito, magpunta sa isang distribution center ng Simbahan o bumisita sa store.lds.org. Ang mga aklat na ito ay makukuha rin sa mga digital format sa LDS.org at sa Gospel Library mobile application.

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan. Mangyaring isumite ang mga ito sa:

Curriculum Development
50 East North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0024 USA
Email: pth-development@ldschurch.org

Isulat lamang ang inyong pangalan, address, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng aklat at mga bahaging maaari pang pagandahin.

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Pagsang-ayon sa Ingles: 3/11
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 3/11
Pagsasalin ng *Teachings of Presidents of the Church: Gordon B. Hinckley*
Tagalog
08862 893

# Mga Nilalaman


Pambungad . . . vi
Buod ng Kasaysayan . . . xi
Ang Buhay at Ministeryo ni Gordon B. Hinckley . . . 1
1 Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo—sa Pagsikat ng Umagang Maningning . . . 49
2 Isang Sagisag sa mga Bansa, Isang Ilaw ng Sanlibutan . . . 63
3 Pagkakaroon ng Masayang Pag-uugali at Magandang Pananaw . . . 77
4 Ang Pamana ng Pananampalataya at Sakripisyo ng mga Pioneer . . . 91
5 Mga Anak na Babae ng Diyos . . . 107
6 Napakabisa ng Panalangin . . . 121
7 Ang mga Bulong ng Espiritu . . . 133
8 Umaasa Tayo kay Cristo . . . 143
9 Ang Mahalagang Kaloob na Patotoo . . . 157
10 Pangangalaga sa Walang-Hanggang Pagsasamahan ng Mag-asawa . . . 171
11 Tahanan—Ang Pundasyon ng Matwid na Pamumuhay . . . 185
12 Pagsunod: Ipamuhay Lamang ang Ebanghelyo . . . 199
13 Kapayapaan at Katiwasayan sa Pamamagitan ng Temporal na Pag-asa sa Sarili . . . 213
14 Kalimutan ang Ating Sarili sa Paglilingkod sa Iba . . . 225
15 Ang Banal na Priesthood . . . 237
16 Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon . . . 251
17 Magpatuloy sa Napakahalagang Proseso ng Pag-aaral . . . 263
18 Kabanalan—Isang Batong Panulok na Mapagsasaligan Natin sa Buhay . . . 279
19 Pamumuno ng mga Mayhawak ng Priesthood sa Simbahan ni Jesucristo . . . 289
20 Makisalamuha sa mga Taong Iba ang Pananampalataya . . . 305
21 Ang Himala ng Gawaing Misyonero sa mga Huling Araw . . . 317

22 Pagtulong nang May Pagmamahal sa mga Bagong Convert at Di-Gaanong Aktibong Miyembro . . . . . . . . . . . 331
23 Ang mga Pagpapala ng Banal na Templo. . . . . . . . . . . . . . 345
24 Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo: Para sa Lahat ng Tao, Ngunit Personal ang Epekto . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 359
25 Sumulong nang May Pananampalataya . . . . . . . . . . . . . . . 373
Listahan ng mga Larawan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 385
Indeks . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 387



# Pambungad

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* para tulungan kayong higit na mapalapit sa inyong Ama sa Langit at mapalalim ang inyong pag-unawa sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Sa pagdaragdag ng Simbahan ng mga aklat sa seryeng ito, makakakolekta kayo ng mga reperensyang aklat ng ebanghelyo sa inyong tahanan. Ang mga aklat na ito ay nilayong magamit sa personal na pag-aaral at sa pagtuturo sa araw ng Linggo. Matutulungan din kayo nitong maghanda ng mga lesson para sa family home evening, maghanda ng iba pang mga lesson o mensahe, at sagutin ang mga tanong tungkol sa doktrina ng Simbahan.

Tampok sa aklat na ito ang mga turo ni Pangulong Gordon B. Hinckley, na naglingkod bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Marso 12, 1995, hanggang Enero 27, 2008.

## Personal na Pag-aaral

Sa pag-aaral ninyo ng mga turo ni Pangulong Gordon B. Hinckley, mapanalanging hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo. Matutulungan kayo ng mga tanong sa dulo ng bawat kabanata na pagbulayan, unawain, at ipamuhay ang mga turo ni Pangulong Hinckley. Ang sumusunod na mga ideya ay maaari ding makatulong:

- Isulat ang mga kaisipan at damdaming dumarating sa inyo mula sa Espiritu Santo habang nag-aaral kayo.
- Salungguhitan ang mga talatang gusto ninyong matandaan. Isiping isaulo ang mga talatang ito o isulat ang mga ito sa inyong mga banal na kasulatan sa tabi ng kaugnay na mga talata.
- Basahin ang kabanata o talata nang mahigit isang beses para mas maunawaan ninyo ito.

- Itanong sa inyong sarili ang tulad ng "Paano nadaragdagan ng mga turo ni Pangulong Hinckley ang pagkaunawa ko sa mga alituntunin ng ebanghelyo?" o "Ano ang nais ng Panginoon na matutuhan ko mula sa mga turong ito? Ano ang nais Niyang gawin ko?"
- Itanong sa sarili kung paano kayo matutulungan ng mga turo sa aklat na ito sa inyong personal na mga pagsubok at alalahanin.
- Ibahagi ang natutuhan ninyo sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan.

---

## Pagtuturo mula sa Aklat na Ito

Ang sumusunod na mga patnubay ay matutulungan kayong magturo mula sa aklat na ito, sa bahay man o sa simbahan.

### *Maghandang Magturo*

Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo habang naghahanda kayong magturo. Pag-aralan ang kabanata upang magkaroon kayo ng pananalig sa pag-unawa ninyo sa mga turo ni Pangulong Hinckley, at mapanalanging piliin ang mga turo na sa pakiramdam ninyo ay makakatulong.

Maaari ninyong hikayatin ang mga tinuturuan ninyo na pag-aralan nila mismo ang kabanata at pagtuunang mabuti ang bahaging "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo" sa dulo ng kabanata.

### *Maghikayat ng Talakayan tungkol sa mga Turo ni Pangulong Hinckley*

Kapag nagturo kayo mula sa aklat na ito, anyayahan ang iba na ibahagi ang kanilang mga iniisip, magtanong, magpatotoo, at turuan ang isa't isa. Kapag aktibo silang nakibahagi, magiging mas handa silang matuto at tumanggap ng personal na paghahayag.

Hayaang magpatuloy ang magagandang talakayan sa halip na sikaping talakayin ang lahat ng turo. Gabayan ang mga talakayan para matulungan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga turo ni Pangulong Hinckley at matuklasan ang mga paraan na maiaangkop nila ang mga turong iyon sa kanilang buhay.

Ang mga tanong sa dulo ng bawat kabanata ay mahalaga para maghikayat ng talakayan. Maaari din kayong gumawa ng sarili ninyong mga tanong lalo na para sa mga tinuturuan ninyo. Ang iba pang mga ideya para maghikayat ng talakayan ay nakalahad sa ibaba:

- Ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang natutuhan nila mula sa kanilang personal na pag-aaral ng kabanata.
- Magtalaga ng mga piling tanong na nasa dulo ng kabanata sa mga indibiduwal o maliliit na grupo. Ipahanap sa mga miyembro ng klase ang mga turo sa kabanata na may kaugnayan sa mga tanong. Pagkatapos ay ipabahagi sa kanila ang kanilang mga ideya at kuru-kuro.
- Sama-samang basahin ang ilan sa mga turo ni Pangulong Hinckley sa kabanata. Magpabahagi sa mga miyembro ng klase ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa sarili nilang mga karanasan na may kaugnayan sa mga turong iyon.
- Papiliin ng isang bahagi ang mga miyembro ng klase at ipabasa ito nang tahimik sa kanila. Anyayahan silang magtipon sa mga grupong may dalawa o tatlong miyembro na magkakapareho ang piniling bahagi at ipatalakay ang kanilang natutuhan.

### *Maghikayat ng Pagsasabuhay at Pagbabahagi*

Ang mga turo ni Pangulong Hinckley ay magiging lubos na makahulugan kapag ipinamuhay ito ng mga indibidwal at ibinahagi ito sa iba. Maaari ninyong gamitin ang isa o mahigit pa sa sumusunod na mga ideya:

- Tanungin ang mga miyembro ng klase kung paano nila magagamit ang mga turo ni Pangulong Hinckley sa kanilang mga responsibilidad sa tahanan, sa Simbahan, at sa iba pang sitwasyon.
- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang mga karanasan nila sa pagsunod sa payo ni Pangulong Hinckley.
- Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang ilan sa mga turo ni Pangulong Hinckley sa mga kapamilya at kaibigan.

### *Tapusin ang Talakayan*

Ibuod nang maikli ang lesson o ipabuod ito sa isa o dalawang miyembro ng klase. Patotohanan ang mga turong natalakay ninyo, at hikayatin ang mga miyembro ng klase na ipamuhay ang natutuhan nila. Maaari din ninyong anyayahan ang iba na ibahagi ang kanilang patotoo.

---

## Impormasyon tungkol sa mga Pinagkunang Materyal

Ang mga turo sa aklat na ito ay tuwirang sinipi mula sa mga sermon, artikulo, at panayam ni Pangulong Gordon B. Hinckley. Ang mga siping nagmula sa mga lathalain ay pinanatili sa orihinal na bantas, baybay, pagpapalaki ng mga titik, at ayos ng talata maliban kung kinailangan itong baguhin ng editor o itama ang maling baybay para mas madali itong basahin. Dahil pinanatili ang mga sipi sa orihinal nito, maaari kayong makapansin ng kaunting pagkakaiba-iba ng istilo sa teksto. Halimbawa, ang mga panghalip na tumutukoy sa Diyos ay ginamitan ng maliliit na titik sa ilang sipi at malalaking titik naman sa iba.

Madalas gamitin ni Pangulong Hinckley ang mga katagang *mga tao, tao,* at *sangkatauhan* sa pagtukoy sa lahat ng tao, kapwa lalaki at babae. Madalas din niyang gamitin ang mga panghalip na *siya, niya,* at *kanya* para tukuyin ang dalawang kasarian. Ang mga pananalitang ito ay karaniwan sa kanyang panahon.


# Buod ng Kasaysayan

Ang sumusunod na kronolohiya ay nagbibigay ng maikling buod ng mahahalagang pangyayari sa buhay ni Pangulong Gordon B. Hinckley.

| | |
|---|---|
| Hunyo 23, 1910 | Isinilang kina Bryant S. Hinckley at Ada Bitner Hinckley sa Salt Lake City, Utah. |
| 1922 | Dumalo sa isang stake priesthood meeting kasama ang kanyang ama at nagkaroon ng patotoo tungkol sa pagtawag kay Joseph Smith bilang propeta. |
| 1932 | Nagtapos mula sa University of Utah sa kursong English, journalism, at mga sinaunang wika. |
| 1933 hanggang 1935 | Naglingkod bilang full-time missionary sa European Mission, at ginugol ang buong panahon sa England. |
| 1935 hanggang 1943 | Nagtrabaho bilang executive secretary ng Radio, Publicity, and Mission Literature Committee ng Simbahan. |
| 1937 | Tinawag sa Sunday School general board. |
| Abril 29, 1937 | Pinakasalan si Marjorie Pay sa Salt Lake Temple. |
| 1943 hanggang 1945 | Nagtrabaho bilang assistant superintendent para sa Denver at Rio Grande Railroad sa Salt Lake City, Utah, at Denver, Colorado. |
| 1945 hanggang 1958 | Muling nagtrabaho sa Simbahan; noong 1951 nagsimulang mangasiwa sa araw-araw na pagpapatakbo ng bagong tatag na Missionary Department. |
| 1953 hanggang 1955 | Sa ilalim ng pamamahala ni Pangulong David O. McKay, inirekomenda at pinamahalaan ang pagsasapelikula ng endowment sa templo upang maunawaan sa iba't ibang wika. |

| | |
|---|---|
| Oktubre 28, 1956 | Tinawag na maglingkod bilang pangulo ng East Mill Creek Stake. |
| Abril 6, 1958 | Sinang-ayunan bilang Assistant sa Labindalawa. |
| Oktubre 5, 1961 | Inorden bilang Apostol at itinalaga ni Pangulong David O. McKay bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa. |
| Hulyo 23, 1981 | Tinawag na maglingkod bilang tagapayo sa Unang Panguluhan, para tumulong kay Pangulong Spencer W. Kimball at kina Pangulong Marion G. Romney at Pangulong N. Eldon Tanner. |
| Disyembre 2, 1982 | Tinawag na maglingkod bilang Pangalawang Tagapayo kay Pangulong Kimball. |
| Nobyembre 10, 1985 | Tinawag na maglingkod bilang Unang Tagapayo kay Pangulong Ezra Taft Benson. |
| Hunyo 5, 1994 | Tinawag na maglingkod bilang Unang Tagapayo kay Pangulong Howard W. Hunter. |
| Marso 3, 1995 | Naging senior na Apostol nang mamatay si Pangulong Hunter. |
| Marso 12, 1995 | Itinalaga bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |
| Setyembre 23, 1995 | Inilabas ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" sa general Relief Society meeting. |
| Pebrero 1996 | Ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan sa labas ng Estados Unidos ay humigit sa bilang ng mga miyembro ng Simbahan sa loob ng Estados Unidos. |
| Abril 7, 1996 | Naging panauhin sa programa sa telebisyon sa Estados Unidos na *60 Minutes*. |
| Mayo 26, 1996 | Inilaan ang Hong Kong China Temple, ang una sa 77 templong inilaan sa ilalim ng kanyang pangunguIo, at 63 rito ay siya mismo ang naglaan. |
| Abril 5, 1997 | Inorganisa ang tatlong bagong Korum ng Pitumpu. |

| | |
|---|---|
| Oktubre 4, 1997 | Ipinaalam ang planong magtayo ng mas maliliit na templo sa iba't ibang panig ng mundo. |
| Enero 1, 2000 | Kasama ang mga kapwa niya Apostol sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa, inilathala ang "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol." |
| Oktubre 1, 2000 | Inilaan ang Boston Massachusetts Temple, ang ika-100 templong pinatatakbo. |
| Oktubre 8, 2000 | Inilaan ang Conference Center. |
| Marso 31, 2001 | Ibinalita ang paglikha ng Perpetual Education Fund. |
| Pebrero 8, 2002 | Malugod na tinanggap ang mga bisita mula sa iba't ibang panig ng mundo sa Salt Lake City para sa Winter Olympics. |
| Hunyo 27, 2002 | Inilaan ang Nauvoo Illinois Temple sa ika-158 anibersaryo ng pagpaslang kina Joseph at Hyrum Smith. |
| Enero 11, 2003 | Namuno sa brodkast ng unang pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno. |
| Pebrero 8, 2003 | Nagsalita sa isang milyong batang Primary sa pamamagitan ng satellite broadcast upang ipagdiwang ang ika-125 anibersaryo ng Primary. |
| Abril 6, 2004 | Nagdalamhati sa pagkamatay ng kanyang asawang si Marjorie. |
| Hunyo 23, 2004 | Ginawaran ng Presidential Medal of Freedom, ang pinakamataas na parangal sa sibilyan na ibinibigay sa Estados Unidos. |
| Hunyo 26, 2007 | Ibinalita na lumampas na sa 13 milyon ang mga miyembro ng Simbahan at nakapaglingkod na ang ika-isang milyong missionary simula nang maorganisa ang Simbahan. |
| Enero 27, 2008 | Pumanaw sa kanyang tahanan sa Salt Lake City, Utah. |



# Ang Buhay at Ministeryo ni Gordon B. Hinckley

Noong Pebrero 16, 1998, mga 6,700 Banal sa mga Huling araw ang nagtipon sa Independence Square sa Accra, Ghana. Naroon sila upang salubungin ang kanilang propetang si Pangulong Gordon B. Hinckley.[1] Tumayo siya sa kanilang harapan, na may ngiti sa kanyang mukha, at ipinahayag ang pinakahihintay na balita na isang templo ang itatayo sa kanilang bayan. Ikinuwento ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na matapos itong ibalita ni Pangulong Hinckley, ang mga tao ay "nagsitayo at nagpalakpakan, napaluha at nagsayawan, naghawak-kamay, at naghiyawan."[2] Ilang taon kalaunan, matapos maitayo at mailaan ang templo, ginunita ng isang babaeng naroon noong araw na iyon ang nadamang kagalakan at ipinahayag kung paano siya napagpala ng templo:

"Malinaw pa rin sa aking isipan ang pagbisita ni Propetang Gordon B. Hinckley sa Ghana at ang pagbabalita niya na magtatayo ng templo sa aming Inang-bayan. Ang katuwaan sa mukha ng lahat, ang kaligayahan, ang mga hiyaw ng kagalakan ay malinaw pang lahat sa aking isipan. . . .

"Ngayon, dahil may templo na sa aming bayan, nakasal at nabuklod ako sa aking asawa para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Ang pagpapalang makasama ang aking pamilya hanggang sa kabilang-buhay ay nagbibigay sa akin ng malaking pag-asa habang sinisikap kong gawin ang lahat para makasama ang aking pamilya magpakailanman."[3]

Sa iba't ibang panig ng mundo, tinulungan ni Pangulong Hinckley ang mga tao na madama ang "malaking pag-asa" na ito sa pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Tulad ng ipinamalas ng pangyayari sa Ghana, madalas niyang paglingkuran ang napakaraming tao nang sabay-sabay. Tinulungan din niyang isa-isa ang mga tao. Inilarawan ni Elder Adney Y. Komatsu ng Pitumpu ang kanyang

damdamin bilang mission president nang bisitahin ni Pangulong Hinckley ang kanyang mission:

"Ni minsan ay hindi niya ako pinintasan sa tatlong taon kong paglilingkod, sa kabila ng lahat ng kahinaan ko. . . . At nakahikayat iyan sa akin na patuloy na gumawa. . . . Tuwing bababa siya ng eroplano kinakamayan niya ako na para bang masigasig siyang nagbobomba ng tubig sa poso. 'Pangulong Komatsu, kumusta ka na? . . . Napakahusay ng ginagawa mo.' Hinikayat niya ako sa gayong paraan . . . at nang umalis siya pakiramdam ko ay dapat akong magbigay ng 105 porsyentong kasigasigan, hindi lang 100 porsiyento."[4]

Nadama ng mga tao ang panghihikayat ni Pangulong Hinckley hindi lamang dahil sa kanyang inspiradong mga salita kundi dahil sa paraan ng kanyang pamumuhay. Ikinuwento ni Pangulong Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Habang papunta [sina Pangulong Hinckley at Sister Hinckley] sa isang airport sa Central America mula sa isang chapel, nabangga ang kanilang sasakyan. Kasunod nila kami ni Sister Nelson at nakita namin ang nangyari. Isang trak [na] may kargang mga kabilyang bakal na hindi nakatali ang kasalubong nila sa isang sangandaan. Para hindi magkabanggaan, biglang inihinto ng tsuper ang trak, kaya nagliparan na parang mga javelin ang mga kabilyang bakal at tumusok sa kotse ng mga Hinckley. Nagkabasag-basag ang mga bintana; nayupi ang mga tapalodo at pintuan. Napakatindi siguro ng aksidenteng iyon. Habang inaalis ang mga bubog sa kanilang damit at balat, sinabi ni Pangulong Hinckley: 'Salamat at hindi tayo pinabayaan ng Panginoon; lumipat na lang tayo sa ibang sasakyan.'"[5]

Ang pahayag na ito, na kusang lumabas sa kanyang bibig sa oras ng panganib, ay naglalarawan ng buhay at ministeryo ni Pangulong Hinckley bilang disipulo ni Jesucristo. Siya, ayon kay Elder Holland, ay "laging puno ng pananalig sa Diyos at sa hinaharap."[6]

---

## Pamana ng Pamilya—Isang Pundasyon ng Pananampalataya at Pagtitiyaga

Nang ipanganak si Gordon Bitner Hinckley noong Hunyo 23, 1910, siya ang panganay ng kanyang ina, ngunit walong nakatatandang

kapatid ang masayang tumanggap sa kanya sa pamilya. Pinakasalan ng ama ni Gordon, na si Bryant Stringham Hinckley, si Ada Bitner nang mamatay ang unang asawa nitong si Christine. Apat pa ang naging anak nina Ada at Bryant matapos isilang si Gordon, at pinalaki nila ang kanilang malaking pamilya sa pagmamahal—at ang mga anak ay nagturingang tunay na magkakapatid. Bata pa lang, natutuhan na ni Gordon na pahalagahan ang kanyang pamilya.

Ang apelyido at gitnang pangalan ni Gordon ay mga paalala ng kanyang marangal na pinagmulan. Kabilang sa angkan ng mga Hinckley ang mga naunang pilgrim sa lupain na magiging Estados Unidos ng Amerika kalaunan. Ang ilan ay itinaboy sa lupaing iyon noong 1600s dahil sa mga paniniwala nila sa Kristiyanismo. Ang iba ay naging mga pasahero noong 1620 sa barkong *Mayflower,* isa sa mga unang barkong naghatid sa mga nandayuhan sa North America mula sa Europa. Mahigit dalawang siglo kalaunan, nakasama ang lolo ni Gordon sa ama na si Ira Nathaniel Hinckley sa mga naunang pioneer na Banal sa mga Huling Araw. Noong 1843, ang 14-na-taong-gulang na si Ira, na naulila kamakailan, ay sumapi sa Simbahan sa Nauvoo, Illinois, matapos marinig na mangaral sina Joseph at Hyrum Smith. Ang kalola-lolahan ni Gordon na si Anna Barr Musser Bitner Starr ay isa ring pioneer. Kalaunan ay ginunita ng kanyang anak na si Breneman Barr Bitner, lolo ni Gordon sa ina, ang kanilang paglalakbay papuntang Salt Lake Valley noong 1849: "Pinatakbo ko [sa edad na 11] ang dalawang magkapamatok na baka na may hilang bagon na puno ng kargada at sinagasa ang init at lamig patawid ng mga disyerto at ilog at kabundukan sa lambak na ito."[7]

Madalas ipaalala ni Bryant Hinckley sa kanyang mga anak at apo ang kanilang saganang pamana. Patungkol sa mapanganib na paglalayag ng mga pilgrim sa *Mayflower* at ang mahaba at matinding taglamig na naranasan nila nang marating nila ang kanilang destinasyon, sinabi niyang minsan: "Nang handa nang bumalik ang *Mayflower* sa panahon ng tagsibol, 49 [ng dating 102] katao na lamang ang buhay. Wala ni isang bumalik [sa England]. Likas na sa inyong mga kapanalig ang ugaling iyan—ang matibay na determinasyong huwag nang bumalik."[8] Nang patuloy na naging tapat si Gordon sa alituntuning ito, nagkaroon siya ng mga pagkakataong matuto at maglingkod at magpatotoo na hindi niya sukat-akalain.

## Kabataan—Natututong Maging Maganda ang Pananaw, Masigasig, at Tapat

Noong bata pa si Gordon Hinckley, hindi siya ang masigla at matipunong lalaking nakilala ng mga tao noong lumaki na siya. Dati siyang "payat at maputlang bata," at sakitin.[9] Nang ang dalawang-taong-gulang na si Gordon ay "magkaroon ng malalang ubong may halak, . . . sinabi ng doktor kay Ada na ang tanging lunas ay malinis na hangin sa probinsya. Dahil dito bumili si Bryant ng limang akreng bukid . . . at nagtayo ng maliit na bahay-bakasyunan."[10] Ang bukid, na matatagpuan sa isang lugar sa Salt Lake Valley na tinawag na East Mill Creek, ay isang pagpapala sa buong pamilya, na nagsilbing pasyalan at palaruan ng mga bata at isang lugar na napagkunan nila ng mahahalagang aral habang sama-sama silang gumagawa.

Sina Ada at Bryant Hinckley ay may magandang pananaw sa buhay at masigasig na mga magulang na lumikha ng mga oportunidad para lumago at magtagumpay ang kanilang mga anak. Agad silang nagsimulang magdaos ng mga family home evening nang pasimulan ang programang ito noong 1915. Kinuwentuhan nila ang kanilang mga anak bago matulog, na kadalasa'y mula sa mga banal na kasulatan. Ginawa nilang aklatan ang isang silid sa kanilang bahay kung saan makakabasa ng mabubuting aklat ang kanilang mga anak. Pinalaki nilang disiplinado ang kanilang mga anak sa paghihikayat sa kanila at pag-asang gagawin nila ang lahat ng kanilang makakaya.

Sa paglaki ni Gordon, tumibay ang kanyang pananampalataya, na lalo pang pinatatag ng patuloy na impluwensya ng pananampalataya ng kanyang mga magulang. Pagkatapos isang araw ay nagkaroon siya ng isang karanasan na nagpatatag sa kanyang patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith:

"Noong 12 anyos pa lang ako, isinama ako ni itay sa isang pulong ng priesthood ng stake kung saan kami nakatira. Naupo ako sa hulihan samantalang siya naman, bilang pangulo ng stake, ay naupo sa harapan. Sa pagsisimula ng pulong na iyon, na siyang kauna-unahang gayong pulong na dinaluhan ko, tatlo o apat na raang kalalakihan ang nakatayo. Iba't iba ang kanilang pinagmulan at

hanapbuhay, ngunit iisa ang paniniwala sa puso ng bawat isa, at mula rito'y sama-sama nilang inawit ang magagandang titik na ito:

*Purihin s'yang kaniig ni Jehova!*
*Hinirang ni Cristo na propeta.*
*Huling dispensasyon, sinimulan n'ya*
*Mga hari'y pupuri sa kanya.*

"Naantig ang aking kalooban nang marinig ko ang pag-awit ng mga sumasampalatayang kalalakihang iyon. Pumasok sa aking batang puso ang isang kaalaman, na hatid doon ng Banal na Espiritu, na si Joseph Smith ay tunay na isang propeta ng Maykapal."[11]

---

## Patuloy na Pag-aaral at mga Panahon ng Pagsubok

Noong bata pa siya, hindi mahilig mag-aral si Gordon, at mas gusto pa niyang maglalabas ng bahay kaysa maupo sa loob ng silid-aralan. Gayunman, nang lumaki na siya, natututuhan niyang pahalagahan ang mga aklat, ang eskuwelahan, at ang kanilang aklatan sa bahay na tulad ng mga bukiring pinagtatakbuhan niya noong bata pa siya. Nagtapos siya ng high school noong 1928 at nagsimulang mag-aral sa University of Utah noong taon ding iyon.

Ang apat na taon niya sa unibersidad ay punung-puno ng mga pagsubok. Noong 1929 bumagsak ang stock market sa Estados Unidos, at lumaganap ang Great Depression sa iba't ibang panig ng bansa at sa buong mundo. Umabot sa 35 porsiyento ang nawalan ng trabaho sa Salt Lake City, ngunit pinalad si Gordon na makapagtrabaho bilang maintenance worker kaya natustusan niya ang kanyang matrikula at gastusin sa eskuwela. Si Bryant, na nagtrabaho bilang manager sa Deseret Gym ng Simbahan, ay binawasan ang sariling sweldo upang hindi maalis sa trabaho ang ibang empleyado.[12]

Ang mas matindi pa sa problemang ito sa pera ay nang matuklasan na may kanser ang ina ni Gordon. Namatay ito noong 1930 sa edad na 50, noong si Gordon ay 20 anyos. Ang sugat na iniwan ng pagkamatay ng kanyang ina "ay malalim at masakit," sabi ni Gordon.[13] Ang personal na pagsubok na ito, na sinamahan pa ng impluwensya ng mga pilosopiya ng mundo at ng kawalang-pag-asang nanaig sa



*Si Gordon B Hinckley noong binatilyo pa*

panahong iyon, ang nagtulak sa kanya na magtanong ng mahihirap na bagay. "Panahon iyon ng matinding panghihina ng loob," paggunita ni Gordon, "at damang-dama iyon sa kampus. Nadama ko rin ito nang bahagya. Nagsimula akong magduda sa ilang bagay, pati na marahil sa pananampalataya ng aking mga magulang kahit kaunti. Karaniwan na iyon sa mga estudyante sa unibersidad, ngunit mas tumindi iyon noong panahong iyon."[14]

Bagama't ikinabalisa ni Gordon ang kanyang mga tanong, hindi nito pinahina ang kanyang pananampalataya. "Pinatibay ako ng pundasyon ng pagmamahal na nagmula sa aking dakilang mga magulang at isang mabuting pamilya, isang mabait na bishop, masisigasig at matatapat na guro, at mga banal na kasulatan na babasahin at pagbubulayan," paggunita niya. Hinggil sa mga hamon ng panahong

iyon sa kanya at sa iba pang kaedad niya, sinabi niya: "Bagama't noong aming kabataan ay hirap kaming unawain ang maraming bagay, may pagmamahal sa aming puso para sa Diyos at sa kanyang dakilang gawain na nakatulong upang madaig namin ang anumang mga pagdududa at pangamba. Minahal namin ang Panginoon at minahal namin ang mabubuti at mararangal na kaibigan. Humugot kami ng matinding lakas sa pagmamahal na iyon."[15]

## Paglilingkod bilang Missionary at Personal na Paniniwala

Si Gordon ay nagtapos sa University of Utah noong Hunyo 1932 na may major sa English at minor sa ancient languages. Pagkaraan ng isang taon kinailangan niyang gumawa ng isang mahalagang desisyon na aapekto sa kanyang buhay. Inasam niyang magpatuloy sa pag-aaral para maging isang journalist. Kahit sa gitna ng Depression, nakapag-ipon siya ng sapat na panustos sa kanyang pag-aaral. Nag-iisip din siyang mag-asawa. Sila ni Marjorie Pay, isang dalagang nakatira sa tapat ng bahay nila, ay nagiging mas malapit sa isa't isa.

Pagkatapos, bago sumapit ang kanyang ika-23 kaarawan, kinausap ni Gordon ang kanyang bishop na si John C. Duncan na nagtanong kung napag-isipan na niyang magmisyon. Ito ay "isang nakakagulat na mungkahi" kay Gordon,[16] dahil kakaunti ang mga kabataang lalaking tinatawag sa misyon noong panahon ng Depression. Wala lang talagang kakayahan ang mga pamilya na suportahan sila.

Sinabi ni Gordon kay Bishop Duncan na magmimisyon siya, ngunit nag-alala siya kung paano siya matustusan ng kanyang pamilya sa misyon. Naragdagan ang kanyang mga alalahanin nang malaman niya na nalugi ang bangkong pinaglalagakan niya ng pera. "Gayon pa man," wika niya, "naaalala kong sinasabi ng aking ama na, 'Gagawin namin ang lahat para matugunan ang mga pangangailangan mo,' at nangako sila ng kapatid kong lalaki na susuportahan ako hanggang sa makatapos ako sa misyon. Noon namin natuklasan na may kaunting perang naipon ang aking ina—mga sukli-sukli sa mga pamimili niya ng grocery at iba pa. Dahil sa nadagdag na kaunting tulong na iyon, mukhang maaari na akong magmisyon." Itinuring niyang sagrado ang mga baryang naipon ng kanyang ina.



*Si Elder Gordon B. Hinckley bilang full-time missionary, na nangangaral sa London Hyde Park*

"Pinahalagahan ko ito nang lubusan," wika niya.[17] Tinawag siyang maglingkod sa European Mission.

Dama na nababagabag pa rin ang kanyang anak, naghanda ng simpleng paalala si Bryant Hinckley tungkol sa tunay na pinagmumulan ng lakas. "Nang umalis ako para magmisyon," sabi ni Gordon kalaunan, "inabutan ako ng isang kard ng butihin kong ama na may nakasulat na apat na salita . . . : 'Huwag matakot, maniwala lamang' (Marcos 5:36)."[18] Ang mga salitang iyon ang magbibigay-inspirasyon kay Elder Gordon B. Hinckley na maglingkod nang tapat at marangal, lalo na nang maragdagan pa ito ng walong salita pa mula sa panulat ng kanyang ama pagkaraan ng ilang linggo.

Dumating ang karagdagang walong salitang ito sa panahon ng matinding panghihina ng loob, na nagsimula noong Hunyo 29, 1933, ang unang araw ni Elder Hinckley sa Preston, England. Pagdating niya sa kanyang apartment, sinabi sa kanya ng kanyang kompanyon na magsasalita sila sa plasa sa gabing iyon. "Nagkamali ka sa pagpili ng makakasama mo," sagot ni Elder Hinckley, para lamang matagpuan ang kanyang sarili na kumakanta at nangangaral sa entablado sa harap ng maraming taong hindi pumapansin sa kanya.[19]

Natuklasan ni Elder Hinckley na maraming taong ayaw makinig sa mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang kahirapang dulot ng malawakang problema sa pananalapi ang tila tumimo sa kaluluwa ng mga taong nakahalubilo niya sa mga pampublikong sasakyan, at halos wala siyang makitang paraan para mapalapit siya sa kanila. Bukod pa rito, nagkaroon siya ng karamdaman. Naalala niya, "Sa England ang mga damong tinatangay ng hangin ay nagiging buto sa pagtatapos ng Hunyo at pagsisimula ng Hulyo, kung kailan ako dumating mismo."[20] Nagkaroon siya ng allergy dahil dito, na nagpalala sa kanyang karamdaman. Nangulila siya sa kanyang pamilya. Nangulila siya kay Marjorie. Hinanap-hanap niya ang nakasanayan niyang bansa. Mahirap ang gawain. Kakaunti ang pagkakataon nilang magkompanyon na makapagturo sa mga investigator, bagama't nagturo at nagsalita sila sa maliliit na branch tuwing Linggo.

Dahil pakiramdam niya ay nagsasayang lang siya ng panahon at ng pera ng kanyang pamilya, sumulat si Elder Hinckley sa kanyang ama para ipaliwanag ang kanyang malungkot na sitwasyon. Tinugunan ito ni Bryant Hinckley ng isang payo na susundin ng kanyang anak sa buong buhay nito. "Mahal kong Gordon," pagsulat niya, "Natanggap ko na ang sulat mo. Isa lang ang mungkahi ko." At pagkatapos ay binanggit niya ang walong salitang iyon na nagbigay-diin sa apat na salitang una niyang isinulat: "Kalimutan mo ang sarili mo at magtrabaho ka."[21] Ang payong ito ay nagpaalala sa talatang binasa ni Elder Hinckley sa kanyang kompanyon kanina: "Sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio ay maililigtas yaon"(Marcos 8:35).

Hawak ang liham ng kanyang ama, lumuhod si Elder Hinckley at nangakong ilalaan ang buhay niya sa paglilingkod sa Panginoon. Kaybilis ng epekto nito. "Parang biglang nagbago ang buong mundo," sabi niya. "Napawi ang kalungkutan. Nagsimulang sumikat ang araw sa buhay ko. Nagkaroon ako ng panibagong sigla. Nakita ko ang ganda ng lupaing ito. Nakita ko ang kabutihan ng mga tao. Naging panatag na ako sa magandang bansang ito."[22]

Sa pagbabalik-tanaw sa mga panahong iyon, ipinaliwanag ni Gordon na tumanggap din siya ng tulong mula sa kanyang ina. Naramdaman niya ang kapanatagang hatid ng presensya ng kanyang ina, lalo na sa mga panahon ng panlulumo at panghihina ng loob. "Magmula noon, sinikap kong mamuhay at gampanan ang aking tungkulin sa paraang magbibigay-dangal sa kanyang pangalan," sabi niya. "Masakit isipin na baka hindi ko magawa ang mga inaasahan sa akin ng aking ina, at nadisiplina ko ang aking sarili na hindi niya sana naibigay sa akin."[23]

Naging missionary siya na may layunin at kasigasigan. Makikita sa mga talaan mula sa unang walong buwan ng kanyang misyon na bagama't wala siyang nabinyagan, nakapamahagi naman siya ng 8,785 polyeto, gumugol ng mahigit 440 oras sa mga miyembro, dumalo ng 191 pulong, nakipag-usap nang 220 beses tungkol sa ebanghelyo, at nagkumpirma ng isang tao.[24]

Noong Marso 1934, nalipat si Elder Hinckley sa London mula sa Preston upang maging assistant ni Elder Joseph F. Merrill ng Korum ng Labindalawang Apostol, na namuno sa British at European Missions.[25] Ginugol niya roon ang nalalabi niyang panahon sa misyon, na nagtatrabaho sa opisina sa umaga at nagtuturo ng ebanghelyo sa gabi. Kakaunti ang kanyang nabinyagan, ngunit sa puso ng anak nina Bryant at Ada Hinckley, ang pagsisimula ng kanyang personal na patotoo ay naging walang-hanggang pagbabalik-loob.

## Isang Bagong Oportunidad na Maglingkod sa Panginoon

Nang umuwi si Gordon mula sa kanyang misyon, sinabi niya, "Ayoko nang bumiyahe kahit kailan. Nalakbay ko na ang malalayong lugar na gusto kong marating."[26] Nilibot nila ng kanyang dalawang kompanyon ang Europa at Estados Unidos sa kanilang daan pauwi,



*Si Gordon B. Hinckley bilang empleyado ng Church Radio, Publicity, and Mission Literature Committee*

na karaniwang ginagawa noong mga panahong iyon, at pagod na siya. Nang magbakasyon ang kanyang pamilya pagkauwi niya mula sa misyon, nagpaiwan na siya. Sa kabila ng kapaguran, nasiyahan siyang pagmuni-munihin ang kanyang mga paglalakbay: nadama niya na natupad na ang ilang bahagi ng kanyang patriarchal blessing. Pagkaraan ng maraming taon ay sinabi niya:

"Natanggap ko ang aking patriarchal blessing noong bata pa ako. Sinabi sa basbas na iyon na ipapahayag ko ang aking patotoo sa katotohanan sa mga bansa ng mundo. Matagal akong naglingkod sa London at maraming beses akong nagbahagi roon ng aking patotoo. Kami ay [nagpunta sa Amsterdam], at nagkaroon ako ng pagkakataong magsalita nang kaunti sa isang pulong at magpatooo. Pagkatapos ay nagpunta kami sa Berlin, kung saan nagkaroon ako ng gayon ding pagkakataon. Pagkatapos ay nagpunta kami sa Paris, kung saan nagkaroon ako ng gayon ding pagkakataon. Pagkatapos ay nagpunta kami sa Estados Unidos, sa Washington, D.C., at nagkaroon ng gayon ding pagkakataon isang araw ng Linggo. Pag-uwi

ko, pagod na ako. . . . Sabi ko, '. . . Natupad ko na ang bahaging [iyan] ng [patriarchal] blessing ko. Naiparinig ko na ang aking tinig sa malalaking lungsod sa mundo. . . .' At talagang ganoon ang naging pakiramdam ko."[27]

Bago pa nasabi ni Gordon na natapos niya ang kanyang misyon, kinailangan niyang gampanan ang isa pang tungkulin. Inatasan siya ni Elder Joseph F. Merrill na humingi ng appointment sa Unang Panguluhan ng Simbahan para magreport tungkol sa mga pangangailangan sa British at European Missions. Noong umaga ng Agosto 20, 1935, wala pang isang buwan mula nang makauwi siya, pinapasok si Gordon sa council room sa Church Administration Building. Matapos kamayan ang bawat miyembro ng Unang Panguluhan—sina Pangulong Heber J. Grant, J. Reuben Clark Jr., at David O. McKay—bigla siyang nabigatan sa gawaing ibinigay sa kanya. Sabi ni Pangulong Grant, "Brother Hinckley, bibigyan ka namin ng labinlimang minuto para sabihin sa amin ang gustong iparinig sa amin ni Elder Merrill."[28]

Sa sumunod na 15 minuto, inilahad ng kauuwi pa lang na missionary ang ipinag-aalala ni Elder Merrill—na kailangan ng mga missionary ng bagong limbag na mga materyal para matulungan sila sa kanilang gawain. Bilang tugon, pinagsunud-sunod ni Pangulong Grant at ng kanyang mga tagapayo ang pagtatanong, hanggang sa lumampas na nang isang oras ang pulong kaysa sa plano.

Sa kanyang pag-uwi mula sa pulong, hindi akalain ni Gordon ang naging epekto ng 75 minutong iyon sa kanyang buhay. Dalawang araw pagkaraan tumanggap siya ng tawag mula kay Pangulong McKay, na inalok siyang magtrabaho bilang executive secretary ng bagong tatag na Church Radio, Publicity, and Mission Literature Committee. Ang komiteng ito, na binubuo ng anim na miyembro ng Korum ng Labindalawa, ang tutugon sa mga pangangailangang inisa-isa ni Gordon sa pakikipag-usap niya sa Unang Panguluhan.[29]

Muling ipinagpaliban ni Gordon ang plano niyang magtapos sa graduate school at makapagtrabaho bilang journalist. Gumawa siya ng mga script para sa mga programa sa radyo at pelikula, sumulat siya ng mga polyeto para sa mga missionary, nakipag-ugnayan siya sa mga eksperto sa media, at nagsaliksik at nagsulat tungkol

sa kasaysayan ng Simbahan. Tumulong siya sa paggawa ng mga mensaheng magpapatatag sa pananampalataya ng mga miyembro ng Simbahan at makipag-ugnayan sa mga hindi miyembro ng Simbahan. Minsan ay sumulat sa kanya ang isang kaibigan na pinupuri siya sa isang script na ginawa niya para sa radyo at nagtanong kung paano siya nagkaroon ng gayong talento sa pagsulat at pagsasalita. Sumagot si Gordon:

"Kung may anumang talento ako sa pagsasalita o pagsulat, labis akong nagpapasalamat sa aking Ama sa Langit. Hindi ako naniniwala na may likas akong kakayahang gumawa nito; bagkus, anumang kahusayang mayroon ako ay nagmula sa mga pagkakataong nabuksan sa akin."[30]

Lalong humusay sa pagiging manunulat si Gordon dahil sa trabaho niya sa komite. Nabigyan din siya nito ng mahalagang pagkakataong matuto mula sa mga apostol at propeta. Nang makita ni Gordon kung paano tinitimbang na mabuti ng anim na miyembro ng Labindalawa ang mga pagpapasiya at kung paano nila tinuturuan ang isa't isa, mas naunawaan niya ang banal na tungkulin ng mga taong ito at ang pagtanggap nila ng paghahayag kapag sila ay nagsasanggunian.

Si Elder Stephen L. Richards, na kalauna'y naglingkod bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang chairman ng komite. Inilarawan siya ni Gordon na "maalalahanin, mahinahon, maingat, at matalino. Hindi siya kaagad nagpapasiya nang hindi muna ito pinag-aaralang mabuti. Natutuhan ko na pinakamainam na mag-isip munang mabuti bago magpasiya sa gawaing ito, dahil anumang desisyon ang gawin mo ay may malaking epekto sa buhay ng mga tao."[31]

Ang limang iba pang miyembro ng komite ay sina Elder Melvin J. Ballard, Elder John A. Widtsoe, Elder Charles A. Callis, Elder Alonzo A. Hinckley (tiyuhin ni Gordon), at Elder Albert E. Bowen. Hinggil sa kanila, sinabi ni Gordon:

"Masaya akong makasama ang kahanga-hangang kalalakihang ito, na napakabuti sa akin. Ngunit nalaman ko na mga tao sila. May mga kahinaan at problema sila, ngunit hindi ito nakaapekto sa akin. Sa katunayan, pinataas nito ang pagkakilala ko sa kanila

dahil nakita kong nahigitan ng kanilang kabutihan ang anumang kahinaan nila, o itinalaga sila sa isang pambihirang layunin na inuna nila sa kanilang buhay. Nakita ko na binibigyang-inspirasyon sila ng langit. Wala akong duda sa kanilang mga tungkulin bilang propeta o sa katotohanan na nangusap at nagsalita ang Panginoon sa pamamagitan nila. Nakita ko ang likas na katangian nila bilang mga tao, ang kanilang mga kahinaan—at kakaunti lamang iyon. Ngunit nakita ko rin ang matinding lakas ng kanilang pananampalataya at pagmamahal sa Panginoon, at ang kanilang lubos na katapatan sa gawain at sa pagtitiwalang ibinigay sa kanila."[32]

## Pag-aasawa, Pamilya, at Paglilingkod sa Simbahan

Mangyari pa, hindi lamang trabaho ang nasa isip ni Gordon. Ipinagpatuloy nila ni Marjorie ang kanilang pag-iibigan nang makabalik siya mula sa England. Naging mahirap para sa kanila ni Marjorie ang kanyang pag-alis. "Kahit masaya ako na magmimisyon siya," sabi ni Marjorie kalaunan, "hinding-hindi ko malilimutan ang kahungkagan at lumbay na nadama ko nang umandar na ang tren palabas ng istasyon."[33]

Noong taglagas ng 1929, apat na taon bago nagpunta si Gordon sa England, nag-enrol si Marjorie sa University of Utah, para lamang malaman na natanggal sa trabaho ang kanyang ama dahil sa Great Depression. Agad siyang tumigil sa pag-aaral at nagtrabaho bilang secretary para makatulong sa pagsuporta sa kanyang mga magulang at limang nakababatang kapatid—isang pagsisikap na nagpatuloy nang makauwi si Gordon mula sa kanyang misyon noong 1935. Hindi na siya nagkaroong muli ng pagkakataong magtamo ng pormal na edukasyon, ngunit determinado siyang patuloy na matuto, kaya't tinuruan niya ang sarili sa pamamagitan ng pagbabasa.

Dahil sa masayang disposisyon, kasipagan, at lubos na katapatan sa ebanghelyo ni Marjorie ay lalo siyang napamahal kay Gordon, at hinangaan naman ni Marjorie ang kabaitan at pananampalataya nito. "Habang papalapit ang aming kasal," wika niya, "lubos ang tiwala ko na mahal ako ni Gordon. Ngunit alam ko rin kahit paano na kailanma'y hindi ako ang uunahin niya. Alam ko na pangalawa



*Marjorie Pay*

lang ako sa buhay niya at ang Panginoon ang mauuna. At ayos lang iyon." Nagpatuloy siya: "Sa tingin ko, kung naunawaan mo ang ebanghelyo at kung bakit tayo naririto, nanaisin mong mapangasawa ang isang taong inuuna ang Panginoon. Napanatag ako dahil alam kong gayon siya."[34]

Sina Gordon at Marjorie ay ikinasal sa Salt Lake Temple noong Abril 29, 1937, at lumipat sa bahay-bakasyunan ng mga Hinckley sa East Mill Creek. Naglagay sila ng pugon, at inayos ang kailangang ayusin para matirhan iyon sa buong taon, inalagaan ang mga halamanan at hardin, at nagsimulang magtayo ng sariling bahay sa katabing lote. Kaya ang lalawigang minahal ni Gordon tuwing summer noong kanyang kabataan ang naging lugar kung saan sila maninirahan at kung saan nila palalakihin ni Marjorie ang kanilang mga anak—sina Kathleen, Richard, Virginia, Clark, at Jane.

Sina Gordon at Marjorie ay bumuo ng isang tahanang puno ng pagmamahalan, paggagalangan, kasipagan, at pamumuhay ayon sa ebanghelyo. Sa araw-araw na panalangin ng pamilya, nakita ng mga anak ang pananampalataya at pagmamahal ng kanilang mga magulang. Kapag sama-samang nagdarasal ang pamilya, nadarama rin ng mga anak na napakalapit nila sa kanilang Ama sa Langit.

Ang tahanan ng mga Hinckley ay isang lugar na kakaunti ang mga patakaran ngunit malaki ang mga inaasahan. Binanggit din ni Marjorie ang mga bagay na hindi nila dapat pagtalunan ng mga bata. Sa paglalarawan ng paraang ginamit nilang mag-asawa sa pagpapalaki sa kanilang mga anak, sinabi niya: "Natutuhan ko na kailangan kong magtiwala sa aking mga anak, kaya sinikap kong huwag humindi kailanman kung puwede naman akong magsabi ng oo. Noong pinalalaki namin ang aming mga anak, kinailangan lang naming makaraos sa mga responsibilidad namin araw-araw at haluan ito ng kaunting saya. Batid na hindi ko naman magagawa ang lahat ng desisyon para sa aking mga anak, sinikap kong huwag mag-alala tungkol sa maliliit na bagay."[35] Dahil sa tiwala ng kanilang mga magulang, nadama ng mga anak na sila ay iginagalang at nagkaroon sila ng karanasan at tiwala sa sarili. At kapag ang sagot ay hindi, naunawaan ng mga bata na hindi sila humindi nang walang magandang dahilan.

Ang tahanan ng mga Hinckley ay punung-puno rin ng tawanan. Sinabi minsan ni Marjorie: "Ang tanging paraan para malampasan ang mga problema sa buhay ay tawanan ito. Kung hindi ka man tumawa, iiyak ka. Mas gusto kong tumawa. Sumasakit ang ulo ko kapag umiiyak ako."[36] Dahil natatawa ang kanilang mga magulang sa kanilang sarili at nakukuhang magbiro sa pang-araw-araw na buhay, nadama ng mga anak na ang kanilang tahanan ay isang kasiya-siyang kanlungan.

Ang paglilingkod sa Simbahan ay bahagi na ng buhay nina Gordon at Marjorie sa tuwina. Naglingkod si Gordon bilang stake Sunday School superintendent at pagkatapos ay natawag siya sa Sunday School general board, kung saan naglingkod siya nang siyam na taon. Kalaunan ay naglingkod siya bilang tagapayo sa isang stake presidency at bilang stake president, samantalang si Marjorie naman ay naglingkod sa Primary, Young Women, at Relief Society.

Nasaksihan ng kanilang mga anak na isang masayang pribilehiyo ang maglingkod sa Simbahan—isang huwaran na susundan nila sa kanilang pagtanda.

## Paghahanda sa pamamagitan ng Masigasig na Pagtatrabaho

Sa unang anim na taon ng pagsasama nina Marjorie at Gordon, patuloy na nagtrabaho si Gordon sa Church Radio, Publicity, and Mission Literature Committee. Dedikado siya sa kanyang trabaho, at madalas niyang gamitin ang buong kakayahan at karanasan niya—at higit pa roon—para matapos sa takdang oras ang mga proyekto. Sa isang liham sa isang kabigan, isinulat niya:

"Napakaraming gagawin. Ang trabaho sa komiteng ito na may mahabang pangalan ay lalong nadaragdagan at nagiging mas kumplikado at kawili-wili. . . .

". . . Ang iba't ibang gawain sa radyo, pelikula, at iba't ibang literatura . . . ay nakatulong upang lagi akong manalangin, magpakumbaba, at magtrabaho nang maraming oras. . . . Dahil na rin dito kaya mas kinailangan kong magsalamin, . . . kaya ako nahukot nang bahagya, naging mas matiyaga, at mas namangha sa kahihinatnan ng lahat ng ito."[37]

Noong mga unang taon ng 1940s, nagkaroon ng ibang trabaho si Gordon dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Halos nahinto ang gawaing misyonero dahil sa digmaan, kaya hindi na gaanong nangailangan ng mga materyal ang mga missionary. Dama na responsibilidad niyang tumulong sa nagaganap na digmaan, nagpalista siya sa officer candidate school sa United States Navy. Gayunman, hindi siya natanggap dahil marami siyang allergy. "Labis kong ikinalungkot nang hindi ako matanggap," pag-amin niya kalaunan. "May nagaganap na digmaan, at lahat ay may ginagawa para makatulong. Nadama ko na dapat din akong tumulong sa anumang paraan."[38] Ang hangaring ito ang nagtulak sa kanya na mag-apply sa trabaho bilang assistant superintendent para sa Denver and Rio Grande Railroad. Dahil napakahalaga ng mga tren sa paghahatid ng mga hukbo at suplay para sa digmaan, nadama ni Gordon na makakatulong ang trabahong ito para mapagsilbihan



*Gordon B. Hinckley, 1951*

niya ang kanyang bansa. Tinanggap siya ng kumpanya noong 1943, at nagtrabaho siya sa kanilang istasyon ng tren sa Salt Lake City hanggang sa malipat sila ng kanyang pamilya sa Denver, Colorado, noong 1944.

Humanga ang mga superbisor sa riles ng tren sa trabaho ni Gordon, at nang matapos ang digmaan noong 1945, inalok nila siya ng permanenteng posisyon na tila may magandang kinabukasan. Kasabay nito, tinawagan ni Elder Stephen L. Richards si Gordon at pinakiusapan siyang bumalik na sa pagiging ganap na empleyado ng Simbahan. Bagama't maaari siyang alukin ng mas malaking suweldo sa kumpanya ng tren kaysa sa Simbahan, sinunod ni Gordon ang nadama niyang tamang gawin at bumalik siya sa Salt Lake City.[39]

Hindi nagtagal naragdagan ang responsibilidad ni Gordon sa kanyang trabaho sa Simbahan. Noong 1951, hinirang siyang executive secretary ng General Missionary Committee ng Simbahan at inatasang pangasiwaan ang pang-araw-araw na pagpapatakbo ng bagong tatag na Missionary Department. Pinangasiwaan ng departamentong ito ang lahat ng may kinalaman sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, kabilang na ang produksyon, pagsasalin, at pamamahagi ng mga materyal na ginagamit ng mga missionary; training para sa mga missionary at mission president; at paggamit ng public relations media para makipag-ugnayan sa iba at itama ang mga maling opinyon tungkol sa Simbahan.[40]

Noong taglagas ng 1953, ipinatawag ni Pangulong David O. McKay si Gordon sa kanyang opisina at hiniling na pag-isipan ang isang bagay na walang tuwirang kaugnayan sa mga tungkulin sa Missionary Department. "Brother Hinckley," pagsisimula niya, "tulad ng alam mo, magtatayo tayo ng templo sa Switzerland, at magiging kaiba ito sa iba pa nating mga templo dahil dapat itong magamit ng mga miyembro na nagsasalita ng maraming wika. Gusto kong humanap ka ng paraan na mailahad ang mga tagubilin sa templo sa iba't ibang wikang gamit sa Europa nang hindi na kailangang gumamit ng maraming temple worker."[41]

Naglaan ng lugar si Pangulong McKay kung saan maaaring tumanggap ng inspirasyon si Gordon at hindi magambala ng trabaho sa Missionary Department. Gabi-gabi, tuwing Sabado, at kung minsa'y kahit Linggo, nagtrabaho si Gordon sa maliit na silid sa ikalimang palapag ng Salt Lake Temple. Halos tuwing Linggo ng umaga, sinasamahan siya ni Pangulong McKay na magbahagi ng mga ideya, tingnang mabuti ang presentasyon ng endowment, at ipagdasal na patnubayan sila.

Pagkatapos ng pagbubulay, pagdarasal, at paghingi ng paghahayag, inirekomenda ni Gordon na isapelikula ang endowment, at i-dub ang sagradong tagubilin sa iba't ibang wika. Inaprubahan ni Pangulong McKay at ng iba pa ang kanyang rekomendasyon at inatasan siyang gawin ang pelikula. Nakipagtulungan si Gordon sa isang grupo ng mahuhusay at matatapat na mga propesyonal sa daigdig ng pelikula, na tinapos ang proyekto noong Seyembre 1955. Pagkatapos ay personal niyang dinala ang mga film sa Bern

Switzerland Temple at pinangasiwaan ang teknikal na paghahanda para sa mga unang endowment session.[42]

Naantig si Gordon nang makita niyang nagalak ang mga Banal sa Europa sa kanyang ginawa: "Nang makita kong nagtipon ang mga taong iyon mula sa sampung bansa para gumawa ng mga ordenansa sa templo; nang makita ko ang matatanda mula sa mga komunistang bansa na nawalan ng mga mahal sa buhay dahil sa digmaang sumalanta sa kanila, at nakita ang galak at luha ng kaligayahan na nagmula sa kanilang mga puso dulot ng mga pagkakataong ibinigay sa kanila; nang makita ko ang mga mag-asawa na kasama ang kanilang buong pamilya—ang kanilang masisigla at magagandang mga anak—at makita kong nabuklod ang mga pamilyang iyon nang walang-hanggan, natiyak ko nang higit pa sa nalaman ko na dati na [si Pangulong McKay] ay binigyang-inspirasyon at inutusan ng Panginoon na dalhin ang walang-katumbas na mga pagpapalang ito sa buhay ng sumasampalatayang matatapat na kalalakihan at kababaihang iyon na nagtipon mula sa mga bansa ng Europa."[43]

Dalawampung taon na ang lumipas mula nang umuwi si Gordon mula sa misyon, at hindi pa rin niya natutupad ang pangarap na magkaroon ng advanced degree at maging journalist. Sa halip, natuto siyang gumamit ng bagong teknolohiya para ipalaganap ang salita ng Diyos, nagkaroon siya ng magandang ugnayan sa mga tao sa ibang relihiyon, pinag-aralan at isinulat niya ang kasaysayan ng Simbahan, at tumulong na maihanda ang libu-libong Banal sa mga Huling Araw na matanggap ang mga pagpapala ng templo. Ang mga karanasang ito ang magsisilbing pundasyon sa paglilingkod na ibibigay niya sa nalalabing panahon ng kanyang buhay.

---

## Paglilingkod bilang Assistant sa Labindalawa

Noong Sabado, Abril 5, 1958, sinagot ng anak nina Gordon at Marjorie na si Richard ang isang tawag sa telepono. Hindi nagpakilala ang tumawag, ngunit nakilala ni Richard ang tinig ni Pangulong David O. McKay at nagmamadaling ipinaalam ito sa kanyang ama. Matapos makipag-usap sandali kay Pangulong McKay, nagmamadaling naligo si Gordon, nagpalit ng damit, at nagpunta sa

opisina ng Pangulo ng Simbahan. Dahil dati na siyang nakatanggap ng mga atas mula kay Pangulong McKay, inasahan niya na hihilingan lang siya nitong tumulong sa paghahanda para sa sesyon sa pangkalahatang kumperensya kinabukasan. Nagulat siyang malaman na may iba palang iniisip si Pangulong McKay. Matapos ang masayang pagbati, hiniling ni Pangulong McKay kay Gordon na maglingkod bilang Assistant sa Labindalawa. Ang kalalakihang naglingkod sa katungkulang ito, na itinigil noong 1976, ay mga General Authority ng Simbahan. Si Gordon ay naglilingkod noon bilang Pangulo ng East Mill Creek Stake nang ibigay ni Pangulong McKay ang tungkuling ito.

Kinabukasan, natanggap ni Elder Gordon B. Hinckley ang boto ng pagsang-ayon sa pangkalahatang kumperensya. Bagama't inamin niya sa kanyang unang mensahe sa kumperensya na "naramdaman niya na wala siyang kakayahan," tinanggap niya ang kanyang bagong responsibilidad nang may pananampalataya at sigla.[44]

Ang isang mabigat na tungkuling ginampanan ni Elder Hinckley bilang Assistant sa Labindalawa ay ang pangasiwaan ang gawain ng Simbahan sa buong Asia. Kakaunti ang alam niya tungkol sa mga tao roon at hindi siya marunong magsalita ng alinman sa kanilang wika, ngunit agad niyang natutuhan silang mahalin, at napamahal din siya sa kanila. Ikinuwento ni Kenji Tanaka, isang Hapones na Banal sa mga Huling araw, ang unang pagkikita nila ni Elder Hinckley sa Japan: "Ang katuwaan ni Elder Hinckley ay nakikita sa kanyang nagniningning na mga mata. Ang una niyang sinabi sa amin ay *Subarashii!* ['Kamangha-mangha!'] Ang pormal na kapaligiran sa pulong na iyon ay napalitan ng pagkagiliw at pagiging malapit sa kanya, at nanaig doon ang init ng pagmamahal."[45]

Ito rin ang damdaming ibinahagi niya saanman siya magtungo sa Asia. Tinulungan niya ang mga tao na maunawaan na kapag sumampalataya sila sa Panginoon, maisagagawa nila ang mga dakilang bagay at mapapalago ang Simbahan sa kanilang inang-bayan. Nanatili rin siyang malapit sa mga full-time missionary, batid na ang kanilang kasigasigan ay magkakaroon ng tuwirang epekto sa mga taong pinaglingkuran nila.

**Isang Natatanging Saksi sa Pangalan ni Cristo**

Isa pang tawag sa telepono na nagpabago ng kanyang buhay ang dumating isa pang araw ng Sabado—Setyembre 30, 1961. Sa pagkakataong ito si Marjorie naman ang nakarinig sa pamilyar na tinig ni Pangulong McKay sa telepono. Muling nagmamadaling pumunta si Gordon B. Hinckley sa opisina ng Pangulo ng Simbahan. Muli siyang nagulat at di-makapaniwala nang malaman niya kung bakit siya kinausap. Pagdating niya, sinabi sa kanya ni Pangulong McKay, "Nahikayat akong hirangin ka para punan ang bakanteng posisyon sa Korum ng Labindalawang Apostol, at gusto naming pasang-ayunan ka ngayon sa kumperensya."[46] Muling tumalima si Elder Hinckley nang may pananampalataya at kasigasigan sa kabila ng nadama niyang kakulangan.

Bilang Apostol, tumanggap ng karagdagang mga responsibilidad si Elder Hinckley. Nakipagpulong siya paminsan-minsan sa mga pinuno ng pamahalaan at iba pang mga opisyal. Madalas siyang hilingang magsalita sa publiko para sa Simbahan upang sagutin ang mga pamumuna at ang di-pagkakaunawaan ng iba't ibang kultura sa Estados Unidos. Siya ang nanguna sa pagpapaigting ng kakayahan ng Simbahan na makapagbrodkast at gumamit ng teknolohiya upang ipalaganap ang ebanghelyo sa buong mundo. Sa kabila ng dumaraming tungkulin, patuloy pa rin niyang ginampanan ang responsibilidad na patatagin ang pananampalataya ng mga indibiduwal at pamilya. Kausap man niya ang isang tao o sampung libong tao, personal ang pakikipag-usap niya sa kanila, na naging pambihirang katangian ng kanyang ministeryo: ang dalhin ang mga tao, nang isa-isa, kay Cristo.

Patuloy na pinangasiwaan ni Elder Hinckley ang mga gawain sa Asia nang sumunod na pitong taon, at ikinatuwa niyang makita na espirituwal na umuunlad ang kanyang mga kaibigan doon. Sabi niya, "Isang nakasisiglang karanasan . . . ang masaksihan kung paano isinasakatuparan ng Panginoon ang Kanyang dakilang plano sa . . . bahaging iyon ng mundo."[47]

Sa pagpapalit-palit ng mga tungkulin sa Korum ng Labindalawa, nagkaroon ng mga pagkakataon si Elder Hinckley na maglingkod

sa iba pang panig ng mundo. Saanman siya magpunta, nagpakita siya ng malasakit sa bawat tao. Noong 1970, nang pangasiwaan niya ang gawain ng Simbahan sa South America, nagpunta siya sa Chile matapos mamuno sa stake conference sa Peru. Dalawang araw pagkarating niya sa Chile, nabalitaan niya na tinamaan ng napakalakas na lindol ang Peru at apat na missionary ang nawawala. Agad siyang nagplanong bumalik sa Peru kahit maantala ang kanyang pag-uwi. "Hindi ako mapapanatag sa pag-uwi samantalang may nawawalang mga missionary," sabi niya.[48]

Dumating siya sa Lima, Peru, kinabukasan. Nang makakita ng ham radio operator ang nawawalang mga missionary, natawagan nila ang mga tao sa Lima, at kinausap sila ni Elder Hinckley. Kasama ng mga missionary sa isang maliit na silid ang iba pang mga nakaligtas, at ang kanilang pag-uusap ay narinig mula sa speaker. "Nang marinig ang tinig ni Elder Hinckley sa silid na iyon na puno ng mga taong nag-uunahang makatawag sa radio, biglang natahimik ang silid. Bagama't nagsasalita sa Ingles, at lahat ng tao roon ay Espanyol ang salita, nagsimula silang mag-usap-usap nang pabulong at magtanong, 'Sino ang lalaking iyan?' Kahit nagkakagulo, nadama nila na hindi karaniwang tao ang nagmamay-ari ng tinig na iyon."[49]

Sa unang dalawang taon ng kanyang pangangasiwa sa Simbahan sa South America, nalibot ni Elder Hinckley ang bawat mission; nakabuo siya ng mga bagong mission sa Colombia at Ecuador; tumulong siya sa pag-organisa ng mga bagong stake sa Lima, Peru, at São Paulo, Brazil; at tumulong siyang malutas ang problema sa pagkuha ng visa para sa mga missionary na maglilingkod sa Argentina. Marami pa siyang planong gawin, ngunit noong Mayo 1971, inatasan siyang mangasiwa sa walong mission sa Europa.[50]

Madalas makaramdam ng matinding pagod si Elder Hinckley dahil sa napakaraming gawain. Napakasaya niya tuwing nakakauwi siya at nakakasama si Marjorie at ang kanilang mga anak. Gayunman, naramdaman ni Marjorie na kapag matagal siyang hindi nakapagtrabaho, hindi siya mapakali. Ang kanyang tungkulin bilang Apostol—isa sa "mga natatanging saksi ng pangalan ni Jesucristo sa buong daigdig" (D at T 107: 23)—ay hindi nawawaglit sa kanyang isipan.


## Mabibigat na Responsibilidad bilang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Noong Hulyo 15, 1981, matapos maglingkod sa Korum ng Labindalawa nang halos 20 taon, tumanggap si Elder Hinckley ng isa pang tungkuling hindi niya inaasahan. Hinilingan siya ni Pangulong Spencer W. Kimball, na noon ay Pangulo ng Simbahan, na maglingkod bilang tagapayo sa Unang Panguluhan, bukod pa kina Pangulong N. Eldon Tanner at Pangulong Marion G. Romney. Hindi ito karaniwang nangyayari ngunit hindi rin naman iyon ang unang pagkakataon na nagkaroon ng mahigit sa dalawang tagapayo. Si Pangulong Kimball at ang kanyang mga tagapayo ay may karamdaman at kailangan ng karagdagang tulong sa Panguluhan.[51]

Sa kanyang unang pangkalahatang kumperensya sa bagong katungkulang ito, sinabi ni Pangulong Hinckley: "Ang tanging hangarin ko ay maglingkod nang tapat saanman ako tawagin. . . . Ang sagradong tungkuling ito ay nagpabatid sa akin ng aking mga kahinaan. Kung may nasaktan man ako, humihingi ako ng paumanhin at umaasang patatawarin ninyo ako. Matagal o sandali man ang tungkuling ito, ipinapangako ko na gagawin ko ang lahat ng aking makakaya, nang may pagmamahal at pananampalataya."[52]

Kailangan niyang gawin ang lahat ng kanyang makakaya dahil lumubha ang kalagayan nina Pangulong Kimball, Pangulong Tanner, at Pangulong Romney. Karamihan sa gawain ng Unang Panguluhan sa araw-araw ay napunta kay Pangulong Hinckley. Sa kanya rin nakaatang ang karamihan sa mas malalaking responsibilidad, tulad ng paglalaan ng Jordan River Utah Temple. Bukod pa rito, hinarap niya ang pamimintas ng publiko sa Simbahan at sa mga pinuno nito, noon at ngayon. Ipinayo niya sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 1982:

"Nabubuhay tayo sa isang lipunan na nasisiyahan sa pamimintas. . . . Hinihimok ko kayo na lawakan ninyo ang inyong pananaw at huwag pansinin ang maliliit na kamalian. . . . Maliit na aspeto lang ito ng buong paglilingkod at laki ng naitulong ng [mga pinuno ng Simbahan]."[53]



*Si Pangulong Gordon B. Hinckley sa pangkalahatang kumperensya noong siya lang ang tanging miyembro ng Unang Panguluhan na nasa maayos na kalusugan para dumalo.*

Si Pangulong Tanner ay pumanaw noong Nobyembre 27, 1982, at lumubha rin ang karamdaman nina Pangulong Kimball at Pangulong Romney kaya sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 1983, naupo si Pangulong Hinckley, na noong panahong iyon ay natawag na Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, sa tabi ng dalawang bakanteng upuan sa harapan. Sa isang napakapersonal na paraan, nadama niya ang minsa'y tinawag niyang "kalumbayan sa pamumuno."[54]

Maingat at mapanalanging nagpatuloy si Pangulong Hinckley, dahil ayaw niyang kumilos nang walang pahintulot ng propeta. Humingi siya ng tulong sa mga senior na miyembro ng Labindalawa—lalo na kay Elder Ezra Taft Benson, ang pangulo ng korum—sa araw-araw na pamamalakad sa mga gawain ng Simbahan. Nakipagtulungan si Pangulong Hinckley sa Korum ng Labindalawa, na laging ginagabayan ng payo ni Pangulong Kimball. Gayunman, dama pa rin niya ang bigat ng tungkulin.

Bagama't madalas sa Salt Lake City si Pangulong Hinckley dahil sa mga responsibilidad niya sa Unang Panguluhan, bumibiyahe siya paminsan-minsan para maglingkod sa mga miyembro at missionary sa iba't ibang panig ng mundo. Noong 1984 bumalik siya sa Pilipinas. Labingwalong taon bago iyon nailaan niya ang unang chapel doon; ngayo'y ilalaan naman niya ang unang templo. Sa panalangin ng paglalaan, sinabi niya:

"Ang bansang ito ng Pilipinas ay isang bansang maraming lupain na ang mga mamamayan ay nagmamahal sa kalayaan at katotohanan, na masidhing nadarama ang patotoo ng inyong mga lingkod, at tumatalima sa mensahe ng walang-hanggang ebanghelyo. Pinasasalamatan namin kayo sa kanilang pananampalataya. Pinasasalamatan namin kayo sa kahandaan nilang magsakripisyo. Pinasasalamatan namin kayo sa mahimalang pag-unlad ng inyong gawain sa lupaing ito."[55]

Ang patuloy na pag-unlad ng Simbahan ay mas malinaw noong Hunyo 1984 nang ibalita ni Pangulong Hinckley, sa pahintulot ng Unang Panguluhan, ang pagtawag sa mga Area Presidency—mga miyembro ng Pitumpu na maninirahan sa iba't ibang panig ng mundo at mangangasiwa sa gawain ng Simbahan sa mga lugar na pagdadalhan sa kanila. Sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa, ang kalalakihang ito ay mamumuno at magbibigay ng training na kailangan sa kanilang nasasakupang lugar. "Hindi natin maaaring gawin ang lahat ng desisyon sa Salt Lake City," wika niya. "Kailangan nating bigyan ng awtoridad ang mga tao na magpasiya sa sarili nilang nasasakupan."[56] Mga isang taon kalaunan, sa kanyang mensahe sa mga lider ng Simbahan mula sa iba't ibang panig ng mundo, sinabi ni Pangulong Hinckley: "Tiwala ako na inspirado at magandang hakbang ang ginawa natin nitong nakaraang ilang buwan. Tiwala ako na mapapanatag kayo nang husto kung madalas ninyong makakasama ang mabubuting kalalakihang ito. Layunin ng mga Kapatid na ito na pag-isahin ang lahat ng miyembro ng Simbahan."[57]

Matapos pamunuan ang Simbahan sa loob ng 12 taon ng kamangha-manghang pag-unlad, pumanaw si Pangulong Spencer W. Kimball noong Nobyembre 5, 1985. Itinalaga ang senior na Apostol, si Pangulong Ezra Taft Benson, bilang Pangulo ng Simbahan.



*Pangulong Ezra Taft Benson* (gitna) *kasama ang kanyang mga tagapayo na sina Pangulong Gordon B. Hinckley* (kaliwa) *at Pangulong Thomas S. Monson* (kanan), *sa pangkalahatang kumperensya*

Tinawag niya si Gordon B. Hinckley na maglingkod bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan at si Thomas S. Monson bilang Pangalawang Tagapayo. Sa tatlong malulusog na miyembro ng Unang Panguluhan, nadama ni Pangulong Hinckley na gumaan ang kanyang mga pasanin at nagkaroon siya ng mas maraming pagkakataong bisitahin ang mga Banal sa buong mundo.

Sa loob ng ilang taon, nagsimulang humina ang kalusugan ni Pangulong Benson, at ang araw-araw na responsibilidad na pamahalaan ang Simbahan ay napuntang muli kay Pangulong Hinckley. Gayunman, sa pagkakataong ito ay hindi na siya nag-iisa sa Unang Panguluhan. Taglay ang sigla at lakas, napanatili nina Pangulong Hinckley at Pangulong Monson ang katatagan ng Simbahan, na laging iginagalang ang tungkulin ni Pangulong Benson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag. Naging matibay at matatag ang kanilang pagkakaibigan at pagsasamahan.

Si Pangulong Benson ay pumanaw noong Mayo 30, 1994, at si Pangulong Howard W. Hunter ang naging Pangulo ng Simbahan. Muli, sina Pangulong Hinckley at Pangulong Monson ang naglingkod bilang mga tagapayo. Noong Hunyo, sinamahan nina Pangulo at Sister Hinckley si Pangulong Hunter at asawa nitong si Iris at si

Elder M. Russell Ballard at asawa nitong si Barbara sa Nauvoo, Illinois, upang gunitain ang ika-150 taon ng pagpaslang kina Joseph at Hyrum Smith. Ito lang ang tanging paglalakbay na magkakasama sina Pangulong Hunter at Pangulong Hinckley. Matagal nang may karamdaman si Pangulong Hunter, at mabilis na humina ang kanyang kalusugan pagkatapos ng paglalakbay na ito. Noong Pebrero 27, 1995, hiniling niya kay Pangulong Hinckley na bigyan siya ng basbas ng priesthood. Sa basbas, nagsumamo si Pangulong Hinckley na habaan pa ang buhay ni Pangulong Hunter ngunit sinabi rin na nasa mga kamay na ito ng Panginoon.[58] Pagkaraan ng ilang araw, noong Marso 3, 1995, pumanaw si Pangulong Hunter.

## Propeta, Tagakita, at Tagapaghayag at Pangulo ng Simbahan

Ang pagpanaw ni Pangulong Hunter, bagama't hindi na nakakabigla, ay napakabigat na alalahanin sa mga Hinckley. Bilang senior na Apostol, si Pangulong Hinckley ang susunod na magiging Pangulo ng Simbahan. Ginunita ni Sister Hinckley ang sandali na natanggap nila ang balita na pumanaw na si Pangulong Hunter: "Pumanaw na si Pangulong Hunter, at iniwan tayo upang ipagpatuloy ang gawain. Lungkot na lungkot ako, at nadama ko na nag-iisa ako. Gayon din si Gordon. Natulala siya. At lungkot na lungkot siya. Wala nang naiwan na makauunawa sa kanyang pinagdaraanan."[59]

Pagkaraan ng libing ni Pangulong Hunter, nakadama ng kapanatagan si Pangulong Hinckley sa loob ng templo. Habang nag-iisa sa meeting room ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa sa Salt Lake Temple, binasa niyang mabuti ang mga banal na kasulatan at pinagnilayan ito. Pinagmuni-muni niya ang buhay, ministeryo, at Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Pagkatapos ay pinag-aralan niya ang mga larawan sa dingding, na ipinapakita ang lahat ng Pangulo ng Simbahan mula kay Joseph Smith hanggang kay Howard W. Hunter. Itinala niya ang karanasang ito sa kanyang journal:

"Naglakad-lakad ako sa harap ng mga larawang ito at tinitigan ko ang mga mata ng mga lalaki sa larawan. Nadama ko na halos puwede ko silang makausap. Nadama ko na parang kinakausap nila ako at pinalalakas ang aking loob. . . . Naupo ako sa silyang inupuan



*Si Pangulong Gordon B. Hinckley sa pulpito sa pangkalahatang kumperensya*

ko bilang unang tagapayo sa Pangulo. Matagal kong pinagmasdan ang mga larawang iyon. Parang isa-isang nabuhay ang mga ito. Tila nakatitig ang mga mata nila sa akin. Nadama ko na hinihikayat nila ako at nangangakong susuportahan ako. Parang sinasabi nila sa akin na pinag-usapan na nila ako sa kapulungan sa langit, na

hindi ako dapat matakot, na pagpapalain at sasang-ayunan sa aking paglilingkod.

"Lumuhod ako at nagsumamo sa Panginoon. Kinausap ko Siya nang matagal sa panalangin. . . . Nakatitiyak ako na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, narinig ko ang salita ng Panginoon, hindi sa tinig, kundi bilang isang mainit na damdamin sa aking puso hinggil sa mga tanong na iniluhog ko sa panalangin."[60]

Matapos maranasan ito muli niyang isinulat ang nasa isip niya: "Mas magaan na ang pakiramdam ko, at mas nakatitiyak ako sa puso ko na natutupad ang kalooban ng Panginoon patungkol sa Kanyang layunin at kaharian, na sasang-ayunan ako bilang Pangulo ng Simbahan at bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag, at maglilingkod hangga't gusto ng Panginoon. May patibay ng Espiritu sa puso ko, handa na ako ngayong sumulong na gawin ang pinakamainam na alam kong gawin. Hindi ako makapaniwala na ilalagay ako ng Panginoon sa napakataas at napakasagradong tungkuling ito. . . . Sana'y sanayin ako ng Panginoon na gawin ang inaasahan Niya sa akin. Ibibigay ko sa Kanya ang aking buong katapatan, at talagang hihingin ko palagi ang Kanyang patnubay."[61]

Si Pangulong Gordon B. Hinckley ay itinalaga bilang Pangulo ng Simbahan noong Marso 12, 1995, at kinabukasan ay nagsalita siya sa isang press conference at sinagot ang mga tanong ng mga reporter. Iniulat ni Elder Jeffrey R. Holland na "nang malapit nang matapos ang magiliw at kadalasa'y may halong tawanan na mga pagtatanong na naganap sa news conference na ito, tinanong ng isang reporter si Pangulong Hinckley, 'Ano ang pagtutuunan ninyo? Ano ang magiging tema ng inyong pamamahala?'

"Agad siyang sumagot ng, 'Magpatuloy. Oo. Ang aming adhikain ay ipagpatuloy ang dakilang gawaing sinimulan ng mga nauna sa amin.' "[62]

Tinupad ni Pangulong Hinckley ang pangakong iyan. Bilang paggalang sa mga propetang nauna sa kanya, ipinagpatuloy niya ang kanilang naisagawa. At taglay ang pananampalataya sa Diyos Ama at kay Jesucristo, sinunod niya ang paghahayag na natanggap sa pagsasakatuparan ng gawaing iyan sa mga bagong pamamaraan.

### *Ilabas ang Simbahan "Mula sa Pagkakatago" (D at T 1:30)*

Sa pagsisimula ng ministeryo ni Pangulong Hinckley, napuna ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa: "Si Pangulong Hinckley ay tumutulong na ilabas ang Simbahan mula sa pagkakatago. Hindi susulong ang Simbahan sa paraang nararapat kung nakatago tayo sa ilalim ng takalan. Kailangang may maglakas-loob na lumabas, at handa iyong gawin ni Pangulong Hinckley. Siya ang taong nakauunawa ng nakaraan gayundin ng kasalukuyan, at siya ay pinagkalooban ng napakahusay na kakayahang magpahayag na nakatulong upang mailahad niya ang ating mensahe sa paraang magugustuhan ng mga tao saanman."[63]

Ang malawak na kaalaman ni Pangulong Hinckley sa media at broadcasting ay nakatulong na maihanda siya sa gawaing ito. Bilang Pangulo ng Simbahan, madalas niyang paunlakan ang hiling ng mga journalist sa iba't ibang panig ng mundo na interbyuhin siya, na sinasagot ang kanilang mga tanong tungkol sa doktrina at patakaran ng Simbahan at nagpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa bawat pagkakataon, naragdagan ang pag-unawa at nabuo ang mga pagkakaibigan.

Isang magandang halimbawa ang interbyu sa kanya noong 1996 ng beteranong reporter na si Mike Wallace sa programa sa telebisyon na *60 Minutes*. Kilalang masugid na interviewer si Mr. Wallace, at inamin ni Pangulong Hinckley na may kaunti siyang agam-agam bago nagsimula ang interbyu na ipinalabas sa pambansang telebisyon sa Estados Unidos. "Kung magiging maganda ang resulta nito, ipagpapasalamat ko," wika niya. "Kung hindi, nangangako ako na hinding-hindi na ako papatol na muli sa patibong na iyan."[64]

Maganda ang kinalabasan ng interbyu, na nagpakita ng maraming positibong aspeto ng Simbahan. Ang isa pang naging resulta nito ay naging magkaibigan sina Mike Wallace at Pangulong Hinckley.

Noong 2002, ang Salt Lake City ang napiling pagdausan ng Winter Olympics, kaya natampok ang Simbahan sa maraming bansa. Hiningan ng payo si Pangulong Hinckley at ang kanyang mga tagapayo sa ilang bahagi ng paghahanda. "Sinadya nating huwag gamitin ang oras o lugar na ito para magturo ng ebanghelyo," sabi niya, "ngunit malaki ang tiwala nating magbubunga ng maganda ang malaking

kaganapang ito para sa Simbahan."[65] Tama siya. Libu-libong tao ang bumisita sa Salt Lake Valley at malugod na binati ng mababait na punong-abala—ang mga Banal sa mga Huling Araw at iba pa na nagtulungan upang maging matagumpay ang Olympic games. Ang mga bisitang ito ay naglibot sa Temple Square, nakinig sa Tabernacle Choir, at bumisita sa Family History Library. Bilyun-bilyong tao ang nakakita sa Salt Lake Temple sa telebisyon at nakita nila na maganda ang impresyon ng mga reporter sa Simbahan. Tulad nga ng sinabi ni Pangulong Hinckley, "malaking tagumpay iyon para sa Simbahan."

Bukod sa paggamit ng tradisyunal na mga paraan ng komunikasyon, ginamit din ni Pangulong Hinckley ang makabagong teknolohiya. Halimbawa, nakita niyang magagamit ang Internet para mas mailapit ang Simbahan sa mga miyembro nito at maibahagi ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa mga taong iba ang relihiyon. Sa ilalim ng kanyang pamamahala, inilunsad ng Simbahan ang LDS.org, FamilySearch.org, at Mormon.org.

Noong Hunyo 23, 2004, ang ika-94 na kaarawan ni Pangulong Hinckley, ginawaran siya ng Presidential Medal of Freedom, ang pinakamataas na parangal na ibinibigay sa mga sibilyan sa Estados Unidos. Bilang tugon sinabi niya: "Malaking karangalan sa akin na tanggapin ang prestihiyosong parangal na ito mula sa Pangulo ng Estados Unidos. Labis akong nagpapasalamat. Higit pa riyan, kinikilala at pinararangalan nito ang Simbahan na nagbigay sa akin ng napakaraming oportunidad at siya ring pinagsisikapan kong paglingkuran."[66] Itinuring niya ang parangal na ito na simbolo ng gumagandang pagkilala sa Simbahan at katibayan na ito ay tunay ngang nailabas na mula sa pagkakatago.

### *Paglalakbay kasama ang mga Banal sa mga Huling Araw*

Hindi nasisiyahan si Pangulong Hinckley sa paglalakbay, ngunit mas gusto niyang maglingkod sa mga Banal sa mga Huling Araw kaysa manatili lang sa bahay. Ayon sa kanya gusto niyang "makahalubilo ang ating mga tao para maipaabot ko ang pasasalamat at panghihikayat, at magpatotoo sa kabanalan ng gawain ng Panginoon."[67] Noong nagsisimula pa lamang siya sa kanyang pamumuno sinabi niya, "Determinado ako na hangga't may lakas ako ay makikisalamuha



*Mahilig si Pangulong Hinckley na "makihalubilo sa mga tao sa loob at labas ng bansa."*

ako sa mga tao rito sa atin at sa ibang bansa . . . . Kikilos ako nang buong sigla hangga't kaya ko. Nais kong makasalamuha ang mga taong mahal ko."[68]

Nang maglingkod siya bilang Pangulo ng Simbahan, napakarami niyang pinuntahan sa loob ng Estados Unidos at binisita ang mahigit 90 bansa sa labas ng Estados Unidos. Sa kabuuan, naglakbay siya nang mahigit isang milyong milya (1.6 milyong kilometro) bilang Pangulo ng Simbahan, upang makasama at makausap ang mga Banal sa lahat ng dako ng mundo.[69]

Sa ilang lugar, napakatindi ng sakripisyong kailangang gawin ng mga tao para makita siya. Halimbawa, noong 1996 binisita nila ni Sister Hinckley ang Pilipinas, kung saan umabot na sa mahigit 375,000 ang mga miyembro ng Simbahan. Nakaiskedyul silang magsalita ni Sister Hinckley isang gabi sa isang pulong sa Araneta Coliseum sa Maynila. Hapon pa lang "ay punung-puno na [ang coliseum] at hindi na magkasya ang mga tao. Nagsimula nang pumila ang mga tao nang alas-7:00 n.u. para sa isang pulong na labindalawang oras pa bago magsimula. Umabot na sa halos 35,000 miyembro ang nagsisiksikan

sa coliseum na may kapasidad na 25,000, pati na sa mga pasilyo at bulwagan. Maraming miyembro ang bumiyahe nang dalawampung oras sakay ng barko at bus para makarating sa Maynila. Para sa ilan, ang halaga ng pamasahe ay katumbas ng ilang buwang suweldo. . . .

"Nang malaman ni Pangulong Hinckley na puno na ang coliseum at itinatanong ng namamahala kung puwedeng magsimula nang mas maaga ang pulong, agad niyang sinabi, 'Halina kayo.' Pumasok na sila ni Sister Hinckley sa malaking coliseum. . . . Parang may naghudyat, sabay-sabay na nagtayuan ang kongregasyon, nagpalakpakan, at pagkatapos ay sinimulan ang madamdaming pag-awit ng 'Salamat, O Diyos, sa aming Propeta.'"[70]

Batid na hindi nila mapupuntahan ng mga kapatid ang lahat ng gusto nilang puntahan, hinikayat ni Pangulong Hinckley ang paggamit ng teknolohiya upang mapagbilinan ang mga lider sa buong mundo. Gamit ang satellite, pinanguluhan niya ang brodkast ng pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno na ginanap sa unang pagkakataon noong Enero 2003.

### *Pagbibigay-diin sa Kahalagahan ng Pagkatuto at Pagtuturo ng mga Espirituwal at Sekular na Katotohanan*

Sinabi ni Pangulong Hinckley: "Walang sinuman sa atin . . . ang may sapat na kaalaman. Ang pag-aaral ay isang walang-katapusang gawain. Dapat nating basahin, dapat nating obserbahan, dapat nating unawain, at dapat nating pagnilayin ang mga bagay na pinagtutuunan ng ating isipan."[71] Sinabi rin niya: "Mabisang pagtuturo ang pinakadiwa ng pamumuno sa Simbahan. Ang buhay na walang hanggan ay darating lamang kung ang mga lalaki at babae ay maturuan nang napakabisa para baguhin at disiplinahin ang kanilang buhay. Hindi sila maaaring piliting maging matwid o mapunta sa langit. Kailangan silang gabayan at ang paraang yaon ay pagtuturo."[72]

Nais ni Pangulong Hinckley na maglaan ng dagdag na espirituwal na pangangalaga sa mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo. Noong 1995 masaya niyang inaprubahan ang planong maglathala ng mga serye ng aklat upang magkaroon ng gospel library ang mga miyembro ng Simbahan. Hindi nagtagal ay nagsimulang maglathala

ang Simbahan ng mga seryeng ito, na tinawag na *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan,* na kinabibilangan ng aklat na ito.

Ang sekular na pag-aaral ay mahalaga rin kay Pangulong Hinckley. Nag-alala siya tungkol sa mga miyembro ng Simbahan sa mga lugar sa mundo na nagdarahop sa kahirapan na hindi kayang tustusan ang pag-aaral sa kolehiyo o pagsasanay sa trabaho. Kung hindi sila nakatapos ng kolehiyo o nakapagsanay, karamihan sa kanila ay mananatili sa kahirapan. Sa sesyon ng priesthood sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2001, sinabi ni Pangulong Hinckley:

"Sa pagsisikap na mabigyang-solusyon ang sitwasyong ito, kami ay nagmungkahi ng isang plano-—isang plano na pinaniniwalaan naming binigyang-inspirasyon ng Panginoon. Ang Simbahan ay nagtatag ng isang pondo na halos mula sa mga kontribusyon ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw na nag-ambag at mag-aambag para sa layuning ito. Lubos kaming nagpapasalamat sa kanila. . . . Tatawagin natin itong Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon [Perpetual Education Fund]."[73]

Ipinaliwanag ni Pangulong Hinckley na ang mga makikinabang sa programang ito ay pauutangin ng pondong inambag ng mga miyembro ng Simbahan, para panustos sa pag-aaral o pagsasanay sa trabaho. Pagkatapos ng kanilang pag-aaral o pagsasanay, inaasahan na babayaran nila ang kanilang hiniram upang magamit din ito para tulungan ang iba. Ipinaliwanag din ni Pangulong Hinckley na ang Perpetual Education Fund ay "batay sa gayunding alituntuning kinasaligan ng Perpetwal na Pondong Pang-imigrasyon o Perpetual Emigrat[ing] Fund," na itinatag ng Simbahan noong 1800s para tulungan ang mga nagdarahop na mga Banal na nandayuhan sa Sion.[74]

Sa loob ng anim na buwan, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay nakapagbigay na ng milyun-milyong dolyar para sa Perpetual Education Fund.[75] Isang taon matapos ipaalam ang plano, ipinahayag ni Pangulong Hinckley: "Matibay na ang pundasyon ng gawaing ito. . . . Ang mga kabataang nagdarahop sa mundo, mga kabataang karamiha'y nangagsiuwi nang mga misyonero, ay makapag-aaral na upang [makaahon] sila sa kahirapang nakamulatan ng maraming henerasyon."[76] Ang programang ito ay patuloy

na pinagpapala ang mga Banal sa mga Huling araw, kapwa tumatanggap at nagbibigay.

### *Pagpapatotoo sa Kasagraduhan ng Kasal at Pamilya*

Sa pangkalahatang pulong ng Relief Society na ginanap noong Setyembre 23, 1995, sinabi ni Pangulong Hinckley:

"Dahil sa dami ng tusong pangangatwiran na ipinapasa bilang katotohanan, sa dami ng panlilinlang na may kinalaman sa mga pamantayan at pinahahalagahan, sa dami ng pang-aakit at panggaganyak na gawin ang mga kasalanang unti-unting lumalaganap sa mundo, nadama namin na kailangan kayong bigyang-babala bago mangyari iyon. Bilang karagdagan dito, kami ng Unang Panguluhan at ng Konseho ng Labindalawang Apostol ay nagpapalabas ngayon ng isang pahayag sa Simbahan at sa daigdig bilang pagpapahayag at muling pagpapatibay sa mga pamantayan, doktrina, at gawaing may kinalaman sa pamilya na paulit-ulit na binabanggit ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag ng simbahang ito sa buong kasaysayan nito."[77]

Sa panimulang ito, binasa ni Pangulong Hinckley, sa unang pagkakataon sa publiko, ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo."

Ang kabanalan ng kasal at pamilya ay isang palagiang tema sa mga turo ni Pangulong Hinckley. Isinumpa niya ang anumang uri ng pang-aabuso at hinikayat ang mga magulang at anak na magpasensya sa isa't isa, mahalin ang isa't isa, turuan ang isa't isa, at paglingkuran ang isa't isa. Sa isang liham noong Pebrero 11, 1999, sinabi niya at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan:

"Nananawagan kami sa mga magulang na pag-ukulan nila ng malaking pagsisikap ang pagtuturo at pagpapalaki sa kanilang mga anak sa mga alituntunin ng ebanghelyo na magpapanatili sa kanila sa Simbahan. Ang tahanan ang batayan ng matwid na buhay, at wala nang ibang kaparaanang makakapalit sa lugar nito o makakaganap sa mahalagang tungkulin nito sa pagpapatupad ng responsibilidad na ibinigay ng Diyos.

"Ipinapayo namin sa mga magulang at anak na gawing pinakamataas na prayoridad ang panalangin ng pamilya, family home



*"Ipinapayo namin sa mga magulang at anak na gawing pinakamataas na prayoridad ang panalangin ng pamilya, family home evening, pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo, at makabuluhang mga gawaing pampamilya."*

evening, pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo, at makabuluhang mga gawaing pampamilya. Gaano man ang pagkamarapat at kaangkupan ng iba pang mga gawain o aktibidad, hindi dapat payagang palitan ng mga ito ang mga tungkuling itinakda ng langit na tanging mga magulang at pamilya ang makagaganap."[78]

### *Pagtulong sa mga Bagong Convert*

Gustung-gustong makita ni Pangulong Hinckley ang malalaking bilang ng mga taong sumasapi sa Simbahan, ngunit nag-alala siya tungkol sa mga taong kumakatawan sa malalaking bilang na iyon. Sa simula ng kanyang pamumuno sinabi niya:

"Dahil dumarami ang mga miyembro, kailangan nating gawing mas makabuluhan ang ating pagsisikap na tulungan silang matagpuan ang daan. Bawat isa sa kanila ay nangangailangan ng tatlong bagay: isang kaibigan, isang responsibilidad, at pangangalaga ng 'mabuting salita ng Diyos' (Moroni 6:4). Ito ang tungkulin at pagkakataon nating ilaan ang mga bagay na ito."[79]

Pagpapatatag sa mga bagong convert ang palagiang tema ng mensahe ni Pangulong Hinckley. Ibinahagi ni Elder Jeffrey R. Holland

ang sumusunod na salaysay tungkol sa pagbibigay-diin niya sa temang ito: "Pabiro niyang hinampas ang mesa sa kanyang harap at sinabi sa Labindalawa kamakailan, 'Mga kapatid, pagkamatay ko at patapos na ang serbisyo sa lamay, babangon ako, at tititigan ko ang bawat isa sa inyo, at itatanong, "Kumusta na ang pamamalagi ng mga miyembro sa Simbahan?"' "[80]

### *Pagtatayo ng Templo*

Noong 1910, ang taon kung kailan isinilang si Gordon B. Hinckley, may 4 na templong gumagana ang Simbahan sa mundo, at lahat ay nasa Utah. Noong 1961, nang iorden siya bilang Apostol, umabot na sa 12 ang bilang nito. Malaking pag-unlad ito, ngunit madalas banggitin ni Elder Hinckley ang pag-aalala niya na maraming tao sa iba't ibang panig ng mundo ang walang sapat na pagkakataong makatanggap ng mga pagpapala ng templo. Noong 1973, habang naglilingkod bilang chairman ng Temple Committee ng Simbahan, isinulat niya sa kanyang journal: "Kayang magtayo ang Simbahan ng [maraming mas maliliit] na templo sa halagang gagastusin sa Washington Temple [na kasalukuyang ginagawa noon]. Ilalapit nito ang mga templo sa mga tao sa halip na ang mga tao ang maglalakbay nang napakalayo para makapunta rito."[81]

Nang sang-ayunan siya bilang Pangulo ng Simbahan noong 1995, ang bilang ng templo ay umabot na sa 47, ngunit matindi pa rin ang hangarin niyang dagdagan pa ito. Sabi niya, "Matindi pa rin ang hangarin kong magkaroon ng templo kung saan ito kailangan upang ang ating mga tao, saan man sila nakatira, ay hindi kailangang magsakripisyo nang malaki para makapunta sa Bahay ng Panginoon para sa sarili nilang mga ordenansa at para sa pagkakataong makagawa ng mga ordenansa para sa mga patay."[82]

Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 1997, ipinaalam ni Pangulong Hinckely ang isang napakahalagang balita: sisimulan ng Simbahan ang pagtatayo ng mas maliliit na templo sa iba't ibang panig ng mundo.[83] Sabi niya kalaunan, "Naniniwala ako, na ang konsepto ng maliliit na templo, ay direktang inihayag."[84] Noong 1998 ibinalita niya na ang 30 bagong mas maliliit na templo, kasama ang iba pang mga templong nakaplanong itayo o kasalukuyang itinatayo, "ay aabot na sa 47 bagong templo bukod pa sa 51 gumagana."




*Nagpalitada si Pangulong Hinckley sa coverstone ceremony bago ang paglalaan ng Nauvoo Illinois Temple noong 2002.*

Sa kasiyahan ng lahat ng nakikinig, idinagdag pa ni Pangulong Hinckley, "Palagay ko mas maganda kung magdaragdag pa tayo ng 2 para maging 100 bago matapos ang siglong ito, na 2,000 taon na 'mula noong pumarito ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo' (D at T 20:1)." Pagkatapos ay ipinangako niya, "Marami pang itatayo."[85]

Noong Oktubre 1, 2000, inilaan ni Pangulong Hinckley ang Boston Massachusetts Temple, ang ika-100 templong gumagana. Bago matapos ang taong 2000, inilaan niya ang dalawa pang templo. Nang pumanaw siya noong 2008, may 124 templo na ang Simbahan, at 13 pa ang ipinaalam na itatayo. Si Pangulong Hinckley ay kasama sa pagpaplano at pagtatayo ng karamihan sa mga ito, at siya mismo ang naglaan ng 85 sa mga ito. Inilaan din niyang muli ang 13 rito (8 sa mga ito ay siya rin ang dating naglaan).

### *Ang Conference Center*

Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 1995, ipinahiwatig ni Pangulong Hinckley ang isang ideya na matagal na niyang iniisip. Sa



*Ang Conference Center, na inilaan ni Pangulong Hinckley noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2000*

kanyang mensahe sa Tabernacle sa Temple Square, sinabi niya: "Ang malaking tabernakulong ito ay tila lumiliit taun-taon. Nakakasama na natin ang mas malalaking grupo sa iisang gusaling ito sa ilang regional conference."[86] Sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 1996, ipinaliwanag pa ni Pangulong Hinckley ang kanyang ideya:

"Ikinalulungkot ko na maraming nais makipagpulong sa atin sa Tabernakulo ngayong umaga ang hindi nakapasok. Napakaraming tao sa bakuran ng tabernakulo. Ang kakaiba at kahanga-hangang bulwagang ito, na itinayo ng ating mga tagabunsod na ninuno at kanilang itinalaga sa pagsamba sa Panginoon ay maginhawang nakapaglalaman ng mga 6,000. Ang ilan sa inyo na nakaupo sa loob ng dalawang oras sa matitigas na bangkong iyan ay maaring pag-alinlanganan ang salitang *maginhawa*.

"Ang puso ko'y nasa mga nagnanais pumasok subalit hindi na maaaring papasukin. Nagpanukala ako sa mga Kapatid mga isang taon na ang nakalilipas na marahil ay panahon na upang pag-aralan ang pagtatayo ng isa pang ilalaang bahay-sambahan na higit na

malaki na maaaring maglaman ng tatlo o apat na beses ang dami sa maaaring makaupo sa gusaling ito."[87]

Noong Hulyo 24, 1997, sa ika-150 anibersaryo ng pagdating ng mga pioneer sa Salt Lake Valley, pinasimulan ang pagtatayo ng bagong gusali—na tatawaging Conference Center—sa lote sa tabi ng hilagang bahagi ng Temple Square. Wala pang tatlong taon mula noon, noong Abril 2000, ang unang sesyon ng pangkalahatang kumperensya ay idinaos doon, kahit hindi pa ganap na tapos ang gusali. Inilaan ni Pangulong Hinckley ang Conference Center sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2000. Bago ialay ang panalangin ng paglalaan, tumayo siya sa pulpito, na gawa sa puno ng black walnut na kanyang itinanim noon sa sariling bakuran, at sinabi:

"Ngayon ay ilalaan natin ito bilang isang bahay-sambahan sa Diyos Amang Walang Hanggan at sa Kanyang Bugtong na Anak, ang Panginoong Jesucristo. Umaasa at dumadalangin kami na patuloy na maipahayag sa buong mundo mula sa pulpitong ito ang pagpapahayag ng patotoo at doktrina, ng pananampalataya sa Buhay na Diyos, at pasasalamat para sa dakilang pagbabayad-salang sakripisyo ng ating Manunubos."[88]

### *Patotoo kay Jesucristo*

Noong Enero 1, 2000, inilathala ni Pangulong Hinckley, kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol." Patungkol sa Tagapagligtas ay ipinahayag nila, "Walang sinuman ang nakapagbigay ng gayong makahulugang impluwensiya sa lahat ng nabuhay na at sa lahat ng mabubuhay pa sa mundo."[89]

At wala nang ibang bagay na nakapagbigay ng gayon kalaking impluwensya sa buhay ni Pangulong Gordon B. Hinckley. Mahigit 46 na taon siyang naglingkod bilang natatanging saksi sa pangalan ni Jesucristo. Ilang buwan mula nang ilathala nila ng mga kapatid "Ang Buhay na Cristo," tumayo si Pangulong Hinckley sa harapan ng mga Banal sa mga Huling Araw at sinabi: "Sa lahat ng bagay na pinasasalamatan ko sa umagang ito, ang isang ito ay tumatayong katangi-tangi. Iyon ay ang buhay na patotoo kay Jesucristo, ang Anak ng Pinakamakapangyarihang Diyos, ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Banal."[90]

### *Mga Pagsubok at Pag-asa*

Sa pagtatapos ng pangkalahatang kumperensya ng Abril 2004, sinabi ni Pangulong Hinckley: "Medyo atubili ako pero may gusto akong sabihin sandali. Napansin ng ilan sa inyo na wala rito si Sister Hinckley. Sa kauna-unang pagkakataon sa loob ng 46 na taon, simula nang maging General Authority ako, ngayon lang siya hindi dumalo sa pangkalahatang kumperensya. . . . Pauwi na kami [mula sa Africa noong Enero] nang mawalan siya ng malay dahil sa pagod. Nahirapan na siya simula noon. . . . Palagay ko'y gastado na ang orasan, at hindi namin alam kung paano ito ibabalik sa dati.

"Nalulungkot ako. Sa buwang ito'y 67 taon na kaming kasal. Siya ang ina ng lima naming magagaling na anak, lola ng 25 naming mga apo at ng dumaraming mga apo-sa-tuhod. Lagi kaming magkasama sa paglipas ng mga taong ito, magkatuwang at magkasama sa lungkot at ligaya. Maraming ulit na siyang nagpatotoo hinggil sa gawaing ito, nagbabahagi ng pagmamahal, panghihikayat, at pananampalataya saan man siya ay magpunta."[91]

Pagkaraan ng dalawang araw, noong Abril 6, pumanaw si Marjorie Pay Hinckley. Ang milyun-milyong tao, na minahal siya dahil sa kanyang pagmamalasakit, pagiging masayahin, at matatag na pananampalataya, ay nakidalamhati kay Pangulong Hinckley. Nagpasalamat siya sa pagbuhos ng liham ng pagsuporta at pagmamahal mula sa iba't ibang panig ng mundo. Ang mga pahayag na ito, sabi niya, ay "naghatid ng ginhawa sa oras ng aming pagdadalamhati."[92] Maraming tao ang nagbigay ng kontribusyon sa pangalan ni Sister Hinckley sa Perpetual Education Fund.

Kahit mahirap para sa kanya ang pagpanaw ni Marjorie, nagpatuloy pa rin si Pangulong Hinckley sa gawain sa Simbahan, kahit humihina na rin ang kanyang kalusugan. Nagsimula na siyang gumamit ng tungkod. Kung minsan ay ginagamit niya ito para pang-alalay sa sarili, ngunit mas madalas niya itong gamitin sa pagkaway sa mga miyembro ng Simbahan. Ikinuwento ni Pangulong Thomas S. Monson nang minsang kausapin siya ng doktor ni Pangulong Hinckley, na nag-alala sa paraan ng paggamit—at hindi paggamit—ni Pangulong Hinckley ng kanyang tungkod. Sabi ng doktor: "Ayaw nating bumagsak siya o mabalian ng buto sa balakang. Sa halip, ikinakaway niya ito at hindi ginagamit kapag naglalakad siya. Pakisabi sa

kanya na ang tungkod niya ay bilin ng kanyang doktor at kailangan niyang gamitin ito kung para saan talaga ito." Sumagot si Pangulong Monson, "Doktor, ako ay tagapayo ni Pangulong Hinckley. Ikaw ay kanyang doktor. *Ikaw* ang magsabi sa kanya!"[93]

Noong 2006, sa edad na 95, si Pangulong Hinckley ay nasuring may kanser. Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre noong taong iyon, sinabi niya: "Pinayagan akong mabuhay ng Panginoon; hindi ko alam kung gaano katagal. Ngunit gaano man katagal, patuloy kong gagawin ang lahat sa abot ng aking makakaya sa tungkuling ibinigay sa akin. . . . Maganda ang pakiramdam ko; maganda rin naman ang kalusugan ko. Ngunit kapag kailangan na akong palitan magiging maayos ang pagbabago at naaayon sa kalooban Niya na may-ari ng Simbahang ito."[94]

Isang taon kalaunan, noong Oktubre 2007, tinapos ni Pangulong Hinckley ang kanyang huling pangkalahatang kumperensya sa mga salitang ito: "Inaasam naming makita kayong muli sa Abril. Ako ay 97 na, pero sana'y umabot pa ako. Nawa'y sumainyo ang mga basbas ng langit ngayon ang aba at taimtim naming dalangin sa pangalan ng ating Manunubos, maging ang Panginoong Jesucristo, amen."[95]

Inilarawan ng anak nina Pangulong Hinckley at Sister Hinckley na si Virginia ang apat na taong lumipas mula nang mamatay si Sister Hinckley bilang "ang pinakasukdulan" sa buhay ni Pangulong Hinckley. Pagkatapos ay ginunita niya ang panalanging inialay ng kanyang ama para sa renobasyon ng kapilya sa Salt Lake City noong Enero 20, 2008, isang linggo bago ito pumanaw:

"Sa panalanging iyon, sa kakaibang paraan, sumamo siya sa Panginoon para sa kanyang sarili bilang propeta. Puno siya ng pasasalamat nang sabihin niyang 'simula noong panahon ni Joseph Smith hanggang sa ngayon ay pumili at humirang Kayo ng isang propeta sa mga taong ito. Salamat po sa Inyo at sana po aliwin at tulungan Ninyo siya at pagpalain batay sa kanyang pangangailangan at sa Inyong dakilang mga layunin.' "[96]

Noong Huwebes, Enero 24, 2008, sa unang pagkakataon, hindi nakasama si Pangulong Hinckley sa kanyang mga kapatid sa kanilang lingguhang pulong sa templo. Nang sumunod na Linggo, Enero 27, binigyan siya ni Pangulong Monson ng basbas ng priesthood,

kasama sina Pangulong Henry B. Eyring at Pangulong Boyd K. Packer. Kalaunan nang araw na iyon, payapang pumanaw si Pangulong Gordon B. Hinckley sa kanyang tahanan, na napapaligiran ng kanyang limang anak at ng kanilang mga asawa.

Pagkaraan ng ilang araw, libu-libo ang nagbigay-galang nang sulyapan nila ang labi ni Pangulong Hinckley sa Hall of the Prophets sa Conference Center. Ang mga lider ng ibang simbahan at mga lider sa pamahalaan at komersyo ay nagpaabot din ng pakikidalamhati, nagpasalamat sa mga impluwensya at mga turo ni Pangulong Hinckley.

Ang serbisyo sa libing ay ginanap sa Conference Center at isinahimpapawid sa mga gusali ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo. Inawit ng Tabernacle Choir ang isang bagong himno bilang bahagi ng pulong, na pinamagatang "Ano ba Itong Tinatawag na Kamatayan?" Ang mga titik ng himno ay isinulat ni Pangulong Hinckley—na kanyang huling patotoo kay Jesucristo sa kanyang mga kaibigan na itinuring siyang isang propeta:

*Ano ba itong tinatawag na kamatayan,*
*Itong tahimik na paghimlay sa gabi?*
*'Di ito ang wakas, kundi panimula*
*Ng mas maganda at maliwanag na bukas.*
*O Diyos, hipuin Ninyo ang pusong nasasaktan,*
*At payapain ako nang pangamba ay maparam.*
*Hayaang pag-asa at pananampalatayang busilak at dalisay,*
*Ang magbigay lakas at kapayapaan sa kabila ng kalungkutan.*
*Ito'y pagbabago lang, at walang kamatayan,*
*Gantimpala sa tagumpay ay makakamtan;*
*Ang kaloob Niya na nagmahal sa sangkatauhan,*
*Ang Anak ng Diyos, na Kabanal-banalan.*[97]

## *Mga Tala*


1. Tingnan sa Steve Fidel, "A Temple to Be Built in Ghana," *Church News,* Peb. 21, 1998, 3.
2. Jeffrey R. Holland, "Emerging with Faith in Africa," mormonnewsroom.co.za/article/emerging-with-faith-in-africa; in-access noong Peb. 11, 2015.
3. Esther Korantemaa Abuyeh, sa "Accra Ghana Temple: Commemoration of the Tenth Anniversary," africawest.lds.org/accra-ghana-temple-commemoration-of-the-tenth-anniversary; in-access noong Peb. 11, 2015.
4. Adney Y. Komatsu, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 288.
5. Russell M. Nelson, "Spiritual Capacity," *Ensign,* Nob. 1997, 15–16.
6. Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley: Stalwart and Brave He Stands," *Ensign,* Hunyo 1995, 4.

7. Sa Benjamin F. Tibby, Biographical Sketch of Breneman Barr Bitner, Hinckley and Bitner family history collection, Church History Library, Salt Lake City; tingnan din sa Silas Richards Company schedule and reports, Set. 1849, Church History Library.
8. Bryant S. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 193. Halos lahat ng kalkulasyon ng bilang ng mga nakaligtas sa *Mayflower* ay mas marami nang kaunti sa 49.
9. Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 24.
10. Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 25.
11. Gordon B. Hinckley, "Joseph the Seer," *Ensign,* Mayo 1977, 66; sinipi mula sa "Purihin ang Propeta," *Mga Himno,* blg. 21.
12. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 45.
13. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 388.
14. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 46–47.
15. Gordon B. Hinckley, "God Hath Not Given Us the Spirit of Fear," *Ensign,* Okt. 1984, 4–5.
16. Gordon B. Hinckley, "The Question of a Mission," *Ensign,* Mayo 1986, 40.
17. Gordon B. Hinckley, sa Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley: Stalwart and Brave He Stands," 7–8.
18. Gordon B. Hinckley, "Be Not Afraid, Only Believe," *Ensign,* Peb. 1996, 2.
19. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 62.
20. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 64.
21. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 64.
22. Gordon B. Hinckley, sa "His Mission to England Was a Life-Changing Experience," *Deseret Morning News,* Ene. 28, 2008, 11.
23. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 75.
24. Elders' Labor Record of Liverpool Conference of the British Mission of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, July 1933 to Feb. 1934; Church History Library, Salt Lake City.
25. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 69.
26. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1: 1995–1999* (2005), 348.
27. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1,* 348.
28. Heber J. Grant, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 84.
29. Para sa iba pang mga detalye tungkol sa karanasang ito, tingnan sa kabanata 2 ng aklat na ito.
30. Gordon B. Hinckley, liham kay Parley Giles, Dis. 7, 1936; Church History Library, Salt Lake City.
31. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 151–52.
32. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 104.
33. Marjorie Pay Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 59.
34. Marjorie Pay Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 114–15.
35. Marjorie Pay Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 173–74.
36. Marjorie Pay Hinckley, sa *Glimpses into the Life and Heart of Marjorie Pay Hinckley,* inedit ni Virginia H. Pearce (1999), 107.
37. Gordon B. Hinckley, liham kay G. Homer Durham, Mar. 27, 1939; Church History Library, Salt Lake City.
38. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 126.
39. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 135–36.
40. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 143–44.
41. David O. McKay, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 176.
42. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 177–81.
43. Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Abr. 1958, 123–24.
44. Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Abr. 1958, 123.
45. Kenji Tanaka, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 220.
46. David O. McKay, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 234.
47. Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Abr. 1962, 71.
48. Tingnan sa Allen E Litster, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 313.

49. Allen E. Litster, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 314.
50. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 315.
51. Sa huling ilang taon ng kanyang paglilingkod bilang Pangulo ng Simbahan, tumawag din si Pangulong David O. McKay ng karagdagang mga tagapayo sa Unang Panguluhan para tumulong sa kanya.
52. Gordon B. Hinckley, "Faith: The Essence of True Religion," *Ensign,* Nob. 1981, 6.
53. Gordon B. Hinckley, "Five Million Members—A Milestone and Not a Summit," *Ensign,* Mayo 1982, 46.
54. Gordon B. Hinckley, "The Loneliness of Leadership" (Brigham Young University devotional, Nov. 4, 1969), speeches.byu.edu.
55. Gordon B. Hinckley, sa Francis M. Orquiola, "Temple Dedication Rewards Faith of Filipino Saints," *Ensign,* Nob. 1984, 106.
56. Gordon B. Hinckley, sa "New Mission Presidents Receive Instruction from Church Leaders," *Ensign,* Set. 1984, 76.
57. Gordon B. Hinckley, sa "Leadership Meetings Focus on Missionary Work, Activation, and Strengthening Members," *Ensign,* Mayo 1985, 96.
58. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 505.
59. Marjorie Pay Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 505.
60. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 508.
61. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 508.
62. Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley: Stalwart and Brave He Stands," 2.
63. Neal A. Maxwell, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 536.
64. Gordon B. Hinckley, "Remember . . . Thy Church, O Lord," *Ensign,* Mayo 1996, 83.
65. Gordon B. Hinckley, "Umuunlad ang Simbahan," *Liahona,* Mayo 2002, 4.
66. Gordon B. Hinckley, sa "President Gordon B. Hinckley Awarded Presidential Medal of Freedom," mormonnewsroom.org/article/president-gordon-b.-hinckley-awarded-presidential-medal-of-freedom; in-access noong Set. 21, 2015.
67. Gordon B. Hinckley, "Pagpapatawad," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2005, 81.
68. Gordon B. Hinckley, "This Glorious Easter Morn," *Ensign,* Mayo 1996, 65–66.
69. Tingnan sa "Mahahalagang Pangyayari sa Pangunguluo ni Gordon B. Hinckley," *Bilang Pag-alaala: Pangulong Gordon B. Hinckley, 1910–2008* (isang suplemento sa *Liahona,* Mar. 2008), 13.
70. Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 553–54.
71. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 298.
72. Gordon B. Hinckley, sa Jeffrey R. Holland, "A Teacher Come from God," *Ensign,* Mayo 1998, 26.
73. Gordon B. Hinckley, "Ang Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon," *Liahona,* Mayo 2001, 52.
74. Gordon B. Hinckley, "Ang Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon," 52.
75. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "Pagtulong Upang Maiangat ang Kapwa," *Liahona,* Nob. 2001, 52.
76. Gordon B. Hinckley, "Umuunlad ang Simbahan," 6.
77. Gordon B. Hinckley, "Stand Strong against the Wiles of the World," *Ensign,* Nob. 1995, 100.
78. Liham ng Unang Panguluhan, Peb. 11, 1999, sa "Policies, Announcements, and Appointments," *Ensign,* Hunyo 1999, 80. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa paksang ito, tingnan sa mga kabanata 10 at 11.
79. Gordon B. Hinckley, "Converts and Young Men," *Ensign,* Mayo 1997, 47. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa paksang ito, tingnan sa kabanata 22.
80. Jeffrey R. Holland, "Manatili sa Akin," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 31.
81. Gordon B. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 325.
82. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 629.
83. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "Some Thoughts on Temples, Retention of Converts, and Missionary Service," *Ensign,* Nob. 1997, 49–50.
84. Gordon B. Hinckley, "Ang Korum ng Unang Panguluhan," *Liahona,* Dis. 2005, 50.
85. Gordon B. Hinckley, "New Temples to Provide 'Crowning Blessings' of the Gospel," *Ensign,* Mayo 1998, 88. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inspirasyong magtayo ng mas maliliit na templo, tingnan sa kabanata 23.

86. Gordon B. Hinckley, “As We Gather Together,” *Ensign,* Nob. 1995, 4.
87. Gordon B. Hinckley, “This Glorious Easter Morn,” 65.
88. Gordon B. Hinckley, “Ang Dakilang Milenyal na Taong Ito,” *Liahona,* Nob. 2000, 68–69.
89. “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” *Liahona,* Abr. 2000, 2.
90. Gordon B. Hinckley, “Ang Aking Patotoo,” *Liahona,* Mayo 2000, 69. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa paksang ito, tingnan sa mga kabanata 8 at 24.
91. Gordon B. Hinckley, “Pangwakas na Pananalita,” *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 103–4.
92. Gordon B. Hinckley, *“Ang mga Babae sa Buhay Natin,” Ensign* o *Liahona,* Nob. 2004, 82.
93. Thomas S. Monson, “Patnubayan Ka Nawa ng Diyos, Hanggang sa Muling Pagkikita,” *Bilang Pag-alaala: Pangulong Gordon B. Hinckley, 1910–2008,* 30.
94. Gordon B. Hinckley, “Ang Pananampalatayang Makapaglilipat ng mga Bundok,” *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2006, 82.
95. Gordon B. Hinckley, “Pangwakas na Pananalita,” *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2007, 108.
96. Virginia H. Pearce, “Parangal ng Isang Anak,” *Bilang Pag-alaala: Pangulong Gordon B. Hinckley, 1910–2008,* 18–19.
97. Gordon B. Hinckley, “Ano ba Itong Tinatawag na Kamatayan?” *Bilang Pag-alaala: Pangulong Gordon B. Hinckley, 1910–2008,* 32.



*Ang Unang Pangitain ang nagpasimula sa "huling kabanata ng kasaysayan ng pakikitungo ng Diyos sa kalalakihan at kababaihan sa mundo."*

# Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo—sa Pagsikat ng Umagang Maningning

*"Ang maluwalhating ebanghelyong ito ay pinasimulan ng pagpapakita ng Ama at ng Anak sa batang si Joseph."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Buong buhay niya, si Pangulong Gordon B. Hinckley ay kinakitaan ng matinding paggalang sa mga tao at lugar na may kinalaman sa panunumbalik ng ebanghelyo. Nakadama siya ng espesyal na pasasalamat kay Joseph Smith at sa papel na kanyang ginampanan sa Panunumbalik, at binanggit niya ang "tumitinding hangarin na magpatotoo tungkol sa kabanalan ng Panginoon at tungkol sa misyon ni Propetang Joseph Smith."[1]

Noong 1935, habang naglalakbay si Gordon pauwi mula sa kanyang misyon sa England, siya at ang iba pang pauwing mga missionary ay bumisita sa Sagradong Kakahuyan at sa Burol ng Cumorah. Tumigil din sila sa Carthage Jail, kung saan pinaslang sina Propetang Joseph at Hyrum Smith. Sila ay naglakad sa maalikabok na lansangan ng Nauvoo, kung saan ang ipinatapon na mga Banal ay ginawang magandang lungsod ang isang latian. Walang duda na sa paggunita sa mga pagsubok at tagumpay ng mga Banal noon natuon ang isipan ni Gordon habang naroon siya sa mga lugar na ito at habang patuloy siyang naglakbay pakanluran sa rutang dinaanan ng mga pioneer papuntang Salt Lake City.

Si Gordon B. Hinckley ay bumalik sa mga sagradong pook ng Panunumbalik nang mas maraming beses nang sumunod na mga dekada. Sa Debosyonal sa Pasko ng Unang Panguluhan noong

Disyembre 3, 2000, ibinahagi niya ang personal na karanasang ito sa pagbisita sa Sagradong Kakahuyan:

"Ilang taon na ang nakalipas naatasan akong pamunuan ang Rochester New York Stake conference. Sa araw ng Sabado sinabi ko sa mga kapatid na kasama ko, 'Gumising tayo nang maaga, sa araw ng Linggo, at pumunta tayo sa Sagradong Kakahuyan bago idaos ang kumperensya.' Pumayag silang lahat. Dahil dito, maagang-maaga sa araw ng Sabbath sa tagsibol na iyon, ang mission president, stake president, regional representative, at ako ay nagpunta sa Palmyra at naglakad papunta sa kakahuyan. Walang ibang naroon. Napakatahimik at maganda. Umulan nang malakas sa gabi. Ang munting mga bagong dahon ay umusbong sa mga puno.

"Marahan kaming nag-usap-usap. Lumuhod kami sa mamasamasang lupa at nanalangin. Wala kaming narinig na tinig. Hindi kami nakakita ng pangitain. Ngunit sa hindi maipaliwanag na paraan sinabi sa aming isipan, sa bawat isa sa amin, na oo, dito iyon nangyari tulad ng sinabi ni Joseph. Dito ang Diyos Amang Walang Hanggan at Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang nabuhay na mag-uling Panginoong Jesucristo, ay nagpakita sa 14-na taong gulang na batang lalaki at nakipag-usap sa kanya. Ang kanilang walang kapantay na liwanag ay napasakanya, at tinuruan siya kung ano ang dapat niyang gawin.

"Sa dakilang pagkakataong iyon, hinawi ng Unang Pangitain ang tabing na nagbigay-daan sa panunumbalik sa mundo ng Simbahan ni Cristo. Lumabas ito mula sa ilang ng kadiliman, mula sa kawalan ng pag-asa ng nagdaang mga panahon tungo sa maluwalhating bukang-liwayway ng bagong araw. Sumunod ang Aklat ni Mormon bilang isa pang saksi ng Panginoong Jesucristo. Ang Kanyang kabanal-banalang priesthood ay ipinanumbalik mula sa mga kamay ng mga taong mayhawak nito noong unang panahon. Ang mga susi at kapangyarihan ay ipinagkaloob sa Propeta at sa kanyang mga kasamahan. Ang sinaunang Simbahan ay nasa lupa nang muli kaakibat ang lahat ng mga pagpapala, kapangyarihan, doktrina, susi, at alituntunin ng mga naunang dispensasyon. Ito ang Simbahan [ni Cristo]. Taglay nito ang Kanyang pangalan. Ito ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng Kanyang priesthood. Walang ibang pangalan

sa silong ng langit kung saan maliligtas ang tao. Si Joseph Smith . . . ay naging Kanyang dakilang tagapagpatunay."[2]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

### 1

### Kasunod ng pagkamatay ng Tagapagligtas, ang Simbahan na Kanyang itinayo ay nag-apostasiya.

Si [Jesucristo] ang pinakamahalagang tao sa kasaysayan ng sangkatauhan, ang pinakatampok sa mga panahon ng lahat ng tao.

Bago Siya namatay, inordenan Niya ang Kanyang mga Apostol. Nakapagpatuloy sila sa gawain sa loob ng ilang panahon. Ang Kanyang Simbahan ay naitayo nang maayos.[3]

Kasunod ng pagkamatay ng Tagapagligtas, ang Simbahan na Kanyang itinayo ay nag-apostasiya. Natupad ang mga salita ni Isaias, na nagsabing, "Ang lupa naman ay nadumihan sa ilalim ng mga nananahan doon; sapagka't kanilang sinalangsang ang kautusan, binago ang alituntunin, sinira ang walang hanggang tipan" (Isaias 24:5).[4]

Ang liham ni Pablo ay nanawagan ng kalakasan sa mga tagasunod ni Cristo, upang hindi sila mahulog sa mga landas ng masama. Ngunit sa huli ay nanaig ang diwa ng apostasiya.[5]

Dumating at lumipas ang mga siglo. Isang ulap ng kadiliman ang bumalot sa mundo. Inilarawan ito ni Isaias: "Sapagkat, narito, tatakpan ng kadiliman ang lupa, at ng salimuot na dilim ang mga bayan" (Isa. 60: 2).

Ito ay panahon ng pandarambong at pagdurusa, na makikilala sa mahaba at madugong labanan. . . . Panahon ito ng kawalan ng pag-asa, panahon ng mga panginoon at mga alipin.

Ang unang isanlibong taon ay lumipas, at nagsimula ang pangalawang milenyo. Ang unang mga siglo ng milenyong ito ay katulad din ng sa mga nauna. Iyon ay panahon na puno ng takot at pagdurusa.[6]

## 2

## Ang Renaissance at Repormasyon ay nakatulong sa paghahanda ng daan para sa panunumbalik ng ebanghelyo.

Kahit paano, sa mahabang panahong iyon ng kadiliman, isang kandila ang sinindihan. Ang panahon ng Renaissance ay naghatid ng pamumukadkad o pag-unlad ng pag-aaral, sining, at agham. Nagsimula ang isang kilusan ng matatapang na kalalakihan at kababaihan na nakatingin sa kalangitan bilang pagkilala sa Diyos at sa Kanyang banal na Anak. Tinatawag natin itong Repormasyon.[7]

Kumilos ang mga repormista para mabago ang simbahang [Kristiyano], mga lalaking gaya nina Luther, Melanchthon, Hus, Zwingli, at Tyndale. Sila ay mga lalaking matatapang, ang ilan sa kanila ay dumanas ng malupit na kamatayan dahil sa kanilang mga paniniwala. Ang Protestantismo ay isinilang na sumisigaw ng repormasyon o pagbabago. Nang hindi maisakatuparan ang repormasyong iyon, ang mga repormista ay bumuo ng sarili nilang mga simbahan. Ginawa nila ito nang walang awtoridad ng priesthood. Ang tanging hangad nila ay makahanap ng munting lugar kung saan sila makasasamba sa Diyos ayon sa inaakala nilang tamang pagsamba sa Kanya.

Habang pinupukaw ng malaking kaguluhang ito ang iba't ibang panig ng mundo ng mga Kristiyano, kumikilos din ang puwersa ng pulitika. At dumating ang American Revolutionary War, na naging sanhi ng pagsilang ng isang bansa na ang Konstitusyon ay nagsasaad na hindi dapat impluwensyahan ng pamahalaan ang mga bagay na nauukol sa relihiyon. Sumapit ang bukang-liwayway, isang napakaluwalhating araw. Dito ay wala nang simbahan na konektado sa pamahalaan. Walang relihiyon na mas pinapaboran kaysa sa iba.

Pagkaraan ng maraming siglo ng kadiliman at sakit at hirap, dumating na ang tamang panahon para sa panunumbalik ng ebanghelyo. Binanggit ng mga sinaunang propeta ang araw na pinakahihintay.

Lahat ng kasaysayan ng nakaraan ay nakatuon sa panahong ito. Ang mga siglo taglay ang lahat ng kanilang dusa at lahat ng kanilang pag-asa ay nagsidating at lumisan na. Ipinasiya ng Pinakamakapangyarihang Hukom ng mga bansa, ang Diyos na Buhay, na dumating

na ang panahon na sinabi ng mga propeta. Nakinita ni Daniel ang isang bato na natibag mula sa bundok hindi ng mga kamay at naging isang malaking bundok at napuspos ang buong mundo [tingnan sa Daniel 2:35, 44].[8]

3

## Ang Pagpapanumbalik ay nagsimula sa pagpapakita ng Ama at ng Anak kay Joseph Smith.

Matapos ang maraming henerasyon sa mundo—marami sa mga ito ay puno ng labanan, poot, kadiliman, at kasamaan—dumating ang dakila, bagong araw ng Panunumbalik. Ang maluwalhating ebanghelyong ito ay nagsimula nang magpakita ang Ama at ang Anak sa batang si Joseph.[9]

Tunay na kagila-gilalas ang pangitaing iyon noong taong 1820 nang manalangin si Joseph sa kakahuyan at nagpakita sa kanya kapwa ang Ama at ang Anak. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa kanya, tinatawag siya sa kanyang pangalan, at nagsabi, habang itinuturo ang isa, "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).

Wala pang ganitong pangyayari noon. Dahil dito mapapaisip ang isang tao kung bakit napakahalaga na magpakita kapwa ang Ama at Anak. Palagay ko ito ay dahil sa pinasisimulan nila ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, ang huling dispensasyon ng ebanghelyo, kung kailan sama-samang matitipon ang mga elemento ng lahat ng mga naunang dispensasyon. Ito ang magiging huling kabanata sa mga mahabang kasaysayan ng pakikitungo ng Diyos sa kalalakihan at kababaihan sa mundo.[10]

Bawat pag-angkin na ginagawa natin hinggil sa banal na awtoridad, bawat katotohanan na ating iniaalok hinggil sa katunayan ng gawaing ito, ang lahat ng ito ay nagmula o nag-ugat sa Unang Pangitain ng batang propeta. Kung wala ito wala tayong masyadong masasabi. Ito ang humawi sa tabing o nagpasimula sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, kung kailan nangako ang Diyos na ipanunumbalik Niya ang lahat ng kapangyarihan, ang mga kaloob, ang mga pagpapala, ng lahat ng naunang mga dispensasyon.[11]



*Ang awtoridad at mga susi ng Melchizedek Priesthood ay ipinanumbalik sa lupa bilang bahagi ng Panunumbalik.*

4

## Ipinanumbalik ang awtoridad at mga susi ng priesthood.

Sa pagpapanumbalik ng Aaronic Priesthood, ang nabuhay na muling si Juan Bautista ay ipinatong ang kanyang mga kamay sa uluhan nina Joseph Smith at Oliver Cowdery at sinabing, "Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, na mayhawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan" (D at T 13:1).[12]

Sinundan ito ng pagdalaw nina Pedro, Santiago, at Juan, na mga Apostol ng Panginoong Jesucristo, na nagkaloob kina Joseph at Oliver Cowdery ng Melchizedek Priesthood, na tinanggap ng mga Apostol na ito sa kamay mismo ng Panginoon.[13]

Tatlo sa mga Apostol ng Tagapagligtas—sina Pedro, Santiago, at Juan—ay nagpakita kina Joseph at Oliver "sa ilang" sa tabi ng Ilog ng Susquehanna (tingnan sa D at T 128:20). Ipinatong nila ang kanilang

mga kamay sa ulo nina Joseph at Oliver at iginawad sa kanila ang banal na awtoridad. . . .

Kaya kong tuntunin ang aking priesthood o pagkasaserdote nang direkta sa pangyayaring ito. Ganito iyon: Ako ay inordenan ni David O. McKay; na inordenan ni Joseph F. Smith; na inordenan ni Brigham Young; na inordenan ng Tatlong Saksi; na inordenan nina Joseph Smith Jr., at Oliver Cowdery; na inordenan nina Pedro, Santiago, at Juan; na inordenan ng Panginoong Jesucristo.

Dumating din ito sa [bawat may hawak ng Melchizedek Priesthood]. Bawat isa sa inyo mga kapatid na maytaglay ng priesthood na ito ay tumanggap din ng direktang linya mula sa pagkakaloob na ginawa nina Pedro, Santiago, at Juan.[14]

**5**

**Sa pamamagitan ni Joseph Smith, inihayag ng Panginoon ang mga katotohanan na ipinagkaiba natin sa ibang mga simbahan.**

Hayaan ninyong banggitin ko ang ilan sa maraming doktrina at kaugalian na ipinagkaiba natin sa lahat ng iba pang mga simbahan, at lahat ng ito ay dumating sa pamamagitan ng paghahayag sa batang Propeta. Pamilyar kayo sa mga ito, ngunit marapat lang na ulitin at pag-isipan ang mga ito.

*Ang Panguluhang Diyos*

Una sa lahat . . . ang pagpapakita ng Diyos mismo at ng Pinakamamahal Niyang Anak, ang muling nabuhay na Panginoong Jesucristo. Ang dakilang pangitaing ito, sa palagay ko, ang pinakadakilang pangyayari mula sa kapanganakan, buhay, kamatayan, at Pagkabuhay na Mag-uli ng ating Panginoon sa kalagitnaan ng panahon.

Wala tayong tala ng iba pang pangyayaring papantay rito.

Maraming siglong nagtipon ang mga tao at pinagtalunan ang likas na katangian ng Diyos. Tinipon ni Constantino ang mga iskolar ng iba't ibang grupo sa Nicaea noong taong 325. Matapos ang matinding pagdedebate nang dalawang buwan, nagkasundo sila sa isang kahulugan na naging pahayag ng doktrina ng mga Kristiyano sa maraming henerasyon tungkol sa Panguluhang Diyos.

Inaanyayahan ko kayong basahin ang kahulugang iyon at ihambing ito sa pahayag ng batang si Joseph. Sinabi lang niya na nakatayo ang Diyos sa harapan niya at kinausap siya. Nakikita Siya at naririnig ni Joseph. Siya ay kawangis ng tao, isang katauhang may katawan. Katabi Niya ang nabuhay na mag-uling Panginoon, hiwalay na katauhan, na ipinakilala Niya bilang Pinakamamahal Niyang Anak na kumausap din kay Joseph.

Naniniwala ako na sa maikling oras ng pambihirang pangitaing iyon maraming nalaman si Joseph tungkol sa Diyos kaysa lahat ng iskolar at ministro noon.

Sa banal na paghahayag na ito napagtibay nang walang duda ang katotohanan ng literal na Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoong Jesucristo.

Ang kaalamang ito tungkol sa Diyos, na itinago sa daigdig nang maraming siglo, ang una at dakilang bagay na inihayag ng Diyos sa Kanyang piniling tagapaglingkod.[15]

### *Ang Aklat ni Mormon bilang kasama ng Biblia sa pagpapatotoo*

Susunod kong babanggitin ang isa pang napakahalagang bagay na inihayag ng Diyos.

Tanggap ng daigdig ng mga Kristiyano ang Biblia bilang salita ng Diyos. Karamihan ay walang ideya kung paano ito napasaatin.

Katatapos ko lang basahin ang kalalathalang aklat ng isang bantog na iskolar. Maliwanag sa impormasyon niya na maraming aklat sa Biblia ang pinagsama-sama sa hindi sistematikong paraan. Sa ilang pagkakataon, hindi agad nailabas ang mga isinulat hanggang sa matapos ang mga pangyayaring inilarawan. Dahil dito maitatanong natin, “Totoo ba ang Biblia? Salita ba talaga ito ng Diyos?”

Ang sagot nati’y oo, basta’t ito ay naisalin nang wasto. Binigyang inspirasyon ng Panginoon ang paggawa ng Biblia. Pero hindi na ito nag-iisa ngayon. May isa pang saksi sa makabuluhan at mahalagang mga katotohanang naroon.

Ipinahayag sa banal na kasulatan na, “sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa’t salita” (II Mga Taga Corinto 13:1).



*"Ang Aklat ni Mormon . . . ay nagsasalita gaya ng isang tinig mula sa alabok sa pagpapatotoo sa Anak ng Diyos."*

Ang Aklat ni Mormon ay lumabas sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Nagsasalita ito bilang isang tinig mula sa alabok sa pagpapatotoo sa Anak ng Diyos. Ikinukuwento nito ang Kanyang kapanganakan, ministeryo, Pagkapako sa Krus at Pagkabuhay na Mag-uli, at pagpapakita sa mabubuti sa lupaing Masagana sa Amerika.

Nahahawakan ito, nababasa, nasusubukan. Naglalaman ito ng pangako tungkol sa banal nitong pinagmulan. Milyun-milyon ang sumubok sa pangakong ito at natuklasang ito ay totoo at sagradong tala. . . .

Ang Biblia ay tipan ng Lumang Daigdig, ang Aklat ni Mormon naman ay tipan ng Bagong Daigdig. Sabay nilang ipinapahayag na si Jesus ang Anak ng Ama. . . .

Ang sagradong aklat na ito, na lumabas bilang paghahayag ng Maykapal, ay tunay na isa pang tipan ng kabanalan ng ating Panginoon.[16]

*Awtoridad ng priesthood at organisasyon ng Simbahan*

Ang priesthood ay awtoridad para kumilos sa pangalan ng Diyos. . . . May nabasa akong aklat kamakailan. Tungkol ito sa Apostasiya ng sinaunang Simbahan. Kung nawala ang awtoridad ng Simbahang ito, paano ito ipanunumbalik?

Isang lugar lang ang maaaring pagmulan ng awtoridad ng priesthood, at yaon ay mula sa langit. Ipinagkaloob ito ng mga nagtataglay nito nang narito sa lupa ang Tagapagligtas. . . .

Kayganda ng pagpapanumbalik ng ebanghelyo na nagbigay-daan sa pagtatatag ng Simbahan noong taong 1830. . . . Ang pangalan mismo ng Simbahan ay inihayag. Kaninong Simbahan ito? Kay Joseph Smith ba? Kay Oliver Cowdery kaya? Hindi, ito ang Simbahan ni Jesucristo na ipinanumbalik sa mundo sa mga huling araw na ito.[17]

*Ang pamilya*

Isa pang dakila at natatanging paghahayag na ibinigay sa Propeta ay ang plano para sa walang-hanggang buhay ng pamilya.

Ang pamilya ay likha ng Maykapal. Kinakatawan nito ang pinakasagrado sa lahat ng ugnayan. Kinakatawan nito ang pinakamabigat sa lahat ng gawain. Pangunahing organisasyon ito ng lipunan.

Sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Diyos sa Kanyang Propeta lumabas ang doktrina at awtoridad na nagbubuklod sa mga pamilya hindi lang sa buhay na ito, kundi sa kawalang-hanggan.[18]

*Ang kawalang-malay ng mga batang paslit*

Ang kawalang-malay ng mga batang paslit ay isa pang paghahayag na ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ni Propetang Joseph. Nakagawian na ang pagbibinyag sa mga sanggol para pawiin ang mga epekto ng sinasabing kasalanan daw nina Eva at Adan. Sa ilalim ng doktrina ng Pagpapanumbalik, ang binyag ay para sa kapatawaran ng mga kasalanan ng tao. Nagiging tipan ito sa pagitan ng Diyos at ng tao. Isinasagawa ito pagsapit sa gulang ng pananagutan, kung kailan may sapat na isip na ang mga tao para makilala ang tama sa mali. Ang binyag sa pamamagitan ng paglulubog, ang simbolo ng pagkamatay at paglilibing kay Jesucristo at pagbangon Niya sa Pagkabuhay na Mag-uli.[19]

### *Kaligtasan para sa mga patay*

Babanggit ako ng isa pang inihayag na katotohanan. Sinabi sa atin na hindi nagtatangi ng mga tao ang Diyos, gayunpaman, wala akong alam na iba pang simbahan na may ginagawa para matanggap ng mga namatay ang lahat ng biyayang ibinibigay sa mga buhay. Ang dakilang doktrina ng kaligtasan para sa mga patay ay kakaiba sa Simbahang ito. . . . Pareho ang oportunidad ng mga patay at mga buhay. Muli, kayluwalhati at kayganda ng kundisyong ginawa ng Maykapal sa pamamagitan ng paghahayag Niya sa Kanyang Propeta.[20]

### *Ang kalikasan, layunin, at potensyal ng mga anak ng Diyos*

Ang walang-hanggang kalikasan ng tao ay inihayag. Tayo ay mga anak ng Diyos. Ang Diyos ang Ama ng ating mga espiritu. Nabuhay tayo bago pa man tayo isinilang. May personalidad tayo. Isinilang tayo sa buhay na ito sa ilalim ng banal na plano. Narito tayo para subukin ang ating pagkamarapat, na kumikilos gamit ang kalayaang pumili na bigay sa atin ng Diyos. Kapag namatay tayo patuloy tayong mabubuhay. Ang walang-hanggang buhay natin ay binubuo ng tatlong yugto: una, ang ating buhay bago tayo isinilang; ikalawa, ang ating buhay sa mundo; at ikatlo, ang kabilang-buhay. Pagkamatay natin lilisanin natin ang mundong ito at dadaan sa lambong papasok sa kahariang karapat-dapat nating pasukin. Kakaiba rin ito, natatangi, at mahalagang doktrina ng Simbahang ito na ipinarating sa pamamagitan ng paghahayag.[21]

### *Makabagong paghahayag*

Narito ang maikling buod ng napakaraming ipinagkaloob na kaalaman at awtoridad mula sa Diyos sa Kanyang Propeta. . . . May isa pa akong kailangang banggitin. Ito ang alituntunin ng makabagong paghahayag. Ang mga saligan ng pananampalataya na isinulat ng Propeta ay nagsasaad:

"Naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9).

Ang lumalaking simbahan, na lumalaganap sa buong mundo sa mahirap na panahong ito, ay nangangailangan ng palagiang paghahayag mula sa trono ng langit upang magabayan at maisulong.

Sa dalangin at masigasig na paghahangad sa kalooban ng Panginoon, pinatototohanan namin na tumatanggap kami ng mga tagubilin, dumarating ang paghahayag, at pinagpapala ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa pagtahak nito sa landas na kahahantungan nito.

Sa matatag na pundasyon ng banal na tungkulin ni Propetang Joseph at sa mga paghahayag ng Diyos, na dumating sa pamamagitan niya, tayo ay sumusulong.[22]

Bilang ika-15 sa linya mula kay Joseph Smith at taglay ang balabal ng propeta na napasa kanya, ipinahahayag ko ang taimtim kong patotoo na ang salaysay ni Propetang Joseph [tungkol sa mga pangyayari sa Panunumbalik] ay totoo, na ang Ama . . . ay nagpatotoo sa kabanalan ng Kanyang Anak, na tinagubilinan ng Anak ang batang propeta, at na sinundan ito ng maraming pangyayari na humantong sa organisasyon ng "tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo" [D at T 1:30].[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit kinailangan ng mga tao sa mundo na ang Simbahan at ebanghelyo ni Jesucristo ay maipanumbalik? (Tingnan sa bahagi 1.) Ano ang ilang paraan na inihanda ng Panginoon ang daan para sa panunumbalik ng ebanghelyo? (Tingnan sa bahagi 2.)
- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hinckley tungkol sa Unang Pangitain (tingnan sa bahagi 3). Paano nakaimpluwensya sa inyo ang inyong patotoo tungkol sa Unang Pangitain?
- Bakit mahalaga na ang priesthood ay ipanumbalik ng mga sugo ng langit? (Tingnan sa bahagi 4.) Bakit mahalaga na matunton ng mga mayhawak ng Melchizedek Priesthood ang kanilang awtoridad ng priesthood kay Jesucristo?
- Sa bahagi 5, basahing muli ang buod ng ilan sa mga katotohanang dumating sa pamamagitan ng paghahayag kay Propetang Joseph Smith. Paano napagpala ng mga katotohanang ito ang inyong

buhay? Paano natin matutulungan ang mga bata na maunawaan at pahalagahan ang mga katotohanang ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Isaias 2:1–3; Ang Mga Gawa 3:19–21; Apocalipsis 14:6–7; 2 Nephi 25:17–18; D at T 128:19–21

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ang pag-aaral mo ng ebanghelyo ay napakaepektibo kapag tinuturuan ka sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Palaging simulan ang pag-aaral mo ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pananalangin na tulungan ka ng Espiritu Santo na matuto" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 20).

## *Mga Tala*


1. Sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 326.
2. "My Redeemer Lives," *Ensign,* Peb. 2001, 72.
3. "At the Summit of the Ages," *Ensign,* Nob. 1999, 73.
4. "Ang Batong Natibag sa Bundok," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2007, 84.
5. "Ang Pagsikat ng Umagang Maningning," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 82.
6. "At the Summit of the Ages," 73.
7. "Ang Pagsikat ng Umagang Maning-ning," 82–83.
8. "At the Summit of the Ages," 73.
9. "Ang Pagsikat ng Umagang Maning-ning," 83.
10. "Ang Batong Natibag sa Bundok," 84.
11. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 226.
12. "Ang mga Bagay na Nalalaman Ko," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 84.
13. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2005, 82.
14. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 411.
15. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," 80–81.
16. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," 81–82.
17. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," 82.
18. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," 82.
19. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," 82.
20. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," 82.
21. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," 83.
22. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," 83.
23. "Special Witnesses of Christ," *Ensign,* Abr. 2001, 20–21.



*"Misyon ng Simbahang ito na magsilbing isang sagisag sa mga bansa at isang ilaw ng sanlibutan."*

# Isang Sagisag sa mga Bansa, Isang Ilaw ng Sanlibutan

*"Ito ang panahon para magpakatatag. Panahon na para sumulong nang walang pag-aalinlangan, na lubos na nalalaman ang kahulugan, lawak, at kahalagahan ng ating misyon."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Di pa nagtatagal pagkauwi mula sa kanyang misyon sa England, tinupad ni Gordon B. Hinckley ang huling assignment mula sa kanyang mission president na si Joseph F. Merrill. Si President Merrill ay miyembro rin noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, at hiniling niya kay Gordon na gumawa ng report sa Unang Panguluhan: sina Pangulong Heber J. Grant, J. Reuben Clark Jr., at David O. McKay. Kinontak ni Gordon ang secretary sa Unang Panguluhan at nagtakda ng appointment.

Nang pumasok si Gordon sa council room ng Unang Panguluhan, siya ay magiliw na binati ni Pangulong Grant at ng kanyang mga tagapayo. Pagkatapos ay sinabi ni Pangulong Grant, "Brother Hinckley, bibigyan ka namin ng labinlimang minuto para sabihin sa amin ang nais ni Elder Merrill na marinig namin." Makalipas ang isang oras at labinlimang minuto, nilisan ni Gordon ang silid. Sa ibinigay sa kanyang labinlimang minuto, nailahad niya ang pag-aalala ng kanyang mission president—na kailangan ng mga missionary ng mas mainam na nakalimbag na mga materyal para matulungan sila sa kanilang gawain. Ang kanyang maikling paglalahad ay nauwi sa mga tanong mula sa Unang Panguluhan at tumagal ng isang oras ang talakayan.

Nang matupad ang tungkuling ito, nadama ni Gordon na "tapos na talaga ang kanyang misyon, at oras na para kumilos at magplano

para sa hinaharap." Nakatapos na siya ng pag-aaral sa University of Utah na may degree sa English, at gusto niyang kumuha ng graduate degree sa journalism sa Columbia University sa New York City. Ngunit isang tawag sa telepono, makalipas ang dalawang araw matapos siyang makipagkita sa Unang Panguluhan, ang nagpabago sa kanyang mga plano. Ang tawag ay mula kay Pangulong McKay, na nagsabing: "Brother Hinckley, tinalakay namin kahapon sa miting ng Panguluhan at ng Labindalawa ang napag-usapan natin nang interbyuhin ka namin. At bumuo kami ng isang komite na may anim na miyembro ng Labindalawa, kasama si Elder Stephen L Richards bilang chairman, para tugunan ang mga pangangailangan na binanggit mo. Gusto ka naming anyayahan na pumarito at makipagtulungan sa komiteng iyon."[1]

Tinanggap ni Gordon ang imbitasyon at kinuha siya bilang executive secretary ng bagong Church Radio, Publicity, and Mission Literature Committee. Hindi na siya nagpunta sa Columbia University, at hindi siya kailanman nagtrabaho bilang journalist para ilathala ang mga balita ng mundo. Sa halip, sinimulan niya ang habambuhay na pagsisikap na ilathala ang mabuting balita ng ebanghelyo. Ang mga responsibilidad na ito ay nadagdagan kalaunan, nang maglingkod siya bilang General Authority.

Dahil nagkaroon ng kakayahang ipahayag ang kanyang sarili nang buong linaw kahit sa mahihirap na sitwasyon, si Gordon B. Hinckley ang madalas maatasan noon na magpainterbyu sa mga news reporter. Bilang Pangulo ng Simbahan, patuloy niyang tinanggap ang gayong mga pagkakataon, ginagawa ang kanyang bahagi para makatulong sa paglalabas sa Simbahan ni Jesucristo "mula sa pagkakatago" (D at T 1:30). Sinabi niya:

"Naniniwala ako at nagpapatotoo na misyon ng Simbahang ito na magsilbing sagisag sa mga bansa at ilaw ng sanlibutan. Iniatang sa atin ang dakilang utos na sumasakop sa lahat na hindi natin maiiwasan ni matatanggihan. Tinatanggap natin ang kautusang ito at determinado tayong tuparin ito, at sa tulong ng Diyos magagawa natin ito."[2]

# Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

## Tulad ng bato sa pangitain ni Daniel, ang Simbahan ay lumalaganap para punuin ang buong mundo.

Ang Simbahang ito ay nagsimula sa mapagpakumbabang panalangin ng batang si Joseph Smith sa kakahuyan sa sakahan ng kanyang ama. Mula sa kagila-gilalas na karanasan na iyon, na tinatawag nating Unang Pangitain, ay lumago ang gawaing ito. . . . Ito ang mismong halimbawa ng pangitain ni Daniel na isang batong tinibag sa bundok na hindi ginamitan ng kamay na gumugulong hanggang sa mapuno nito ang buong mundo (tingnan sa Daniel 2:44–45).[3]

Nang maorganisa ang Simbahan noong 1830 anim lamang ang miyembro [at] kaunti lamang ang mga mananampalataya, ang lahat ay nakatira sa isang hindi kilalang nayon. . . . Ang mga stake ng Sion ngayon ay lumalaganap sa bawat estado ng Estados Unidos, sa bawat lalawigan ng Canada, sa bawat estado ng Mexico, sa bawat bansa ng Central America at buong South America.

Ang mga kongregasyon ay matatagpuan sa buong British Isles at Europa, kung saan libu-libo ang sumapi sa Simbahan sa paglipas ng mga taon. Ang gawaing ito ay nakarating na sa mga bansang Baltic at hanggang sa Bulgaria at Albania at iba pang mga lugar sa panig na iyon ng mundo. Nakarating na ito sa malawak na lupain ng Russia. Nakarating ito hanggang Mongolia at hanggang sa mga bansa ng Asia patungo sa mga isla ng Pasipiko, Australia, at New Zealand, at tungo sa India at Indonesia. Lumalaganap ito sa maraming bansa ng Africa. . . .

At simula pa lamang ito. Ang gawaing ito ay patuloy na uunlad at susulong at kikilos sa buong mundo.[4]

2

## Ang mga unang lider ng Simbahan ay may pananaw na gaya ng sa isang propeta ukol sa tadhana ng gawain ng Panginoon.

Noong Hulyo 24, 1847, ang pioneer company ng ating mga tao ay dumating [sa Salt Lake] valley. Isang paunang grupo ang dumating isa o dalawang araw bago iyon. Si Brigham Young ay dumating

sa araw ng Sabado. Kinabukasan, ang mga serbisyo sa Sabbath ay idinaos sa umaga at sa hapon. Walang anumang uri ng bulwagan kung saan maaari silang magpulong. Palagay ko sa nakakapasong init ng Linggong iyon ng Hulyo sila ay nagsiupo sa kahoy o bakal na nagdurugtong sa kanilang mga bagon tungo sa mga baka o kabayo at nagsisandal sa mga gulong habang nagsasalita ang mga Kapatid. Huli na sa panahon, at nahaharap sila sa napakalaki at agarang gawain kung magtatanim sila para sa susunod na panahon. Ngunit nagsumamo si Pangulong Young sa kanila na huwag labagin ang araw ng Sabbath noong panahong iyon o sa hinaharap.

Kinaumagahan nahati sila sa mga grupo para galugarin ang kanilang kapaligiran. Sina Brigham Young, Wilford Woodruff, at ilang mga kasamahan ay naglakad mula sa kanilang campground o pinaghimpilan. . . . Inakyat nila ang isang hugis pabilog na burol, habang nahihirapan si Pangulong Young dahil sa kanyang karamdaman kamakailan.

Nang tumayo ang mga Kapatid sa tuktok, tinanaw nila [ang] lambak sa timog. Ito ay halos tigang, maliban sa mga puno ng willow at mga damu-damo na tumubo sa gilid ng sapa na nagdadala ng tubig mula sa mga bundok papunta sa lawa. Walang anumang uri ng gusali doon, ngunit sinabi ni Brigham Young noong nakaraang Sabado na, "Ito ang lugar."

Ang tuktok ng burol kung saan sila nakatayo ay tinawag na Ensign Peak bilang pagtukoy sa mga dakilang salita ng propetang si Isaias: "At siya'y [tinutukoy ang Diyos] magtataas ng watawat sa mga bansa mula sa malayo, at susutsutan sila mula sa wakas ng lupa: at, narito, sila'y darating na lubhang nagmamadali." (Isa. 5:26.)

"At siya'y maglalagay ng pinakawatawat sa mga bansa, at titipunin niya ang mga tapon ng Israel, at pipisanin ang mga nangalat ng Juda mula sa apat na sulok ng lupa." (Isa. 11:12.) . . .

Palagay ko [ang mga Kapatid na iyon] ay maaaring nagsalita rin sa pagkakataong iyon tungkol sa pagtatayo ng templo . . . bilang katuparan ng mga salita ni Isaias:

"At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga bundok, at magiging mataas sa mga burol, at lahat ng bansa ay magsisiparoon doon.



*Dalawang araw matapos makarating sa Salt Lake Valley, si Brigham Young at ang ilan pang mga kapatid ay umakyat sa burol na pabilog ang tuktok, na tinawag na Ensign Peak, at siniyasat ang kanilang kapaligiran.*

"At maraming bayan ay magsisiyaon at mangagsasabi, Halina kayo, at tayo'y magsiahon sa bundok ng Panginoon, sa bahay ng Dios ni Jacob; at tuturuan niya tayo ng kaniyang mga daan, at tayo'y magsisilakad sa kaniyang mga landas; sapagka't mula sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem." (Isa. 2:2–3.)

Kahangalan, ang maaaring sabihin ng isang tao, kung narinig niya ang mga lalaking ito nang umagang iyon ng Hulyo noong 1847. Hindi sila mukhang mga mambabatas na may malalaking pangarap. Hindi sila mukhang mga pinuno na nakatutok sa mga mapa at nagpaplano ng imperyo. Sila ay mga itinapon, pinalayas sa kanilang magandang lungsod sa [Ilog ng] Mississippi tungo sa disyertong lugar ng Kanluran. Ngunit taglay nila ang isang pangitain na hango sa mga banal na kasulatan at mga salita ng paghahayag.

Namamangha ako sa naisip ng maliit na grupong iyon. Iyon ay kapwa tahasan at mapangahas. Halos hindi ito kapani-paniwala. Heto sila, halos isang libong milya [1,600 kilometro] mula sa pinakamalapit na pamayanan sa silangan at halos walong daang milya [1,300 kilometro] mula sa Baybayin ng Pasipiko. Hindi pa nila naranasan ang klima sa lugar. Ang lupa ay naiiba sa maitim na

buhaghag na lupa ng Illinois at Iowa, na huling tinirhan nila. Hindi pa sila nakapagtanim ng anuman dito. Hindi pa nila naranasan ang taglamig. Hindi pa sila nagtayo ng anumang uri ng istruktura. Ang mga propetang ito, na nakasuot ng luma at maruruming damit, suot ang mga bota na pinanlakbay nila nang mahigit isang libong milya mula sa Nauvoo papunta sa lambak na ito, ay nagsalita tungkol sa isang pangitaing ukol sa milenyo. Nagsalita sila batay sa pananaw ng isang propeta tungkol sa kagila-gilalas na tadhana ng adhikaing ito. Bumaba sila mula sa tuktok ng burol noong araw na iyon at kumilos upang magkatotoo ang kanilang mga pangarap.[5]

3

## Hindi natin dapat kalimutan ang banal na tadhana ng gawain ng Diyos at ang bahaging ginagampanan natin dito.

Kung minsan sa ating panahon, habang naglalakad tayo sa ating makikitid na landas at ginagampanan ang mga munti nating responsibilidad, nalilimutan natin ang kabuuan ng gawaing ito. Noong bata pa ako, karaniwang mga kabayo ang gamit sa mabibigat na trabaho. Mahalagang bahagi ng panali ang kabisada ng kabayo. Sa kabisada ay may nakakabit na mga pantakip sa mata, sa magkabilang panig. Doon iyon inilagay para diretso lamang ang tingin ng kabayo at hindi sa magkabilang panig. Dinisenyo ang mga ito para hindi ito nagugulat o naaabala at para laging nakatuon ang kanyang pansin sa kanyang daraanan.

Ang ilan sa atin ay ginagawa ang ating trabaho na para bang may pantakip sa ating mga mata. Ang nakikita lang natin ay ang sarili nating makitid na landas. Hindi natin nakikita ang kabuuan. Maaaring maliit lang ang responsibilidad natin sa Simbahan. Makabubuting gampanan ang responsibilidad nang may sigasig. At mabuti ring malaman kung paano nakaaambag ang responsibilidad na iyon sa buong programa ng lumalaking kaharian ng Diyos.

Sinabi minsan ni Pangulong Harold B. Lee . . . , sa pagbanggit sa akda ng isang di-kilalang manunulat, "I-survey mo ang malalaking bukirin at linangin ang maliliit na sakahan."

Ang interpretasyon ko sa pahayag na iyan ay dapat nating matanto kahit paano ang lawak at lalim at taas—maringal at kahanga-hanga,

malaki at sumasakop sa lahat—ng programa ng Panginoon, at pagkatapos ay masigasig na gampanan ang ating responsibilidad para sa bahaging nakaatas sa atin sa programang iyon.

Bawat isa sa atin ay may maliit na bukid na lilinangin. Habang naglilinang, huwag-na-huwag nating kalimutan ang kabuuang gawain, ang lahat ng bumubuo sa banal na tadhana ng gawaing ito. Ito ay ibinigay sa atin ng Diyos na ating Amang Walang Hanggan, at bawat isa sa atin ay may bahaging gagampanan sa paghabi ng kagilagilalas na tapiserya nito. Ang ating indibiduwal na kontribusyon ay maaaring maliit, ngunit ito ay mahalaga. . . .

. . . Habang ginagampanan ninyo ang bahaging ipinagagawa sa inyo, huwag kalimutan ang buong maringal at napakagandang larawan ng layunin nito, ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon. Gandahan ang paghabi ng inyong munting sinulid sa malaking tapiserya, na ang huwaran ay inihanda para sa atin ng Diyos ng langit. Hawakan at itaas nang mabuti ang ating pamantayan. Maging masigasig, totoo, marangal, matapat, upang hindi magkaroon ng batik ang sagisag o pamantayang iyon.

Ang pangitain ukol sa kahariang ito ay hindi paimbabaw na panaginip sa gabi na naglalaho sa pagsikat ng araw. Ito talaga ang plano at gawain ng Diyos na ating Amang Walang Hanggan. May kinalaman ito sa lahat ng Kanyang mga anak.

Habang inaasarol at hinuhukay ang sagebrush ng mga lambak na ito sa kanluran [ng Utah] para itatag ang pundasyon ng isang republika, habang ginagawa ang lahat sa maraming karaniwang bagay na kailangan nilang gawin upang manatiling buhay at umunlad, ang ating mga ninuno [pioneer] ay patuloy na sinunod ang karingalan ng dakilang adhikain ng kanilang ginagawa. Ito ay isang gawain na dapat nating gawin habang taglay ang gayunding pangitain. Ito ay isang gawaing magpapatuloy matapos nating lisanin ang tagpong ito. Tinutulungan tayo ng Diyos na magawa ang lahat sa abot-kaya natin bilang mga lingkod, na tinawag ayon sa Kanyang banal na kalooban, para itaguyod at itayo ang kaharian gamit ang di-perpektong mga kamay, sama-sama at nagkakaisa sa pagsasagawa ng perpektong huwaran.[6]

4

**Maaari tayong magsilbing sagisag sa mga bansa kung saan makatitipon ng lakas ang mga tao sa mundo.**

Mga kapatid ko, dumating na ang panahon para tayo ay higit na manindigan, iangat ang tingin at palawakin ang isipan sa higit na pagkaunawa sa dakilang misyon sa milenyo nitong Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ang panahon para magpakatatag. Panahon na para sumulong nang walang pag-aalinlangan, na lubos na nalalaman ang kahulugan, lawak, at kahalagahan ng ating misyon. Panahon na para gawin ang tama anuman ang mga kahinatnan nito. Panahon na para matagpuang sumusunod sa mga utos. Panahon na para tumulong nang may kabaitan at pagmamahal sa mga taong naliligalig at naliligaw sa kadiliman at pasakit. Ito ay panahon para bigyang konsiderasyon at maging mabuti, disente at magalang sa isa't isa sa lahat ng ating pakikipag-ugnayan. Sa madaling salita, para maging higit na katulad ni Cristo.[7]

Maliban kung babaguhin ng mundo ang kasalukuyang mga kalakaran nito (at malamang na hindi iyan mangyari); at kung, sa kabilang banda, patuloy nating sundin ang mga turo ng mga propeta, lalo tayong magiging kakaiba at natatanging mga tao na mapapansin ng mundo. Halimbawa, habang ang integridad ng pamilya ay gumuguho dahil sa mga makamundong impluwensya, ang ating paninindigan sa kabanalan ng pamilya ay mas mapapansin at magiging mas kakaiba, kung may pananampalataya natin itong paninindigan.

Habang patuloy ang paglaganap ng kaluwagan ukol sa sex, ang doktrina ng Simbahan, na mahigit sa isa at kalahating siglo na ay ganoon pa rin ang itinuturo, ay lalong magiging pambihira at kakaiba sa marami.

Habang patuloy na dumarami ang pagkonsumo ng alak at pag-abuso sa droga sa bawat taon na nakaugalian na ng ating lipunan, ang ating posisyon, na itinakda ng Panginoon mahigit isa at kalahating siglo na ang nakalipas, ay lalong magiging kakaiba sa paningin ng sanlibutan. . . .

Habang lalong nagiging araw ng pangangalakal at paglilibang ang araw ng Sabbath, ang mga taong sumusunod sa mga tuntunin ng batas, na isinulat ng daliri ng Panginoon sa Sinai at pinagtibay ng makabagong paghahayag, ay lalong magmumukhang hindi karaniwan.

Noon pa man ay hindi madaling mabuhay sa mundo at hindi maging bahagi nito. Hindi tayo lubusang mabubuhay nang tayo lamang o sa ating sarili, ni hindi natin papangarapin ito. Kailangan tayong makihalubilo sa iba. Sa paggawa nito, maaari tayong maging mapagmahal. Maaari tayong hindi makasakit ng damdamin. Maiiwasan natin ang anumang diwa o pag-uugali ng pagmamalinis. Ngunit mapapanatili natin ang ating mga pamantayan. . . .

Habang sinusunod natin ito at ang iba pang mga pamantayan na itinuturo ng Simbahan, igagalang tayo ng marami sa mundo at magkakaroon ng lakas na sundin ang mga bagay na alam din nilang tama.

At, sa mga salita ni Isaias, "Maraming bayan ay magsisiyaon at mangagsasabi, Halina kayo, at tayo'y magsiahon sa bundok ng Panginoon, sa bahay ng Dios ni Jacob; at tuturuan niya tayo ng kaniyang mga daan, at tayo'y magsisilakad sa kaniyang mga landas." (Isa. 2:3.)

Hindi natin kailangang makipagbigayan. Hindi tayo dapat makipagbigayan. Ang kandilang sinindihan ng Panginoon sa dispensasyong ito ay maaaring maging isang ilaw sa buong sanlibutan, at ang ibang nakakakita sa ating mabubuting gawa ay luluwalhatiin ang ating Ama sa Langit at gagayahin sa sarili nilang buhay ang mga halimbawang nakita nila sa atin.

Simula sa inyo at sa akin, maaaring may isang buong lahi na, sa pamamagitan ng pamumuhay natin sa ating mga tahanan, sa ating trabaho, maging sa ating paglilibang, ay magiging katulad ng isang bayan sa ibabaw ng bundok kung saan makakaasa at matututo ang mga tao, at isang simbolo sa mga bansa na mapagkukunan ng lakas ng mga tao sa mundo.[8]

Kung gusto nating ipakita ang Simbahang ito bilang isang sagisag sa mga bansa at ilaw ng sanlibutan, kailangan nating taglayin ang mga katangian ni Jesucristo sa bawat sitwasyon natin sa buhay.

Sa paninindigan sa tama, hindi tayo dapat matakot sa mga ibubunga nito. Hindi tayo dapat matakot kailanman. Sinabi ni Pablo kay Timoteo:

"Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan.

"Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon" (II Kay Timoteo 1:7–8).[9]


Hindi ninyo basta maipagwawalang-bahala ang adhikaing ito, na siyang adhikain ni Cristo. Hindi kayo maaaring tumayo lang sa tabi at panoorin ang laro sa pagitan ng mga puwersa ng mabuti at masama. . . .

. . . Hinihikayat ko kayo sa abot-kaya ko na tumulong sa isang tungkulin na higit pa sa mga hinihingi ng ating buhay araw-araw; ibig sabihin, maging matatag, maging isang lider na nagsasalita sa ngalan ng mga adhikain na nagpapaningning ng ating sibilisasyon at nagbibigay ng kapanatagan at kapayapaan sa ating buhay. Maaari kayong maging lider. Kailangan kayong maging lider, bilang miyembro ng Simbahang ito, sa mga adhikaing itinataguyod ng Simbahang ito. Huwag hayaang madaig ng takot ang inyong mga pagsisikap.[10]

Wala tayong dapat ikatakot. Ang Diyos ang gumagabay sa gawaing ito. Siya ang mananaig para sa ikabubuti ng gawaing ito. Magbubuhos Siya ng mga pagpapala sa mga taong sumusunod sa Kanyang mga utos. Gayon ang Kanyang naging pangako. Hindi mapagaalinlanganan ng sinuman ang Kanyang kakayahan na tuparin ang pangakong iyan.

. . . Ang ating Tagapagligtas, na ating Manunubos, ang Dakilang Jehova, ang makapangyarihang Mesiyas, ay nangako: "Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo" (D at T 84:88).

"Samakatwid," sabi Niya, "huwag matakot, munting kawan; gumawa ng mabuti; hayaang magsama ang mundo at impiyerno laban sa inyo, sapagkat kung kayo ay itinayo sa aking bato, hindi sila mananaig. . . .



*"Kung gusto nating ipakita ang Simbahang ito bilang isang sagisag sa mga bansa at ilaw ng sanlibutan, kailangan nating taglayin ang mga katangian ni Jesucristo sa bawat sitwasyon natin sa buhay."*

"Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot.

"Masdan ang sugat na tumagos sa aking tagiliran, at gayon din ang bakas ng mga pako sa aking mga kamay at paa; maging matapat, sundin ang aking mga kautusan, at inyong mamamana ang kaharian ng langit" (D at T 6:34, 36–37).

Nagkakaisa, sama-sama, tayo ay susulong bilang mga lingkod ng buhay na Diyos, na ginagawa ang gawain ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na ating Guro, na ating pinaglilingkuran at kung kaninong pangalan ay hangad nating luwalhatiin.[11]

Dapat tayong maging matatag. Dapat nating pigilan ang kasamaan sa mundo. Kung gagawin natin ito, ang makapangyarihang Diyos ang magiging ating lakas at tagapagtanggol, ang ating gabay at ating tagapaghayag. Mapapanatag tayo sa kaalaman na ginagawa natin ang nais Niyang ipagawa sa atin. Maaaring hindi sang-ayon sa atin ang iba, ngunit natitiyak kong igagalang nila tayo. Hindi tayo maiiwang nag-iisa. Marami ang mga [taong] hindi natin kaanib sa pananampalataya ngunit katulad natin ang nadarama. Susuportahan nila tayo. Tutulungan nila tayo sa ating mga pagsisikap.[12]

Magalak tayo sa magandang panahong ito ng gawain ng Panginoon. Huwag tayong magyabang o magsuplado. Buong pagpapakumbaba tayong magpasalamat. At ipasiya nating lahat, bawat isa, sa ating sarili na dagdagan pa ang kinang ng kamangha-manghang gawaing ito ng Maykapal, upang ito'y magliwanag sa buong daigdig bilang tanglaw ng lakas at kabutihan na mamamasdan ng buong mundo.[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Habang binabasa ninyo ang bahagi 1, ano ang nadarama ninyo habang iniisip ninyo ang pag-unlad ng Simbahan mula noong 1830 hanggang sa ngayon?
- Pag-aralang muli ang salaysay ni Pangulong Hinckley tungkol sa mga unang pioneer na dumating sa Salt Lake Valley (tingnan sa bahagi 2). Ano ang matututuhan natin mula sa salaysay na ito? Paano tayo nakinabang sa mala-propetang pangitain ng mga unang lider ng Simbahan? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng maging "sagisag sa mga bansa"? (Tingnan sa Isaias 5:26; 11:12.)
- Sa bahagi 3, hinikayat tayo ni Pangulong Hinckley na tingnan ang "buong larawan" at "mas malawak na pananaw" sa gawain ng Diyos. Bakit kailangan nating makita ang buong larawang ito? Bakit kung minsan nalilimutan natin ito? Sa paanong paraan

nakakatulong ang maliliit na ginagawa natin sa paglago ng kaharian ng Diyos?

- Repasuhin ang mga paraan na sinabi ni Pangulong Hinckley na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay nagiging mas "kakaiba at natatanging mga tao" (bahagi 4). Paano tayo magkakaroon ng mas malawak na pananaw at lakas-ng-loob sa pagsusulong sa gawain ng Diyos? Paano tayo makapamumuhay sa mundo nang hindi nagiging makamundo? Paano natin "higit na tataglayin ang mga katangian ni Cristo sa ating buhay"? Bakit mahalagang manindigan tayo sa kung ano ang tama?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 5:14–16; 1 Nephi 14:14; D at T 1:1–6; 65:1–6; 88:81; 115:5–6

*Tulong sa Pagtuturo*

"Tiyakin na hindi kayo naniniwala na kayo ang 'totoong guro.' Iyan ay isang malaking pagkakamali. . . . Mag-ingat para hindi kayo nakasasagabal. Ang pangunahing papel na ginagampanan ng isang guro ay ihanda ang daan nang sa gayon ang mga tao ay magkaroon ng espirituwal na karanasan sa Panginoon" (Gene R. Cook, sinipi sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 51).

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 83–85.
2. "Sagisag sa mga Bansa, Ilaw ng Sanlibutan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2003, 82–83.
3. "Puspusin ng Kabanalan ang Iyong mga Iniisip nang Walang Humpay," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 115.
4. "Ang Batong Natibag sa Bundok," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2007, 84.
5. "An Ensign to the Nations," *Ensign,* Nob. 1989, 51–52.
6. "An Ensign to the Nations," 52–54.
7. "This Is the Work of the Master," *Ensign,* Mayo 1995, 71.
8. "A City upon a Hill," *Ensign,* Hulyo 1990, 4–5.
9. "An Ensign to the Nations, a Light to the World," 84.
10. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 138.
11. "This Is the Work of the Master," 71.
12. "An Ensign to the Nations, a Light to the World," 83.
13. "Kalagayan ng Simbahan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2004, 6.



*"Nasa atin ang bawat dahilan para magkaroon tayo ng magandang pananaw."*

# Pagkakaroon ng Masayang Pag-uugali at Magandang Pananaw

*"Maniwala. Maging masaya. Huwag panghinaan ng loob. Magiging maayos ang lahat."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Madalas sabihin ng ina ni Pangulong Gordon B. Hinckley na si Ada Bitner Hinckley, na "ang pagiging masayahin at palangiti ay nakakapagpalakas ng loob ng isang tao sa halos alinmang kamalasan at pananagutan ng bawat tao ang kanyang sariling kaligayahan."[1] Ang kanyang ama, si Bryant S. Hinckley, ay "likas na may magandang pananaw."[2] Paggunita ni Pangulong Hinckley, "Noong bata pa ako at madaling mamintas, sinasabi ng tatay ko: 'Ang mga mang-uuyam ay hindi nag-aambag, ang mga mapamintas ay walang nalilikha, ang mga mapagduda ay walang natatamo.'"[3] Dahil sa impluwensya ng payo at halimbawa ng kanyang mga magulang, ang batang si Gordon Hinckley ay natutong mamuhay nang may magandang pananaw at pananampalataya.

Bilang misyonero sa England, si Elder Hinckley ay nagsikap na mabuti upang sundin ang payo ng kanyang mga magulang. Siya at ang kanyang mga kompanyon ay nagkakamayan tuwing umaga at nagsasabi sa isa't isa, "Kay inam ng buhay."[4] Makalipas ang halos 70 taon, iminungkahi niya na sundin ng isang grupo ng mga missionary sa Pilipinas ang gayon ding gawain. "Kahapon ay isang napakagandang araw sa buhay ko," sabi niya sa kanila. "Bawat araw ay napakagandang araw sa buhay ko. Umaasa ako na bawat araw ay napakagandang araw sa inyong buhay—sa bawat isa sa inyo. Umaasa ako na nakakapaghanda kayo sa umaga at kakamayan ang inyong kompanyon at sasabihing, 'Brother (Sister), kay inam ng

buhay. Tayo na at masiyahan sa araw na ito.' At sa pag-uwi ninyo sa gabi, umaasa akong masasabi ninyo sa isa't isa, 'Ang ganda ng maghapon. Nasiyahan tayo. Mayroon tayong natulungan habang nasa daan. . . . Magpa-follow up tayo sa kanila at mananalangin at aasa na pupunta sila sa Simbahan.' Dapat maging maganda ang bawat araw sa misyon."[5]

Ang payong ito ay halimbawa ng pagharap ni Pangulong Hinckley sa buhay. Ibinahagi ni Pangulong Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang sumusunod na obserbasyon kay Pangulong Hinckley at sa kanyang asawang si Marjorie: "Hindi nila sinasayang ang oras nila sa pagninilay sa nakaraan o pag-aalala tungkol sa hinaharap. At sila ay masigasig sa kabila ng kagipitan."[6] Si Elder Jeffrey R. Holland, na nasa Korum ng Labindalawa rin, ay nagsabing: "'Magiging maayos ang lahat' ang maaaring paulit-ulit na katiyakang ibinibigay ni Pangulong Hinckley sa pamilya, mga kaibigan, at kasamahan. 'Patuloy na magsikap,' ang sinasabi niya. 'Maniwala. Maging masaya. Huwag panghinaan ng loob. Magiging maayos ang lahat.'"[7]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

**1**

### Kahit maraming taong negatibo at puro kabiguan ang nakikita, maaari nating madama ang diwa ng kaligayahan at magandang pananaw.

Malala na ang negatibong kaisipan sa lupain. Laganap na ito sa halos lahat ng dako. Palagi tayong hinahapagan ng di-nagbabago at maasim na pagkain ng panlalait sa pagkatao, pamimintas, paninira sa isa't isa. . . .

Narito ako . . . na sumasamo na itigil na natin ang paghahanap sa mga unos at lubusang tamasahin ang sikat ng araw. Iminumungkahi kong magtuon tayo sa positibo. Hinihiling ko na hanapin pa natin ang kabutihan, na pigilan ang ating mga pang-iinsulto at pangungutya, na mas bigyan pa natin ng papuri ang kabanalan at pagsisikap.

Hindi ko sinasabing mawala ang lahat ng kritisismo. May pag-unlad sa pagtutuwid. May lakas na nagmumula sa pagsisisi. Matalino ang lalaki o babae na, nang ituro ng iba ang nagawa nilang mga

pagkakamali, ay binago ang kanyang buhay. Hindi ko sinasabing maging matamis ang lahat ng ating usapan. Ang matalinong pagpapahayag na taimtim at tapat ay isang kasanayang dapat hangarin at linangin. Ang iminumungkahi at hinihiling ko ay iwasan natin ang pagiging negatibo na lubhang laganap sa ating lipunan at hanapin ang kahanga-hangang kabutihan sa lupain at panahon na ating ginagalawan, na magsalita tayo tungkol sa kabutihan ng isa't isa sa halip na magsalita tayo tungkol sa pagkakamali ng isa't isa, na palitan ng magandang pananaw ang mga negatibong kaisipan. Hayaang palitan ng pananampalataya ang ating mga pangamba.[8]

Nasa atin ang bawat dahilan upang maging maganda ang pananaw sa mundong ito. Nakapaligid ang trahedya, totoo iyan. Laganap ang mga problema, totoo iyan. Ngunit . . . hindi ninyo magagawa, hindi ninyo gagawing, sumalig sa negatibong kaisipan o pagiging mapaghinala. Magkaroon ng magandang pananaw, gumawa nang may pananampalataya, at mangyayari ang mga bagay-bagay.[9]

Huwag panghinaan ng loob. Huwag sumuko. Hanapin ang sikat ng araw sa likod ng mga ulap. Sa bandang huli ay magkakaroon kayo ng mga oportunidad. Huwag hayaan ang mga taong palaisip ng masama na ilagay sa panganib ang mga posibleng magawa mo.[10]

Sikaping maging masayahin. Sikaping magkaroon ng magandang pananaw. Lumakad nang may pananampalataya, nagagalak sa kagandahan ng kalikasan, sa kabutihan ng mga taong mahal ninyo, sa patotoo na nasa inyong puso hinggil sa bagay na banal.[11]

Ang plano ng Ama sa Langit ay isang plano ng kaligayahan. Magiging mas magaan ang paraan, magiging mas kaunti ang mga pangamba, ang mga paghaharap ay hindi gaanong mahirap kung magiging masayahin tayo sa tuwina.[12]

**2**

**Sa halip na isipin lagi ang ating mga problema, maaari nating hayaan ang diwa ng pasasalamat ang gumabay at magpala sa atin.**

Tayo ay talagang pinagpala! Talagang dapat tayong magpasalamat! . . . Sikaping taglayin ang diwa ng pasasalamat para sa mga pagpapala ng buhay at sa kagila-gilalas na mga kaloob at pribilehiyong natatamasa ng bawat isa sa atin. Sinabi ng Panginoon na ang maamo

ay mamanahin ang lupa. (Tingnan sa Mat. 5:5.) Hindi ko maikakaila ang interpretasyon na ang kaamuan ay nagpapahiwatig ng diwa ng pasasalamat na kabaligtaran ng ugaling kaya nating mag-isa (na hindi kailangan ang tulong ng iba), ng pagkilala sa isang kapangyarihang higit pa sa sarili, ng pagkilala sa Diyos, at pagtanggap sa kanyang mga utos. Ito ang simula ng karunungan. Lumakad nang may pasasalamat sa harapan niya na nagkakaloob ng buhay at ng bawat mabuting kaloob.[13]

Walang higit na mabuting panahon sa kasaysayan ng mundo para manirahan sa mundo kaysa sa panahong ito. Dapat lubos na ipagpasalamat ng bawat isa sa atin na nabubuhay tayo sa kahanga-hangang panahong ito taglay ang lahat ng kagila-gilalas na mga pagpapalang natanggap natin.[14]

Kapag naiisip ko ang mga kamangha-manghang bagay na nangyari sa aking panahon—na higit pa kaysa buong kasaysayan ng sangkatauhan—ako ay puspos ng pagpipitagan at pasasalamat. Naiisip ko ang sasakyan at eroplano, mga computer, fax machine, e-mail, at Internet. Lahat ng ito ay mahimala at kahanga-hanga. Naiisip ko ang malalaking hakbang na nagawa sa medisina at sanitasyon o kalinisan. . . . At sa lahat ng ito ay naganap ang panunumbalik ng dalisay na ebanghelyo ni Jesucristo. Ikaw at ako ay bahagi ng himala at hiwaga ng dakilang adhikain at kaharian na lumalaganap sa mundo at nagpapala sa buhay ng mga taong naaabot nito. Talagang napakalaki ng pasasalamat ko.[15]

Nabubuhay tayo sa kaganapan ng mga panahon. Tandaan ninyo ang katagang iyan. Tandaan ninyo ang salitang *kaganapan.* Nangangahulugan ito ng lahat [ng] mabuti na sama-samang natipon [mula sa] nakaraan at ipinanumbalik sa lupa sa huling dispensasyong ito.

Ang puso ko . . . ay puno ng pasasalamat sa Makapangyarihang Diyos. Sa pamamagitan ng kaloob ng Kanyang Anak, na siyang Diyos ng mundong ito, tayo ay lubos na pinagpala. Damang-dama ko ang mga titik ng ating himno, "Kilalanin ang bawat isa. Mga pagpapalang kaloob sa 'yo" (*Mga Himno,* blg. 147).[16]

Taglay ang pasasalamat sa ating puso, huwag nating isipin palagi ang ilang problema natin. Sa halip ay bilangin natin ang ating mga pagpapala at sa diwa ng pasasalamat, na nahihikayat



*"Sa buong buhay ay magkaroon ng labis na kasiyahan at tawanan. Ang buhay ay dapat tamasahin, hindi pinagtitiisan lamang."*

ng malaking pananampalataya, humayo upang itayo ang kaharian ng Diyos sa lupa.[17]

Hayaang ang diwa ng pasasalamat ang gumabay at magpala sa inyong mga araw at gabi. Isagawa ito. Makikita ninyo na kamangha-mangha ang mga ibubunga nito.[18]

3

## Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagbibigay sa atin ng dahilan para magalak.

Sinabi ng Panginoon: "Dahil dito, pasiglahin ang iyong puso at magalak, at tuparin ang mga tipan na iyong ginawa" [D at T 25:13]. Naniniwala ako na sinasabi niya sa bawat isa sa atin na maging masaya. Ang ebanghelyo ay bagay na dapat ikagalak. Binibigyan tayo nito ng dahilan para magalak.[19]

Huwag kalimutan kailanman kung sino ka. . . . Ikaw ay tunay na anak ng Diyos. . . . Siya ang iyong Amang Walang Hanggan. Mahal ka Niya. . . . Nais Niyang maging maligaya ang Kanyang mga anak. Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan. Ang paglabag ay hindi kailanman kaligayahan. Ang pagsuway ay hindi kailanman

kaligayahan. Ang daan tungo sa kaligayahan ay matatagpuan sa plano ng ating Ama sa Langit at sa pagsunod sa mga utos ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang Panginoong Jesucristo.[20]

Anuman ang inyong paraan noon sa paggawa ng mga bagay, mayroon akong hamon sa inyo . . . na iayon ang inyong buhay sa mga turo ng ebanghelyo, na tingnan ang Simbahang ito nang may pagmamahal at paggalang at pagpapahalaga bilang ina ng inyong pananampalataya, na mamuhay bilang isang halimbawa ng magagawa ng ebanghelyo ni Jesucristo sa paghahatid ng kaligayahan sa isang tao.[21]

Ang pagsisisi ay isa sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo. Ang pagpapatawad ay tanda ng kabanalan. Mayroon kang pag-asa. Ang inyong buhay ay nasa hinaharap, at maaari itong mapuspos ng kaligayahan, kahit ang nakalipas ay nabahiran ng kasalanan. Ito ay gawain ng pagliligtas at pagtulong sa mga tao sa kanilang mga problema. Ito ang layunin ng ebanghelyo.[22]

Nakilala ko ang napakaraming tao na palaging nagrereklamo tungkol sa bigat ng kanilang mga responsibilidad. Talagang matindi ang nakagigipit na mga sitwasyon. Napakarami, sobrang dami ng gagawin. May mga pasaning pinansyal pa na karagdagan sa lahat ng mga kagipitang ito, at sa lahat ng ito tayo ay mahilig magreklamo, madalas itong mangyari sa tahanan, kadalasan sa publiko. Ibahin ang inyong pag-iisip. Ang ebanghelyo ay mabuting balita. Ang tao ay gayon upang magkaroon siya ng kagalakan [tingnan sa 2 Nephi 2:25]. Maging masaya! Hayaang mabakas ang kaligayahang iyan sa inyong mukha at magsalita sa pamamagitan ng inyong mga patotoo. Asahan ninyo ang mga problema. Maaaring paminsan-minsan ay may mga trahedya. Ngunit nagniningning sa kabila nito ang pagsamo ng Panginoon:

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan." (Mateo 11:28–30.)

Nasisiyahan ako sa mga salitang ito ni Jenkins Lloyd Jones na ginupit ko mula sa isang column sa *Deseret News* ilang taon na ang nakararaan. Ipinapasa ko ang mga ito sa inyo. . . . Sabi niya:

"Sinumang nangangarap na ang kaligayahan ay karaniwan ay mag-aaksaya ng maraming oras sa pagsigaw na pinagkaitan siya nito.

"Karamihan sa mga pagpalo sa bola ng golf ay hindi nahuhulog sa butas. Karamihan sa karne ng baka ay mahirap nguyain. Karamihan sa mga bata ay lumalaki bilang pangkaraniwang mga tao. Karamihan sa matatagumpay na pagsasama ng mag-asawa ay nangangailangan ng mataas na antas ng pagpaparaya sa isa't isa. Maraming trabaho ang mas madalas na nakababagot kaysa nakasisiya. . . .

"Ang buhay ay parang paglalakbay noon na sakay ng tren—naaantala, naaabala, mausok, maalikabok, mabato ang daan, at maalog, na kakikitaan paminsan-minsan ng magagandang tanawin at biglaang pagbilis ng takbo.

"Ang dapat lang gawin sa sitwasyong ito ay pasalamatan ang Panginoon sa pagpayag na makasakay kayo." (*Deseret News,* 12 Hunyo 1973.)

Inuulit ko, mga kapatid, ang dapat lang gawin ay pasalamatan ang Panginoon sa pagpayag na makasakay kayo; at sa totoo lang, hindi ba't napakagandang biyahe nito? Masiyahan dito! Tumawa tungkol ito! Umawit ng tungkol dito! Alalahanin ang mga salita ng manunulat ng Mga Kawikaan:

"Ang masayang puso ay mabuting kagamutan: nguni't ang bagbag na diwa ay tumutuyo ng mga buto." (Mga Kawikaan 17:22.)[23]

Hayaang magkaroon kahit paano ng kaligayahan sa inyong buhay. Hayaang magkaroon ng kasiyahan at kaligayahan, ng kaunting pagpapatawa, ng kakayahang tumawa paminsan-minsan sa mga bagay na katawa-tawa.[24]

Sa buong pamumuhay ay magkaroon ng pagsasaya at pagtatawanan. Ang buhay ay dapat tamasahin, hindi pinagtitiisan lamang.[25]

## 4

### Ang ebanghelyo ay mensahe ng tagumpay na dapat tanggapin nang buong sigla, pagmamahal, at magandang pananaw.

Nakatayo ako rito ngayon bilang taong may magandang pananaw hinggil sa gawain ng Panginoon. Hindi ako maniniwalang itinatag ng Diyos ang kanyang gawain sa lupa upang mabigo ito. Hindi ako maniniwalang humihina ito. Alam ko na lumalakas ito. . . . Simple at taimtim ang pananampalataya ko na magtatagumpay ang matuwid at mananaig ang katotohanan.[26]

Noon pa man ay nakatawag na ng pansin ko ang kuwento tungkol kina Caleb at Josue at ng iba pang mga espiya o tiktik ng Israel. Pinamunuan ni Moises ang mga anak ni Israel papunta sa ilang. Sa ikalawang taon ng kanilang paggala-gala, pumili siya ng kinatawan mula sa bawat isa sa labindalawang lipi para siyasatin ang lupain ng Canaan at bumalik para mag-ulat hinggil sa mga kabuhayan at mga mamamayan nito. Si Caleb ang kumatawan sa lipi ni Juda, si Josue sa lipi ni Ephraim. Silang labindalawa ay nagpunta sa lupain ng Canaan. Napag-alaman nila na sagana ito. Apatnapung araw silang nawala. Sila ay nagbalik na may dalang "mga naunang nahinog na ubas" bilang patunay ng kasaganaan ng lupain (Blg. 13:20).

Humarap sila kina Moises at Aaron at sa buong kongregasyon ng mga anak ni Israel at ganito ang sinabi nila hinggil sa lupain ng Canaan, "Tunay na binubukalan [ang Canaan] ng gatas at pulot; at ito ang bunga niyaon" (t. 27).

Ngunit sampu sa mga espiya o tiktik ang biktima ng sarili nilang mga pag-aalinlangan at pangamba. Negatibo ang ibinigay nilang report tungkol sa bilang at pangangatawan ng mga Cananeo. Sinabi nila na "sila'y malakas kay sa atin" (t. 31). Ikinumpara nila ang kanilang sarili na parang mga tipaklong kumpara sa mga higanteng nakita nila sa lupain. Sila ay mga biktima ng sarili nilang pangamba.

Pagkatapos ay tumayo sina Josue at Caleb sa harapan ng mga tao at sinabing, "Ang lupain, na aming dinaanan upang tiktikan ay isang napakainam na lupain.

"Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga niya tayo sa lupaing yaon, at ibibigay niya sa atin; na yao'y lupaing binubukalan ng gatas at pulot.

"Huwag lamang kayong manghimagsik laban sa Panginoon, ni matakot sa bayan ng lupaing yaon; sapagka't sila'y tinapay sa atin: ang kaniyang kalinga ay inilayo sa kanila, at ang Panginoon ay sumasaatin: huwag kayong matakot sa kanila" (14:7–9).

Nguni't ang mga tao ay mas handang maniwala sa sampung mapag-alinlangan kaysa maniwala kina Caleb at Josue.

Pagkatapos ay ipinahayag ng Panginoon na ang mga anak ni Israel ay dapat magpagala-gala sa ilang sa loob ng apatnapung taon hanggang sa lumipas ang henerasyon ng mga taong lumakad nang may pag-aalinlangan at takot. Nakatala sa mga banal na kasulatan na "ang mga taong yaon na nagsipaghatid ng masamang balita ng lupain, ay nangamatay sa salot sa harap ng Panginoon.

"Nguni't si Josue . . . at Caleb . . . , ay naiwang buhay sa mga taong yaon na nagsiparoong tumiktik ng lupain" (tt. 37–38). Sila lang sa grupo ang natirang buhay matapos ang apat na dekadang iyon ng paggala at nagkaroon ng pribilehiyong makapasok sa lupang pangako na iniulat nila sa positibong paraan.

Nakikita natin ang ilan sa paligid natin na walang interes hinggil sa hinaharap ng gawaing ito, na walang pakialam, na nagsasalita tungkol sa mga limitasyon, na nagpapahayag ng takot, na naguukol ng kanilang panahon sa paghuhukay at pagsusulat tungkol sa itinuturing nilang mga kahinaan na sa katunayan ay hindi naman mahalaga. Taglay ang pag-aalinlangan hinggil sa nakaraan nito, wala silang pananaw ukol sa hinaharap nito.

Gaya nga ng sabi noong unang panahon, "Kung saan walang pangitain, ang bayan ay sumasama" (Kaw. 29:18). Walang puwang sa gawaing ito ang mga taong naniniwala lamang sa ebanghelyo ng kapahamakan at kalungkutan. Ang ebanghelyo ay mabuting balita. Ito ay mensahe ng pagtatagumpay. Ito ay adhikaing dapat tanggapin nang may sigla.

Hindi sinabi ng Panginoon na hindi magkakaroon ng mga suliranin. Ang ating mga tao ay dumanas na ng bawat uri ng paghihirap tulad ng mga taong kumalaban sa gawaing ito. Ngunit nakita ang

pananampalataya sa kabila ng lahat ng kanilang kalungkutan. Patuloy ang pagsulong ng gawaing ito at hindi ito kailanman humakbang nang paatras mula nang simulan ito. . . .

. . . Ito ang gawain ng Maykapal. Nakasalalay sa atin kung susulong tayo bilang mga indibiduwal. Ngunit hinding-hindi mabibigo ang Simbahan na sumulong. . . .

Nang kunin ng Panginoon si Moises, sinabi Niya kay Josue, "Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang matakot, ni manglupaypay: sapagka't ang Panginoon mong Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon" (Jos. 1:9). Ito ang Kanyang gawain. Huwag itong kalimutan kailanman. Tanggapin ito nang may sigla at pagmamahal.[27]

**5**

**Taglay ang kaalaman na lahat tayo ay anak ng Diyos, maaari tayong lalo pang manindigan, taasan pa ang pamantayan, at lalo pang bumuti.**

Nakakalungkot na nagiging ugali ng mga tao sa ating mundo ngayon na siraan ang isa't isa. Hindi ba ninyo alam na halos hindi kailangang gamitin ang isipan para gumawa ng mga mensahe na maaaring makasakit sa iba? Subukan ang kabaligtaran niyon. Subukan nating purihin ang iba. . . .

Nakakalungkot din na marami sa ating lipunan ang nagiging ugali na ang maliitin ang ating sarili. Maaaring ang tingin natin sa ibang tao ay sigurado na sila sa kanilang sarili, pero ang totoo karamihan sa atin ay nakadarama ng kahinaan. Ang mahalaga ay huwag itong sabihin sa inyong sarili. . . . Ang mahalaga ay gawin ang pinakamainam sa lahat sa abot-kaya natin.

Huwag sayangin ang inyong oras sa pagkaawa sa sarili. Huwag maliitin ang inyong sarili. Huwag kalimutan na kayo'y anak ng Diyos. Kayo ay may banal na pribilehiyo. May likas na pagkatao ng Diyos sa inyong kalooban.[28]

Kinakanta natin ang, "Ako ay Anak ng Diyos" (*Mga Himno,* blg. 189). Hindi lang ito imahinasyon, isang imahinasyon ng makata—iyan ang buhay na katotohanan. Mayroong kabanalan sa loob ng bawat isa sa atin na kailangang linangin, na kailangang pumaibabaw,

na kailangang maipahayag. Kayong mga ama at ina, ituro sa inyong mga anak na sila, sa literal na paraan, ay mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Wala nang mas dakilang katotohanan sa buong mundo maliban diyan—na isiping mayroong kabanalan sa ating kalooban.[29]

Maniwala sa iyong sarili. Maniwala sa kakayahan ninyong gawin ang malalaki at mabubuting bagay. Maniwala na walang bundok na napakataas na hindi ninyo kayang akyatin. Maniwala na walang bagyo na napakalakas na hindi ninyo kayang malampasan. . . . Kayo ay anak ng Diyos, na walang hanggan ang kakayahan.[30]

Lalo pang manindigan, taasan pa ang pamantayan, lalo pang bumuti. Magsikap pang lalo. Magiging mas maligaya kayo. Makakadama kayo ng panibagong kasiyahan, ng panibagong kagalakan sa inyong puso.[31]

Siyempre magkakaroon ng ilang problema sa inyong buhay. May mga paghihirap na dadaigin. Ngunit hindi magtatagal ang mga ito. Hindi kayo pababayaan [ng Diyos]. . . .

Tingnan ang positibo. Dapat ninyong malaman na nakamasid Siya sa inyo, na naririnig Niya ang inyong mga dalangin at sasagutin ang mga ito, na mahal Niya kayo at ipapakita ang pagmamahal na iyon.[32]

Maraming matatamis at disente at magagandang bagay na mapagsasaligan. Tayo ay nakikibahagi sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang ibig sabihin ng ebanghelyo ay "mabuting balita!" Ang mensahe ng Panginoon ay tungkol sa pag-asa at kaligtasan! Ang tinig ng Panginoon ay tinig ng mabuting balita! Ang gawain ng Panginoon ay gawaing maluwalhati ang katuparan!

Sa madilim at nakababagabag na sandali sinabi ng Panginoon sa mga mahal niya: "Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." (Juan 14:27.)

Ang mga dakilang salitang ito ng pagtitiwala ay tanglaw sa bawat isa sa atin. Sa kanya ay talagang maaari tayong magtiwala. Sapagkat Siya at ang kanyang mga pangako ay hindi mabibigo kailanman.[33]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Isipin ang payo ni Pangulong Hinckley na "pakahanapin" ang kabutihan at "sikaping maging masayahin at magkaroon ng magandang pananaw" (bahagi 1). Bakit kailangan natin ang payong ito ngayon? Paano natin uugaliing maging masayahin?
- Sinabi ni Pangulong Hinckley na "kamangha-manghang mga resulta" ang darating kapag "hinayaan natin ang diwa ng pasasalamat ang gumabay sa [atin]" (bahagi 2). Sa palagay ninyo bakit dumarating ang "kamangha-manghang mga resultang" ito? Paano kayo pinagpapala kapag nasa inyo ang diwa ng pasasalamat?
- Ano ang inyong mga ideya tungkol sa analohiya ng buhay na "gaya ng paglalakbay noon na sakay ng tren"? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano naiimpluwensyahan ng "mabuting balita" ng ebanghelyo ang pagtahak ninyo sa paglalakbay na iyon?
- Paano sa palagay ninyo naaangkop sa ating buhay ang kuwento tungkol kina Caleb at Josue? (Tingnan sa bahagi 4.) Ano ang nakita ninyong mga halimbawa ng masiglang pagtanggap ng tao sa ebanghelyo? Kung tayo ay pinanghihinaan ng loob, paano tayo muling magkakaroon ng magandang pananaw? Anong mga karanasan ang nakadagdag sa inyong magandang pananaw tungkol sa gawain ng Panginoon?
- Sa palagay ninyo bakit may ugali tayong maliitin ang iba at ang ating sarili? Paano natin maaalis ang ugaling ito? Ano ang maaari nating gawin, bilang mga indibiduwal at pamilya, para tulungan ang iba na "lalo pang manindigan" at "taasan pa ang pamantayan"? (Tingnan sa bahagi 5.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Juan 16:33; Mga Taga Filipos 4:13; Mosias 2:41; Alma 34:38; Eter 12:4; D at T 19:38–39; 128:19–23


*Tulong sa Pag-aaral*

"Ang paggawa ayon sa iyong natutuhan ay magdudulot ng karagdagan at matatag na kaalaman (tingnan sa Juan 7:17)" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 21). Isiping itanong sa inyong sarili

kung paano ninyo maipamumuhay ang mga turo ng ebanghelyo sa tahanan, sa trabaho, at sa inyong mga responsibilidad sa Simbahan.

## *Mga Tala*

1. Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 37.
2. Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 37.
3. "The Continuing Pursuit of Truth," *Ensign,* Apr. 1986, 4.
4. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 76.
5. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1: 1995–1999* (2005), 343.
6. Russell M. Nelson, "Spiritual Capacity," *Ensign,* Nob. 1997, 15.
7. Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley: Stalwart and Brave He Stands," *Ensign,* Hunyo 1995, 4.
8. "The Lord Is at the Helm" (Brigham Young University devotional, Mar. 6, 1994), 3–4, speeches.byu.edu.
9. Sinipi sa Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley: Stalwart and Brave He Stands," 4.
10. "The Continuing Pursuit of Truth," 4.
11. "If Thou Art Faithful," *Ensign,* Nob. 1984, 92.
12. "Each a Better Person," *Ensign,* Nob. 2002, 100.
13. "With All Thy Getting Get Understanding," *Ensign,* Ago. 1988, 3–4.
14. "The Spirit of Optimism," *New Era,* Hulyo 2001, 4.
15. "Keep the Chain Unbroken" (Brigham Young University devotional, Nob. 30, 1999), 1–2, speeches.byu.edu.
16. "My Redeemer Lives," *Ensign,* Peb. 2001, 70.
17. "The Lord Is at the Helm," 6.
18. "Payo at Panalangin ng Isang Propeta para sa Kabataan," *Liahona,* Abr. 2001, 4.
19. "If Thou Art Faithful," 91–92.
20. "Stand True and Faithful," *Ensign,* Mayo 1996, 93–94.
21. "True to the Faith," *Ensign,* Hunyo 1996, 4.
22. "Stand True and Faithful," 94.
23. "Four Imperatives for Religious Educators" (mensahe sa mga religious educator, Set. 15, 1978), 4.
24. "A Challenging Time—a Wonderful Time" (mensahe sa mga religious educator, Peb. 7, 2003), 4.
25. "Stand True and Faithful," 94.
26. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 410.
27. "Stay the Course—Keep the Faith," *Ensign,* Nob. 1995, 71–72.
28. "Strengthening Each Other," *Ensign,* Peb. 1985, 3–4.
29. *One Bright Shining Hope: Messages for Women from Gordon B. Hinckley* (2006), 90–91.
30. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 452.
31. "The Quest for Excellence" (Brigham Young University devotional, Nob. 10, 1998), 5, speeches.byu.edu.
32. "How Can I Become the Woman of Whom I Dream?" *Liahona,* Mayo 2001, 96.
33. "The Continuing Pursuit of Truth," 6.



*"Ang kapangyarihan na umantig sa ating mga ninuno sa ebanghelyo ay ang kapangyarihan ng pananampalataya sa Diyos."*

KABANATA 4

# Ang Pamana ng Pananampalataya at Sakripisyo ng mga Pioneer

*"Kung ikaw man ay may ninunong pioneer o kahapon ka lang sumapi sa Simbahan, ikaw ay bahagi ng malaking larawang ito na pinangarap ng mga lalaki at babaing iyon. . . . Sila ang naglatag ng pundasyon. Sa atin ang tungkuling magtayo rito."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Sa paglalaan ng Columbus Ohio Temple, inisip ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang kanyang mga ninunong pioneer. Ikinuwento niya kalaunan:

"Habang nakaupo ako sa silid selestiyal, naisip ko ang aking kalolo-lolohan. . . . Binisita ko kamakailan ang kanyang puntod sa Canada na nasa hilaga lamang ng linya ng hangganan ng New York. . . . Pumanaw siya sa murang edad na 38."

Nang mamatay ang kalolo-lolohan ni Pangulong Hinckley, ang kanyang anak na si Ira, na magiging lolo ni Pangulong Hinckley, ay wala pang tatlong taong gulang. Hindi nagtagal ang ina ni Ira ay muling nag-asawa at sa loob ng ilang taon ay lumipat sa Ohio, at pagkatapos sa Illinois. Namatay siya noong 1842, at naiwang ulila si Ira sa edad na 13. Sa pagpapatuloy ng kuwentong ito, sinabi ni Pangulong Hinckley:

"Nabinyagan ang lolo ko [Ira Hinckley] sa Nauvoo at . . . kalaunan ay tinawid ang kapatagan sa pandarayuhan ng [mga pioneer]." Sa paglalakbay na iyon noong 1850, ang "bata pang asawa [ni Ira] at ang kanyang [kapatid sa ina] ay kapwa namatay sa parehong araw.

Gumawa siya ng magagaspang na kabaong at inilibing sila, kinuha ang kanyang sanggol na anak at dinala ito [sa Salt Lake] valley.

"Sa kahilingan ni Brigham Young itinayo niya ang Cove Fort, naging unang pangulo ng stake sa Fillmore, [Utah,] at marami pang ginawa para maisulong ang gawaing ito.

"Pagkatapos ay dumating ang aking ama. . . . Siya ay naging pangulo ng pinakamalaking stake sa Simbahan na may mahigit 15,000 miyembro."

At kaagad nabaling ang isipan ni Pangulong Hinckley mula sa kanyang mga ninuno tungo sa kanyang mga inapo. Nagpatuloy siya:

"Habang iniisip ang buhay ng tatlong lalaking ito habang nakaupo ako sa loob ng templo, napatingin ako sa aking anak na babae, sa kanyang anak na babae, na aking apo, at sa kanyang mga anak, na aking mga apo-sa-tuhod. Bigla kong natanto na nakapagitna ako sa pitong henerasyong ito—tatlong nauna sa akin at tatlong sumunod sa akin.

"Sa sagrado at banal na bahay na iyon sumagi sa isipan ko ang kahalagahan ng napakalaking obligasyon na dapat kong ipasa ang lahat ng natanggap ko bilang pamana mula sa aking mga ninuno sa mga henerasyon na ngayon ay sumusunod sa akin."[1]

Bukod sa pasasalamat sa kanyang sariling mga ninunong pioneer at sa pamana ng mga naunang pioneer na mga Banal sa mga Huling Araw, madalas bigyang-diin ni Pangulong Hinckley na ang mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo ay mga pioneer ngayon. Noong 1997 sinabi niya sa mga Banal sa Guatemala: "Sa taong ito ay ginugunita natin ang ika-150 anibersaryo ng pagdating ng mga Mormon pioneer sa Salt Lake Valley. Malayo ang nilakbay nila sakay ng mga bagon at kariton. Sila ay mga pioneer. Ngunit ang pagiging pioneer ay patuloy pa rin. Sa iba't ibang panig ng mundo ay mayroon tayong mga pioneer, at kayo ay kabilang sa mga pioneer na iyon."[2] Sa mga Banal sa Thailand sinabi niya, "Kayo ang mga pioneer sa pagsasagawa ng gawain ng Panginoon sa dakilang bansang ito."[3] Sa pagbisita sa Ukraine noong 2002, binigkas din niya ang mga salitang iyon: "Ang Simbahan ay may mga pioneer noong una, at kayo ang mga pioneer sa panahong ito."[4]

Nang magsalita si Pangulong Hinckley tungkol sa mga pioneer noong araw, ang kanyang layunin ay hindi lamang nakatuon sa mga taong nabuhay noong araw. Tumingin siya sa hinaharap, umaasa na ang pananampalataya at sakripisyo ng mga Banal na iyon ay "makaganyak sa ating lahat, sapagkat ang bawat isa sa atin ay isang pioneer sa kanyang sariling buhay, kadalasan sa sarili niyang pamilya."[5]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Taglay ang pangitain, paggawa, at tiwala sa kapangyarihan ng Diyos na kumikilos sa kanila, isinakatuparan ng naunang pioneer na mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang pananampalataya.

Sa pamamagitan ng pananampalataya ang isang maliit na pangkat ng mga naunang miyembro [sa silangang Estados Unidos] ay lumipat mula New York papuntang Ohio at mula Ohio papuntang Missouri at mula sa Missouri papuntang Illinois sa paghahanap nila ng kapayapaan at kalayaan na sambahin ang Diyos ayon sa idinidikta ng budhi.

Sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya ay nakita nila ang isang magandang lungsod [Nauvoo] nang una silang lumakad patawid sa latian ng Commerce, Illinois. Kasama ang pananalig na ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay, pinatuyo nila ang latian, naglatag ng plano ng isang lungsod, nagtayo sila ng maraming tahanan at mga bahay para sa pagsamba at pag-aaral at, ang pinakamainam sa lahat, isang napakagandang templo, na pinakamagandang gusali noon sa buong Illinois.

. . . Pang-uusig [ang kaagad sumunod], ng lapastangan at pumapatay na mga mandurumog. Pinatay ang kanilang propeta. Gumuho ang kanilang mga pangarap. Muli sa pamamagitan ng pananampalataya ay pinatatag nila ang kanilang sarili ayon sa iginuhit niyang huwaran at inorganisa ang kanilang sarili para sa isa pang paglalakbay.

Habang luhaan at nagdadalamhati iniwan nila ang kanilang komportableng mga tahanan at mga gawaan. Nilingon nila ang kanilang sagradong templo, at pagkatapos ay may pananampalatayang itinuon ang kanilang paningin sa kanluran, sa kawalang-katiyakan

at sa di pa natatahak na landas, at habang bumabagsak ang niyebe sa taglamig, tinawid nila ang [Ilog ng] Mississippi noong Pebrero ng 1846 at tinahak ang maputik na tawiran sa kaparangan ng Iowa.

May pananampalataya nilang itinatag ang Winter Quarters sa [Ilog ng] Missouri. Daan-daan ang nangamatay sa salot at disinteriya at matinding dipterya na nagpabagsak sa kanila. Ngunit pananampalataya ang nagtaguyod sa mga nakaligtas. Inilibing nila ang kanilang mga mahal sa buhay sa talampas na nasa itaas ng ilog, at sa tagsibol ng 1847 nagsimula silang maglakbay . . . patungo sa kabundukan ng Kanluran.

Sa pamamagitan ng pananampalataya ay tumanaw si Brigham Young sa lambak [ng Salt Lake], na noon ay mainit at tigang, at nagsabing, "Ito ang lugar." Muli sa pamamagitan ng pananampalataya, pagkaraan ng apat na araw, itinukod niya ang kanyang tungkod sa lupa . . . at sinabing, "Dito itatayo ang templo ng ating Diyos." Ang maringal at sagradong [Salt Lake Temple] ay isang patotoo ng pananampalataya, hindi lamang ng pananampalataya ng mga taong nagtayo nito kundi ng pananampalataya ng mga taong gumagamit nito ngayon sa kanilang di-makasariling gawain ng pagmamahal.

Isinulat ni Apostol Pablo sa Mga Hebreo, "Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita." (Heb. 11:1.) Lahat ng mga dakilang tagumpay na aking binanggit ay minsang naging "bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita." Ngunit taglay ang pangitain, paggawa, at pagtitiwala sa kapangyarihan ng Diyos na kumikilos sa pamamagitan ng mga ito, nagkaroon ng katuparan ang kanilang pananampalataya.[6]

Ang kapangyarihan na umantig sa ating mga ninuno sa ebanghelyo ay ang kapangyarihan ng pananampalataya sa Diyos. Ginawang posible ng kapangyarihan ding iyon ang paglikas mula sa Egipto, ang pagtawid sa Dagat na Pula, ang mahabang paglalakbay sa ilang, at ang pagkatatag ng Israel sa Lupang Pangako. . . .

Talagang kailangan natin ang napakalakas na pag-aalab ng pananampalatayang iyon sa Diyos na buhay at sa kanyang buhay, at nabuhay na mag-uling Anak, dahil ito ang dakila at nakakaantig na pananampalataya ng ating mga ninuno sa ebanghelyo.

Sila ay may pangitain, na higit na mahalaga kaysa sa lahat ng isinasaalang-alang. Pagdating nila sa kanluran sila ay isang libong milya, nakakapagod na isang libong milya [1,600 kilometro], ang layo mula sa pinakamalapit na mga pamayanan sa silangan at walong daang milya [1,300 kilometro] ang layo mula sa mga nasa kanluran. Ang personal at indibiduwal na pagkilala ng Diyos na kanilang Amang Walang Hanggan na saligan ng kanilang pananampalataya ang pinakadiwa ng kanilang lakas. Naniwala sila sa dakilang utos sa banal na kasulatan: "Aasa ka sa Diyos at mabubuhay." (Alma 37:47.) May pananampalatayang hinangad nilang gawin ang kanyang kalooban. May pananampalataya nilang binasa at tinanggap ang banal na turo. May pananampalataya silang nagpagod hanggang sa bumagsak sila, laging may pananalig na magkakaroon ng pagsusulit sa kanya na kanilang Ama at kanilang Diyos.[7]

Maluwalhating kasaysayan ang ating nakaraan. Ito ay puno ng kagitingan, pagkapit sa prinsipyo, at lubos na katapatan. Ito ang bunga ng pananampalataya. Isang dakilang hinaharap ang naghihintay sa atin. Nagsisimula ito ngayon. Hindi tayo maaaring tumigil sandali. Hindi tayo maaaring magbagal o maghinay-hinay. Hindi natin maaaring bawasan ang ating bilis o iklian ang ating hakbang.[8]

**2**

## Ang naunang mga pioneer na mga Banal sa mga Huling Araw ay umasam sa hinaharap na lubusang pinapangarap ang Sion.

Marapat lamang na tumigil tayo para magbigay-pugay at paggalang sa mga taong naglatag ng pundasyon ng dakilang gawaing ito. . . . Ang kanilang dakilang mithiin ay ang Sion [tingnan sa D at T 97:21; Moises 7:18]. Kumanta sila tungkol dito. Pinangarap nila ito. Ito ang kanilang malaking pag-asa. Ang kanilang epikong paglalakbay ay dapat magsilbing walang-katumbas na adhikain kailanman. Ang paglalakbay ng sampu-sampung libong katao papunta [sa] Kanluran ay puno ng bawat maiisip na panganib, kabilang na ang kamatayan, na ang kakila-kilabot na katotohanan ay batid sa bawat bagon at bawat handcart company.

Nagbibigay ako ng mapitagang paggalang kay Brigham Young. Matagal na niyang nakita sa pangitain ang Salt Lake Valley bago pa

ito nakita ng kanyang likas na mga mata. Dahil kung hindi duda ako na titigil siya doon. May mas luntiang mga lupain sa California at Oregon. May mas malalim at mas matabang lupa sa ibang dako. May napakalalaking taniman ng malalaking kahoy sa ibang lugar, mas maraming tubig, at mas mainam at kasiya-siyang klima.

May mga sapa sa kabundukang ito, totoo, pero wala ni isang napakalaki. Hindi pa nasubukan ang lupa dito. Wala pang araro na bumungkal sa tigang na lupang ito. Namamangha ako, talagang namamangha ako, na pamumunuan ni Pangulong Young ang isang malaking grupo . . . papunta sa isang lugar kung saan wala pang nakapagtanim at umani. . . .

Pagod-na-pagod sa paglalakbay ang mga pioneer na ito. Kinailangan ng 111 araw para makarating sila sa Salt Lake Valley mula sa Winter Quarters. Pagod-na-pagod sila. Naluma na ang suot nilang mga damit. Ang kanilang mga hayop ay pagod na rin. Ang panahon ay mainit at tuyo—ang mainit na panahon ng Hulyo. Ngunit narito sila, nakatanaw sa hinaharap at pinapangarap ang milenyo, isang malaking pangarap ukol sa Sion.[9]

Nakatayo ako noong isang araw sa mga lumang daungan ng Liverpool, England. Halos walang aktibidad ang umaga ng Biyernes noong naroon kami. Ngunit minsan itong naging napakaabalang lugar. Noong mga 1800s, sampu-sampung libo sa ating mga tao ang lumakad noon sa sementadong daan na nilakaran namin. Nagmula sila sa British Isles at mula sa lupain ng Europa, nangabinyagan sila sa Simbahan. Dumating silang taglay ang patotoo sa kanilang mga labi at pananampalataya sa kanilang mga puso. Mahirap ba para sa kanila na lisanin ang kanilang mga tahanan at tahakin ang landas ng isang bagong daigdig na walang-katiyakan? Siyempre mahirap gawin iyon. Ngunit ginawa nila ito nang may magandang pananaw at sigla. Sumakay sila sa mga sasakyang-dagat. Alam nilang mapanganib ang pagtawid sa karagatan. Hindi nagtagal ay nalaman nila na ang malaking bahagi ng paglalakbay ay miserable. Tumira sila sa maliliit at siksikang tirahan sa loob ng maraming linggo. Tiniis nila ang mga unos, sakit, karamdaman. Marami ang namatay habang naglalakbay at inilibing sa karagatan. Iyon ay isang mahirap at nakakatakot na paglalakbay. Nagkaroon sila ng pag-aalinlangan, oo. Ngunit dinaig ng kanilang pananampalataya ang

mga pag-aalinlangang iyon. Dinaig ng kanilang mabuting pananaw ang kanilang mga pangamba. Pangarap nilang itatag ang Sion, at humayo sila para isakatuparan ito.[10]

3

**Ang pagsagip sa Willie at Martin handcart pioneers ay tanda ng pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo.**

Ibabalik ko kayo sa . . . Oktubre ng 1856. Araw ng Sabado [Oktubre 4,] si Franklin D. Richards at ang ilang kasamahan niya ay dumating sa lambak [ng Salt Lake]. Naglakbay sila mula sa Winter Quarters na malalakas ang kanilang mga baka at magagaan ang bagon at nasiyahan sila sa paglalakbay. Kaagad hinanap ni Brother Richards si Pangulong Young. Iniulat niya na daan-daang kalalakihan, kababaihan, at mga bata ang nakakalat sa mahabang landas . . . papunta sa lambak [ng Salt Lake]. Karamihan sa kanila ay may hilang mga kariton. . . . Nasa unahan nila ang isang landas na paakyat sa burol hanggang sa Continental Divide at milya-milya pa ang landas pagkalagpas doon. Desperado ang kanilang kalagayan. . . . Lahat sila ay mamamatay kung hindi sila sasagipin.

Palagay ko hindi nakatulog si Pangulong Young nang gabing iyon. Palagay ko ang pangitain ng mga taong . . . dukhang iyon ang pumasok sa kanyang isipan.

Kinabukasan sinabi . . . niya sa mga tao:

"Ngayon ibibigay ko sa mga taong ito ang paksa at teksto para sa mga Elder na maaaring magsalita. . . . Ito iyon. . . . Marami sa ating mga kapatid ang nasa mga kapatagan na may hilang mga kariton, at malamang marami ngayon ang pitong daang milya [1,100 kilometro] ang layo mula sa lugar na ito, at kailangan silang madala rito, kailangan natin silang mapadalhan ng tulong. Ang mensahe ay, 'dalhin sila rito.'

"Iyan ang aking relihiyon; iyan ang dikta ng Espiritu Santo na sumasaakin. Ang iligtas ang mga tao.

"Mananawagan ako sa mga Bishop sa araw na ito. Hindi na ako makapaghihintay pa hanggang bukas, ni sa susunod na araw, para sa 60 mahuhusay na grupo ng mga buriko at 12 o 15 mga bagon. Ayaw kong magpadala ng mga kapong baka. Ang gusto ko'y mahuhusay



*"Nang makarating ang mga tagasagip sa nakubkob na mga Banal, sila ay parang mga anghel mula sa langit."*

na kabayo at buriko. Narito na sila sa Teritoryong ito, at kailangang makuha natin sila. At kailangan din ng 12 tonelada ng harina at 40 mahuhusay magpatakbo ng bagon, bukod sa mga nagpapatakbo sa mga hayop.

"Sasabihin ko sa lahat na ang inyong pananampalataya, relihiyon, at pananalig sa relihiyon, ay hindi makapagliligtas ni isang kaluluwa sa inyo sa Kahariang Selestiyal ng ating Diyos, maliban kung ipamuhay ninyo ang mga tuntuning itinuturo ko sa inyo ngayon. *Humayo at dalhin dito ang mga taong nasa kapatagan*" (sa LeRoy R. Hafen at Ann W. Hafen, *Handcarts to Zion* [1960], 120–21).

Nang hapong iyon, maraming pagkain, matutulugan, at damit ang tinipon at inayos ng kababaihan.

Kinaumagahan, kinabitan ng sapatos ang mga kabayo at kinumpuni ang mga bagon at kinargahan ito.

Nang sumunod na umaga, Martes, 16 na kabayo at burikong may hilang mga bagon ang tumulak papuntang silangan. Pagsapit ng katapusan ng Oktubre, may 250 na pangkat ang nasa lansangan upang tumulong.[11]

Nang makarating ang mga tagasagip sa nakubkob na mga Banal, sila ay parang mga anghel mula sa langit. Napaiyak ang mga tao sa pasasalamat. Ang mga taong naglakbay gamit ang mga kariton ay inilipat sa mga bagon upang makapaglakbay sila nang mas mabilis papunta sa komunidad sa Salt Lake.

Mga dalawang daan ang namatay, ngunit isang libo ang nailigtas.[12]

Ang mga kuwento ng nakubkob na [mga] Banal na ito at ang kanilang pagdurusa at kamatayan ay mauulit muli. . . . Ang mga kuwento ng pagsagip sa kanila ay kailangang ulit-ulitin. Ipinakikita ng mga ito ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo.

. . . Nagpapasalamat ako na wala tayong mga kapatid na nabalaho sa niyebe, giniginaw at agaw-buhay, habang sinisikap nilang . . . marating ang kanilang mga Sion sa kabundukan. Ngunit may mga tao, hindi lang iilan, na nasa desperadong kalagayan at humihingi ng tulong at ginhawa.

Napakarami ng mga taong nagugutom at dukha sa iba't ibang panig ng mundong ito na nangangailangan ng tulong. Nagpapasalamat ako na nasasabi natin na tinutulungan natin ang marami na hindi natin kamiyembro ngunit mahigpit ang pangangailangan at na mayroon tayong maibibigay na tulong. Ngunit hindi tayo kailangang tumingin sa malayo. May ilan sa ating mga miyembro na lumuluha dahil sa hirap at dusa at kalungkutan at pangamba. Tayo ay may malaki at taimtim na tungkulin na lapitan at tulungan sila, bigyang-sigla, pakainin kung sila ay nagugutom, pangalagaan ang kanilang mga espiritu kung sila'y nauuhaw sa katotohanan at kabutihan.

Napakaraming kabataan ang walang direksiyon ang buhay at sa kasawiang-palad ay nabubuhay sa droga, masasamang barkada, kahalayan, at sa mga problemang kaakibat ng mga bagay na ito. May mga balong naghihintay ng mga kaibigan at mga taong buong pagmamahal na magmamalasakit sa kanila. May mga taong dati-rati ay aktibo sa Simbahan, ngunit nanghina ang pananampalataya. Marami

sa kanila ang gustong bumalik ngunit hindi nila alam kung paano gawin ito. Kailangan nila ng mga kaibigan na lalapit at tutulong sa kanila. Sa kaunting pagsisikap, marami sa kanila ang maaaring muling maibalik sa piging ng hapag ng Panginoon.

Mga kapatid, umaasa ako, dumadalangin ako, na bawat isa sa atin . . . ay magpapasiyang hanapin ang mga taong nangangailangan ng tulong, na nasa mapanganib at mahirap na kalagayan, at bigyang-sigla sila sa diwa ng pagmamahal tungo sa Simbahan, kung saan naroon ang malalakas na kamay at mapagmahal na mga puso na malugod na tatanggap sa kanila, na aalo sa kanila, magtataguyod sa kanila, at maghahatid sa kanila sa maligaya at kapaki-pakinabang na buhay.[13]

4

**Bawat isa sa atin ay pioneer.**

Mabuting lingunin ang nakaraan para mapahalagahan ang kasalukuyan at magkaroon ng magandang pananaw sa hinaharap. Mabuting masdan ang mabubuting katangian ng mga nauna sa atin, upang magkaroon ng lakas para sa anumang naghihintay sa atin sa hinaharap. Mabuting pagnilayan ang gawain ng mga taong iyon na nagsumigasig nang husto at kakaunti ang napala sa mundong ito, ngunit mula sa kanilang mga pangarap at maaagang plano, na pinangalagaan nila nang husto, ay nakinabang tayo nang husto sa mga ibinunga nito. Ang napakadakila nilang halimbawa ay maaaring makaganyak sa ating lahat, sapagkat ang bawat isa sa atin ay pioneer sa kanyang sariling buhay, kadalasan sa sarili niyang pamilya, at marami sa atin ang mga pioneer araw-araw sa pagsisikap na simulang itatag ang ebanghelyo sa malalayong lugar ng mundo.[14]

Tayo ay mga pioneer pa rin. Hinding-hindi tayo tumigil sa pagiging pioneer mula noong panahong . . . lisanin ng ating mga tao ang Nauvoo at dumating . . . kalaunan sa lambak ng Great Salt Lake. May kasama iyong pakikipagsapalaran. Ngunit ang layon ay makahanap ng lugar kung saan sila makapaninirahan at maaaring sambahin ang Diyos ayon sa dikta ng budhi. . . .

Ngayon, pinalalawak pa rin natin ang gawain sa iba't ibang panig ng mundo papunta sa mga lugar na [minsan] ay tila hindi posibleng



*"Kung may mga ninuno kang pioneer o kahapon ka lang sumapi sa Simbahan, ikaw ay bahagi ng malaking larawang ito."*

mapasok. . . . Personal kong nasaksihan ang paglago ng Simbahan sa Pilipinas. Nagkaroon ako ng pribilehiyong pasimulan ang gawaing misyonero doon noong 1961, nang makakita kami ng isang katutubong Pilipinong miyembro ng Simbahan sa isang pulong na idinaos namin noong Mayo ng 1961. [Noong 1996] nasa Manila kami at nagtipon ang isang kongregasyon . . . ng mga 35,000 tao sa malaking Araneta Coliseum. . . . Para sa akin isa itong himala [mula] nang buksan namin ang gawain sa dakilang lupain ng Pilipinas [tingnan sa mga pahina 33-34 para sa dagdag na kaalaman tungkol sa karanasang ito].

Itinatatag natin ang gawain sa lahat ng dako, at kailangan diyan ang pagiging pioneer. Ang ating mga missionary ay hindi karaniwang nasa pinakamaayos na sitwasyon kapag pumupunta sila sa ilan sa mga lugar na ito, ngunit sila ay sumusulong at ginagawa ang kanilang gawain, at nagbubunga ito. Sa madaling panahon

may ilang miyembro na tayo, pagkatapos ay isandaang miyembro, at pagkatapos ay limandaang miyembro, at pagkatapos ay isang libong miyembro.[15]

Ang mga araw ng pagiging pioneer sa Simbahan ay taglay pa rin natin; hindi ito nagwakas sa may takip na mga bagon at kariton. . . . Ang mga pioneer ay matatagpuan sa mga missionary na nagtuturo ng ebanghelyo at natatagpuan sila sa mga nabinyagan sa Simbahan. Karaniwan ay mahirap ito para sa bawat isa sa kanila. Lagi itong may kasamang pagsasakripisyo. Maaaring may kasama itong panguusig. Ngunit ito ang halagang handang tanggapin, at ang halagang katumbas ng tiniis ng mga taong tumawid sa kapatagan sa dakilang gawain ng pagiging pioneer mahigit isang siglo na ang nakararaan.[16]

Kung may mga ninuno kang pioneer o kahapon ka lang sumapi sa Simbahan, ikaw ay bahagi ng malaking larawang ito na pinangarap ng mga lalaki at babaing iyon. Napakalaki ng kanilang gawain. Ang sa atin ay patuloy na malaking responsibilidad. Sila ang naglatag ng pundasyon. Sa atin ang tungkulin na itayo ito.

Namuno sila at itinuro ang landas. Obligasyon nating palakihin at palawakin at palakasin ang landas na iyon hanggang sa masakop nito ang buong mundo. . . . Pananampalataya ang gumagabay na alituntunin sa mahihirap na panahong iyon. Pananampalataya ang gabay na alituntunin na dapat nating sundin ngayon.[17]

5

## Iginagalang natin ang mga sakripisyo at pamana ng mga pioneer sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang halimbawa at pagtatayo sa kanilang pundasyon.

Lubhang kagila-gilalas ang magkaroon ng isang dakilang pamana, mga kapatid. Malaking bagay ang malaman na may mga taong nauna at naghanda ng daan na dapat nating tahakin, na nagtuturo ng mga dakilang walang-hanggang alituntunin na dapat maging gabay na mga bituin ng ating buhay at ng mga susunod sa atin. Matutularan natin ngayon ang kanilang halimbawa. Ang mga pioneer ay mga taong may malaking pananampalataya, may napakalaking katapatan, napakasisipag, at talagang matatag at di nagmamaliw ang integridad.[18]

Narito tayo ngayon bilang mga tagatanggap ng malaking pagsisikap [ng mga pioneer]. Umaasa ako na tayo ay mapagpasalamat. Umaasa ako na tataglayin natin sa ating puso ang matinding pasasalamat sa lahat ng ginawa nila para sa atin.

. . . Tulad ng mga dakilang bagay na inasahan sa kanila, gayundin naman ang inaasahan nila sa atin. Alam natin ang ginawa nila sa kung ano ang mayroon sila. Mas marami pa tayong gagawin, na may kaakibat na matinding hamon na magpatuloy at itayo ang kaharian ng Diyos. Napakaraming gagawin. Inutusan tayo ng Diyos na ihatid ang ebanghelyo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao. Inutusan tayong magturo at magbinyag sa pangalan ng Panginoong Jesucristo. Sinabi ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas, "Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal" [Marcos 16:15]. . . .

Ang ating mga ninuno ay naglatag ng matibay at kagila-gilalas na pundasyon. Ngayon tayo ay may malaking pagkakataon na magtayo ng isang napakalaking istruktura, lahat ay lapat-na-lapat at kasama si Cristo bilang pangulong bato sa panulok.[19]

Kayo ay bunga ng lahat ng pagpaplano [ng mga pioneer] at ng lahat ng kanilang mga gawain. . . . Napakabubuting tao nila. Walang katulad ang kanilang malaking pagsisikap sa buong kasaysayan. . . . Pagpalain ng Diyos ang kanilang alaala sa ating ikabubuti. Kapag ang daan ay tila mahirap, kapag pinanghihinaan tayo ng loob at iniisip na nawala na ang lahat, maaari tayong bumaling sa kanila at tingnan kung gaano kalala ang kanilang kalagayan noon. Kapag iniisip natin ang tungkol sa hinaharap, makakaasa tayo sa kanila at sa kanilang magandang halimbawa ng pananampalataya. . . .

Sa gayon kalaking mana, kailangan tayong sumulong. Hindi tayo dapat magpabaya. Kailangan tayong sumulong nang may layunin at determinasyon. Kailangan tayong lumakad nang may integridad. Kailangan nating "tama'y gawin [at] ang bunga'y makikita" ("Gawin ang Tama," *Mga Himno,* 2001, blg. 144).[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit mahalaga ang pananampalataya sa mga pioneer na gustong magtipon sa Salt Lake Valley? (Tingnan sa bahagi 1.) Paano nila isinagawa ang kanilang pananampalataya? Paano natin maisasagawa ang ating pananampalataya para maisakatuparan ang "dakilang hinaharap" na naghihintay sa atin?
- Itinuro ni Pangulong Hinckley na inasam ng mga naunang pioneer ang hinaharap, at Sion ang kanilang "malaking mithiin," "malaking pag-asa," at "pangarap" (bahagi 2). Sa palagay ninyo bakit ito mabisang panghihikayat sa mga naunang pioneer? Anong katulad na mga pag-asa ang nakahihikayat sa atin ngayon?
- Ano ang hinahangaan ninyo tungkol sa kuwento ni Pangulong Hinckley ng pagliligtas ng mga Willie at Martin handcart pioneer? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano ipinapakita ng panawagan ng pagsagip ni Brigham Young ang kanyang inspirasyon bilang propeta? Ano ang matututuhan natin mula sa mga taong tumugon sa kanyang panawagan? Ano ang magagawa natin upang iligtas at pasiglahin ang mga taong nangangailangan ngayon?
- Paano nakakatulong sa inyo ang paglingon sa nakaraan para "magkaroon ng pagpapahalaga sa kasalukuyan at pananaw sa hinaharap"? (Tingnan sa bahagi 4.) Sa anong mga paraan matatawag na pioneer ang bawat isa sa atin?
- Bakit mabuti para sa atin ang igalang ang mga naunang pioneer? (Tingnan sa bahagi 5.) Sa paanong paraan pinagpapala ang lahat ng miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng pananampalataya at sakripisyo ng mga pioneer na iyon? Paano makatutulong sa atin ang mga halimbawa ng mga pioneer noong araw habang nahaharap tayo sa mga hamon?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 25:40; Eter 12:6–9; D at T 64:33–34; 81:5; 97:8–9; 98:1–3

*Tulong sa Pagtuturo*

"Ang makabuluhang mga talakayan ay mahalaga sa karamihan ng pagtuturo ng ebanghelyo. . . . Sa pamamagitan ng maayos na napamunuang mga talakayan, ang interes at pagiging atentibo ng

nag-aaral ay nag-iibayo. Bawat [isa] ay hinihikayat na aktibong tumulong sa proseso ng pagkatuto. . . . Magtanong ng mga katanungang makapaghihikayat ng mga punang [pinag-isipang] mabuti at makatutulong sa bawat isa na tunay na pagbulay-bulayin ang ebanghelyo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 78).

## *Mga Tala*


1. "Keep the Chain Unbroken" (Brigham Young University devotional, Nob. 30, 1999), 2, speeches.byu.edu.
2. Mensaheng ibinigay sa Guatemala City North at South Regional Conference, Ene. 26, 1997, 2; Church History Library, Salt Lake City.
3. Mensaheng ibinigay sa miting ng mga miyembro sa Bangkok, Thailand, Hunyo 13, 2000, 2; Church History Library, Salt Lake City.
4. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 360–61.
5. "The Faith of the Pioneers," *Ensign,* Hulyo 1984, 3.
6. "God Grant Us Faith," *Ensign,* Nob. 1983, 52–53.
7. "The Faith of the Pioneers," 5–6.
8. "God Grant Us Faith," 53.
9. "These Noble Pioneers" (Brigham Young University devotional, Peb. 2, 1997), 1–2, speeches.byu.edu.
10. "Stay the Course—Keep the Faith," *Ensign,* Nob. 1995, 72.
11. "Reach with a Rescuing Hand," *Ensign,* Nob. 1996, 85–86.
12. "Ang Pananampalatayang Makapaglilipat ng mga Bundok," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2006, 84.
13. "Reach with a Rescuing Hand," 86.
14. "The Faith of the Pioneers," 3.
15. Sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 592.
16. Sa Gerry Avant, "Present-Day Pioneers: Many Are Still Blazing Gospel Trails," *Church News,* Hulyo 24, 1993, 6.
17. "These Noble Pioneers," 2, 4.
18. "These Noble Pioneers," 2.
19. "True to the Faith," *Ensign,* Mayo 1997, 66–67.
20. "These Noble Pioneers," 2, 6.



*"Bawat isa sa inyo ay anak na babae ng Diyos. Isipin ang lahat ng kamangha-manghang kahulugan ng isang napakahalagang katotohanang iyan."*

KABANATA 5

# Mga Anak na Babae ng Diyos

*"Kagila-gilalas ang kapangyarihan ng kababaihang may pananampalataya."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Buong buhay niya, si Gordon B. Hinckley ay nagpahayag ng pasasalamat para sa mga kakayahan at kontribusyon ng kababaihan. Ipinahayag din niya ang kanyang malakas na patotoo tungkol sa kahalagahan ng kababaihan sa walang hanggang plano ng Diyos. Siya ay nagalak sa dumaraming mga oportunidad ng kababaihan, gayundin sa kanilang pananampalataya sa Tagapagligtas at sa katapatan nila sa kanilang mga pamilya at sa Simbahan.

Ang ina ni Gordon B. Hinckley na si Ada, ay matalino at edukada at mahilig sa literatura, musika, at sining. Sa edad na 29, ikinasal siya sa balong si Bryant Hinckley at inako ang responsibilidad sa pag-aalaga sa walong anak na nagdadalamhati noon sa pagkamatay ng kanilang ina. Inalagaan niya sila nang may pagmamahal, ibinigay sa kanila ang suportang kailangan nila, at natutong pamahalaan ang isang malaking pamilya. Si Gordon ang panganay sa limang anak nina Ada at Bryant. Bagama't namatay si Ada noong 20 taong gulang si Gordon, ang kanyang mga turo at halimbawa ay nanatiling puwersa sa kabutihan sa buong buhay ni Gordon. Kapag nagsasalita siya noon tungkol sa kanyang ina, lagi niyang binabanggit ang napakalaking impluwensya sa kanya ng kanyang ina.

Ang asawa ni Gordon B. Hinckley na si Marjorie Pay, ay nagkaroon din ng malaking impluwensya sa kanya. Siya ay isang matatag na babae na tapat sa ebanghelyo ni Jesucristo. Siya ay may pambihirang pananampalataya, masayang disposisyon, at mahal niya ang buhay. Sa isang magiliw na liham sa kanyang asawa, ipinahayag ni Pangulong Hinckley ang kanyang pagmamahal at paggalang:

"Magkasama tayong naglakbay sa malalayong lugar. Binisita natin ang bawat kontinente. Nagdaos tayo ng mga miting sa malalaking lungsod ng mundo at sa maraming maliliit na lungsod. . . . Nagsalita tayo sa milyun-milyong tao na labis na nagpahalaga sa iyo. Sa iyong pamilyar na mga salita napamahal ka sa lahat ng nakarinig sa iyo. Ang iyong praktikal at makabuluhang pananaw, ang iyong pagkamasayahin at nagpapasiglang katalinuhan, ang iyong tahimik at walang-maliw na karunungan, at iyong napakalaki at walang kupas na pananampalataya ay bumihag sa puso ng lahat ng nakarinig sa iyo. . . . Ang iyong matinding pagkahilig sa pagbabasa at walang-humpay na paghahangad ng kaalaman ang dahilan kaya ikaw ay nanatiling alisto at kinagigiliwan sa mahaba at kapaki-pakinabang na buhay."[1]

Si Pangulong Hinckley ay madalas magsalita noon tungkol sa banal na katangian ng kababaihan at hinikayat silang magpatuloy sa pagkakamit ng mithiin at pananampalataya. Sa mga kabataang babae, ipinahayag niya: "Kayo ay literal na anak ng makapangyarihang Diyos. Walang hangganan ang inyong potensyal. Kung magagawa ninyong kontrolin ang inyong buhay, ang hinaharap ay puno ng mga oportunidad at kasiyahan. Hindi ninyo dapat sayangin ang inyong mga talento o ang inyong panahon. Malalaking oportunidad ang naghihintay sa inyo."[2] Hinggil sa nakatatandang kababaihan, sinabi niya: "Kailangan ng daigdig ang impluwensya ng kababaihan at kanilang pagmamahal, kanilang pag-alo, at kanilang lakas. Kailangan ng ating malupit na kapaligiran ang kanilang nakahihikayat na tinig, ang kagandahan na tila sadyang likas sa kanila, ang diwa ng pag-ibig sa kapwa ay isang katangiang namana nila."[3]

Sa pangkalahatang kumperensya kasunod ng pagkamatay ng kanyang pinakamamahal na kabiyak na si Marjorie, tinapos ni Pangulong Hinckley ang isa sa kanyang mensahe sa taos-pusong pagpapahayag ng pasasalamat: "Labis ang pasasalamat ko, labis ang pasasalamat nating lahat, sa kababaihan sa ating buhay. Pagpalain sila ng Diyos. Nawa ang Kanyang dakilang pagmamahal ay magpadalisay sa kanila at koronahan sila ng liwanag at ganda, biyaya at pananampalataya."[4]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

**1**

### Ang kababaihan ay may mataas at sagradong lugar sa walang hanggang plano ng Diyos.

Bawat isa sa inyo ay anak na babae ng Diyos. Isipin ang lahat ng kamangha-manghang kahulugan ng isang napakahalagang katotohanang iyan. . . .

Ipinaaalala ko sa inyo ang salitang sinabi ni Propetang Joseph sa kababaihan ng Relief Society noong Abril 1842. Sabi niya: "Kung magiging marapat kayo sa inyong mga pribilehiyo, hindi mapipigilan ang mga anghel na makihalubilo sa inyo" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 532]. Kagila-gilalas ang potensyal na taglay ninyo.[5]

Napakahalaga ninyo, bawat isa sa inyo. . . . Mataas at sagrado ang lugar na kinalalagyan ninyo sa walang hanggang plano ng Diyos, na ating Ama sa Langit. Kayo ay Kanyang mga anak na babae, Kanyang itinatangi, minamahal Niya, at napakahalaga sa Kanya. Ang Kanyang dakilang plano ay hindi magtatagumpay kung wala kayo.[6]

Hayaang sabihin ko sa inyong kababaihan na mahalaga ang inyong katayuan sa plano ng ating Ama para sa walang-hanggang kaligayahan at kapakanan ng Kanyang mga anak. Kayo ay tunay na mahalagang bahagi ng planong iyon. Kung wala kayo hindi maisasagawa ang plano. Kung wala kayo ang buong plano ay mawawalang-saysay.[7]

Dumating sa inyo bilang inyong pagkapanganay ang isang bagay na maganda at sagrado at banal. Huwag itong kalimutan kailanman. Ang inyong Amang Walang Hanggan ang dakilang Panginoon ng sansinukob. Siya ang namamahala sa lahat, ngunit pakikinggan din Niya ang inyong mga dalangin bilang Kanyang anak na babae at diringgin kayo habang nakikipag-usap kayo sa Kanya. Sasagutin Niya ang inyong mga dalangin. Hindi Niya kayo iiwang mag-isa.[8]

## 2

## Ang payo ng Panginoon kay Emma Smith ay angkop sa lahat.

Ang ikadalawampu't limang bahagi ng Doktrina at mga Tipan . . . ay isang paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph na Propeta, sa kanyang asawang si Emma. . . . Sinabi niya kay Emma, at sa bawat isa sa atin:

"Isang paghahayag ang ibinibigay ko sa iyo hinggil sa aking kalooban; at kung ikaw ay magiging matapat at lumalakad sa landas ng kabanalan sa harapan ko, aking pangangalagaan ang iyong buhay, at ikaw ay makatatanggap ng mana sa Sion" [D at T 25:2; tingnan din sa talata 16]. . . .

Talagang hawak ng bawat isa sa atin ang susi sa mga pagpapala ng makapangyarihang Diyos sa atin. Kung nais natin ang mga pagpapala, dapat nating tumbasan ang halaga. Bahagi ng halagang iyon ay nakasalalay sa pagiging matapat. Matapat saan? Matapat sa ating sarili, sa abot-kaya ng ating kalooban. Hindi dapat maliitin ng sinumang babae ang kanyang sarili, hamakin ang kanyang sarili, o maging mababa ang tingin sa kanyang mga kakayahan. Hayaang maging tapat ang bawat isa sa dakila, at banal na katangian na nasa kanyang kalooban. Maging tapat sa ebanghelyo. Maging tapat sa Simbahan. May mga tao sa ating paligid na naghahangad na pahinain ang mga ito, na naghahanap ng mga kahinaan sa naunang mga pinuno nito, na naghahanap ng mali sa mga programa nito, na namimintas dito. Ibinibigay ko sa inyo ang aking patotoo na ito ang gawain ng Diyos, at ang mga taong nagsasalita laban dito ay nagsasalita laban sa Kanya.

Maging tapat sa kanya. Siya ang tunay na pinagmumulan ng inyong lakas. Siya ang inyong Ama sa Langit. Siya ay buhay. Diniriniig at sinasagot Niya ang mga panalangin. Maging tapat sa Diyos.

At sinabi pa ng Panginoon kay Emma, "Kung ikaw . . . ay lumalakad sa landas ng kabanalan."

Palagay ko bawat babae . . . ay nauunawaan ang kahulugan niyon. Nadarama ko na ang mga salitang iyon ay ibinigay kay Emma Smith, at sa ating lahat, bilang kundisyon na dapat sundin para tayo ay makatanggap ng mana sa kaharian ng Diyos. Ang kawalan ng

kabanalan ay talagang hindi tugma sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. Wala nang mas gaganda pa sa kabanalan. Walang lakas na higit kaysa sa lakas ng kabanalan. Walang karangalan na makatutumbas sa karangalan ng kabanalan. Walang kalidad na higit na nakatataba ng puso, walang kasuotan na higit na kaakit-akit. . . .

Si Emma ay tinawag na "hinirang na babae" [D at T 25:3]. Ibig sabihin, kung gagamitin ang isa pang linya sa banal na kasulatan, siya ay isang "piling sisidlan ng Panginoon." (Tingnan sa Moro. 7:31.) Bawat isa sa inyo ay hinirang na babae. Naparito kayo sa mundo bilang kabahagi ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Nakagawa na kayo ng pagpili, at kung namumuhay kayo nang karapat-dapat dito, igagalang kayo rito ng Panginoon at dadagdagan ang inyong kakahayan. . . .

Si Emma ay oordenan[9] noon sa ilalim ng kamay ni Joseph "upang magpaliwanag ng mga banal na kasulatan, at upang manghikayat sa simbahan, alinsunod sa ibibigay sa iyo ng aking Espiritu" [D at T 25:7].

Siya ay magiging guro. Siya ay magiging guro ng kabutihan at katotohanan. Sapagkat sinabi ng Panginoon hinggil sa pagtawag na ito sa kanya, "Iyong matatanggap ang Espiritu Santo, at ang iyong panahon ay ilalaan sa pagsusulat, at sa pag-aaral nang lubos" [D at T 25:8].

Pag-aaralan niya ang ebanghelyo. Pag-aaralan din niya ang mga bagay ng mundo na kanyang ginagalawan. Nilinaw ito sa kasunod na mga paghahayag na angkop sa ating lahat. Ilalaan niya ang kanyang oras sa "pag-aaral nang lubos." Siya ay magsusulat, para ipahayag ang kanyang iniisip.

Sa inyong kababaihan ngayon, na matanda o bata, hayaang imungkahi ko na magsulat kayo, na mag-ingat kayo ng journal, na ipahayag ninyo ang inyong mga iniisip sa papel. Ang pagsusulat ay matinding disiplina. Ito ay napakalaking pagsisikap sa pag-aaral. Tutulungan kayo nito sa iba't ibang paraan, at pagpapalain ninyo ang buhay ng marami. . . .

Sa wika ng paghahayag, si [Emma] ay tinawag upang "magpaliwanag ng mga banal na kasulatan, at upang manghikayat sa simbahan, alinsunod sa ibibigay sa iyo ng aking Espiritu."

Isang kahanga-hangang utos sa kanya at sa lahat ng kababaihan ng Simbahang ito. Kailangang magkaroon ng pag-aaral, kailangang magkaroon ng paghahanda, kailangang magkaroon ng kaayusan ng pag-iisip, kailangang may pagpapaliwanag ng mga banal na kasulatan, kailangang magkaroon ng panghihikayat sa mabubuting gawa ayon sa paggabay ng Banal na Espiritu.

Nagpatuloy ang Panginoon, "Sinasabi ko sa iyo na iyong isantabi muna ang mga bagay ng daigdig na ito, at hangarin ang mga bagay na mas mabuti" [D at T 25:10].

Pakiramdam ko ay hindi niya sinasabi kay Emma na hindi siya dapat mag-alala tungkol sa lugar na titirhan, sa pagkain sa kanyang mesa, at damit. Sinasabi niya kay Emma na hindi niya dapat pakaisipin ang mga bagay na ito, gaya ng nakakagawian ng marami sa atin. Sinasabihan niya si Emma na mas ituon ang isipan sa mas matataas na bagay sa buhay, sa mga bagay na ukol sa katuwiran at kabutihan, sa mga bagay na ukol sa pagkakawanggawa at pag-ibig sa kapwa, sa mga bagay na ukol sa kawalang-hanggan. . . .

Sa pagpapatuloy, sinabi ng Panginoon: "Dahil dito, pasiglahin ang iyong puso at magalak, at tuparin ang mga tipan na iyong ginawa" [D at T 25:13].

Naniniwala ako na sinasabi niya sa bawat isa sa atin na maging masaya. Ang ebanghelyo ay mensahe ng kagalakan. Binibigyan tayo nito ng dahilan para magalak. Siyempre may mga panahon ng kalungkutan. Siyempre may mga oras ng pag-aalala at pagkabahala. Lahat naman tayo ay nag-aalala. Ngunit sinabi sa atin ng Panginoon na pasiglahin ang ating puso at magalak.[10]

3

## Ang mga ina ay may sagradong tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa kabutihan at katotohanan.

Ang tunay na kalakasan ng alinmang bansa, lipunan, o pamilya ay nakasalalay sa mga katangian ng pagkatao na tinaglay ng mga anak na tinuruan araw-araw sa tahimik at simpleng paraan ng mga ina.[11]

Ang tahanan ang nagtataguyod at nangangalaga sa mga bagong henerasyon. Umaasa ako na sa huli ay matatanto ninyong mga ina na walang higit na nakahihikayat na responsibilidad, na



*"Pagpalain nawa ng Diyos kayong mga ina! . . . Kayo ay paroroon, kailangang naroon kayo, bilang lakas para sa bagong henerasyon."*

pagkakalooban ng mas malalaking gantimpala, kaysa sa pag-aaruga ninyo sa inyong mga anak sa isang kapaligiran na may seguridad, kapayapaan, patnubay, pagmamahal, at panghihikayat na umunlad at gumawa nang mabuti.[12]

Ipinaaalala ko sa mga ina sa lahat ng dako ang kabanalan ng inyong tungkulin. Walang ibang sapat na makahahalili sa inyong ginagampanan. Walang responsibilidad na mas malaki, walang obligasyon na mas nagbibigkis kaysa sa pagpapalaki ninyo nang may pagmamahal at kapayapaan at integridad sa mga anak na iniluwal ninyo sa daigdig.[13]

Palakihin ang inyong mga anak sa liwanag at katotohanan. Turuan silang manalangin habang bata pa sila. Basahan sila mula sa mga banal na kasulatan kahit na maaaring hindi nila nauunawaan ang lahat ng binabasa ninyo. Turuan silang magbayad ng kanilang ikapu at handog sa unang perang matatanggap nila. Hayaang makagawian nila ito sa kanilang buhay. Turuan ang inyong mga anak na lalaki na igalang ang [kababaihan]. Turuan ang inyong mga anak na babae na lumakad sa kabanalan. Tumanggap ng responsibilidad sa Simbahan, at magtiwala sa Panginoon na tutulungan kayong pumantay

sa anumang tawag o tungkulin na matatanggap ninyo. Ang inyong halimbawa ay magtatakda ng huwaran para sa inyong mga anak.[14]

Pagpalain nawa ng Diyos kayong mga ina! Kapag lahat ng tagumpay at pagkatalo ng pagsisikap ng mga tao ay binilang na, kapag nagsimula nang mapawi ang mga pakikidigma sa buhay, kapag ang lahat ng pinaghirapan natin nang husto sa mundong ito ay naglaho na sa ating mga paningin, naroroon kayo, kailangang naroroon kayo, bilang lakas para sa bagong henerasyon, ang walang katapusang pagsulong ng sangkatauhan. Ang magiging kalidad nito ay depende sa inyo.[15]

4

## Ang kababaihan ay may malaking responsibilidad sa gawain ng kaligtasan.

Malakas at malaki ang kakayahan ng kababaihan ng Simbahang ito. May pamumuno at patutunguhan, isang tiyak na diwa ng kasarinlan, gayunman may malaking kasiyahan sa pagiging bahagi ng kahariang ito ng Panginoon, at sa pakikiisa sa pagtulong sa priesthood upang maisulong ito.[16]

Binigyan ng Diyos ang kababaihan ng simbahang ito ng gawain sa pagtatayo ng kanyang kaharian. May kinalaman ito sa lahat ng aspeto ng ating dakilang responsibilidad na may tatlong bahagi—una, na ituro ang ebanghelyo sa mundo; ikalawa, palakasin ang pananampalataya at gawing maligaya ang mga miyembro ng Simbahan; at, pangatlo, itaguyod ang dakilang gawain ng kaligtasan para sa mga patay.[17]

Ang kababaihan sa Simbahan ang kasama ng kanilang mga kapatid na kalalakihan sa pagtataguyod ng dakilang gawaing ito ng Panginoon. . . . Ang mga babae ay may napakalaking responsibilidad at pananagutan nilang isakatuparan ang mga responsibilidad na iyon. Pinamumunuan nila ang sarili nilang mga organisasyon, at ang mga organisasyong iyon ay matatag at maaaring magsakatuparan at malaking puwersa sa kabutihan sa mundo. Sila ay nagsisilbing katuwang ng priesthood, lahat ay nagsisikap na itayo ang kaharian ng Diyos sa lupa. Ikinararangal at iginagalang namin kayo sa inyong kakayahan. Inaasahan namin ang pamumuno, at lakas, at kahanga-hangang mga resulta mula sa inyong pangangasiwa sa

mga organisasyong ito na responsibilidad ninyo. Sinusuportahan at sinasang-ayunan namin kayo bilang mga anak na babae ng Diyos, na nakikipagtulungan sa kanya sa pagsasakatuparan ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng lahat ng mga anak na lalaki at [anak na] babae ng Diyos.[18]

5

### Ang Relief Society ay pinagmumulan ng walang-kapantay na mga pagpapala.

Ang kababaihan ng Relief Society ay literal na yakap hanggang sa walang hanggan ng bisig ng ating Panginoon. Sa palagay ko, ito ang pinakadakilang samahan ng kababaihan sa buong mundo. Ito ay likhang bigay ng Diyos. Nagsalita si Joseph Smith at kumilos bilang propeta nang iorganisa niya ang Relief Society noong 1842.[19]

Tunay na napakahalaga na manatiling matatag at di natitinag ang kababaihan ng Simbahan sa bagay na wasto at angkop sa ilalim ng plano ng Panginoon. Kumbinsido ako na wala nang iba pang organisasyon kahit saan na makapapantay sa Relief Society ng Simbahang ito. . . . Kung magkakaisa [ang mga miyembro nito] at magsasalita nang may iisang tinig, hindi masusukat ang kanilang lakas.[20]

Dumalo ako sa isang stake conference kung saan ang isang bata pang babae, na pangulo ng Relief Society sa isang singles ward, ay nagsalita tungkol sa paglilingkod at sa dakilang oportunidad na ibinigay sa mga kabataang babae sa kanyang ward. Nasa inyo ang lahat ng ito. May sarili kayong organisasyon. Nasa inyo ang mga lider na kayang magpayo sa inyo. Nasa inyo ang mga taong tutulong sa inyo sa mga oras ng problema at pangamba.[21]

Sino ang makasusukat sa mahimalang epekto sa buhay ng milyun-milyong kababaihan na nagkaroon ng dagdag na kaalaman, na nagkaroon ng malawak na pananaw, lumawak ang buhay, at ang pag-unawa sa mga bagay ng Diyos ay pinagyaman dahil sa napakaraming aral na mabisang itinuro at natutuhan sa mga miting ng Relief Society?

Sino ang makasusukat sa kagalakang dumating sa buhay ng mga babaeng ito habang magkakasama sila, nakikihalubilo sa ward o branch, pinagyayaman ang buhay ng bawat isa sa pamamagitan ng matatamis at pinahahalagahang samahan?



*"Inaanyayahan ko . . . kayong gamitin ang dakilang potensyal ninyo."*

Sino, kahit sa hinagap, ang makakaunawa sa di mabilang na pagkakawanggawa, sa pagkaing naihain sa mga mesang walang-laman, sa pananampalatayang napangalagaan sa mga oras ng karamdaman, sa mga sugat na nabigyang-lunas, sa pait na napawi ng mapagmahal na mga kamay at tahimik at nakapapanatag na mga salita, sa kaaliwan na naiparating sa oras ng kamatayan at dulot nitong kalungkutan? . . .

Walang sinumang maaaring makabilang sa mga proyekto na isinagawa at nakumpleto ng mga lokal na Relief Society. Walang sinumang maaaring makatantiya sa kabutihang dumating sa buhay ng mga babaing kabilang sa mga organisasyong ito at sa mga taong nakinabang sa kanilang mabubuting gawa. . . .

Pagpalain ng Diyos ang Relief Society ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nawa ang diwa ng pag-ibig na nakahikayat sa mga miyembro nito . . . ay patuloy na lumago at madama sa lahat ng dako ng mundo. Nawa maantig tungo sa kabutihan ng kanilang mga pagkakawanggawa ang buhay ng marami saanman isagawa ang mga ito. At nawa ang liwanag at

pang-unawa, pagkatuto at kaalaman, at walang hanggang katotohanan ang magpala sa buhay ng kababaihan sa darating na mga henerasyon, sa lahat ng bansa ng mundo, dahil sa kakaibang samahang ito na itinatag ng langit.[22]

**6**

**Pantayan ang kabanalang nasa inyong kalooban.**

Kayo ay malaking kalipunan ng kababaihan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. . . . Walang sinumang makapagsasabi kung gaano katindi ang magiging puwersa ninyo sa kabutihan. . . . Inuutusan ko kayong manindigan at maging matatag sa pagtatanggol sa mga dakilang katangian na siyang lakas sa pag-unlad ng ating lipunan. Kapag kayo ay nagkakaisa, ang inyong kapangyarihan ay walang hangganan. Maaari ninyong magawa ang anumang bagay na gusto ninyong maisakatuparan. At ah, tunay na kailangan kayo sa mundong gumuguho na ang pinahahalagahan kung saan ang kaaway ang tila kumokontrol dito.[23]

Gusto kong anyayahan ang kababaihan sa lahat ng dako na manindigan sa inyong dakilang potensyal. Hindi ko hinihiling na abutin ninyo ang hindi ninyo kayang abutin. Umaasa ako na hindi ninyo pahihirapan ang inyong sarili sa pag-iisip na bigo kayo. Umaasa ako na hindi ninyo sisikaping magtakda ng mga mithiing hindi ninyo kayang kamtin. Umaasa ako na gagawin lang ninyo ang magagawa sa pinakamainam na paraan na alam ninyo. Kung gagawin ninyo ito, masasaksihan ninyo ang mga himalang mangyayari.[24]

Nagpapasalamat ako sa inyo na matatapat na kababaihang Banal sa mga Huling Araw, na ngayon ay milyun-milyon na at matatagpuan sa iba't ibang panig ng mundo. Napakalaki ng inyong impluwensya sa kabutihan. Kagila-gilalas ang inyong mga talento at katapatan. Napakalaki ng inyong pananampalataya at pagmamahal sa Panginoon, sa Kanyang gawain, at sa Kanyang mga anak. Patuloy na ipamuhay ang ebanghelyo. Hayaang makita ito ng lahat ng taong nakakasalamuha ninyo. Mas makaiimpluwensya ang inyong mabubuting gawa kaysa anumang salitang bibigkasin ninyo. Lumakad sa kabanalan at katotohanan, sa pananampalataya at katapatan. Kayo ay bahagi ng walang hanggang plano, isang planong dinisenyo ng

Diyos na ating Amang Walang Hanggan. Bawat araw ay bahagi ng kawalang-hanggan na iyon.

Alam ko na marami sa inyo ay may mabibigat na pasanin. Nawa ang mga kasamahan ninyo sa Simbahan, ang inyong mga kapatid, ay makatulong sa mga pasaning iyon. Nawa ay makarating ang inyong mga panalangin sa Kanya na siyang makapangyarihan sa lahat, na nagmamahal sa inyo, at makapagbibigay ng mga puwersa at bagay na makatutulong sa inyo. Ito ay gawain ng mga himala. Alam ninyo ito, at alam ko ito. Madali para sa akin na sabihin sa inyo na huwag panghinaan ng loob, ngunit sasabihin ko pa rin ito, sa paghikayat ko sa inyo na sumulong nang may pananampalataya.[25]

Kagila-gilalas ang kapangyarihan ng kababaihan na may pananampalataya. Paulit-ulit itong naipamalas sa kasaysayan ng simbahang ito. Patuloy pa rin ito sa atin ngayon. Palagay ko ito ay bahagi ng kabanalan na nasa inyong kalooban.

Mga kapatid, manindigan sa kabanalang iyon. Sa pagsisikap na iyan gawin ang mundo na inyong ginagalawan na mas mainam na lugar para sa inyong sarili at sa lahat ng susunod sa inyo.[26]

Salamat sa Diyos sa napakababait na kababaihan ng Simbahang ito. Nawa ay itanim niya sa inyong mga puso na ipagmalaki ang inyong mga kakayahan at pananalig sa katotohanan na magsisilbing timon para manatili kayong ligtas sa kabila ng bawat bagyo.[27]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Ano ang natutuhan natin mula kay Pangulong Hinckley tungkol sa nadarama ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak na babae? (Tingnan sa bahagi 1.) Bakit mahalaga na maunawaan natin ang "mataas at sagradong lugar" ng kababaihan sa walang hanggang plano ng Diyos?

- Anong mga aspeto ng payo ng Panginoon kay Emma Smith ang nakatulong nang malaki sa inyo? (Tingnan sa bahagi 2.) Ano ang matututuhan natin mula sa bahagi 2 tungkol sa pagiging matapat? Ano ang matututuhan natin tungkol sa pagiging "hinirang na babae"? Ano ang matututuhan natin kung paano ipamuhay ang mga banal na kasulatan sa ating sarili?

- Ano ang inyong mga impresyon habang binabasa ninyo ang payo ni Pangulong Hinckley sa mga ina? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano kayo napagpala ng impluwensya ng isang ina? Para sa mga magulang, bakit "walang obligasyon na hihigit" sa pagpapalaki ng kanilang mga anak "nang may pagmamahal at kapayapaan at integridad"?
- Anong mga halimbawa ang nakita ninyo ukol sa "lakas at malaking kakayahan" ng kababaihan sa Simbahan? (Tingnan sa bahagi 4.) Ano ang ilang paraan na makatutulong sa kababaihan na isakatuparan "ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng lahat ng mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos"? Bakit mahalaga na magtulungan ang kalalakihan at kababaihan upang isulong ang gawain ng Panginoon? Ano ang ilang halimbawa na nakita ninyo tungkol dito?
- Basahing muli ang mga pagpapalang dulot ng Relief Society, tulad ng pag-outline ni Pangulong Hinckley sa bahagi 5. Anong mga pagpapala ang dumating sa inyo mula sa mga pagsisikap ng kababaihan ng Relief Society, pati na ang mga naglilingkod sa Young Women at Primary? Paano ninyo mapalalakas ang Relief Society sa inyong ward? Paano matutulungan ng Relief Society ang kababaihan na dagdagan ang kanilang impluwensya sa kabutihan?
- Pag-isipan ang panghihikayat ni Pangulong Hinckley na "manindigan sa mga dakilang potensyal na nasa inyong kalooban" (bahagi 6). Paano tayo magkakaroon ng mas magandang pananaw ukol sa nakikita ng Diyos na ating potensyal? Paano tayo uunlad tungo sa pagkakamit ng ating potensyal? Kailan ninyo nakita ang "kagila-gilalas . . . na kapangyarihan ng kababaihan ng pananampalataya"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mga Kawikaan 31:10–31; Lucas 10:38–42; Ang Mga Gawa 9:36–40; Mga Taga Roma 16:1–2; II Kay Timoteo 1:1–5; Alma 56:41–48

*Tulong sa Pagtuturo*

"Habang naghahanda kayong ituro ang bawat aralin, manalangin para sa Espiritu na tulungan kayo na malaman kung kailan ninyo ibabahagi ang inyong mga pinakabanal na damdamin. Maaari kayong maudyukan na magpatotoo [nang] maraming ulit habang nagkaklase,

hindi lamang sa katapusan ng aralin" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 54).

## *Mga Tala*

1. Sa *Glimpses into the Life and Heart of Marjorie Pay Hinckley,* ed. Virginia H. Pearce (1999), 194–95.
2. "Puspusin ng Kabanalan ang Iyong mga Iniisip nang Walang Humpay," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 115.
3. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 509–10.
4. "Ang Kababaihan sa Ating Buhay," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2004, 85.
5. "Manatiling Matatag laban sa Panlilinlang ng Mundo," *Ensign,* Nob. 1995, 98.
6. "Daughters of God," *Ensign,* Nob. 1991, 97.
7. "Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1996, 67.
8. "Manatili sa Mataas na Landas," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 112.
9. Ang paggamit ni Pangulong Hinckley ng *inordenan* ay nagpapakita sa paggamit ng salitang ito sa Doktrina at mga Tipan 25:7, at bahagi nito ay binanggit niya sa pangungusap na ito. Sa English edition ng mga banal na kasulatan, ang talababa sa salitang *inordenan* sa talatang ito ay nagsasabing "o itinalaga." Noong mga unang araw ng Panunumbalik, ang salitang *inordenan* at *itinalaga* ay madalas na ginagamit nang palitan; ang *inordenan* ay hindi laging tumutukoy sa mga katungkulan sa priesthood (tingnan, halimbawa, D at T 63:45).
10. "If Thou Art Faithful," *Ensign,* Nob. 1984, 90–92.
11. *Motherhood: A Heritage of Faith* (polyeto, 1995), 6.
12. "Manatiling Matatag Laban sa Panlilinlang ng Mundo," 99.
13. "Bring Up a Child in the Way He Should Go," *Ensign,* Nob. 1993, 60.
14. "Manatiling Matatag Laban sa Panlilinlang ng Mundo," 99.
15. *Motherhood: A Heritage of Faith,* 13.
16. "Women of the Church," 68.
17. "Live Up to Your Inheritance," *Ensign,* Nob. 1983, 84.
18. "If Thou Art Faithful," 89.
19. "Sa Bisig ng Kanyang Pagmamahal," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2006, 115.
20. "Pagiging Matatag at Di Natitinag," *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Ene. 10, 2004, 20.
21. "The BYU Experience" (Brigham Young University devotional, Nob. 4, 1997), 2, speeches.byu.edu.
22. "Ambitious to Do Good," *Ensign,* Mar. 1992, 4–6.
23. "Iyong Pinakamalaking Hamon, Ina," *Liahona,* Nob. 2000, 97.
24. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 696.
25. "Daughters of God," 100.
26. "Rise to the Stature of the Divine within You," *Ensign,* Nob. 1989, 97–98.
27. "Live Up to Your Inheritance," 84.

# Napakabisa ng Panalangin

*"Ang manawagan sa Panginoon para humingi ng karunungan nang higit sa alam na natin, para sa lakas na gawin ang dapat nating gawin, para sa kaginhawahan at kaaliwan, at para makapagpasalamat ay isang napakahalaga at kagila-gilalas na bagay."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

"Walang sinuman sa atin ang makakagawa nang tayo lamang mag-isa," sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley. "Kailangan natin ng tulong, ang uri ng tulong na maaaring dumating bilang sagot sa panalangin."[1] Ipinamuhay ni Pangulong Hinckley ang alituntuning ito sa mga desisyon na nakaharap niya bilang Pangulo ng Simbahan. Ganito ang sabi ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa kanya: "Siya ay isang matalinong tao na may pambihirang paghatol, ngunit kapag may nakaharap siyang problema na hindi malutas, lumuluhod siya para manalangin."[2]

Sinunod din ni Pangulong Hinckley at ng kanyang asawang si Marjorie ang alituntuning ito sa kanilang tahanan. Sabi ng anak nilang si Richard: "Wala akong maalaala na araw na hindi kami nanalangin bilang isang pamilya. Kapag si Itay na ang nagdarasal talagang taos-puso siyang nananalangin at hindi siya madrama o masyadong emosyonal. Nalaman namin nang husto kung gaano kalalim ang kanyang pananampalataya sa pakikinig sa kanyang pagdarasal. Buong paggalang at pagpipitagan niyang tinatawag ang Diyos, tulad marahil ng paggalang niya sa isang matalino at pinagpipitaganang guro, at taimtim niyang binabanggit ang Tagapagligtas. Bata pa ako ay alam ko nang sila ay tunay na mga tao sa kanya—na minahal niya at iginalang sila."[3] Napansin ni Marjorie: "Sa tingin ko malaki ang nagawa ng panalangin ng pamilya sa pagtugon



*"Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan" (Mateo 7:7).*

ng mga anak namin sa amin. Bagamat hindi nagsermon sa kanila si Gordon, narinig nila ang lahat ng gusto naming iparinig sa kanila sa panalangin ng pamilya."[4]

Sa kanyang paglilingkod bilang General Authority, hinikayat ni Pangulong Hinckley ang mga miyembro ng Simbahan na "maniwala sa panalangin at sa kapangyarihan ng panalangin."[5] Nagpatotoo siya na "binubuksan ng panalangin ang kapangyarihan ng langit para sa atin."[6] Ipinangako niya, "Maging madasalin at ang Diyos ng langit ay ngingiti sa inyo at pagpapalain kayo, at magdudulot ng ligaya sa inyong mga puso at diwa ng kapayapaan sa inyong buhay."[7]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Ang Diyos ay ang ating Ama, at inaanyayahan Niya ang bawat isa sa atin na manalangin sa Kanya.

Sa lahat ng dakila at kahanga-hanga at nagbibigay-inspirasyong mga pangakong nabasa ko, ang pinaka-nagbibigay sa akin ng kapanatagan ay ang mga salita ng Tagapagligtas: "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan." (Mat. 7:7.)[8]

Huwag kalimutan kailan man kung sino ka. . . . Ikaw ay tunay ngang anak ng Diyos. . . . Siya ang iyong Amang Walang-hanggan. Mahal ka Niya. Maaari kang lumapit sa Kanya sa panalangin. Inanyayahan ka Niyang gawin ito. . . . Talagang kagila-gilalas ang bagay na ito. Siya ang Pinakadakila sa Lahat. Siya ang Lumikha at Pinuno ng sansinukob. Gayunman pakikinggan Niya ang iyong dalangin![9]

Maaari tayong mapalapit sa Panginoon sa ating mga panalangin. Maaari itong maging mga pagpapahayag ng pasasalamat. Hindi ko kailanman lubusang mauunawaan kung paanong ang Dakilang Diyos ng Sansinukob, ang Pinakamakapangyarihan, ay inaanyayahan tayo bilang Kanyang mga anak na isa-isang makipag-usap sa Kanya. Napakahalaga ng pagkakataong ito. Napakaganda na talagang nangyayari ito. Pinatototohanan ko na ang ating mga dalangin, na iniaalay nang may pagpapakumbaba at katapatan, ay dinirinig at sinasagot. Ito ay isang himala, ngunit totoo ito.[10]

Mga kapatid, alam ko na kayo ay mga taong nagdarasal. Kahanga-hanga ang bagay na iyan sa araw na ito at panahon kung kailan ang pagdarasal ay nawala na sa buhay ng napakarami. Ang manawagan sa Panginoon para humingi ng karunungan nang higit sa alam na natin, para sa lakas na gawin ang dapat nating gawin, para sa kapanatagan at kaaliwan, at para makapagpasalamat ay isang napakahalaga at kagila-gilalas na bagay.[11]

Nagsusumamo ako na bawat isa sa atin ay maghangad na mapalapit pa sa Panginoon at makipag-usap sa Kanya nang mas madalas at may ibayong pananampalataya.

Mga ama at ina, ipagdasal ang inyong mga anak. Manalangin na mailigtas sila sa mga kasamaan ng mundo. Manalangin na lumaki sila sa pananampalataya at kaalaman. Manalangin na maakay sila sa buhay na kapaki-pakinabang at mabuti. Mga lalaki, ipagdasal ang inyong mga kabiyak. Ipahayag sa Panginoon ang inyong pasasalamat sa kanila at magsumamo sa Kanya alang-alang sa kanila. Mga babae, ipagdasal ang inyong mga asawa. Marami sa kanila ang nahihirapan sa napakaraming problema at alalahanin. Magsumamo sa Maykapal na gabayan sila, basbasan, protektahan, bigyang-inspirasyon sa mga makatwiran nilang gawain.

Manalangin para sa kapayapaan sa daigdig, nang ang Maykapal na namamahala sa sansinukob ay iunat ang Kanyang kamay at hayaang limliman ng Kanyang Espiritu ang mga tao, nang hindi mangapoot ang mga bansa sa isa't-isa. . . . Manalangin para sa karunungan at pag-unawa habang dinaranas ninyo ang hirap ng buhay.[12]

Ang kagila-gilalas na bagay tungkol sa panalangin ay na ito ay personal, indibiduwal, ito ay isang bagay na hindi maaaring pakialaman ng iba, pagdating sa inyong pakikipag-usap sa inyong Ama sa Langit sa pangalan ng Panginoong Jesucristo. Maging madasalin. Hilingin sa Panginoon na patawarin ang inyong mga kasalanan. Hingin ang tulong ng Panginoon. Hilingin sa Panginoon na pagpalain kayo. Hilingin sa Panginoon na tulungan kayong makamit ang inyong mabubuting ambisyon. . . . Hilingin sa Panginoon ang lahat ng mahahalagang bagay na napakahalaga sa inyo sa inyong buhay. Handa Siyang tumulong. Huwag na huwag itong kalimutan.[13]

## 2

## Ang panalangin ng pamilya ay humahantong sa mga himala para sa mga indibiduwal, pamilya, at lipunan.

Kailangang muling bigyang-diin ang katapatan, pag-uugali, at integridad sa ating panahon. Sa pagsentro nating muli ng ating buhay sa magagandang katangian na siyang diwa ng totoong sibilisasyon lamang magbabago ang huwaran ng ating panahon. Ang tanong na kinakaharap natin ay, Saan tayo magsisimula?

Nasisiyahan ako na kailangan itong magsimula sa pagkilala sa Diyos bilang ating Amang Walang Hanggan, sa ating kaugnayan sa Kanya bilang Kanyang mga anak, sa pakikipag-ugnayan sa Kanya bilang pagkilala sa Kanyang katungkulan bilang tagapamahala, at sa araw-araw na pagsamo para sa Kanyang patnubay sa tuwina sa ating buhay.

Naniniwala ako na ang pagbabalik sa dating huwaran ng panalangin, ang panalangin ng pamilya sa mga tahanan, ang isa sa pangunahing mga panggamot na makapagbibigay-lunas sa lumalalang imoralidad ng ating lipunan. Hindi natin maaaring asahan na magkaroon ng himala sa isang araw, nguni't sa isang henerasyon ay magkakaroon tayo ng himala. . . .

May isang bagay sa mismong pagkakaluhod na sumasalungat sa mga pag-uugaling inilarawan ni Pablo: "mayayabang . . . mapagmalaki, [mapagmataas]."

May isang bagay sa mismong nakagawiang sabay-sabay na pagluhod ng ama at ina at mga anak na nag-aalis sa iba pang mga katangiang inilarawan niya: "masuwayin sa mga magulang, mga walang turing [o likas na pagkagiliw]."

May isang bagay sa pananawagan sa Maykapal na kumakalaban sa inklinasyon na maging lapastangan at maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos. [Tingnan sa II Kay Timoteo 3:1–4.]

Ang inklinasyon na maging hindi banal, tulad ng inilarawan ni Pablo, na hindi mapagpasalamat, ay nabubura kapag sama-sama ang pamilya sa pagpapasalamat sa Panginoon para sa buhay at kapayapaan at sa lahat ng mayroon sila. At habang pinasasalamatan nila ang Panginoon para sa isa't isa, nagkakaroon ang pamilya ng



*Mapapalakas natin ang ating pamilya sa pamamagitan ng sama-samang pagluhod sa panalangin.*

panibagong pagpapahalaga, ibayong paggalang, panibagong pagmamahal para sa isa't isa. . . .

Sa sama-samang pag-alaala sa mga maralita, nangangailangan, at mga naaapi sa harapan ng Panginoon ay nagkakaroon, nang hindi sinasadya ngunit makatotohanan, ng higit na pag-ibig sa kapwa kaysa sa sarili, ng paggalang sa iba, ng hangaring maglingkod sa mga pangangailangan ng iba. Hindi maaaring hilingin ng isang tao sa Diyos na tulungan ang isang kapitbahay na nababagabag nang hindi nahihikayat na gumawa ng kahit ano para matulungan ang kapitbahay na iyon. Napakaraming mga himala ang mangyayari sa buhay ng mga bata sa mundo kung isasantabi nila ang kanilang kasakiman at itutuon ang kanilang sarili sa paglilingkod sa iba. Ang binhi kung saan maaaring umusbong ang punong nagbibigay-lilim at hitik ay napakainam na itanim at alagaan sa araw-araw na mga pagsamo ng pamilya sa panalangin. . . .

Wala akong alam na ibang paraan na makatutulong nang malaki para mabawasan ang mga tensiyon sa pamilya, na sa tahimik na paraan ay magdudulot ng paggalang sa mga magulang na humahantong sa pagsunod, na magbibigay daan sa diwa ng pagsisisi na

bubura sa pagkakawatak-watak ng mga pamilya, kaysa sa sama-samang pagdarasal, sama-samang pag-amin at pagtatapat ng mga kahinaan sa harapan ng Panginoon, at paghiling na pagpalain ng Panginoon ang tahanan at ang mga nakatira doon. . . .

Ang pamilya ang pangunahing yunit ng lipunan. Ang pamilyang nagdarasal ang pag-asa tungo sa mas magandang lipunan. "Inyong hanapin ang Panginoon samantalang siya'y masusumpungan." (Isa. 55:6.)[14]

Naantig ako . . . sa nakakalungkot na pahayag ng isang binatang [missionary]. Sabi niya, "Ilang buwan na ako dito. Hindi ko matutuhan ang wika. Hindi ko gusto ang mga tao. Pinanghihinaan ako ng loob sa araw at umiiyak sa gabi. Gusto ko nang mamatay. Sinulatan ko ang nanay ko at nakiusap na magdahilan siya para makauwi ako. Sumagot na siya sa akin. Sabi niya: 'Ipinagdarasal ka namin. Hindi lumilipas ang isang araw na hindi kami sama-samang lumuluhod sa umaga bago kumain at sa gabi bago kami magpahinga at nagsusumamo sa Panginoon na pagpalain ka Niya. Idinagdag namin ang pag-aayuno sa aming mga panalangin, at kapag nagdarasal ang mga nakababata mong kapatid sinasabi nilang, "Ama sa Langit, pagpalain po Ninyo si Johnny . . . at tulungan Ninyo siya na matutuhan ang wika at gawin ang gawaing ipinagagawa sa kanya."' "

At sinabi ng binatang ito habang siya ay lumuluha, "Susubukan kong muli. Idaragdag ko ang aking mga dalangin sa kanila at ang aking pag-aayuno sa kanilang pag-aayuno."

Ngayon, makaraan ang apat na buwan, nakatanggap ako ng liham mula sa kanya at sabi niya, "May nangyaring himala. Ang wika ay dumating sa akin bilang kaloob mula sa Panginoon. Natutuhan kong mahalin ang mga tao sa magandang lupaing ito. Salamat sa Diyos sa mga panalangin ng aking pamilya."[15]

Magagawa ba nating mas maganda ang ating mga tahanan? Oo, sa pamamagitan ng pagdarasal natin bilang pamilya sa Pinagmumulan ng lahat ng tunay na kagandahan. Mapapalakas ba natin ang lipunan at magagawa itong mas mainam na lugar na ating titirhan? Oo, sa pagpapalakas ng kabanalan ng ating buhay-pamilya sa sama-samang pagluhod sa panalangin at pagsamo sa Makapangyarihang Diyos sa pangalan ng kanyang Pinakamamahal na Anak.

Ang gawaing ito, ang pagbalik sa pagsamba ng pamilya, kung lalaganap sa buong lupain at sa buong mundo, ay mag-aalis sa impluwensyang nakasisira sa atin, sa loob ng isang henerasyon. Ipanunumbalik nito ang integridad, paggalang sa isa't isa, at ang diwa ng pasasalamat sa puso ng mga tao.[16]

Mahirap bang umusal ng panalangin? Mahirap bang hikayatin ang mga ama at ina na lumuhod kasama ang kanilang maliliit na anak at manawagan sa trono ng Diyos upang magpasalamat sa mga pagpapala, manalangin para sa mga nababagabag gayundin para sa kanilang sarili, at pagkatapos ay hilingin ito sa pangalan ng Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig? Lubhang makapangyarihan ang panalangin. Iyan ay mapapatotohanan ko at maaari ninyong patotohanan iyan. Napakalaking kawalan sa alinmang pamilya na bigong samantalahin ang mahahalaga at simpleng gawaing ito.[17]

Kung mayroon sa inyo na hindi nagdaraos ng panalangin ng pamilya, simulan na ninyong gawin ito ngayon, lumuhod kayo nang sama-sama, kung maaari, tuwing umaga at tuwing gabi, at kausapin ang Panginoon at magpasalamat, hingin ang Kanyang mga pagpapala para sa mga nangangailangan sa mundo, at sabihin sa Kanya ang para sa inyong sariling kapakanan.[18]

Ibinibigay ko sa inyo ang aking patotoo na kung taos-puso kayong mananalangin bilang pamilya, hindi kayo hahayo nang walang gantimpala. Maaaring hindi kaagad makikita ang mga pagbabago. Maaaring hindi talaga mahahalata ito. Ngunit magiging totoo ang mga ito, sapagkat ang Diyos ay "tagapagbigay ganti sa mga sa kaniya'y nagsisihanap." (Heb. 11:6.)

Nawa'y maging tapat tayo sa pagpapakita ng halimbawa sa sanlibutan sa gawaing ito at sa paghimok sa iba na gayon din ang gawin.[19]

3

## Kailangan tayong maging madasalin at makinig, sapagkat ang ating mga dalangin ay sasagutin.

Huwag ninyong ipalagay kailanman na magtatagumpay kayong mag-isa. Kailangan ninyo ang tulong ng Panginoon. Huwag mag-atubiling lumuhod sa tagong lugar at kausapin Siya. Kamangha-mangha at mainam ang panalangin. Isipin ninyo ito. Talagang makakausap natin ang ating Ama sa Langit. Makikinig Siya at sasagot,

ngunit kailangan nating pakinggan ang sagot na yaon. Walang bagay na napakalubha at walang halaga para hindi ibahagi sa Kanya.[20]

Manalangin sa Panginoon na inaasahan ang mga sagot. . . . Ang problema sa karamihan sa ating mga panalangin ay ibinibigay natin ito na para bang dinampot lang natin ang telepono at umorder tayo ng mga groseri—pagkatapos umorder ay ibinababa na ito. Kailangan nating magmuni-muni, mag-isip-isip, isipin kung ano ang ipinagdarasal natin at para saan ang mga ito at pagkatapos ay kausapin ang Panginoon tulad ng pakikipag-usap ng isang tao sa iba. “Magsiparito kayo ngayon, at tayo’y magkatuwiranan, sabi ng Panginoon” (Isa. 1:18).[21]

Walang makatutulong nang malaki kaysa pagpapaubaya ng isang bagay sa mga kamay ng Panginoon. . . . Hindi ako mag-aatubiling sabihin na may mga dalangin ako na nasagot. Alam ko iyan. Hindi ko maitatatwa ito. Kailangan nating manalangin na mapatnubayan sa mahirap na panahong ito. . . . Ang kagila-gilalas ay hindi ka kailangang maging isang henyo para manalangin. Siya ay makikinig sa tinig ng mga lubos na mapagpakumbaba. . . . Manawagan sa Panginoon. Ipinaabot Niya ang paanyaya, at Siya ay sasagot.[22]

Maniwala sa kapangyarihan at karingalan ng panalangin. Sinasagot ng Panginoon ang ating mga dalangin. Alam ko iyan. Nakita ko ito nang paulit-ulit. Sa panalangin ay nakikipagtuwang tayo sa Diyos. Binibigyan tayo nito ng pagkakataong makipag-usap sa Kanya, pasalamatan Siya sa Kanyang kagila-gilalas na mga pagpapala, at para humingi sa Kanya ng patnubay at proteksyon sa ating pagtahak sa landas ng buhay. Ang dakilang gawaing ito, na lumalaganap sa mundo, ay nag-ugat o nagmula sa panalangin ng isang batang lalaki. Nabasa niya sa Biblia ng kanilang pamilya na, “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya. Nguni’t humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan: Sapagka’t yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila” (Santiago 1:5–6). Iyan ang pangako. May higit na dakilang pangako pa ba saan man sa mundo kaysa sa pangakong iyan?[23]

Maging madasalin, aking mga kaibigan, at makinig. Maaaring wala kang maririnig na tinig. Malamang na wala. Ngunit sa paraang hindi mo maipapaliwanag, ikaw ay mahihikayat at pagpapalain. Sapagkat nangako ang Panginoon, "sasabihin ko sa iyo sa iyong . . . puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo. . . ." (D at T 8:2.)

Maging madasalin, at malalaman ninyo na nakikinig at sumasagot ang Diyos. Hindi laging ayon sa maaaring gusto nating isagot Niya, ngunit sa paglipas ng mga taon, mauunawaan natin gaya ng pagsikat ng araw na dininig Niya at sinagot ang ating panalangin.[24]

Manatiling mapagpakumbaba para lumuhod kayo sa panalangin, bilang pagkilala sa Kanyang kapangyarihan at kabutihan. Hindi Niya kayo bibiguin. Diringgin Niya ang inyong mga dalangin. Sasagutin Niya ang inyong mga dalangin. Sa katahimikan ng gabi, maririnig ninyo ang mga bulong ng Kanyang Espiritu upang patnubayan kayo sa inyong mga oras ng pagdurusa at pangangailangan. Darating sa inyo ang gayong mga sandali tulad ng pagdating nito sa lahat. Patuloy na manalig sa Diyos, at hindi Niya kayo pababayaan. Hindi Niya kayo tatalikuran kailanman.[25]

Laging gawing kaibigan ang inyong Ama sa Langit, na maaari ninyong lapitan sa panalangin.[26]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Paano kayo natulungan ng panalangin na lalong mapalapit sa Ama sa Langit? Pag-aralan muli ang payo ni Pangulong Hinckley kung ano ang isasama sa mga panalangin (tingnan sa bahagi 1). Kailan kayo natulungan ng panalangin na makatagpo ng "karunungang higit sa [inyong] nalalaman"? Kailan naghatid sa inyo ang panalangin ng "kapanatagan at kasiyahan"? Bakit ang ilang panalangin ay dapat maging "mga pagpapahayag ng pasasalamat"?

- Isiping mabuti ang bawat isa sa mga pagpapalang sinabi ni Pangulong Hinckley na maaaring dumating sa pamamagitan ng panalangin ng pamilya (tingnan sa bahagi 2). Ano ang ilang paraan na napagpala ang inyong pamilya sa sama-samang pagdarasal? Ano ang ilang balakid sa palagiang pananalangin ng pamilya? Paano magtutulungan ang pamilya para madaig ang mga balakid na ito?

- Paano makatutulong ang pamumuhay sa mga turo ni Pangulong Hinckley sa bahagi 3 para maging mas makahulugan ang ating mga panalangin? Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa mga paraan na sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin? Bakit may kapangyarihan ang panalangin na dalhin tayo "sa pakikipagtuwang sa Diyos"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 6:5–15; Lucas 18:9–18; 2 Nephi 32:8–9; Alma 34:17–28; 37:36–37; 3 Nephi 18:15–25; D at T 19:28

*Tulong sa Pag-aaral*

"Tingnan ang kabuuan, sa pamamagitan ng madaliang pagbabasa ng aklat, kabanata, o talata o pagrerebyu ng mga heading. Sikaping unawain ang kahulugan at background" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 26). Isiping basahin ang isang kabanata o talata nang mahigit sa isang beses para mas maunawaan ninyo ito. Kapag ginawa ninyo ito, maaari kayong makatuklas ng malalalim na kaalaman.

## *Mga Tala*

1. "Stand True and Faithful," *Ensign,* Mayo 1996, 94.
2. Robert D. Hales, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 444.
3. Richard G. Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 171.
4. Marjorie Pay Hinckley, sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith,* 171.
5. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 469.
6. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 470.
7. "Dedication of Gordon B. Hinckley Building" (Brigham Young University–Idaho, Okt. 22, 2002), byui.edu/Presentations/transcripts/devotionals/2002_10_22_hinckley.htm; na-access noong Set. 21, 2015.
8. "Pillars of Truth," *Ensign,* Ene. 1994, 2.
9. "Stand True and Faithful," 93.
10. "An Humble and a Contrite Heart," *Ensign,* Nob. 2000, 89.
11. "The Fabric of Faith and Testimony," *Ensign,* Nob. 1995, 89.
12. "Pangwakas na Panalangin," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2003, 99–100.
13. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 468.
14. "The Blessings of Family Prayer," *Ensign,* Peb. 1991, 2, 4–5.
15. Sa Conference Report, Abr. 1963, 128.
16. "The Blessings of Family Prayer," 5.
17. "Four Simple Things to Help Our Families and Our Nations," *Ensign,* Set. 1996, 8.
18. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 217.
19. "The Blessings of Family Prayer," 5.
20. "Manatili sa Mataas na Landas," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 114.
21. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 469.
22. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 469.
23. "Fear Not; Only Believe," *New Era,* Ene. 2000, 6; inalis ang bold at italics.
24. "Watch the Switches in Your Life," *Ensign,* Ene. 1973, 93.
25. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 346.
26. "Daughters of God," *Ensign,* Nob. 1991, 100.



*Ang Hong Kong China Temple*

# Ang mga Bulong ng Espiritu

*"Nakikiusap ako na palagi nating hangarin ang inspirasyon ng Panginoon at ang patnubay ng Kanyang Banal na Espiritu upang basbasan tayo sa pagsisikap nating manatiling mataas ang ating espirituwalidad."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Noong Hunyo 24, 1995, nagsalita si Pangulong Gordon B. Hinckley sa isang miting para sa mga bagong mission president at kanilang mga asawa, at binigyan sila ng payo na gagabay sa kanila sa susunod na tatlong taong paglilingkod. Ikinuwento niya ang tagubilin na natanggap niya nang si Pangulong Harold B. Lee, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay itinalaga siya bilang stake president:

"Isa lang ang naaalala kong sinabi niya: 'Makinig sa mga bulong ng Espiritu pagsapit ng hatinggabi, at tumugon sa mga bulong na iyon.' Hindi ko alam kung bakit ang paghahayag kung minsan ay dumarating sa gabi, ngunit nangyayari ito. Dumarating din ito sa araw, siyempre. Subalit pakinggan ang mga bulong ng Espiritu, ang kaloob na paghahayag, na karapatan ninyong matanggap."[1]

Sa pagtukoy sa kanyang mga karanasan nang sundin niya ang tagubiling ito, sinabi niya: "Ang Panginoon ay nangusap nang tahimik. . . . Pagsapit ng hatinggabi, pumapasok sa isip ko ang mga ideya na, sa palagay ko, ay may likas na katangian ng propesiya."[2] Halimbawa, noong Hulyo 1992 siya ay nasa Hong Kong kasama ang iba pang mga lider ng Simbahan, at naghahanap ng lugar na mapagtatayuan ng templo. Nahiga na siya sa kama isang gabi na hindi siya mapalagay sa desisyon na kailangan niyang gawin. Pagkatapos ay ginising siya ng mga bulong ng Espiritu nang maagang-maaga kinabukasan.

"May naisip akong napakaganda," itinala niya sa kanyang journal. "Hindi ako nakarinig ng tinig sa aking mga tainga. Subalit sa aking isipan ay pumasok ang tinig ng Espiritu. Ang sabi nito, 'Bakit ka nag-aalala tungkol dito? May maganda kayong lote na kinatatayuan ng mission home at ng maliit na chapel. Ang mga ito ay nasa gitna ng Kowloon, sa lokasyon na may napakainam na transportasyon. . . . Magtayo kayo ng isang gusali na may [ilang] palapag. Maaari itong kapalooban ng chapel at mga silid-aralan sa unang dalawang palapag at isang templo sa dalawa o tatlong palapag sa itaas.'" Matapos matanggap ang paghahayag na iyon, sinabi ni Pangulong Hinckley, "Napanatag ako at natulog na ako."[3]

Ngayon sa Kowloon, na mataong bahagi ng Hong Kong, isang gusali ang nakatayo sa dating kinatatayuan ng chapel at mission home. Ang gusaling iyon, na kinapapalooban ng isang chapel, mission home, mission office, at isang sagradong templo, ay isang katibayan ng mga bulong ng Espiritu sa isang propeta ng Diyos.

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Ang Espiritu Santo ang Tagaalo at Tagapagpatotoo ng katotohanan.

Ang Espiritu Santo ang nagsisilbing pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos, ang Mang-aaliw na ipinangako ng Tagapagligtas na magtuturo sa Kanyang mga tagasunod ng lahat ng bagay at magpapaalaala ng lahat ng bagay sa kanila, anuman ang sinabi Niya sa kanila (tingnan sa Juan 14:26).[4]

Ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa ating puso hinggil sa Ama at sa Anak.[5]

Ang [aking] patotoo [kay Jesucristo] ay dumarating sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ito ay isang kaloob, sagrado at kamangha-mangha, na ipinarating sa pamamagitan ng paghahayag mula sa ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos.[6]

Ang Espiritu Santo ang Tagapagpatotoo ng Katotohanan, na makapagtuturo sa [atin] ng mga bagay na hindi [natin] maituturo sa isa't isa. Sa napakaganda at mapanghamon na mga salita ni Moroni, ang kaalaman sa katotohanan ng Aklat ni Mormon ay ipinangako "sa

pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo." Pagkatapos ay ipinahayag ni Moroni, "At sa kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:4–5).

Naniniwala ako na ang kapangyarihang ito, ang kaloob na ito, ay maaari nating matamo ngayon.[7]

2

**Kailangan natin ang Espiritu Santo upang gabayan tayo sa ating paglilingkod sa tahanan at sa Simbahan.**

Walang mas dakilang pagpapala na maaaring dumating sa ating buhay maliban sa kaloob na Espiritu Santo—ang pagsama ng Banal na Espiritu para patnubayan tayo, protektahan tayo, at pagpalain tayo, na mangunguna, gaya ng dati, bilang isang haligi sa ating harapan at ningas na aakay sa atin sa landas ng kabutihan at katotohanan. Ang gumagabay na kapangyarihan ng ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos ay mapapasaatin kung mamumuhay tayo nang marapat para dito.[8]

Kailangan natin ang Banal na Espiritu sa ating mga responsibilidad sa pangangasiwa. Kailangan natin ito sa pagtuturo natin ng ebanghelyo sa ating mga klase at sa mundo. Kailangan natin ito sa pamamahala at pagtuturo sa ating mga pamilya.

Habang namamahala at nagtuturo tayo sa ilalim ng impluwensya ng Espiritung iyon, maghahatid tayo ng espirituwalidad sa buhay ng mga taong pananagutan natin. . . .

. . . Matamis ang mga bunga ng pagtuturo na ginawa sa ilalim ng inspirasyon ng Banal na Espiritu. Pinakakain nito ang espiritu at pinangangalagaan ang kaluluwa.

Maaari ba akong magbigay ng espesyal na payo sa mga magulang na tumatayo bilang ulo ng pamilya: kailangan natin ang patnubay ng Espiritu Santo sa maseselan at napakalalaking gawain na nasa atin sa pagpapatatag ng espirituwalidad ng ating mga tahanan.[9]

Makinig sa mga paramdam ng Espiritu. Maging mapagpakumbaba. Kayo ay maaakay sa isang tao ng kamay ng Panginoon dahil sa inyong espiritu, inyong pag-uugali, inyong damdamin, inyong kababaang-loob.[10]

3

**Halos laging dumarating ang paghahayag sa atin sa pamamagitan ng marahan at banayad na tinig—ang mga bulong ng Espiritu.**

Paminsan-minsan, ako ay naiinterbyu ng mga kinatawan ng media. Halos lagi nilang itinatanong, "Paano dumarating ang paghahayag sa propeta ng Simbahan?"

Ang sagot ko ay dumarating ito ngayon gaya ng paraan ng pagdating nito noon. Hinggil dito, ikinukuwento ko sa mga kinatawan na ito ng media ang karanasan ni Elijah kasunod ng pakikipagpaligsahan niya sa mga saserdote ni Baal:

"At, narito, ang Panginoon ay nagdaan, at bumuka ang mga bundok sa pamamagitan ng isang malaki at malakas na hangin, at pinagputolputol ang mga bato sa harap ng Panginoon; nguni't ang Panginoon ay wala sa hangin: at pagkatapos ng hangin ay isang lindol; nguni't ang Panginoon ay wala sa lindol:

"At pagkatapos ng lindol ay apoy; nguni't ang Panginoon ay wala sa apoy: at pagkatapos ng apoy ay isang marahang bulong na tinig" (I Mga Hari 19:11–12).

Ganyan ang paraan. May marahan, banayad na tinig. Dumarating ito bilang sagot sa panalangin. Ito ay dumarating sa pamamagitan ng pagbulong ng Espiritu. Maaari itong dumating sa katahimikan ng gabi.

May duda ba ako tungkol diyan? Walang-wala. Nakita ko ito sa bawat pagkakataon.[11]

Ang salita ng Diyos ay halos palaging dumarating sa atin, hindi sa pamamagitan ng mga trumpeta, hindi mula sa mga bulwagan ng mga taong nakapag-aral, kundi sa marahan at banayad na tinig ng paghahayag. Sa pakikinig sa mga taong naghahanap nang walang saysay para makasumpong ng karunungan at malakas na ipinapahayag ang kanilang mga gamot [o lunas] sa mga suliranin ng mundo, ang isang tao ay malamang na sumagot na gaya ng Mang-aawit, "Kayo ay magsitigil, at kilalanin ninyo na ako ang Dios: . . ." (Mga Awit 46:10) at kasama ng Tagapagligtas sa pagsasabing, "Ang may mga pakinig upang ipakinig, ay makinig." (Mat. 11:15.)[12]

## 4

### **Ang mga bagay ng Espiritu ay nagbibigay-liwanag, nagpapatatag, at nagpapasigla sa atin.**

Paano natin malalaman ang mga bagay ng Espiritu? Paano natin malalaman kung nagmula ito sa Diyos? Sa mga bunga nito. Kung ito ay magbubunga ng paglakas at pag-unlad, ng pananampalataya at patotoo, ng mas mahusay na paggawa ng mga bagay, ng kabanalan, kung gayon ito ay mula sa Diyos. Kung ito ang magwawasak sa atin, magdadala sa atin sa kadiliman, magpapalito at magpapabalisa sa atin, magbubunga ng kawalang-pananampalataya, kung gayon ito ay mula sa diyablo.[13]

Makikilala mo ang mga panghihikayat ng Espiritu sa pamamagitan ng mga bunga ng Espiritu—ang nagbibigay-liwanag, nagpapatatag, mga bagay na positibo at malinaw at nagbibigay-sigla at humahantong sa mas mabuting kaisipan at mas mabuting mga salita at gawa ay sa Espiritu ng Diyos. Ang nagpapahina sa atin, na humahantong sa ipinagbabawal na landas—iyan ay sa kaaway. Palagay ko ganito lang ito kapayak, ganito lang kasimple ito.[14]

Ipinahayag minsan ng isang iskolar ang pananaw na ang Simbahan ay kaaway ng intelektualismo. Kung ang ibig niyang sabihin sa intelektualismo ay ang sanga ng pilosopiya na nagtuturo ng "doktrina na ang kaalaman ay lubusan o karaniwang batay o hango sa pangangatuwiran" at "ang pangangatuwiran na iyan ang siyang alituntunin ng realidad o katotohanan," kung gayon, oo, salungat tayo sa napakakitid na interpretasyong ito kung pag-uusapan ang relihiyon. (Mga sipi mula sa *Random House Dictionary of the English Language,* p. 738.) Sa gayong interpretasyon ay hindi kasama ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na makipag-usap sa atin at sa pamamagitan [natin].

Siyempre naniniwala tayo sa paglinang ng isipan, ngunit hindi lamang ang isipan ang tanging pinagmumulan ng kaalaman. May pangako, na ibinigay sa ilalim ng inspirasyon mula sa makapangyarihang Diyos, na nakasaad sa magagandang salitang ito: "Ang Diyos ay magbibigay sa iyo ng kaalaman sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu, oo, sa pamamagitan ng hindi masambit na kaloob na Espiritu Santo." (D at T 121:26.)



*"Ang mga bagay ng Diyos ay nauunawaan lamang sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Ang Espiritung iyan ay tunay."*

Ang mga humanist na bumabatikos sa gawain ng Panginoon, ang tinatawag na mga intellectualist na maliit ang tingin dito, ay nagsasalita ng ganito dahil sa kamangmangan nila sa espirituwal na pagpapamalas. Hindi pa nila naririnig ang tinig ng Espiritu. Hindi pa nila naririnig ito dahil hindi nila hinangad ito at hindi inihanda ang kanilang sarili para maging karapat-dapat dito. At, sa pag-aakala na ang kaalaman ay dumarating lamang sa pamamagitan ng pangangatwiran at sa pagtatrabaho ng isipan, ikinakaila nila ang bagay na dumarating sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang mga bagay ng Diyos ay nauunawaan lamang sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Ang Espiritung iyan ay tunay. Sa mga nakadama sa pagkilos nito, ang kaalamang natatamo ay kasing totoo ng bagay na natatamo sa pamamagitan ng limang pandamdam. Pinatototohanan ko ito. At tiwala ako na karamihan sa mga miyembro ng Simbahan ay makapagpapatotoo tungkol dito. Hinihimok ko ang bawat isa sa atin na patuloy na magkaroon ng puso na nakaayon sa Espiritu. Kung gagawin natin iyan, ang ating buhay ay pagyayamanin. Madarama natin ang ating kaugnayan sa Diyos na ating Amang Walang Hanggan. Matitikman natin ang tamis ng kagalakan na hindi natin matitikman sa ibang paraan.

Huwag tayong pabibitag sa pangangatwiran ng mundo, na kadalasan ay negatibo at madalas ay maasim ang ibinubunga. Lumakad tayo nang may pananampalataya sa hinaharap, positibo sa pagsasalita at nagkakaroon ng tiwala sa sarili. Kapag ginawa natin ito, ang ating lakas ay magbibigay ng lakas sa iba.[15]

Nakikiusap ako na palagi nating hangarin ang inspirasyon ng Panginoon at ang patnubay ng Kanyang Banal na Espiritu na basbasan tayo sa ating patuloy na pagsisikap na manatiling mataas ang espirituwalidad. Ang mga panalanging iyon ay sasagutin.[16]

5

**Ang Espiritu Santo ay palagi nating makakasama habang nabubuhay tayo para sa pagpapalang ito.**

Ang Panginoon ang nagsabi na kung susundin natin ang mga utos, "ang Espiritu Santo ang [ating] magiging kasama sa tuwina" (D at T 121: 46) para pasiglahin tayo, para turuan tayo, akayin tayo, aliwin tayo, at tulungan tayo. Para makasama natin Siya, kailangan nating hingin ito, mamuhay para dito, maging tapat sa Panginoon.[17]

"Paano mo pananatilihing nasa iyo ang Espiritu ng Panginoon sa lahat ng oras?" Siyempre, mamuhay nang karapat-dapat dito; mamuhay ka nang karapat-dapat sa Espiritu ng Panginoon. Iyan ang gagawin mo. At mapapasaiyo ito. . . . Mamuhay lang nang tama. Iwasan ang maruruming bagay. Iwasan ang pornograpiya. Iwasan ang mga bagay na ito na hihila sa iyo pababa. Ang mga aklat na binabasa mo, ang mga magasin na binabasa mo, ang mga video na pinapanood mo, ang programa sa telebisyon na pinanonood mo, ang mga palabas na pinupuntahan mo, lahat ng ito ay may epekto sa iyo at magkakaroon ng epekto kung magpapailalim ka sa impluwensya ng mga bagay na pumupukaw ng seksuwal na damdamin na dinisenyo upang ikaw ay maghirap at yumaman ang iba. Iwasan ang mga ito.[18]

Pilitin ninyo tuwing Linggo na magpanibago ng inyong pangako at tipan na taglayin sa inyong sarili ang pangalan ng Panginoong Jesucristo. Naisip na ba ninyo iyan, kung gaano kahalaga iyan, kung ano ang kahulugan ng taglayin sa inyong sarili ang pangalan ng Panginoong Jesucristo na may sumpa at pangako na susundin ang Kanyang mga kautusan? At Siya ay sumusumpa at nangangako sa

inyo na ibibigay Niya sa inyo ang Kanyang Espiritu upang makasama ninyo. Napakaganda niyan.[19]

Napakalaking biyaya ang madama ang impluwensya ng isang miyembro ng Panguluhang Diyos, ang matanggap ang kaloob na iyon sa ilalim ng mga kamay ng mga taong kumilos ayon sa banal na awtoridad. Kung patuloy tayong magpapakabanal, maaari nating matamasa ang katuparan ng pangakong ginawa ng Panginoon nang sabihin Niyang: "Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina, at ang iyong setro ay hindi nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan; at ang iyong pamamahala ay magiging walang hanggang pamamahala, at sa walang sapilitang pamamaraan ito ay dadaloy sa iyo magpakailanman at walang katapusan." (D at T 121:46.)[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit kailangan natin ang Espiritu Santo? (Tingnan sa mga bahagi 1 at 2.) Kailan ninyo nadama na tinuruan at ginabayan kayo ng Espiritu Santo? Ano ang natutuhan ninyo sa mga karanasang iyon?
- Ano ang matututuhan natin mula sa paliwanag ni Pangulong Hinckley tungkol sa kung paano dumarating ang paghahayag sa propeta? (Tingnan sa bahagi 3.) Bakit mahalagang malaman na ang Espiritu Santo ay karaniwang nakikipag-ugnayan sa "marahan at banayad na tinig"? Ano ang natutuhan ninyo mula sa sarili ninyong mga karanasan tungkol sa pagkilala sa mga komunikasyon na nagmumula sa Espiritu Santo?
- Muling basahin ang "mga bunga ng Espiritu" na ibinuod ni Pangulong Hinckley sa bahagi 4. Paano tayo matutulungan ng mga turong ito na makilala ang impluwensya ng Espiritu? Ano ang mga panganib ng paniniwala na "ang isipan ang tanging pinagmumulan ng kaalaman"? Ano ang mga naranasan ninyo sa pagkakaroon ng espirituwal na kaalaman?
- Ano ang nadarama ninyo habang pinagninilayan ninyo ang mga turo ni Pangulong Hinckley sa bahagi 5 tungkol sa pagsama ng Espiritu Santo? Sa anong mga paraan kayo napagpala ng Espiritu Santo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

I Mga Taga Corinto 2:9–14; 1 Nephi 10:17; 2 Nephi 31:17–18; Mosias 3:19; Moroni 8:25–26; D at T 11:12–14

*Tulong sa Pagtuturo*

"Kapag minamahal natin ang ating mga tinuturuan, ipinapanalangin natin ang bawat isa sa kanila. Ginagawa natin ang lahat ng makakaya natin upang alamin ang kanilang mga interes, nagawa, pangangailangan, at alalahanin. Iniaangkop natin ang ating pagtuturo upang matugunan ang kanilang pangangailangan, kahit na ito ay nangangailangan ng mas maraming oras at pagsisikap. Napapansin natin kung sila ay wala at kinikilala sila kapag sila ay naroroon. Nag-aalay tayo ng tulong kapag ito ay kailangan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 40).

## *Mga Tala*

1. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 556.
2. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Tomo 1:1995–1999* (2005), 441.
3. Sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 481.
4. "The Father, Son, and Holy Ghost," *Ensign,* Nob. 1986, 51.
5. "Latter-day Counsel: Excerpts from Recent Addresses of President Gordon B. Hinckley," *Ensign,* Hulyo 1999, 72.
6. "The Father, Son, and Holy Ghost," 51.
7. "The Father, Son, and Holy Ghost," 51.
8. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 259.
9. "Feed the Spirit, Nourish the Soul," *Ensign,* Okt. 1998, 2, 4–5.
10. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Tomo 1,* 440.
11. "Ang Korum ng Unang Panguluhan," *Liahona,* Dis. 2005, 49.
12. Sa Conference Report, Abr. 1964, 38–39.
13. "Inspirational Thoughts," *Ensign,* Hulyo 1998, 5.
14. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 261.
15. "The Continuing Pursuit of Truth," *Ensign,* Abr. 1986, 6.
16. "Feed the Spirit, Nourish the Soul," 2.
17. "Living with Our Convictions," *Ensign,* Set. 2001, 5.
18. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Tomo 1,* 377–78.
19. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Tomo 1,* 319.
20. "Priesthood Restoration," *Ensign,* Okt. 1988, 72.



*"Talagang mahalaga sa ating pananampalataya ang ating patotoo kay Jesucristo bilang Anak ng Diyos. . . . Siya ang pangulong bato sa panulok ng simbahan na nagtataglay ng Kanyang pangalan."*

K A B A N A T A  8

# Umaasa Tayo kay Cristo

*"Naniniwala tayo kay Cristo. Nagtuturo tayo tungkol kay Cristo. Umaasa tayo kay Cristo. Siya ang ating Manunubos, ating Panginoon, at ating Tagapagligtas."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 1975, ibinahagi ni Elder Gordon B. Hinckley, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang sumusunod na karanasan:

"Kamakailan nagdaos kami ng open house sa [Mesa] Arizona Temple. Kasunod ng kumpletong pagbabago ng gusaling iyon, halos sangkapat ng isang milyong katao ang nakakita sa magandang loob nito. Sa unang araw ng pagbubukas, ang mga pinuno ng iba pang mga relihiyon ay inanyayahan bilang mga espesyal na panauhin, at daan-daan ang nagpunta. Nagkaroon ako ng pribilehiyo na magsalita sa kanila at sagutin ang kanilang mga tanong sa pagtatapos ng kanilang tour. Sinabi ko sa kanila na ikalulugod naming sagutin ang anumang tanong nila. Maraming itinanong. Kabilang sa mga ito ang isang nagmula sa ministrong Protestante.

"Sabi niya: 'Nalibot ko na ang buong gusaling ito, ang templong ito na taglay sa harap nito ang pangalan ni Jesucristo, ngunit wala akong nakitang anumang sagisag ng krus, ang simbolo ng Kristiyanismo. Napansin ko ang mga gusali ninyo sa lahat ng dako at doon ay wala ring krus. Bakit ganito samantalang sinasabi ninyong naniniwala kayo kay Jesucristo?'

"Ang sagot ko ay: 'Hindi ko gustong saktan ang kalooban ng sinuman sa mga kapatid kong Kristiyano na gumagamit ng krus sa taluktok ng kanilang mga katedral at sa mga altar ng kanilang mga kapilya, na nagsusuot nito sa kanilang mga kasuotan, at itinatatak ito sa kanilang mga aklat at iba pang literatura. Ngunit para sa amin,

ang krus ay simbolo ng Cristo na naghihingalo, samantalang ang aming mensahe ay nagpapahayag na buhay si Cristo.'

"Pagkatapos ay itinanong niya: 'Kung hindi kayo gumagamit ng krus, ano ang simbolo ng inyong relihiyon?'

"Sumagot ako na ang buhay ng ating mga tao ang dapat maging tanging makabuluhang pagpapamalas ng ating pananampalataya at, sa katotohanan, ito nga ang simbolo ng ating pagsamba. . . .

". . . Walang palatandaan, walang gawa ng sining, walang representasyon ng hugis ang sasapat para ipahayag ang kaluwalhatian at ang kagandahan ng Buhay na Cristo. Sinabi niya sa atin kung ano dapat ang simbolong iyon nang sabihin niyang, 'Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.' (Juan 14:15.)

"Bilang kanyang mga alagad, hindi tayo maaaring maging masama o sakim o salbahe nang hindi nadudungisan ang Kanyang pangalan. Ni hindi tayo maaaring maging mabuti at mabait at bukas-palad nang hindi lalong pinagniningning ang sagisag Niya na ang pangalan ay ating taglay.

"Kaya nga dapat maging makabuluhang pagpapahayag ang ating buhay, at sagisag ng pagpapahayag ng ating patotoo tungkol sa Buhay na Cristo, ang Walang-Hanggang Anak ng Buhay na Diyos.

"Ganito ito kasimple, aking mga kapatid, at ganito kalalim at makabubuting huwag natin itong kalimutan kailanman."[1]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Si Jesucristo ang buhay na Anak ng Diyos na buhay.

Talagang mahalaga sa ating pananampalataya ang ating patotoo kay Jesucristo bilang Anak ng Diyos. . . . Siya ang pangulong bato sa panulok ng simbahan na nagtataglay ng Kanyang pangalan.[2]

Naniniwala tayo kay Cristo. Nagtuturo tayo tungkol kay Cristo. Umaasa tayo kay Cristo. Siya ang ating Manunubos, ating Panginoon, at ating Tagapagligtas.[3]

### *Ministeryo sa lupa*

Siya na Anak ng Diyos, ang Bugtong na Anak, ay nilisan ang selestiyal na luklukan ng Kanyang Ama para maging mortal. Sa Kanyang pagsilang, umawit ang mga anghel at ang mga Pantas na Lalaki ay nagbigay ng mga regalo. Lumaki Siyang tulad ng iba pang mga batang lalaki sa Nazaret ng Galilea. Doon Siya ay "[lumaki] sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao" (Lucas 2:52).

Kasama sina Maria at Jose, binisita Niya ang Jerusalem noong Siya ay 12 taong gulang. Sa kanilang paglalakbay pauwi, nahiwalay Siya sa kanila. Bumalik sila sa Jerusalem at natagpuan Siya sa templo na nakikipag-usap sa maalam na mga doktor. Nang pagsabihan Siya ni Maria sa hindi pagsama sa kanila, sumagot Siya, "Di baga talastas ninyo na dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama?" (Lucas 2:49). Ang Kanyang mga salita ay pahiwatig ng Kanyang ministeryo sa hinaharap.

Ang ministeryong iyon ay nagsimula sa Kanyang binyag sa ilog Jordan sa mga kamay ng Kanyang pinsan na si Juan. Nang umahon Siya mula sa tubig, bumaba sa Kanya ang Espiritu Santo sa anyo ng isang kalapati, at narinig ang tinig ng Kanyang Ama, na nagsasabing, "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan" (Mat. 3:17). Ang pahayag na iyan ay naging katibayan ng Kanyang kabanalan.

Siya ay nag-ayuno nang 40 araw at tinukso ng diyablo, na naghangad na ilayo Siya sa Kanyang banal na misyon. Sa paanyaya ng kaaway, sumagot Siya, "Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Dios" (Mat. 4:7), na muling nagpapahayag ng Kanyang pagiging banal na anak.

Naglakad siya sa maalikabok na mga lansangan ng Palestina. Wala Siyang matatawag na Kanyang sariling tahanan, walang lugar na mapagpapahingahan ng Kanyang ulo. Ang kanyang mensahe ay ang ebanghelyo ng kapayapaan. Ang Kanyang mga turo ay ukol sa kabutihang-loob at pagmamahal. "At sa magiibig na ikaw ay ipagsakdal, at kunin sa iyo ang iyong tunika, ay iwan mo rin naman sa kaniya ang iyong balabal" (Mat. 5:40).

Nagturo siya gamit ang mga talinghaga. Nagsagawa Siya ng mga himala na hindi pa kailanman nagawa noon o simula noon. Pinagaling niya ang mga may matagal nang karamdaman. Binigyan Niya ng paningin ang mga bulag, ng pandinig ang mga bingi, pinalakad ang pilay. Binuhay Niyang muli ang mga patay, at sila ay nabuhay muli na nagpupuri sa Kanya. Tiyak na walang sinumang tao na nakagawa nito noon.

May ilang sumunod sa Kanya, ngunit karamihan ay napoot sa Kanya. Sinabi Niya na ang mga eskriba at Fariseo ay mga mapagkunwari, gaya ng mga puting libingan. Nagbalak sila laban sa Kanya. Itinaboy Niya ang mga mamamalit ng salapi mula sa bahay ng Panginoon. Walang dudang nakiisa sila sa mga taong nagplanong sirain Siya. Ngunit hindi ito nakahadlang sa Kanya. Siya ay "[naglibot] na gumagawa ng mabuti" (Ang Mga Gawa 10:38).

Hindi pa ba sapat ang lahat ng ito upang manatili sa alaala ang tungkol sa Kanya? Hindi ba ito sapat para ihanay ang Kanyang pangalan, at kahit ilagay sa itaas, ng mga dakilang tao na nabuhay sa mundo at ginugunita dahil sa sinabi o ginawa nila? Tiyak na maihahanay Siya sa mga dakilang propeta ng lahat ng panahon.

Ngunit ang lahat ng ito ay hindi sasapat sa Anak ng makapangyarihang Diyos. Pahiwatig lamang ito ng mga dakilang bagay na magaganap. Dumating ang mga ito sa kakaiba at kakila-kilabot na paraan.[4]

### *Pagdakip, pagpapako sa krus, at kamatayan*

Siya ay ipinagkanulo, dinakip, hinatulan ng kamatayan, na mamatay sa kakila-kilabot na pagdurusa sa pamamagitan ng pagpapako sa krus. Ang Kanyang buhay na katawan ay ipinako sa krus na kahoy. Sa hindi maipaliwanag na paghihirap, dahan-dahan Siyang pumanaw. Habang humihinga pa Siya, nagsumamo Siya, "Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).

Ang lupa ay nayanig sa paglisan ng Kanyang espiritu. Ang senturion na nakakita sa lahat ng ito ay buong kataimtiman na nagsabing, "Tunay na ito ang Anak ng Dios" (Mat. 27:54).

Ibinaba ng mga taong nagmamahal sa Kanya ang Kanyang katawan mula sa krus. Dinamitan nila ito at inilagay ito sa isang bagong libingan. . . .

Malamang na tumangis ang Kanyang mga kaibigan. Ang mga Apostol na minahal Niya at tinawag Niya bilang mga saksi sa Kanyang kabanalan ay nagsitangis. Ang mga babae na nagmamahal sa Kanya ay nagsitangis. Walang nakaunawa sa sinabi Niya tungkol sa pagbangon sa ikatlong araw. Paano nila mauunawaan? Hinding-hindi pa ito nangyari noon. Wala pang nangyaring katulad nito. Ito ay hindi kapani-paniwala, maging para sa kanila.

Maaaring nagkaroon ng napakatinding kalungkutan at kawalan ng pag-asa habang iniisip nila ang kanilang Panginoon na inagaw sa kanila ng kamatayan.[5]

### *Pagkabuhay na Mag-uli*

Ngunit hindi doon nagwakas ang lahat. Sa umaga ng ikatlong araw, bumalik si Maria Magdalena at ang isa pang Maria sa libingan. Sa kanilang lubusang panggigilalas, ang bato ay iginulong palayo at nakabukas ang libingan. Sinilip nila ang loob nito. Dalawang nilalang na nakaputi ang nakaupo sa magkabilang dulo ng pinaglibingan. Nagpakita sa kanila ang isang anghel at nagsabing, "Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay?

"Wala siya rito, datapuwa't nagbangon: alalahanin ninyo ang salita niya sa inyo nang siya'y nasa Galilea pa,

"Na sinasabi, Kinakailangan na ang Anak ng Tao ay ibigay sa mga kamay ng mga taong makasalanan, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw" (Lucas 24:5–7).

Ang mga simpleng salitang ito—"Wala Siya rito, datapuwa't nagbangon"—ay naging pinakamakabuluhan sa lahat ng literatura. Ito ang pahayag ng libingang walang laman. Ito ang katuparan ng lahat ng sinabi Niya hinggil sa pagbabangong muli. Ito ang matagumpay na sagot sa mga tanong na kinakaharap ng bawat lalaki, babae, at batang isinilang sa mundo.

Ang nagbangong Panginoon ay nagsalita kay Maria, at sumagot si Maria. Hindi Siya isang multo. Hindi ito imahinasyon. Siya ay tunay, tunay na katulad noong Siya ay nabubuhay. Hindi Niya pinayagan si



*"Ang kanyang mensahe ay ang ebanghelyo ng kapayapaan. Ang Kanyang mga turo ay ukol sa kabaitan at pagmamahal."*

Maria na hawakan Siya. Hindi pa Siya nakaaakyat sa Kanyang Ama sa Langit. Di magtatagal ay mangyayari iyan. Napakasaya siguro ng pagkikitang muling ito, ang mayakap ng Ama, na nagmamahal sa Kanya at malamang na tumangis din para sa Kanya sa oras ng Kanyang matinding pagdurusa.

Magpapakita siya sa dalawang lalaki sa daan patungong Emaus. Makikipag-usap Siya sa kanila at kakain na kasama nila. Makikipagkita Siya sa Kanyang mga Apostol nang pribado at tuturuan sila. Wala si Tomas sa pagkakataong ito. Sa ikalawang pagkakataon, inanyayahan siya ng Panginoon na hipuin ang Kanyang mga kamay at Kanyang tagiliran. Nang may buong pagtataka siya ay napabulalas, "Panginoon ko at Dios ko" (Juan 20:28). Nagsalita siya sa 500 tao sa [isa pang] pagkakataon. . . .

At may isa pang saksi. Ang kasamang ito ng Biblia, ang Aklat ni Mormon, ay nagpapatotoo na nagpakita Siya hindi lamang sa mga nasa Lumang Daigdig kundi maging sa mga tao na nasa Bagong Daigdig. Sapagka't hindi ba minsan Niyang sinabi, "Mayroon akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito: sila'y kailangan din namang

dalhin ko, at kanilang diringgin ang aking tinig; at sila'y magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastor"? (Juan 10:16).

Sa mga tao noon na nasa hemisphere na ito ay nagpakita Siya pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. At sa Kanyang pagbaba sa mga ulap ng langit, ang tinig ng Diyos Amang Walang Hanggan ay narinig muli sa taimtim na pahayag: "Masdan ang minamahal kong Anak, na siya kong labis na kinalulugdan, sa kanya ay niluwalhati ko ang aking pangalan—pakinggan ninyo siya" (3 Ne. 11:7). . . .

At kung ang lahat ng ito ay hindi pa sapat, nariyan ang patotoo, na sigurado at tiyak at malinaw, ng dakilang propeta ng dispensasyong ito, si Joseph Smith. Noong bata pa siya ay nagpunta siya sa kakahuyan upang manalangin na naghahanap ng liwanag at pang-unawa. At nagpakita sa kanya ang dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa kanyang ulunan. Nagsalita sa kanya ang isa sa kanila, tinawag ang kanyang "pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).

Ang Joseph ding ito ay nagsabi sa sumunod na okasyon: "Aming namasdan ang kaluwalhatian ng Anak, sa kanang kamay ng Ama, at natanggap ang kanyang kaganapan; . . .

"At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!" (D at T 76:20, 22.)[6]

Sa lahat ng may pag-aalinlangan, inuulit ko ang mga salitang ibinigay ni Tomas nang madama niya ang sugatang mga kamay ng Panginoon: "Huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin" [Juan 20:27]. Maniwala kay Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang pinakadakilang nilalang sa panahong ito at sa kawalang-hanggan. Maniwalang ang kanyang di mapapantayang buhay ay nagsimula bago pa man likhain ang daigdig. Maniwalang siya ang Tagapaglikha ng mundo na ating tinitirhan. Maniwalang siya ang Jehova ng Lumang Tipan, na siya ang Mesiyas ng Bagong Tipan, na siya ay namatay at nabuhay na mag-uli, na bumisita siya sa mga kanlurang kontinente at nagturo sa mga tao dito, na pinasimulan niya

ang huling dispensasyong ito ng ebanghelyo, at na siya ay buhay, ang buhay na Anak ng buhay na Diyos, ang ating Tagapagligtas at ating Manunubos.[7]

2

**Maaaring malaman ng bawat isa sa atin na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at ang Manunubos ng daigdig, na nabuhay na mag-uli mula sa libingan.**

May isang . . . digmaan na pinaglalabanan para sa pananampalataya ng tao, ngunit ang mga linya ay hindi palaging . . . malinaw, sapagkat maging sa mga puwersa ng Kristiyanismo ay may mga taong sisira sa kabanalan ni Cristo na kung kaninong pangalan sila ay nangungusap. Sila ay maaaring mabalewala kung ang kanilang tinig ay hindi nakakaakit, kung ang kanilang impluwensya ay hindi gayon kalawak, kung ang kanilang katwiran ay hindi gayon kalakas manlinlang.

. . . Maraming tao ang magtitipon sa libu-libong burol upang salubungin ang bukang-liwayway ng Pasko ng Pagkabuhay at alalahanin ang kuwento tungkol kay Cristo, na ang pagkabuhay na mag-uli ay kanilang gugunitain. Sa wikang napakaganda at puno ng pag-asa, ipapangaral ng iba't ibang relihiyon ang kuwento ng libingang walang-laman. Sa kanila—at sa inyo—ito ang tanong ko: "Naniniwala ba talaga kayo dito?"

Naniniwala ba talaga kayo na si Jesus ang Anak ng Diyos, ang literal na anak ng Ama?

Naniniwala ba kayo na ang tinig ng Diyos, na Amang Walang Hanggan, ay narinig sa mga tubig ng Jordan na nagsasabing, "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan"? (Mat. 3:17.)

Naniniwala ba kayo na ang Jesus ding ito ang gumagawa ng mga himala, ang manggagamot ng maysakit, ang tagapagpanumbalik ng may kapansanan, ang tagapagbigay ng buhay sa mga patay?

Naniniwala ba kayo na kasunod ng kanyang pagkamatay sa burol ng Calvario at ng kanyang libing sa libingan ni Jose, bumangon Siya at nabuhay sa ikatlong araw?



*Ang Tagapagligtas ay lumakad na kasama ng dalawang lalaki sa daan papuntang Emaus.*

Naniniwala ba talaga kayo na buhay siya—tunay, mahalaga, at personal—at na siya ay muling paparito gaya ng ipinangako ng mga anghel sa kanyang pag-akyat sa langit?

Naniniwala ba talaga kayo sa mga bagay na ito? Kung naniniwala kayo, ibig sabihin bahagi kayo ng nangangaunting grupo ng mga tao na naniniwala na totoo nga ang sinabi ng Biblia, na lalo pang pinagtatawanan ng mga pilosopo, na lalo pang nilalait ng ilang tagapagturo, at na lalong itinuturing na "makaluma" ng dumaraming bilang ng mga ministro ng relihiyon at maimpluwensyang mga teologo.

. . . Sa mata ng matatalinong ito, ito ay mga maling paniniwala—ang pagsilang ni Jesus bilang Anak ng Diyos na inawitan ng mga anghel sa kapatagan ng Judea, ang gumagawa ng mga himala na nagpagaling ng maysakit at nagpabangon sa patay, ang Cristo na

nabuhay na mag-uli mula sa libingan, ang pag-akyat sa langit at ang ipinangakong pagbabalik.

Tinatanggal ng mga makabagong teologong ito ang kanyang kabanalan at pagkatapos ay nagtataka kung bakit hindi siya sinasamba ng mga tao.

Tinanggal ng mga tusong iskolar na ito kay Jesus ang balabal ng pagkadiyos at ang pagiging tao na lang ang iniwan. Sinikap nilang bigyan siya ng puwang sa kanilang makitid na pag-iisip. Ninakaw nila sa kanya ang kanyang kabanalan bilang anak at inalis sa sanlibutan ang marapat na Hari nito. . . .

. . . Ibinibigay ko ang aming taimtim na patotoo na ang Diyos ay hindi patay, maliban kung titingnan siya sa walang buhay na interpretasyon. . . .

. . . Kailangan ang higit pa sa isang makatwirang paniniwala. Kailangang maunawaan ang kanyang kakaiba at walang kapantay na tungkulin bilang banal na Manunubos at kailangan ng kasigasigan para sa kanya at sa kanyang mensahe bilang Anak ng Diyos.

Ang pang-unawa at kasiglahang iyan ay para sa lahat ng handang paghirapan ito. Hindi ito salungat sa mas mataas na edukasyon, ngunit hindi ito makakamit lamang sa pagbabasa ng pilosopiya. Hindi, nakakamit ito sa mas simpleng proseso. Ang mga bagay ng Diyos ay malalaman lamang sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. (I Cor. 2:11.) Ganito ang nakasaad sa mga salita ng paghahayag.

Ang pagkakaroon ng pang-unawa at sigla para sa Panginoon ay nagmumula sa pagsunod sa mga simpleng patakaran. . . . May tatlo akong imumungkahi, napakasimple sa konsepto, halos gasgas na dahil sa pag-uulit dito, pero mahalagang isabuhay ito at kapakipakinabang ang mga bunga nito. . . .

Ang una ay magbasa—basahin ang salita ng Panginoon. . . . Basahin, halimbawa, ang Ebanghelyo ni Juan mula simula hanggang sa wakas nito. Hayaang ang Panginoon mismo ang magsalita sa inyo, at ang kanyang mga salita ay darating sa tahimik na pananalig kaya't ang mga salita ng mga bumabatikos sa kanya ay mawawalan ng saysay. Basahin din ang tipan ng Bagong Daigdig, ang Aklat ni Mormon, na lumitaw bilang saksi "na si Jesus ay ang Cristo, ang

Diyos na Walang Hanggan, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa.” (pahinang pamagat ng Aklat ni Mormon.)

Ang kasunod ay maglingkod—maglingkod sa gawain ng Panginoon. . . . Hindi kailangan sa layunin ni Cristo ang pagdududa; kailangan nito ang inyong lakas at panahon at mga talento; at kapag ginamit ninyo ito sa paglilingkod, lalago ang inyong pananampalataya at mapapawi ang inyong mga pagdududa. . . .

Ang ikatlo ay manalangin. Makipag-usap sa inyong Amang Walang Hanggan sa pangalan ng kanyang Pinakamamahal na Anak. “Narito,” sabi niya, “Ako’y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako’y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya’y kasalo ko.” (Apoc. 3:20.)

Ito ang kanyang paanyaya, at ang pangako ay tiyak. Malamang na hindi ka makakarinig ng mga tinig mula sa langit, ngunit darating ang kasiguraduhang hatid ng langit, payapa at tiyak. . . .

. . . Sa kabila ng lahat ng kaguluhan ng pilosopiya, na tinatawag na mataas na antas ng kritisismo, at negatibong teolohiya ay darating ang patotoo ng Banal na Espiritu na si Jesus talaga ang Anak ng Diyos, na ipinanganak sa laman, ang Manunubos ng daigdig na nabuhay na mag-uli mula sa libingan, ang Panginoon na paparito upang mamuno bilang Hari ng mga hari. Pagkakataon mong malaman ito. Obligasyon mong alamin ito.[8]

3

## Kailangan nating patuloy na itanong sa ating sarili, “Ano ang gagawin natin kay Jesus na tinatawag na Cristo?”

Muli kong itatanong ang itinanong ni Pilato dalawang libong taon na ang nakalipas, “Ang ang gagawin kay Jesus na tinatawag na Cristo?” (Mat. 27:22.) Sa katunayan, kailangang patuloy nating itanong sa ating sarili, Ano ang gagawin *natin* kay Jesus na tinatawag na Cristo? Ano ang gagawin natin sa kanyang mga turo, at paano ito hindi na mahihiwalay sa ating buhay? . . .

. . . “Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan!” (Juan 1:29.) Tunay na maghihirap tayo sa buhay kung wala ang impluwensya ng kanyang mga turo at ng kanyang walang

kapantay na halimbawa. Ang mga aral tungkol sa pagbaling ng kabilang pisngi, dagdag na pagsisikap, ang pagbabalik ng alibughang anak, at marami pang walang kapantay na mga turo ay sinala ng panahon upang siyang pagmulan ng kabaitan at awa sa napakaraming kalupitan ng tao sa kanyang kapwa.

Kalupitan ang naghahari kapag wala si Cristo. Kabaitan at pagpaparaya ang namamayani kapag kinikilala si Cristo at sinusunod ang kanyang mga turo.

Ano ang ating gagawin kay Jesus na tinawag na Cristo? "Kaniyang ipinakilala sa iyo, Oh tao, kung ano ang mabuti; at ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios?" (Mikas 6:8.)

"Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, na nararapat ninyong patawarin ang isa't isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan." (D at T 64:9.) . . .

Ano ang gagawin natin kay Jesus na tinatawag na Cristo? "Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain: Ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom: Ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; Naging hubad, at inyo akong pinaramtan: ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw: Ako'y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan." (Mat. 25:35–36.) . . .

Ano ang gagawin natin kay Jesus na tinatawag na Cristo?

Matuto sa kanya. Saliksikin ang mga banal na kasulatan dahil ang mga ito ang nagpapatotoo tungkol sa kanya. Pag-isipan ang himala ng kanyang buhay at misyon. Mas maging masigasig pa na sundin ang kanyang halimbawa at sundin ang kanyang mga turo.[9]

4

## Umaasa tayo kay Jesucristo bilang bato ng ating kaligtasan, ating lakas, ating kapanatagan, at ang tuon ng ating pananampalataya.

Hindi natin alam kung ano ang naghihintay sa atin. Hindin natin alam kung ano ang mangyayari sa susunod na mga araw. Nabubuhay

tayo sa mundong walang katiyakan. Para sa ilan, magkakaroon ng malaking katuparan. Para sa iba, kabiguan. Para sa ilan, kagalakan at kasiyahan, mabuting kalusugan, at saganang pamumuhay. Para sa iba, marahil ay pagkakasakit at kalungkutan. Hindi natin alam. Ngunit isang bagay ang alam natin. Tulad ng polar star sa kalangitan, anuman ang mangyari sa hinaharap, naroo't nakatayo ang Manunubos ng daigdig, ang Anak ng Diyos, tiyak na tiyak bilang angkla ng ating imortal na buhay. Siya ang bato ng ating kaligtasan, ating lakas, ating kapanatagan, ang pinakasentro ng ating pananampalataya.

Sa liwanag at sa dilim umasa tayo sa Kanya, at nariyan Siya para magbigay ng katiyakan at ngiti sa atin.[10]

*Ang Manunubos ko'y buhay,*
*Anak ng Diyos, matagumpay,*
*Sa kamataya'y nagwagi,*
*Panginoon ko at Hari.*

*Buhay ang tangi kong lakas,*
*Maaasahan S'yang wagas.*
*Sa tamang landas S'ya'y gabay,*
*Ilaw sa kabilang-buhay.*

*Igawad ang Espiritu,*
*Kapayapaang handog N'yo,*
*At ang tiwalang masundan,*
*Landas sa kawalang-hanggan.*[11]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Muling basahin ang mga salita ng patotoo ni Pangulong Hinckley sa bahagi 1, at pagnilayan ang sarili ninyong patotoo kay Jesucristo. Bakit ninyo ipinagpapasalamat ang ministeryo at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas? Anong mga kuwento at mga turo mula sa buhay ng Tagapagligtas ang may espesyal na kahulugan sa inyo?
- Itanong sa inyong sarili ang bawat isa sa mga tanong sa bahagi 2. Paano naiimpluwensyahan ng inyong mga sagot ang inyong buhay araw-araw? Sa bahagi ding iyon, basahin muli ang tatlong "simpleng patakaran" ni Pangulong Hinckley sa pagkaunawa sa

"mga bagay ng Diyos." Paano nakatulong sa inyo ang mga alituntuning ito para mapalalim ang inyong espirituwal na pag-unawa?

- Paulit-ulit na itinanong ni Pangulong Hinckley, "Ano ang gagawin natin kay Jesus na tinatawag na Cristo?" (bahagi 3). Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang mga sagot? Isipin kung paano ninyo sasagutin ang tanong na ito. Paano magiging iba ang buhay ninyo kung hindi ninyo nalaman ang mga turo at halimbawa ng Tagapagligtas?
- Binigyang-diin ni Pangulong Hinckley na si Jesucristo ang ating angkla sa mundong walang-katiyakan (tingnan sa bahagi 4). Kailan ninyo nadama ang lakas at kapanatagan ng Tagapagligtas sa oras ng pangangailangan? Isiping mabuti ang bawat linya ng himno ni Pangulong Hinckley sa bahagi 4. Sa anong paraan si Cristo ang ating "maaasahang wagas"? Paanong "sa tamang landas S'ya'y gabay"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Lucas 24:36–39; Juan 1:1–14; Ang Mga Gawa 4:10–12; 2 Nephi 2:8; 25:26; Alma 5:48; D at T 110:3–4

*Tulong sa Pag-aaral*

"Magplano ng mga aktibi[dad] sa pag-aaral na magpapatatag ng iyong pananampalataya sa Tagapagligtas" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 24). Halimbawa, habang nag-aaral ka maaari mong itanong sa iyong sarili ang sumusunod: Paano ako matutulungan ng mga turong ito na madagdagan ang pang-unawa ko tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo? Paano ako matutulungan ng mga turong ito na maging higit na katulad ng Tagapagligtas?

## *Mga Tala*

1. "The Symbol of Christ," *Ensign,* Mayo 1975, 92, 94.
2. "Four Cornerstones of Faith," *Ensign,* Peb. 2004, 4.
3. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 280.
4. "He Is Not Here, but Is Risen," *Ensign,* Mayo 1999, 71.
5. "He Is Not Here, but Is Risen," 71.
6. "He Is Not Here, but Is Risen," 71–72.
7. "Be Not Faithless," *Ensign,* Abr. 1989, 2.
8. Sa Conference Report, Abr. 1966, 85–87.
9. "What Shall I Do Then with Jesus Which Is Called Christ?" *Ensign,* Dis. 1983, 3–5.
10. "We Look to Christ," *Ensign,* Mayo 2002, 90.
11. "Ang Manunubos Ko'y Buhay," *Himno,* blg. 77; teksto ni Gordon B. Hinckley.


# Ang Mahalagang Kaloob na Patotoo

*"Iba't iba ang ating mga wika. Nabubuhay tayo sa iba't ibang sitwasyon. Ngunit iisang patotoo ang itinitibok ng puso ng bawat isa sa atin."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

"Ang pinakaunang alaala ko tungkol sa espirituwal na damdamin," sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "ay noong mga limang taong gulang ako, isang batang musmos. Umiiyak ako dahil masakit ang tainga ko. . . . Naghanda ng isang supot ng asin ang nanay ko at pinainitan ito sa kalan. Marahang ipinatong ni Itay ang kanyang mga kamay sa ulo ko at binigyan ako ng basbas, na itinataboy ang sakit at karamdaman sa pamamagitan ng awtoridad ng banal na priesthood at sa pangalan ni Jesucristo. Pagkatapos ay magiliw niya akong kinarga at itinapat ang supot ng mainit na asin sa aking tainga. Nabawasan ang sakit at napawi ito. Nakatulog ako sa ligtas na yakap ng aking ama. Habang nakakatulog ako, nasa isipan ko pa rin ang mga salita ng ibinigay niyang basbas. Iyan ang pinakaunang alaala ko ng paggamit ng awtoridad ng priesthood sa pangalan ng Panginoon.

"Kalaunan noong aking kabataan, ako at ang kapatid kong lalaki ay natulog sa isang kuwartong hindi pinainitan sa taglamig. . . . Bago mahiga sa mainit na kama, lumuhod kami para magdasal. Mga pahayag iyon ng simpleng pasasalamat. . . . Naaalala kong nagmamadali akong nahiga sa kama matapos kong sabihin ang amen, na hinihila ang kumot hanggang sa leeg ko, at iniisip ang katatapos ko lang na pakikipag-usap sa aking Ama sa Langit sa pangalan ng Kanyang Anak. Wala akong masyadong alam noon sa ebanghelyo. Ngunit may nadama akong kapayapaan at seguridad sa pakikipag-usap sa kalangitan at sa pamamagitan ng Panginoong Jesus. . . .



*Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, nagkakaisa tayo sa ating patotoo kay Jesucristo.*

"Lumakas ang patotoong iyon sa puso ko bilang missionary nang basahin ko ang Bagong Tipan at ang Aklat ni Mormon, na dagdag na patotoo tungkol sa Kanya. Ang kaalamang iyan ang naging pundasyon ng aking buhay, na nakasalig sa sinagot na mga panalangin noong kabataan ko. Mula noon ay mas lumago pa ang aking pananampalataya. Ako ay naging Kanyang Apostol, itinalagang gawin ang Kanyang kalooban at ituro ang Kanyang salita. Ako ay naging Kanyang saksi sa mundo."[1]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

### 1

### Patotoo ang malaking kalakasan ng Simbahan at pinagmumulan ng pananampalataya at pagiging aktibo.

Naging isang malaking pamilya tayo na nakakalat sa iba't ibang panig ng malawak na mundong ito. Iba't iba ang ating mga wika. Nabubuhay tayo sa iba't ibang sitwasyon. Ngunit iisang patotoo ang itinitibok ng puso ng bawat isa sa atin: Alam natin na ang Diyos ay buhay at Siya ang namamahala sa Kanyang banal na gawain. Alam nating si Jesus ang ating Manunubos, na namumuno sa Simbahang ito na nagtataglay ng Kanyang pangalan. Alam natin na si Joseph Smith ay isang propeta na namumuno sa simbahan sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon. Alam natin na ang priesthood ay ipinanumbalik sa kanyang ulo at na ito ay naipasa sa atin sa panahong ito nang walang patid. Alam natin na ang Aklat ni Mormon ay isang tunay na tipan tungkol sa katotohanan at kabanalan ng Panginoong Jesucristo.[2]

Ang bagay na ito na tinatawag nating patotoo ang matinding lakas ng Simbahan. Ito ang pinagmumulan ng pananampalataya at pagiging aktibo. . . . Ito ay tunay at makapangyarihang gaya ng anumang puwersa sa lupa. Inilarawan ito ng Panginoon nang kinausap Niya si Nicodemo at sinabing, "Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig mo ang kaniyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, at kung saan naparoroon, gayon ang bawa't ipinanganak ng Espiritu" (Juan 3:8). Ang bagay na ito na tinatawag nating patotoo ay mahirap ilarawan, ngunit malinaw ang mga bunga nito. Ito'y ang Banal na Espiritu na nagpapatotoo sa pamamagitan natin.[3]

## 2

**Ang patotoo ay tahimik, nakahihikayat na tinig na sumusuporta sa atin habang tayo ay lumalakad nang may pananampalataya at nagtutulak sa atin na kumilos.**

Ang personal na patotoo ang nagpapabago ng pamumuhay ng mga tao sa pagsapi nila sa Simbahang ito. Ito ang elemento na humihikayat sa mga miyembro na talikuran ang lahat sa paglilingkod sa Panginoon. Ito ang tahimik, nakahihikayat na tinig na sumusuporta nang walang hinto sa mga taong lumalakad nang may pananampalataya sa mga huling sandali ng kanilang buhay.

Ito ay mahiwaga at kagila-gilalas na bagay, isang kaloob ng Diyos sa tao. Hindi nito tinitingnan ang kayamanan o kahirapan kapag tinawag ang isang tao na maglingkod. Ang patotoong ito na inihahatid sa puso ng ating mga tao ay humihikayat sa pagganap ng tungkulin. Ito ay matatagpuan sa bata at matanda. Ito ay matatagpuan sa estudyante sa seminary, sa missionary, sa bishop at stake president, sa mission president, sa miyembro ng Relief Society, sa bawat General Authority. Ito ay naririnig mula sa mga miyembro mismo. Ito ang pinakadiwa ng gawaing ito. Ito ang nagsusulong sa gawain ng Panginoon sa iba't ibang panig ng mundo. Ito ang nagtutulak na kumilos. Hinihingi nito na gawin natin ang ipinagagawa sa atin. Kaakibat nito ang katiyakan na ang buhay ay may layunin, na may ilang bagay na mas mahalaga kaysa sa iba, na tayo ay nasa walang hanggang paglalakbay, na tayo ay mananagot sa Diyos. . . .

Ang elementong ito, na medyo mahina noong una, ang nagtutulak sa bawat investigator na magbalik-loob. Ito ang nagtutulak sa bawat nabinyagan tungo sa seguridad sa pananampalataya. . . .

Saanman iorganisa ang Simbahan ay dama ang kapangyarihan nito. Tumatayo tayo at sinasabing alam natin. . . . Ang simpleng katotohanan ay na *talagang* alam natin na buhay ang Diyos, na si Jesus *ay* ang Cristo, at na ito ang kanilang layunin at kanilang kaharian. Ang mga salita ay simple; ang pagpapahayag ay nagmumula sa puso. Ito ay kumikilos saanman inorganisa ang Simbahan, saanman mayroong mga missionary na nagtuturo ng ebanghelyo, saanman may mga miyembro na nagbabahagi ng kanilang pananampalataya.

Ito ay isang bagay na hindi mapapabulaanan. Maaaring banggitin ng mga katunggali ang mga banal na kasulatan at walang tigil na makipagtalo ukol sa doktrina. Sila ay maaaring matalino at nakahihikayat. Ngunit kapag sinabi ng isang tao na, "Alam ko," wala nang pagtatalunan pa. Maaaring hindi ito tanggapin, pero sino ang kakalaban o makapagkakaila sa banayad na tinig ng kaluluwa na nagsasalita nang buong katatagan?[4]

### *"Liwanag sa ating buhay"*

Si [David Castañeda], ang kanyang asawa, si Tomasa, at kanilang mga anak ay nakatira sa munting lumang rantso malapit sa Torreón [sa Mexico]. Mayroon silang 30 manok, 2 baboy, at 1 payat na kabayo. Ang mga manok ay nakakapangitlog na pangkain nila at paraan ito para kumita nang kaunti paminsan-minsan. Nabuhay sila sa kahirapan. Pagkatapos ay tinawag sila ng mga missionary. Sabi ni Sister Castañeda, "Tinulungan kami ng mga Elder na makita at maunawaan ang tunay na situwasyon at tinulungan kaming maunawaan ang kailangan naming gawin sa buhay. Wala kaming alam tungkol kay Jesucristo. Wala kaming alam noon tungkol sa Diyos hanggang sa dumating sila."

Dalawang taon lang siyang nakapag-aral, ang kanyang asawa ay hindi nakapag-aral. Tinuruan sila ng mga elder, at nabinyagan sila kalaunan. . . . Unti-unti nilang itinayo ang isang maunlad na negosyo kung saan nagtrabaho ang ama at kanyang limang anak na lalaki. Sa simpleng pananampalataya nagbayad sila ng kanilang ikapu. Nagtiwala sila sa Panginoon. Ipinamuhay nila ang ebanghelyo. Naglingkod sila saanman sila tawaging maglingkod. Apat sa kanilang mga anak na lalaki at tatlo sa kanilang mga anak na babae ang nagmisyon. . . . Tinuya sila ng kanilang mga kritiko. Ang kanilang sagot ay patotoo sa kapangyarihan ng Panginoon sa kanilang buhay.

Mga 200 sa kanilang pamilya at mga kaibigan ang sumapi sa Simbahan dahil sa kanilang impluwensya. Mahigit 30 mga anak na lalaki at babae ng pamilya at mga kaibigan ang nakapagmisyon. Ibinigay nila bilang donasyon ang lupain na kinatatayuan ngayon ng isang chapel.

Ang mga bata, na nasa hustong kaisipan na ngayon, at ang mga magulang ay naghahalinhinan sa pagpunta sa Mexico City bawat

buwan, para sa gawain sa templo. Sila ay tumatayo bilang buhay na patotoo ng dakilang kapangyarihan ng gawaing ito ng Panginoon para tulungan at baguhin ang mga tao. Ito ay kahalintulad ng libu-libo sa buong mundo na dumaranas ng himala ng Mormonismo sa pagdating ng patotoo sa kabanalan ng gawain sa kanilang buhay.[5]

### *"Totoo, di ba? Kung gayon, ano pa ang mahalaga?"*

Nakilala ko ang isang opisyal sa navy mula sa isang malayong bansa, isang matalinong binata na dinala sa Estados Unidos para sa advanced training. Ang ilan sa mga kasamahan niya sa United States Navy, na ang pag-uugali ay hinangaan niya, ay ibinahagi sa kanya ang kanilang paniniwala sa relihiyon nang hilingin niya ito. Siya ay hindi Kristiyano, pero interesado siya. Sinabi nila sa kanya ang tungkol sa Tagapagligtas ng sanlibutan, na si Jesucristo, na isinilang sa Betlehem, na nagbuwis ng kanyang buhay para sa sangkatauhan. Sinabi nila sa kanya ang tungkol sa pagpapakita ng Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at ng Panginoon sa batang si Joseph Smith. Binanggit nila ang tungkol sa mga makabagong propeta. Itinuro nila sa kanya ang ebanghelyo ng Panginoon. Inantig ng Espiritu ang kanyang puso, at nabinyagan siya.

Ipinakilala siya sa akin bago siya bumalik sa kanyang inang bayan. Pinag-usapan namin ang mga ito, at sinabi ko sa kaniya: "Hindi Kristiyano ang mga kababayan mo. Ano ang mangyayari sa pag-uwi mo na isa ka nang Kristiyano, at, lalo pa't, isang Kristiyanong Mormon?"

Nabakas ang lungkot sa kanyang mukha, at sumagot siya, "Malulungkot po ang pamilya ko. Maaari nila akong itakwil at ituring na patay na. Tungkol naman sa hinaharap at trabaho ko, maaaring ipagkait sa akin ang lahat ng oportunidad."

Nagtanong ako, "Handa ka bang gawin ang gayon kalaking sakripisyo para sa ebanghelyo?"

Ang kanyang mga mata, na basa ng mga luha, ay nagningning sa kanyang guwapong kayumangging mukha nang sumagot siya, "Totoo ito, di po ba?"

"Nahihiya sa ginawa kong pagtatanong, sumagot ako, "Oo, totoo ito."

Na sinagot niya ng, “Kung gayon, may iba pa po bang mas mahalaga?”


Ito ang gusto kong iwanan sa inyo na mga tanong: “Ito ay totoo, hindi ba? Kung gayon ano pa ang talagang mahalaga?”[6]

*Isang bagong pananaw sa buhay*

Minsan akong nakinig sa mga karanasan ng isang inhinyero na kamakailan lang sumapi sa Simbahan. Tumawag ang mga missionary sa kanyang tahanan, at pinapasok sila ng kanyang asawa. Sabik ang asawang babae sa pagtugon sa kanilang mensahe, samantalang nadarama ng lalaki na napipilitan lamang siya. Isang gabi ipinahiwatig ng asawang babae na gusto niyang mabinyagan. Biglang nagalit ang lalaki. Hindi ba niya alam kung ano ang ibig sabihin nito? Ito ay mangangahulugan ng panahon. Mangangahulugan ito ang pagbabayad ng ikapu. Mangangahulugan ito ng pag-iwas sa kanilang mga kaibigan. Mangangahulugan ito ng hindi na paninigarilyo. Ibinato niya ang kanyang amerikana at lumabas nang gabing iyon, at sa pag-alis ay isinara nang malakas ang pinto. Naglakad-lakad siya sa kalsada, nagsasalita ng masama sa kanyang asawa, nagsasalita ng masama sa mga missionary, nagsasalita ng masama sa sarili niya sa pagpayag na magturo sa kanila. Nang mapagod na siya medyo napawi na ang galit niya, at kahit paano ay nadama niya ang diwa ng panalangin. Nagdasal siya habang naglalakad. Nagsumamo siya sa Diyos na sagutin ang kanyang mga tanong. At pagkatapos ay dumating ang isang impresyon, napakalinaw, halos parang sinabi ng tinig ang mga salitang, “Ito ay totoo.”

“Ito ay totoo,” ang paulit-ulit niyang sinabi sa kanyang sarili. “Ito ay totoo.” May kapayapaan siyang nadama. Habang naglalakad siya pauwi, ang mga restriksyon, ang mga hinihingi, na labis niyang ikinagalit ay nagsimulang ituring na mga oportunidad. Nang buksan niya ang pinto, natagpuan niya ang kanyang asawa na nakaluhod at nagdarasal.

. . . Sa harap ng kongregasyon na pinagsabihan niya tungkol dito, binanggit niya ang kagalakang nadama nila sa kanilang buhay. Ang ikapu ay hindi isang problema. Ang pagbabahagi ng kanilang ari-arian sa Diyos, na nagbigay sa kanila ng lahat ng bagay, ay tila kakaunti. Ang panahon sa paglilingkod ay hindi problema.



*"Sino ang kakalaban o makapagkakaila sa banayad na tinig ng kaibuturan ng kaluluwa na nagsasalita nang buong katatagan?"*

Kailangan lang dito ng kaunting ingat sa pagbabadyet ng oras sa buong linggo. Ang responsibilidad ay hindi problema. Nagdulot ito ng pag-unlad at bagong pananaw sa buhay. At pagkatapos ang taong ito na matalino at bihasa sa kanyang larangan, ang engineer na ito na sanay sa pagharap sa tunay na pangyayari sa pisikal na mundo na ating ginagalawan, ay nagbigay ng taimtim na patotoo habang basa ng luha ang mga mata dahil sa mga himalang dumating sa kanyang buhay.[7]

### *"Ang pinakamahalagang bagay sa aking buhay"*

Ilang taon na ang nakalipas isang matalino at napaka-edukadong dalaga ang nagsalita sa Berchtesgaden, Germany, sa isang kumperensya ng mga tauhang militar na mga miyembro ng Simbahan. Naroon ako noon at narinig ko siya. Siya ay major sa army, doktor, na lubhang iginagalang na espesyalista sa kanyang larangan. Sabi niya:

"Higit sa anupaman sa mundo gusto kong maglingkod sa Diyos. Ngunit kahit ano ang gawin ko hindi ko siya matagpuan. Ang himala ng lahat ng ito ay natagpuan niya ako. Isang Sabado ng hapon noong Setyembre 1969 naroon ako sa bahay ko sa Berkeley, California, at narinig kong tumunog ang aking doorbell. Naroon at nakatayo ang

dalawang binata, na nakasuot ng amerikana, puting polo at kurbata. Maayos ang pagkasuklay ng kanilang buhok. Talagang humanga ako sa kanila kaya sinabi ko: 'Hindi ko alam kung ano ang itinitinda ninyo, pero bibilhin ko ito.' Sabi ng isa sa mga binata: 'Hindi po kami nagtitinda ng anuman. Kami po ay mga missionary ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at gusto po namin kayong makausap.' Pinapasok ko sila, at nagsalita sila tungkol sa kanilang pananampalataya.

"Doon nagsimula ang aking patotoo. Hindi mailarawan ng mga salita ang pagpapasalamat ko sa pribilehiyo at karangalan na maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Dahil sa kagalakan at kapayapaang hatid ng masayang ebanghelyong ito sa puso ko ay para akong nasa langit kahit nasa lupa ako. Ang patotoo ko sa gawaing ito ang pinakamahalagang bagay sa buhay ko, isang kaloob mula sa aking Ama sa Langit, na walang katapusan kong ipagpapasalamat."[8]

Nangyayari din ito sa daan-daang libong tao sa maraming lupain—mga lalaki at babae na nagsanay at may kakayahan, na nasa negosyo at mga propesyon, matitigas ang ulo, praktikal [na mga tao] na gumagawa ng mga gawain ng mundo, at sa puso nila ay nag-aalab ang tahimik na patotoo na buhay ang Diyos, na si Jesus ang Cristo, na ang gawaing ito ay banal, na ito ay ipinanumbalik sa lupa para pagpalain ang lahat ng makikibahagi sa mga oportunidad nito.[9]

3

### Bawat isa sa atin ay maaaring magkaroon ng patotoo sa katunayan ng Diyos at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak at sa panunumbalik ng Kanilang gawain.

Ang pagsaksing ito, ang patotoong ito, ay maaaring ang pinakamahalaga sa lahat ng mga kaloob ng Diyos. Ito ay isang kaloob mula sa langit kapag ginawa ng tao ang tamang paraan para makamit ito. Ito ang pagkakataon, ito ang responsibilidad ng bawat lalaki at babae sa Simbahang ito na magkaroon ng sariling pananalig sa katotohanan ng dakilang gawaing ito sa mga huling araw at sa mga namumuno dito, maging ang buhay na Diyos at ang Panginoong Jesucristo.

Itinuro ni Jesus ang daan para magkaroon ng gayong patotoo nang sabihin Niyang: "Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin.

"Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili" (Juan 7:16–17).

Lumalago ang ating pananampalataya at kaalaman kapag naglilingkod tayo, kapag nag-aaral tayo, kapag nananalangin tayo.

Nang pinakain ni Jesus ang 5,000 nakilala nila at nanggilalas sila sa himalang ginawa Niya. Ang ilan ay bumalik muli. Sa mga taong ito ay itinuro Niya ang doktrina ng Kanyang kabanalan, ng Kanyang sarili bilang Tinapay ng Buhay. Pinagsabihan niya sila na hindi sila interesado sa doktrina kundi sa halip ay nais lamang nilang bigyang-kasiyahan ang pagkagutom ng kanilang mga katawan. Ang ilan, nang marinig Siya at ang Kanyang doktrina, ay nagsabing, "Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?" (Juan 6:60). Sino ang maniniwala sa itinuturo ng lalaking ito?

"Dahil dito'y marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya.

"Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa [palagay ko nang may kalungkutan], Ibig baga ninyong magsialis din naman?

"Sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.

"At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Cristo, ang Banal ng Dios" (Juan 6:66–69).

Ito ang malaking katanungan, at ang sagot dito, na kailangang harapin nating lahat. Kung hindi sa Iyo, kung gayon "Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan. At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Cristo, ang Banal ng Dios."

Ang pananalig na ito, ang tahimik na katiyakan sa kalooban na ito tungkol sa katotohanan ng buhay na Diyos, sa kabanalan ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, sa panunumbalik ng kanilang gawain sa panahong ito, at sa maluwalhating pagpapatunay na

kasunod nito na nagiging pundasyon ng ating pananampalataya. Ito ay nagiging ating patotoo.

. . . Kamakailan lang ay galing ako sa Palmyra, New York [malapit sa lugar kung saan natanggap ni Joseph Smith ang Unang Pangitain]. Ukol sa mga pangyayaring naganap sa lugar na iyon, ang isa ay makapagsasabing: "[Dalawang bagay lang] nangyari nga ito o hindi. Hindi maaaring kapwa tama ang mga ideyang ito."

At ang tinig ng pananampalataya ay bumubulong: "Nangyari ang lahat ng ito. Nangyari ito tulad ng sinabi niya na nangyari ito."

Sa di-kalayuan ay ang Burol ng Cumorah. Mula roon ay lumitaw ang sinaunang talaan na pinagmulan ng salin ng Aklat ni Mormon. Kailangang tanggapin o tanggihan ng tao ang banal nitong pinagmulan. Sa pagsasaalang-alang na mabuti sa ebidensya ay dapat masabi ng bawat lalaki at babae na nagbasa nito nang may pananampalataya na, "Ito ay totoo."

At ganito rin dapat sa iba pang mga elemento ng mahimalang bagay na ito na tinatawag nating panunumbalik ng sinaunang ebanghelyo, ng sinaunang priesthood, at ng sinaunang Simbahan.

Ang patotoong ito ngayon, tulad noon pa man, ay isang pahayag, isang tahasang paggiit sa nalalaman nating katotohanan.[10]

**4**

## Dapat tayong mamuhay ayon sa ating patotoo at ibahagi ito sa iba.

Sinabi ni Pablo kay Timoteo: "Magingat ka sa iyong sarili"—pakinggan ninyo ito—"at sa iyong turo. Manatili ka sa mga bagay na ito; sapagka't sa paggawa nito ay ang iyo ring sarili ang ililigtas mo at pati ng mga nagsisipakinig sa iyo" (I Kay Timoteo 4:16). Napakagandang tagubilin na ibinigay ni Pablo sa binatang si Timoteo.

At sinabi pa niya: "Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan" (II Kay Timoteo 1:7). Hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng katakutan, kundi ng kapangyarihan—ang kapangyarihan ng mensahe; at ng pagmamahal—pagmamahal sa mga tao, pagmamahal sa anumang maiaalay natin; maayos na kaisipan—ang

simple at madaling unawaing mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

"Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon" (II Kay Timoteo 1:8). Huwag kailanman, mga kapatid, ikahiya ang patotoo sa ating Panginoon. . . . Narito ang isang dakilang utos, isang utos na ibinigay sa atin: "Sapagkat hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan, at ng pagmamahal, at ng kahusayan. Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon."[11]

Ito ang banal na gawain ng Diyos. Ito ang Kanyang Simbahan at kaharian. Ang pangitain na naganap sa Sagradong Kakahuyan ay tulad ng sinabi ni Joseph. Tunay na nauunawaan ng puso ko ang kahalagahan ng nangyari doon. Ang Aklat ni Mormon ay totoo. Nagpapatotoo ito sa Panginoong Jesucristo. Naipanumbalik na ang Kanyang priesthood at nasa atin ito. Ang mga susi ng priesthood na iyon, na nagmula sa makalangit na mga nilalang, ay ginagamit para sa ating walang hanggang pagpapala. Gayon ang ating patotoo—ang sa inyo at sa akin—isang patotoo na kailangan nating ipamuhay at kailangan nating ibahagi sa iba. Iniiwan ko ang patotoong ito, aking basbas, at pagmamahal sa bawat isa sa inyo at ang aking paanyaya na patuloy na maging bahagi ng dakilang himalang ito sa mga huling araw, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.[12]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sa paanong paraan nakaaambag ang inyong personal na patotoo sa pagtatag ng Simbahan? (Tingnan sa bahagi 1.)
- Binibigyang-diin ni Pangulong Hinckley na ang patotoo ay sumusuporta sa atin at "nagtutulak sa [atin] na kumilos" (bahagi 2). Paano kayo natulungan ng inyong patotoo? Paano nakaimpluwensya ang inyong patotoo sa inyong mga kilos? Anong mga personal na pagsasabuhay ang magagawa ninyo mula sa mga kuwento sa bahagi 2?
- Ano ang matututuhan natin mula sa mga turo ni Pangulong Hinckley tungkol sa pagkakaroon ng patotoo? (Tingnan sa bahagi 3.) Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo para makamit ang

inyong patotoo? Ano ang magagawa natin para mapalakas ang ating mga patotoo?

- Sa palagay ninyo bakit lumalakas ang ating patotoo kapag ibinabahagi natin ito? Paano ninyo nadaig ang damdamin ng pagkatakot sa pagbabahagi ng inyong patotoo? Paano kayo napagpapala ng mga patotoo ng ibang tao? (Tingnan sa bahagi 4.)

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

I Mga Taga Corinto 12:3; I Ni Pedro 3:15; Alma 5:43–46; 32:26–30; Moroni 10:3–5; D at T 8:2–3; 80:3–5

*Tulong sa Pagtuturo*

"Habang nakikilala at nauunawaan ninyo ang bawat tao, magiging lalong handa kayong ituro ang mga aralin na nangungusap sa kanikanyang kalagayan. Ang pag-unawang ito ay makatutulong sa inyo na makahanap ng mga paraan upang matulungan ang bawat tao na makilahok sa mga talakayan at iba pang gawain sa pagkatuto" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 42).

## *Mga Tala*

1. "Ang aking Patotoo," *Ensign,* Mayo 2000, 70–71.
2. "Listen by the Power of the Spirit," *Ensign,* Nob. 1996, 5.
3. "Testimony," *Ensign,* Mayo 1998, 69.
4. "Testimony," 69–70.
5. "Testimony," 70.
6. "It's True, Isn't It?" *Ensign,* Hulyo 1993, 2.
7. "It's True, Isn't It?" 5.
8. "It's True, Isn't It?" 6.
9. "It's True, Isn't It?" 5.
10. "Testimony," 70–71.
11. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Tomo 2: 2000–2004* (2005), 369.
12. "A Perfect Brightness of Hope: To New Members of the Church," *Ensign,* Okt. 2006, 5.



*Sina Pangulo at Sister Hinckley ay nagtamasa ng masaya at magiliw na pagmamahalan ng mag-asawa at pinalakas ng "tahimik na katiyakan na muling magkakasama nang walang hanggan."*

# Pangangalaga sa Walang-Hanggang Pagsasamahan ng Mag-asawa

*"Ang pinakamasarap sa buhay, ang pinakamagiliw at nakasisiyang tibok ng puso ng tao, ay naipapakita sa pagsasama ng mag-asawa na nananatiling dalisay at walang bahid-dungis sa kabila ng kasamaan ng mundo."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Isang gabi nang sina Pangulo at Sister Hinckley ay tahimik na magkatabing nakaupo, sinabi ni Sister Hinckley, "Hinahayaan mo akong lumaya sa tuwina, at minahal kita dahil dito."[1] Sa pagsasalita tungkol sa sinabi ng kanyang asawa, sinabi ni Pangulong Hinckley, "Sinikap kong kilalanin ang [kanyang] kakayahan, kanyang personalidad, kanyang mga hangarin, kanyang pinagmulan, kanyang mga ambisyon. Hayaan siyang lumipad. Oo, hayaan siyang lumipad! Hayaang pagyamanin niya ang kanyang mga talento. Hayaang gawin niya ang mga bagay sa kanyang paraan. Huwag mo siyang hadlangan, at mamamangha ka sa ginagawa niya."[2] Si Sister Hinckley ay sumusuporta rin naman sa kanyang asawa—bilang ama, sa kanyang mga personal na interes, at sa kanyang malawak na paglilingkod sa Simbahan.

Sa kanilang paglaki, sina Gordon B. Hinckley at Marjorie Pay ay matagal na nakatira sa iisang ward, at maraming taon na ang tirahan nila ay magkatapat lang sa isa't isa. "Una ko siyang nakita sa Primary," paggunita ni Pangulong Hinckley kalaunan. "May binasa siya. Hindi ko alam kung ano ang ginawa nito sa akin, pero hindi ko na ito nalimutan kailanman. At lumaki siya na isang magandang dalaga, at hindi ako nagkamali na pinakasalan ko siya."[3]

Una silang nagdeyt—sa isang sayawan sa Simbahan—noong siya ay 19 anyos at si Marjorie ay 18 anyos. "Magiging matagumpay ang binatang ito," sabi ni Marjorie sa kanyang ina pagkaraan niyon.[4] Nagpatuloy ang kanilang ugnayan habang nag-aaral si Gordon sa University of Utah. At noong 1933, isang taon makaraan siyang magtapos, tinawag siyang magmisyon sa England. Pagbalik niya noong 1935, ipinagpatuloy nila ang kanilang pagliligawan, at noong 1937 nagpakasal sila sa Salt Lake Temple. Sa paggunita sa unang bahagi ng kanilang pagsasama, sinabi ni Sister Hinckley:

"Kaunti lang ang pera namin, ngunit puno kami ng pag-asa at magandang pananaw. Ang mga unang araw na iyon ay hindi puro ligaya, ngunit puno ito ng determinasyon at malaking hangarin na bumuo ng maligayang tahanan. Mahal namin ang isa't isa, walang duda tungkol diyan. Ngunit kailangan din kaming masanay sa isa't isa. Palagay ko ang bawat mag-asawa ay kailangang masanay sa isa't isa.

"Maaga pa lang ay natanto ko na mas makabubuti kung mas sisikapin naming masanay sa isa't isa kaysa palaging sinisikap na baguhin ang isa't isa—na natuklasan kong imposibleng mangyari. . . . Kailangang may kaunting pagbibigayan, at maraming kaluwagan, para makabuo ng maligayang tahanan."[5]

Si Pangulong Hinckley ay tinawag bilang General Authority noong 1958, at sa mga unang taon ng kanyang paglilingkod, si Sister Hinckley ay karaniwang nasa bahay lang para alagaan ang kanilang limang anak habang naglalakbay si Pangulong Hinckley para gampanan ang mga tungkulin sa Simbahan. Nang malaki na ang kanilang mga anak, ang mga Hinckley ay madalas na naglalakbay nang samasama—isang bagay na napakahalaga sa kanila. Noong Abril 1977, ang ika-40 anibersaryo ng kanilang kasal ay naganap habang nasa mahabang paglalakbay sila para makipagpulong sa mga Banal sa Australia. Nang araw na iyon, isinulat ni Pangulong Hinckley sa kanyang journal:

"Nasa Perth, Australia kami ngayon, at ang aming presensya dito ay simbolo ng naidulot sa amin ng mga taon ng pagsasama bilang mag-asawa. Maghapon naming kasama sa pulong ang mga missionary ng Australia Perth Mission. Napakaganda ng maghapon kung saan narinig namin ang mga patotoo at tagubilin. Binigyan ng mga

missionary si Marjorie ng corsage, na hindi ko nagawang bilhin para ibigay ko sa kanya.

"Makapagsusulat kami ng makapal na aklat tungkol sa nakalipas na 40 taon. . . . Nagkaroon din kami ng mga problema at nahirapan. Ngunit sa kabuuan, maganda ang aming buhay. Kami ay nabiyayaan nang husto. Sa edad na ito, nagsisimulang madama ng tao ang kahulugan ng kawalang-hanggan at ang kahalagahan ng pagsasamang walang-hanggan. Kung nasa bahay namin kami ngayong gabi, malamang na nagkaroon ng salu-salo ang aming pamilya. Ngunit heto, malayo kami sa tahanan at naglilingkod sa Panginoon, at napakatamis na karanasan ito."[6]

Makalipas ang dalawampu't dalawang taon, habang naglilingkod bilang Pangulo ng Simbahan, sumulat si Pangulong Hinckley kay Sister Hinckley at ipinahayag ang kanyang damdamin makaraan ang mahigit 60 taon ng pagsasama bilang mag-asawa. "Napakalaki ng pagpapahalaga ko sa iyo bilang aking kasama," sabi niya. "Ngayon ay magkasama tayo sa pagtanda, at napakatamis ng ating karanasan. . . . Kapag dumating ang araw na pumanaw ang isa sa atin tiyak na papatak ang mga luha, oo, ngunit magkakaroon din ng tahimik na katiyakan na muli tayong magkakasama nang walang hanggan."[7]

Sa unang bahagi ng 2004 ang mga Hinckley ay pauwi na mula sa paglalaan ng Accra Ghana Temple nang himatayin si Sister Hinckley dahil sa pagod. Hindi na niya nabawi ang kanyang lakas at pumanaw noong Abril 6, 2004. Makalipas ang anim na buwan sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre, sinabi ni Pangulong Hinckley:

"Habang hawak ko ang kamay niya at nakikita ang dahan-dahang pagpanaw niya, inaamin kong parang hindi ko ito kaya. Bago ko siya pinakasalan, siya na ang babaeng pangarap ko. . . . Siya ang mahal kong kabiyak sa loob ng mahigit dalawang-katlo ng isang siglo, ang aking katuwang sa harapan ng Panginoon, ang totoo, nakahihigit siya sa akin. At ngayon sa aking katandaan, muli siyang naging ang babaeng pangarap ko."[8]

Sa kanyang pagdadalamhati, pinalakas si Pangulong Hinckley ng kaalaman na siya at si Marjorie ay nabuklod sa kawalang-hanggan. "Ang mawalan ng pinakamamahal na kabiyak na matagal mong nakasama sa mabuti at masamang karanasan ay talagang napakasakit,"

sabi niya. "Napakatindi ng kalungkutan na lalo pang tumitindi. Talagang napakasakit nito sa kalooban. Ngunit sa katahimikan ng gabi ay naririnig ang marahang bulong na nagsasabing, 'Maayos ang lahat. Maayos ang lahat.' At ang tinig na nagmumula sa kung saan ay nagdudulot ng kapayapaan, at kasiguraduhan, at matibay na katiyakan na ang kamatayan ay hindi ang wakas, na patuloy ang buhay, na may gagawin at matatamo ang mga tagumpay. Ang tahimik na tinig, na hindi pa narinig ng mortal na tainga, ay naghahatid ng katiyakan na, kung mayroong paghihiwalay, gayundin na mayroong napakasayang muling pagsasama."[9]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

**1**

### Ipinlano ng Ama sa Langit ang kasal mula sa simula.

Tunay na napakaganda ng kasal sa ilalim ng plano ng ating Ama sa Langit, isang planong inilaan ng Kanyang banal na karunungan para sa kaligayahan at seguridad ng Kanyang mga anak at pagpapatuloy ng lahi.

Siya ang ating Lumikha, at idinisenyo Niya ang pag-aasawa mula sa simula. Sa panahon ng paglikha kay Eva, "[sinabi ni Adan], Ito nga'y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman: . . . Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman." (Gen. 2:23–24.)

Isinulat ni Pablo sa mga Banal sa Corinto, "Ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae, sa Panginoon." (I Cor. 11:11.)

Sa makabagong paghahayag, sinabi ng Panginoon, "At muli, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na sinuman ang nagbabawal ng pagkakasal ay hindi inorden ng Diyos, sapagkat ang kasal ay inorden ng Diyos sa tao." (D at T 49:15.) . . .

Tiyak na walang sinumang nagbabasa ng mga banal na kasulatan, kapwa noong unang panahon at ngayon, na mag-aalinlangan sa banal na konsepto ng kasal. Ang pinakamasarap sa buhay, ang pinakamagiliw at nakasisiyang tibok ng puso ng tao, ay naipapakita

sa pagsasama ng mag-asawa na nananatiling dalisay at walang bahid-dungis sa kabila ng kasamaan ng mundo.

Ang gayong kasal, naniniwala ako, ay ang hangarin—ang inaasahan, ang inaasam, ang ipinagdarasal na hangarin—ng kalalakihan at kababaihan sa lahat ng dako.[10]

2

**Sa templo, ang mag-asawa ay maaaring ibuklod para sa buong kawalang-hanggan.**

[Ang] mga templo ay . . . nagbibigay ng mga pagpapalang hindi makukuha sa ibang lugar. Lahat ng ginagawa sa mga sagradong bahay [na ito] ay may kinalaman sa walang-hanggang katangian ng tao. Dito, ibinubuklod ang mga mag-asawa at mga anak bilang pamilya hanggang sa kawalang-hanggan. Ang kasal ay hindi "hanggang paghiwalayin ng kamatayan." Ito ay walang hanggan, kung ang mag-asawa ay mamumuhay nang karapat-dapat sa mga pagpapala.[11]

Mayroon bang lalaki na tunay na nagmahal sa isang babae, o mayroon bang babae na tunay na nagmahal sa isang lalaki, na hindi nagdasal na ang kanilang pagsasama ay magpatuloy nawa sa kabilang-buhay? Mayroon na bang [anak na] inilibing ng mga magulang na hindi umasam sa katiyakan na ang mahal nila sa buhay ay muling mapapasakanila sa mundong darating? Magagawa ba ng sinumang naniniwala sa buhay na walang hanggan na mag-alinlangan na ipagkakaloob ng Diyos ng kalangitan sa Kanyang mga anak na lalaki at babae ang pinamahalagang sangkap ng buhay, ang pag-ibig na naipahihiwatig nang lubusan sa mga ugnayan ng pamilya? Hindi, hinihingi ng katuwiran na dapat magpatuloy ang mga ugnayan ng pamilya pagkatapos ng kamatayan. Inaasam ito ng puso ng tao, at inihayag ng Diyos ng kalangitan ang isang paraan upang makamtan ito. Inilalaan ito ng mga sagradong ordenansa ng bahay ng Panginoon.[12]

Napakatamis ng katiyakan, nakapapanatag ang kapayapaang nagmumula sa kaalaman na kung magpapakasal tayo sa tamang paraan at mamumuhay nang matwid, magpapatuloy ang ating ugnayan, sa kabila ng katiyakan ng kamatayan at ng paglipas ng panahon. Ang mga tao ay maaaring kumatha ng mga awit ng pag-ibig at kantahin ang mga ito. Maaari silang manabik at umasa at mangarap. Ngunit

lahat ng ito ay magiging romantikong pag-asam lamang maliban kung gagamitan ng awtoridad na makadaraig sa mga kapangyarihan ng panahon at kamatayan.[13]

3

## Ang mga mag-asawa ay magkatuwang o nagtutulungan sa walang-hanggang paglalakbay.

Sa Kanyang maringal na plano, nang unang likhain ng Diyos ang tao, ay ginawa Niyang dalawa ang kasarian. Ang nagpapadakilang pahayag ng dalawang kasarian ay matatagpuan sa pagsasama ng mag-asawa. Nagiging ganap ang isang tao dahil sa isa pa.[14]

Sa pagsasama ng mag-asawa ay walang mas mababa o kaya ay nakahihigit sa kanila. Ang babae ay hindi naglalakad sa unahan ng lalaki; ni lumalakad ang lalaki sa unahan ng babae. Sila ay magkasabay sa paglakad bilang anak na lalaki at anak na babae ng Diyos sa isang walang-hanggang paglalakbay.[15]

Ang kasal, sa tunay na kahulugan nito, ay pakikipagtuwang ng magkapantay, nang hindi ginagamit ang kapangyarihan sa isa, kundi, sa halip, ay hinihikayat at tinutulungan ang isa't isa sa anumang responsibilidad at mithiin nila.[16]

Mga babae, ituring ang inyong asawa bilang inyong mahalagang kasama at mamuhay nang marapat sa samahang iyan. Mga lalaki, ituring ang inyong mga asawa bilang inyong pinakamahalagang pag-aari sa buhay na ito o sa kawalang-hanggan, bawat isa ay anak ng Diyos, isang katuwang na makakasama ninyo sa paglakad, umaraw man o bumagyo, sa kabila ng lahat ng panganib at tagumpay sa buhay.[17]

Naiisip ko ang dalawang [kaibigan] ko noon . . . sa hayskul at unibersidad. Ang lalaki ay probinsiyano, simple ang hitsura, walang salapi o malinaw na magandang kinabukasan. Lumaki siya sa isang bukirin, at kung mayroon man siyang katangian na kaakit-akit ito ay ang kakayahang magtrabaho. . . . Pero sa kabila ng kanyang simpleng kaanyuan, ang kanyang ngiti at pagkatao ay tila nagpapahiwatig ng kabutihan. Ang babae naman ay lumaki sa lungsod at may komportableng tahanan. . . .

May espesyal na nangyari sa kanila. Umibig sila sa isa't isa. . . . Nagtawanan [sila] at naging napakasaya at magkasamang nag-aral sa paglipas ng mga taon. Ikinasal sila samantalang iniisip ng mga tao kung paano sila kikita nang sapat upang matustusan ang mga kailangan nila sa buhay. Nagsikap ang lalaki sa pag-aaral at halos nanguna sa kanyang klase. Ang babae naman ay nagtipid at nag-impok at nagtrabaho at nanalangin. Hinikayat niya ang lalaki at tinulungan ito at nang talagang nahihirapan na sila ay pabulong niyang sinabi, "Makakaraos din tayo kahit paano." Dahil pinalakas ng pananampalataya ng babae, ang lalaki ay nagpatuloy sa kabila ng mga taong iyon ng kahirapan. Nagkaroon sila ng mga anak, at magkasama nilang minahal at inalagaan ang mga ito at binigyan sila ng seguridad na nagmula sa kanilang halimbawa ng pagmamahal at katapatan sa isa't isa. Ngayon ay apatnapu't limang taon at mahigit pa ang nakalipas. Malalaki na ang kanilang mga anak at nagdulot ng dangal sa kanila, sa Simbahan, at sa mga komunidad kung saan sila nakatira.

Kamakailan, habang sakay ng eroplano mula New York, naglakad ako sa pasilyo sa medyo madilim na bahagi ng cabin at nakita ko ang isang babaeng, puti ang buhok, nakasandig ang kanyang ulo sa balikat ng kanyang asawa habang natutulog siya at magiliw na nakayakap sa kanya ang lalaki. Gising siya at nakilala niya ako. Nagising ang babae nang magsimula kaming mag-usap. Sila rin ay pauwi na mula sa New York, kung saan ang lalaki ay nag-ulat ng isang sanaysay sa harap ng isa sa bantog na kalipunan ng mga dalubhasa ng bansa. Kaunti lang ang binanggit ng lalaki tungkol dito, ngunit may pagmamalaking binanggit ng babae ang mga karangalang natanggap ng lalaki. . . .

Inisip ko iyon habang pabalik ako sa aking upuan sa eroplano. At sinabi ko sa sarili ko, ang nakita lamang ng kanilang mga kaibigan noon ay isang batang tagabukid at isang babaeng palangiti na may pekas sa ilong. Ngunit nakita ng dalawang ito sa isa't isa ang pag-ibig, katapatan, kapayapaan, pananampalataya, at hinaharap. Sasabihin ng ilang tao na talagang tugma sila sa isa't isa; siguro nga totoo ito, pero higit pa ito rito. Sa halip ay namukadkad ang isang bagay na banal, na itinanim doon ng Ama na ating Diyos. Noong nag-aaral pa sila ay namuhay sila nang karapat-dapat sa pag-unlad na iyon. Namuhay sila sa kabutihan at pananampalataya, nang may pasasalamat at paggalang

sa sarili at sa isa't isa. Sa mga taon ng kanilang paghihirap sa propesyon at kabuhayan, natagpuan nila ang kanilang pinakamatibay na lakas sa kanilang pagsasama. Ngayong may-edad na sila ay mayroon silang kapayapaan, tahimik na kasiyahan na magkasama sila. At maging sa hinaharap ay binigyan sila ng katiyakan sa masayang pagsasama sa kawalang-hanggan dahil sa mga tipan na matagal nang ginawa at mga pangakong matagal nang ibinigay sa bahay ng Panginoon.[18]

4

**Hindi ipagkakait ng Diyos ang anumang pagpapala sa karapat-dapat na mga taong hindi nakapag-asawa.**

Sa anumang paraan ay hinahatulan natin ang isang napakahalagang grupo sa Simbahan. Mababasa itong "Singles." Sana ay huwag nating gawin iyan. Kayo ay mga indibiduwal, kalalakihan at kababaihan, mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, hindi grupo na "magkakamukha" o "magkakapareho ng ginagawa." Dahil hindi kayo nakapag-asawa ay hindi nangangahulugan na kaiba na kayo sa iba. Lahat tayo ay magkakahawig at magkakatulad sa pagtugon ng damdamin, sa kakayahan nating mag-isip, mangatwiran, maging miserable, maging masaya, magmahal at mahalin.

Kayo ay kasinghalaga ng iba pa sa plano ng ating Ama sa Langit, at sa Kanyang awa ay hindi ipagkakait sa inyo ang pagpapalang nararapat ninyong matanggap.[19]

Hayaan ninyong magsalita ako ngayon sa mga taong hindi kailanman nagkaroon ng pagkakataong makasal. Tinitiyak ko sa inyo na sensitibo kami sa kalungkutan na nadarama ng marami sa inyo. Ang kalungkutan ay isang bagay na mapait at masakit sa kalooban. Palagay ko nadama na ito ng lahat ng tao kahit paano. Taos-puso kaming tumutulong sa inyo nang may pag-unawa at pagmamahal. . . .

. . . Maaaring kamangha-mangha ang panahong ito ng inyong buhay. Nasa hustong kaisipan na kayo. Kaya na ninyong humatol. Karamihan sa inyo ay nagsanay at may karanasan. Nasa inyo ang pisikal, mental, at espirituwal na lakas upang pasiglahin at tulungan at hikayatin ang iba.

Napakaraming mga tao ang nangangailangan sa inyo. . . . Panatilihin ang inyong espirituwal na lakas sa mataas na antas at tulungan ang iba na maunawaan ang dapat nilang gawin.[20]

Sa inyo na hindi nakapag-asawa, . . . binigyan kayo ng Diyos ng mga talento. Binigyan Niya kayo ng kakayahang tugunan ang mga pangangailangan ng iba at pagpalain ang kanilang buhay sa inyong kabaitan at pagmamalasakit. Tulungan ang isang taong nangangailangan. . . .

Magdagdag ng kaalaman sa kaalaman. Linangin ang inyong isipan at kasanayan sa isang piling larangan ng disiplina. May malalaking oportunidad para sa inyo kung kayo ay handang samantalahin ang mga ito. . . . Huwag sana ninyong isipin na dahil hindi kayo nakapag-asawa ay pinabayaan na kayo ng Diyos. Kailangan kayo ng mundo. Kailangan kayo ng Simbahan. Lubhang napakaraming tao at adhikain ang nangangailangan ng inyong lakas at karunungan at talento.

Maging madasalin, at huwag mawalan ng pag-asa. . . . Mamuhay nang pinakamainam ayon sa abot-kaya ninyo, at ang Panginoon sa kanyang dakilang karunungan at sa kanyang walang hanggang panahon ay sasagutin ang inyong mga panalangin.[21]

Sa inyo na mga nakipagdiborsyo, dapat niyong malaman na hindi namin kayo itinuturing na mga bigo dahil sa hindi nagtagumpay ang kasal. . . . Hindi namin obligasyon ang manumpa, kundi magpatawad at kalimutan, magpasigla at tumulong. Sa inyong mga oras ng kapanglawan bumaling sa Panginoon, na nagsabing: "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin. "Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan." (Mat. 11:28, 30.)

Hindi kayo itatatwa ni tatalikuran ng Panginoon. Ang mga sagot sa inyong mga panalangin ay maaaring hindi kagila-gilalas; maaaring hindi ito madaling maunawaan o pahalagahan. Ngunit darating ang panahon na malalaman ninyo na kayo ay pinagpala.[22]

**5**

## Ang kaligayahan sa pag-aasawa ay nagmumula sa pagpapakita ng magiliw na malasakit sa kapakanan ng iyong kabiyak.

Pangalagaan at pag-ibayuhin ang pagsasama ninyong mag-asawa. Bantayan ito at sikaping panatilihin itong matibay at maganda. . . . Ang kasal ay isang kontrata, ito ay isang kasunduan, ito ay pagsasama ng isang lalaki at isang babae sa ilalim ng plano ng

makapangyarihang Diyos. Maaaring maselan ito. Kailangan nito ng pangangalaga at napakaraming pagsisikap.[23]

Matapos makita ang daan-daang kaso ng diborsiyo sa paglipas ng mga taon, naniniwala ako na malaki ang magagawa ng isang alituntunin kaysa sa iba para malutas ang napakalaking problemang ito.

Kung bawat asawang lalaki at [asawang] babae ay palaging gagawin ang maaaring magawa upang tiyakin ang kaginhawahan at kaligayahan ng kanyang kabiyak kakaunti lang, kung mayroon man, ang diborsyo. Walang maririnig na pagtatalo. Walang sasambit ng mga pagbibintang. Hindi mangyayari ang mga biglang pagkagalit. Bagkus, pag-ibig at pagmamalasakit ang hahalili sa pang-aabuso at kalupitan. . . .

Ang gamot sa karamihan sa problema ng mag-asawa ay hindi diborsyo. Ito'y pagsisisi at kapatawaran, mga pagpapahayag ng kabaitan at pagmamalasakit. Matatagpuan ito sa pamumuhay ng Ginintuang Aral.

Napakagandang tanawin ang isang binata at isang dalaga na magkahawak-kamay sa altar sa isang tipan sa harapan ng Diyos na igagalang at mamahalin ang isa't isa. Pagkatapos ay nakalulunos tingnan kapag ilang buwan o taon pa lang ang lumipas ay may masasakit, malulupit at matatalim na salita na, pagtatalo, mapapait na bintang.

Hindi kailangang magkaganito, mahal kong mga kapatid. Madadaig natin ang mga malulupit at mahihinang elemento sa ating buhay (tingnan sa Mga Taga Galacia 4:9). Mahahanap at makikita natin ang likas na kabanalan sa isa't isa na dumarating sa atin bilang mga anak ng ating Ama sa Langit. Maaari tayong magsama sa huwarang bigay ng Diyos sa pag-aasawa sa pagtupad ng kaya nating gawin kung didisiplinahin natin ang ating sarili at iiwasang disiplinahin ang ating kabiyak.[24]

Bawat kasal ay maaaring dumanas paminsan-minsan ng maunos na panahon. Ngunit sa pagtitiyaga, paggalang sa isa't isa, at diwa ng pagpaparaya, malalampasan natin ang mga pagsubok. Kung may nagawang mga pagkakamali, maaaring humingi ng paumanhin, magsisi at mapatawad. Ngunit kailangang handa itong gawin ng dalawang panig. . . .



*"Pangalagaan at pag-ibayuhin ang inyong kasal. Bantayan ito at sikaping panatilihin itong matibay at maganda."*

Nalaman ko na ang tunay na kahulugan ng kaligayahan sa pag-aasawa ay nakasalalay . . . sa malaking malasakit sa kapanatagan at kapakanan ng kabiyak. Ang pag-iisip sa sarili lamang at pagbibigay-kasiyahan sa personal na mga hangarin ay hindi makabubuo ng pagtitiwala, pagmamahal, ni kaligayahan. Tanging sa hindi pagka-makasarili uusbong at magiging sagana ang pagmamahal, at mga kaugnay na katangian nito.[25]

Marami sa atin ang kailangang tumigil sa paghahanap ng mga kamalian at simulang hanapin ang mabubuting katangian. . . . Sa kasamaang-palad, nais ng ilang kababaihan na baguhin ang kanilang asawa at gawin silang maging tulad ng nais nila. Itinuturing ng ilang asawang lalaki na karapatan nilang pilitin ang kanilang asawa na umakma sa kanilang mga pamantayan na inaakala nilang ideyal o huwaran. Hindi ito umuubra. Humahantong lamang ito sa pagtatalo, hindi pagkakaunawaan, at kalungkutan.

Kailangang may paggalang sa kapakanan ng isa't isa. Kailangang may mga pagkakataon at panghihikayat para sa pag-unlad at pag-papahayag ng kani-kanyang talento.[26]

Maging lubusang totoo at tapat sa pinili ninyong kompanyon. Kapag pinag-usapan ang buhay na ito at kawalang-hanggan, siya

ang pinakadakilang pag-aari ninyo. Siya ay magiging karapat-dapat sa pinakamainam na katangian ninyo.[27]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Hinckley na nilayon ng Ama sa Langit ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at babae "para sa kaligayahan at seguridad ng Kanyang mga anak" (bahagi 1). Paano maiimpluwensyahan ng kaalamang ito ang kaugnayan ng mag-asawa? Paano mapananatili ng mag-asawa ang kanilang pagsasama na "dalisay at walang bahid-dungis sa kabila ng kasamaan ng mundo"?
- Ano ang mga pagpapala ng walang hanggang kasal sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan? (Tingnan sa bahagi 2.) Anong mga karanasan ang nagbigay sa inyo ng higit na pagpapahalaga sa walang hanggang mga ugnayan? Paano natin maituturo sa mga anak ang kahalagahan ng kasal na walang hanggan?
- Bakit kailangan ang pag-aasawa na maging "pakikipagtuwang ng mga magkapantay"? (Tingnan sa bahagi 3.) Ano ang natutuhan ninyo mula sa kuwento sa bahagi 3? Paano magkakaroon ng ganitong uri ng lakas sa kanilang pagsasama ang mag-asawa?
- Paano makakatulong ang mga pangako at payo ni Pangulong Hinckley sa bahagi 4 sa mga taong walang asawa? Paano naaangkop sa lahat ng tao ang mga turo sa bahaging ito? Bakit mahalagang gamitin ang ating mga talento at kasanayan sa paglilingkod sa iba?
- Ano ang ilang paraan na "mapangangalagaan at mapag-iibayo" ng mag-asawa ang kanilang pagsasama? (Tingnan sa bahagi 5.) Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa kung paano mapaglalabanan ng mag-asawa ang mga hamon at makahanap ng mas malaking kaligayahan? Anong mga halimbawa ang nakita na ninyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

I Mga Corinto 11:11; Mateo 19:3–6; D at T 42:22; 132:18–19; Moises 2:27–28; 3:18, 21–24

*Tulong sa Pag-aaral*

"Kapag naglaan kayo ng oras araw-araw, nang personal at kasama ang inyong pamilya, sa pag-aaral ng salita ng Diyos, mananaig

ang kapayapaan sa inyong buhay. Ang kapayapaang iyan ay hindi magmumula sa labas. Magmumula iyan sa inyong tahanan, sa loob ng inyong pamilya, sa sarili ninyong puso" (Richard G. Scott, "Unahin Ninyong Manampalataya," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2014, 93).

## *Mga Tala*

1. Sa "Ang mga Babae sa Ating Buhay," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2004, 85.
2. Sa "At Home with the Hinckleys," *Ensign,* Okt. 2003, 22.
3. Sa Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley: Stalwart and Brave He Stands," *Ensign,* Hunyo 1995, 10–11.
4. Sa *Glimpses into the Life and Heart of Marjorie Pay Hinckley,* ed. Virginia H. Pearce (1999), x.
5. Sa *Glimpses,* 184.
6. Gordon B. Hinckley journal, Abr. 29, 1977.
7. Sa Gerry Avant, "A Tender Farewell to an Elect Lady," *Church News,* Abr. 17, 2004, 4.
8. "Ang mga Babae sa Ating Buhay," 82.
9. Sa Marjorie Pay Hinckley, *Letters* (2004), 264; Tingnan din sa R. Scott Lloyd, "Apostle's Work Continues beyond Veil," *Church News,* Hulyo 31, 2004, 3.
10. "What God Hath Joined Together," *Ensign,* Mayo 1991, 71.
11. "Ang mga Bagay na Nalalaman Ko," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 85.
12. "Why These Temples?" *Ensign,* Okt. 2010, 24; tingnan din sa *Ensign,* Ago. 1974, 39–40.
13. "The Marriage That Endures," *Ensign,* Hulyo 2003, 6–7; tingnan din sa *Ensign,* Mayo 1974, 24.
14. "Ang mga Babae sa Ating Buhay," 84.
15. "Personal Worthiness to Exercise the Priesthood," *Ensign,* Mayo 2002, 54.
16. "I Believe," *Ensign,* Ago. 1992, 6.
17. "What God Hath Joined Together," 74.
18. "And the Greatest of These Is Love" (Brigham Young University devotional, Peb. 14, 1978), 2–3, speeches.byu.edu.
19. "To Single Adults," *Ensign,* Hunyo 1989, 72.
20. "To Single Adults," 72–73.
21. "Live Up to Your Inheritance," *Ensign,* Nob. 1983, 82–83.
22. "To Single Adults," 74.
23. "Walking in the Light of the Lord," *Ensign,* Nob. 1998, 99.
24. "Ang mga Babae sa Ating Buhay," 84.
25. "I Believe," 5–6.
26. *Cornerstones of a Happy Home* (polyeto, 1984), 5–6.
27. "Thou Shalt Not Covet," *Ensign,* Mar. 1990, 6.



*"Nananawagan kami sa mga magulang na ilaan ang kanilang pinakamatinding pagsisikap sa pagtuturo at pagpapalaki ng kanilang mga anak."*

# Tahanan—Ang Pundasyon ng Matwid na Pamumuhay

*"Kapag mas tinitiyak ninyo na mapapalaki ninyo ang inyong mga anak sa mga paraan ng ebanghelyo ni Jesucristo, nang may pagmamahal at mataas ang inaasahan, mas malamang na magiging payapa ang kanilang buhay."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Noong mga huling buwan ng 1973, atubiling nagpasiya sina Gordon at Marjorie Hinckley na lumipat ng bahay mula sa East Mill Creek, Utah, para manirahan nang mas malapit sa headquarters ng Simbahan sa Salt Lake City. Si Pangulong Hinckley, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nag-ukol ng oras sa Bisperas ng Bagong Taon noong taon na iyon para magsulat tungkol sa kanilang tahanan. Nahayag sa kanyang mga salita ang kanyang damdamin tungkol sa dati nilang tirahan, ngunit higit pa rito, nahayag dito ang kanyang damdamin tungkol sa isang pamilyang nagmamahalan.

"Lungkot na lungkot kaming umalis," pagsulat niya. Naalala niya ang pagsusumikap ng pamilya na itayo ang bahay at linangin ang lupain sa paligid nito. Pagkatapos ay natuon ang kanyang isipan sa mga ugnayan—sa isa't isa at sa Diyos:

"Dito kami sama-samang naglalaro habang lumalaki ang mga anak namin, at dito kami sama-samang nanalangin. Dito namin nakilala ng aming mga anak ang ating Ama sa Langit, na Siya ay buhay, at nakikinig, at sumasagot.

"Maaari akong magpatuloy sa pagsulat ng isang aklat . . . hindi para sa mundo, kundi para sa limang anak ko na iyon, sa kani-kanilang asawa at inapo. At kung maisusulat ko ang kuwento ng

tahanang iyon may mga luha at tawanan, at matindi, tahimik, at laganap na diwa ng pagmamahal na aantig sa puso ng mga babasa, sapagkat ang mga taong nanirahan at lumaki roon ay nagmahalan, minahal ang kanilang mga kapitbahay, minahal ang kanilang Diyos at ang Panginoong Jesucristo.”[1]

Sa kanyang buong ministeryo, pinatotohanan ni Pangulong Hinckley ang kahalagahan ng mapagmahal at tapat na mga pamilya. Sa ilalim ng kanyang pamamahala, inilabas ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” na inilarawan ni Elder M. Russell Ballard ng Labindalawa na isang “panawagang protektahan at patatagin ang mga pamilya.”[2] Matapos basahin ang pagpapahayag sa pangkalahatang pulong ng Relief Society noong Setyembre 1995, ipinahayag ni Pangulong Hinckley: “Ang lakas ng alinmang bansa ay nasa loob ng mga pader ng mga tahanan nito. Hinihimok namin ang ating mga tao saanman na patatagin ang kanilang pamilya [na may ama at ina na minamahal ang kanilang mga anak at iginagalang ang Diyos].”[3]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Ang ugnayan sa pamilya ang pinakasagrado sa lahat ng ugnayan.

Ang pamilya ay banal. Pinasimulan ito ng ating Ama sa Langit. Sakop nito ang pinakasagrado sa lahat ng ugnayan. Sa pagbuo lamang nito matutupad ang mga layunin ng Panginoon.[4]

Tayo ay isang simbahan na nagpapatotoo sa kahalagahan ng pamilya—ng ama, ina, mga anak—at sa katotohanan na lahat tayo ay anak ng ating Diyos Amang Walang Hanggan. Ang mga magulang na nagdadala ng mga anak sa mundo ay may responsibilidad na mahalin ang mga batang iyon, pangalagaan at arugain sila, ituro sa kanila ang mga pagpapahalagang iyon na magpapala sa kanilang buhay upang lumaki sila na mabubuting mamamayan. . . . Gusto kong bigyang-diin ang isang bagay na pamilyar na sa inyo, at iyan ay ang kahalagahan ng pagsasama-sama ng ating pamilya nang may pagmamahal at kabaitan, may pasasalamat at paggalang, at pagtuturo

ng mga paraan ng Panginoon upang ang inyong mga anak ay magsilaki sa kabutihan at maiwasan ang mga trahedyang nakakaapekto sa napakaraming pamilya sa iba't ibang panig ng mundo.[5]

Kinakailangang huwag ninyong pabayaan ang inyong pamilya. Wala nang ibang mas mahalaga pa rito.[6]

2

## Ang mga ama at ina ay may pribilehiyong arugain ang kanilang mga anak at ituro sa kanila ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Nananawagan kami sa mga magulang na ilaan ang kanilang pinakamatitinding pagsisikap sa pagtuturo at pagpapalaki sa kanilang mga anak sa mga alituntunin ng ebanghelyo na magpapanatili sa kanila na malapit sa Simbahan. Ang tahanan ang pundasyon ng matwid na pamumuhay, at wala nang iba pang makapapalit sa lugar nito o makagaganap sa mahahalagang tungkulin nito sa pagtupad ng responsibilidad na ibinigay ng Diyos.[7]

Nasisiyahan ako na wala nang titiyak sa mas malaking tagumpay sa mapanganib at napakahirap na gawain ng pagiging magulang kundi ang programa para sa pamilya na nagmumula sa kahanga-hangang pagtuturo ng ebanghelyo: na ang ama ng tahanan ay napagkalooban ng priesthood ng Diyos; na pribilehiyo at obligasyon niya bilang tagapangalaga ng mga anak ng ating Ama sa Langit na tustusan ang kanilang mga pangangailangan; na siya ang mamamahala sa tahanan sa diwa ng priesthood "sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig" (D at T 121:41–42); na ang ina sa tahanan ay isang anak ng Diyos, isang kaluluwang matalino, tapat, at mapagmahal na nagagabayan ng Espiritu ng Diyos; na pribilehiyo at obligasyon niya bilang tagapangalaga ng mga anak ng ating Ama sa Langit na pangalagaan ang mga batang iyon sa kanilang mga pangangailangan sa araw-araw; na tuturuan din niya, kasama ng kanyang asawa, ang kanyang mga anak na "maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay . . . [at] manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon." (D at T 68:25, 28.)

Sa gayong tahanan, ang mga magulang ay minamahal at hindi kinasisindakan; sila ay pinasasalamatan at hindi kinatatakutan. At ang mga anak ay itinuturing na mga kaloob ng Panginoon, inaaruga, pinangangalagaan, hinihikayat, at ginagabayan.

Maaaring may pagtatalo paminsan-minsan; maaaring may maliliit na alitan. Ngunit kung ang pamilya ay nagdarasal, at nagmamahalan, at nagbibigayan, may pundasyon ng pagmamahal na magbibigkis magpakailanman at katapatang laging gagabay.[8]

Ngayon nais kong magsalita sa mga magulang na mag-isang nagtataguyod ng kanilang mga anak. . . . [Kayo] ay may mga pasaning nakakapagod sa pakikibaka araw-araw na kasama sa pagpapalaki ng mga anak at pagtiyak na natutugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ito ay tungkuling ginagawa ninyong mag-isa. Ngunit hindi ninyo ito kailangang gawing mag-isa. Napakarami sa Simbahang ito ang tutulong sa inyo nang may malasakit at pag-unawa. Ayaw nilang manghimasok kapag hindi sila kailangan. Ngunit ang kanilang hangarin ay tunay at tapat, at pinagpapala nila ang sarili nilang buhay kapag pinagpapala nila ang buhay ninyo at ng inyong mga anak. Tanggapin ang tulong nila. Kailangan nilang ibigay ang tulong na ito para sa kanilang sariling kapakanan at para sa inyo.

Napakaraming mabubuting bishop sa Simbahang ito. Napakaraming mabubuting lider sa korum. Napakaraming mababait na kababaihan sa Relief Society. May mga home teacher at visiting teacher tayo. Sila ay mga kaibigan ninyo, na inatasan ng Panginoon na ibahagi ang kanilang lakas para tulungan kayo. At huwag na huwag ninyong kalimutan na ang Panginoon mismo ay pinagmumulan ng lakas nang higit kaninuman. Naantig ako sa isang karanasang isinalaysay ng . . . isang ina na mag-isang nagpapalaki ng pitong anak, nang magsumamo ito sa kanyang Ama sa Langit na kung maaari sana ay makapunta siya sa Kanya, kahit isang gabi lang, upang mapanatag at mapalakas sa mga pagsubok na darating. Magiliw ang sagot na pumasok sa kanyang isipan na halos isang paghahayag: "Hindi ka makakapunta sa akin, ngunit ako ang pupunta sa iyo."[9]

Kung mas tinitiyak ninyo na mapapalaki ninyo ang inyong mga anak sa mga paraan ng ebanghelyo ni Jesucristo, nang may pagmamahal at mataas ang inaasahan, mas malamang na magiging payapa ang kanilang buhay.[10]

3

**Sa pamamagitan ng pagdarasal ng pamilya, lumalakas ang pananampalataya ng mga anak sa buhay na Diyos.**

Masdan ang inyong mga musmos. Magdasal na kasama sila. Ipagdasal at basbasan sila. Ang mundong ginagalawan nila ay masalimuot at mahirap. Daranas sila ng mabibigat na pagsubok sa buhay. Kakailanganin nila ang lahat ng lakas at pananampalatayang maibibigay ninyo sa kanila habang kapiling nila kayo. At kakailanganin din nila ang higit na lakas na nagmumula sa isang nakahihigit na kapangyarihan. Kailangan nilang magpakatatag sa halip na magpatangay sa nakikita nila. Kailangan nilang mapagbuti ang mundo, at ang tanging paraan para mapagbuti ito ay ang halimbawa ng sarili nilang buhay at matitinding panghihikayat na magmumula sa kanilang patotoo at kaalaman sa mga bagay na ukol sa Diyos. Kakailanganin nila ang tulong ng Panginoon. Habang bata pa sila, isama sila sa pagdarasal nang malaman nila yaong pinagkukunan ng lakas na laging naririyan sa bawat oras ng pangangailangan.[11]

Wala akong alam na ibang gawain na may napakabuting epekto sa inyong buhay na tulad ng sama-samang pagluhod upang manalangin. Ang mga salita mismo na, Ama namin sa Langit, ay napakalaki ng epekto. Hindi ninyo masasambit nang taimtim at may pagpapahalaga ang mga ito nang hindi nadarama ang pananagutan ninyo sa Diyos. . . .

Ang inyong araw-araw na pakikipag-usap sa kanya ay maghahatid ng kapayapaan sa inyong puso at kagalakan sa inyong buhay na wala nang ibang maaaring pagmulan. . . . Mapapalakas ang inyong pagmamahal. Madaragdagan ang pagpapahalaga ninyo sa isa't isa.

Ang inyong mga anak ay makadarama ng seguridad na nagmumula sa pamumuhay sa isang tahanang kung saan naroroon ang Espiritu ng Diyos. Pahahalagahan at mamahalin nila ang mga magulang na gumagalang sa isa't isa, at lalago ang paggalang sa sarili nilang puso. Madarama nila ang seguridad ng magigiliw na salitang sinambit nang malumanay. Sila ay mapoprotektahan ng isang ama at ina na, sa pamumuhay nang tapat sa Diyos, ay namumuhay nang tapat sa isa't isa at sa kanilang kapwa. Lalaki sila na may pagpapahalaga, dahil narinig nila ang kanilang mga magulang na nanalangin at

nagpasalamat para sa malalaki at maliliit na pagpapala. Lalaki sila na may pananampalataya sa buhay na Diyos.[12]

4

## Ang family home evening ay maglalapit sa mga magulang at mga anak sa pag-aaral ng mga paraan ng Panginoon.

Naaalala ko na noong ako ay limang taong gulang pa lamang, ipinahayag ni Pangulong Joseph F. Smith sa buong Simbahan na dapat nilang tipunin ang kanilang pamilya sa family home evening. Sabi ng tatay ko, "Iniutos ng Pangulo ng Simbahan na gawin natin ito, at gagawin natin ito."

Kaya nagtipon kaming lahat sa family home evening. Masaya iyon. Sabi niya, "Kakanta tayo." Hindi kami mahusay kumanta. . . . Sinubukan lang naming kumanta at pinagtawanan namin ang isa't isa. Gayon din ang ginawa namin sa maraming iba pang bagay. Ngunit mula sa karanasang iyon ay unti-unting dumating ang isang bagay na napakaganda—isang kaugaliang nakatulong sa amin, na naglapit sa amin bilang pamilya, na nagpalakas sa amin, at buong-puso kaming naniwala sa kahalagahan ng family home evening.[13]

Nagpapasalamat ako na naging mahalagang bahagi ng ating programa bilang isang Simbahan ang kaugaliang magdaos ng lingguhang family home evening. Ito ay isang mahalagang bagay na sa mga abalang araw na ito ay libu-libong pamilya sa iba't ibang panig ng mundo ang lubos na nagsisikap na maglaan ng isang gabi sa isang linggo na sama-samang kumanta, turuan ang isa't isa sa mga paraan ng Panginoon, sama-samang lumuhod at manalangin, upang pasalamatan ang Panginoon para sa kanyang mga awa at humiling ng kanyang mga pagpapala sa ating buhay, sa ating tahanan, sa ating mga gawain, at sa ating bansa. Sa palagay ko hindi natin gaanong nalalaman ang malaking kabutihang idudulot ng programang ito.[14]

Kung may duda kayo tungkol sa kabutihang maidudulot ng family home evening, subukan ito. Tipunin ninyo ang inyong mga anak, turuan sila, magpatotoo sa kanila, sama-samang basahin ang mga banal na kasulatan at magsaya.[15]



*"Tipunin ang inyong mga anak, turuan sila, magpatotoo sa kanila, sama-samang basahin ang mga banal na kasulatan at magsaya."*

**5**

## Dapat simulan ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak habang bata pa ang mga ito.

Hindi nagtagal matapos kaming makasal, itinayo namin ang aming unang tahanan. Kakaunti ang pera namin, at nagtrabaho ako nang husto. Responsibilidad ko ang buong landscaping. Ang una sa maraming punong itinanim ko ay isang thornless honey locust, at nakinita ko ang araw na makatutulong ang lilim nito na palamigin ang bahay sa tag-init. Inilagay ko ito sa isang bahagi kung saan pinakamalakas ang ihip ng hangin mula sa silangan. Humukay ako, ibinaon ko ang ugat, nilagyan ko ng lupa ang paligid nito, diniligan ito ng tubig, at halos nalimutan ko na ito. Maliit na puno lang naman ito, na siguro'y tatlong-kapat ng isang pulgada [2 sentimetro] ang lapad. Napakalambot nito kaya madali itong baluktutin sa anumang direksyon. Halos hindi ko na ito napagtuunan ng pansin sa pagdaan ng mga taon. Pagkatapos isang araw ng taglamig nang wala nang mga dahon ang puno, nasulyapan ko ito sa labas ng bintana. Napansin ko na pahilig ito sa kanluran, hindi maayos ang paglaki at hindi balanse. Hindi ako makapaniwala. Lumabas ako at sumandig dito na para

bang sinusuhayan ito para tumuwid. Pero ang katawan nito ay halos isang talampakan na ang lapad. Walang nagawa ang lakas ko dito. Kinuha ko sa mga kagamitan ko ang isang block and tackle [mga pulley na may lubid na panghila], at ikinabit ko ang isang dulo ng lubid sa puno at ang isa pa sa isang matibay na poste. Hinila ko ang lubid. Gumalaw nang kaunti ang mga pulley, at medyo nayanig ang katawan ng puno. Pero iyon lang ang nangyari. Parang sinasabi niyon sa akin na, "Hindi mo ako kayang ituwid. Huli na ang lahat. Lumaki na ako nang ganito dahil sa kapabayaan mo, at hindi na ako matutuwid."

Sa huli desperadong kinuha ko ang aking lagare at pinutol ko ang malaking sanga sa bandang kanluran. Umatras ako at tiningnan ko ang aking nagawa. Naputol ko ang malaking bahagi ng puno, na nag-iwan ng malaking pilat na mga walong pulgada [20 sentimetro] pahalang at isang maliit lang na sanga na tumutubo paitaas.

. . . Tiningnan kong muli ang puno kamakailan. Malaki na ito, mas tuwid na ang pagtubo, at nagpapaganda sa aming tahanan. Ngunit napakatindi ng naranasan nito at napakasakit ng ginawa ko para ituwid ito. Nang una kong itanim ang puno, napatatag sana ito ng isang tali laban sa malalakas na pag-ihip ng hangin. Dapat sana ay tinalian ko ito at nagawa sana ito nang halos walang hirap, pero hindi ko ito ginawa. At bumaluktot at sumunod ito sa malalakas na pag-ihip dito ng hangin.

Ang mga bata ay parang mga puno. Kapag bata pa sila, maaaring hubugin at ituwid ang kanilang buhay, na karaniwa'y halos walang hirap. Sabi ng manunulat ng Mga Kawikaan, "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan" [Mga Kawikaan 22:6]. Nagsisimula ang pagtuturong iyan sa tahanan.[16]

Sabi ni Isaias, "At lahat mong anak ay tuturuan ng Panginoon; at magiging malaki ang kapayapaan ng iyong mga anak" (Isa. 54:13).

Kaya pamunuan ang inyong mga anak, gabayan sila at akayin mula sa kanilang pagkabata, turuan sila sa mga paraan ng Panginoon, nang magkaroon sila ng kapayapaan habambuhay.[17]

## 6

### Kung magrebelde ang mga anak, dapat ay patuloy silang ipagdasal, mahalin, at tulungan ng mga magulang.

Nauunawaan ko na may mga magulang na, sa kabila ng kanilang lubos na pagmamahal at sigasig at katapatang turuan ang mga anak, ay nakikitang lumalaki pa rin ang mga ito nang taliwas sa turo nila at nananangis habang ang kanilang mga anak na naliligaw ng landas ay pinipiling tahakin ang landas ng kapahamakan. Kinahahabagan ko sila, at gusto kong sabihin sa kanila ang sinabi ni Ezekiel: "Ang anak ay hindi magdadanas ng kasamaan ng ama, o magdadanas man ang ama ng kasamaan ng anak" (Ezekiel 18:20).[18]

Paminsan-minsan, sa kabila ng lahat ng sinisikap ninyong gawin, may isang rebeldeng anak. Ngunit patuloy pa rin siyang turuan nang tama. Huwag sumuko kailanman. Hangga't nagsisikap kayo, laging may pag-asa. Patuloy itong gawin.[19]

Kung may anak o mahal sa buhay ang sinuman sa inyo na gayon ang ginagawa [nagrerebelde], huwag sumuko. Ipagdasal sila at mahalin sila at kausapin sila at tulungan sila.[20]

Kung minsan ay parang huli na ang lahat. . . . Subalit, alalahanin ang aking thornless locust tree [tingnan sa mga pahina 191-192]. Ang pagputol nito at paghihirap ay nagdulot ng magandang bagay, na kalaunan ay nagbigay ng magandang lilim mula sa init ng araw.[21]

## 7

### Pinatatatag natin ang ating pamilya kapag humihingi tayo ng tulong ng langit at pinag-iibayo ang pagmamahal at paggalang sa isa't isa.

[Ang pagpapalaki ng pamilya] ay maaaring hindi madali. Maaaring puno ito ng kabiguan at hamon. Mangangailangan ito ng katapangan at tiyaga. . . . Ang pagmamahal ay maaaring makagawa ng kaibhan—pagmamahal na lubos na ibinigay habang bata pa hanggang sa magbinata o magdalaga ang anak. Gagawin nito ang hindi magagawa kailanman ng perang labis-labis na ginastos sa mga anak.

—At tiyaga, na may pagpipigil ng dila at galit. . . .

—At panghihikayat na mabilis pumuri at mabagal mamintas.

Ang mga ito, kasama ng mga panalangin, ay gagawa ng mga himala. Huwag ninyong asahang magagawa ninyo ito nang mag-isa. Kailangan ninyo ang tulong ng langit sa pagpapalaki sa anak ng langit—sa inyong anak, na anak din ng kanyang Ama sa Langit.[22]

Ang bawat bata, bukod sa ilang posibleng eksepsyon, ay mula sa isang tahanan, mabuti man ito, masama, o walang pakialam. Habang lumalaki ang mga bata sa paglipas ng mga taon, ang kanilang buhay, sa maraming pagkakataon, ay nagiging karugtong at larawan ng pagtuturo sa pamilya. Kung may kalupitan, pang-aabuso, di-mapigil na galit, kataksilan, ang mga bunga ay tiyak at makikita, at malamang na maulit sa susunod na henerasyon. Sa kabilang banda, kung may pagpaparaya, pagpapatawad, paggalang, konsiderasyon, kabaitan, awa, at habag, ang mga bunga ay muling makikita, at walang hanggan ang magiging pagpapala nito. Magiging maganda at magiliw at kamangha-mangha ang mga ito. At kapag ang awa ay ibinigay at itinuro ng mga magulang, mauulit ito sa buhay at kilos ng susunod na henerasyon.

Nakikiusap ako sa mga ama at ina sa lahat ng dako na itigil natin ang kalupitan, pigilin ang ating galit, hinaan ang ating boses, at pakitunguhan ang isa't isa nang may awa at pagmamahal at paggalang sa ating tahanan.[23]

Sinabi noong araw na "ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot." (Kaw. 15:1.) Bihira tayong masangkot sa gulo kapag mahinahon tayong magsalita. Nagkakagulo lang at nagkakaroon ng pagtatalo kapag nagtaas tayo ng boses. . . . Ang tinig ng langit ay isang marahan at banayad na tinig [tingnan sa I Mga Hari 19:11–12]; gayundin, ang tinig ng kapayapaan sa loob ng tahanan ay isang mahinang tinig.[24]

Mangyari pa, kailangan ang disiplina sa mga pamilya. Ngunit ang pagdisiplina nang matindi at may kalupitan ay tiyak na hindi hahantong sa pagwawasto kundi sa pagsama ng loob at kapaitan. Wala itong nalulunasan at pinalalaki lang nito ang problema. Hindi ito ang lunas.[25]

Wala nang iba pang uri ng disiplina sa buong mundo na tulad ng disiplina na may pagmamahal. Makapangyarihan ito.[26]

Patuloy nating sikaping patatagin ang ating pamilya. Maging lubos na tapat ang mag-asawa sa isa't isa. Huwag nating balewalain ang isa't isa, kundi palagi nating sikaping magkaroon ng pagmamahal at paggalang sa isa't isa.[27]

O Diyos, na aming Amang Walang Hanggan, basbasan po Ninyo ang mga magulang na makapagturo nang may pagmamahal at tiyaga at panghihikayat sa mga taong natatangi, sa mga batang nagmula sa Inyo, upang sama-sama silang maprotektahan at magabayan sa kabutihan at, sa kanilang paglaki, maghatid nawa sila ng mga pagpapala sa mundo na kanilang ginagalawan.[28]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Hinckley na ang pamilya ay "sakop ang pinakasagrado sa lahat ng ugnayan" (bahagi 1). Paano maaapektuhan ng katotohanang ito ang pakikipag-ugnayan natin sa ating mga kapamilya? Paano nito maaapektuhan ang paraan ng pagbibigay natin ng prayoridad sa ating panahon at mga aktibidad?
- Bakit dapat "ilaan [ng mga magulang] ang pinakamatitindi nilang pagsisikap sa pagtuturo at pagpapalaki ng kanilang mga anak sa mga alituntunin ng ebanghelyo"? (Tingnan sa bahagi 2.) Paano napagpala ang inyong pamilya ng pagtuturo ng ebanghelyo sa inyong tahanan? Paano mapagbubuti ng mga magulang ang kanilang mga pagsisikap na tulungan ang kanilang mga anak na ipamuhay ang ebanghelyo?
- Pag-aralan muli ang mga turo ni Pangulong Hinckley tungkol sa mga pagpapalang hatid ng pagdarasal ng pamilya (tingnan sa bahagi 3). Sa palagay ninyo bakit naghahatid ng mga pagpapala ang pagdarasal ng pamilya? Anong mga pagpapala ang naranasan ninyo sa pagkakaroon ng regular na pagdarasal ng pamilya? Ano ang nawawala sa atin kung kaliligtaan natin ang pagdarasal ng pamilya?
- Ano ang matututuhan natin mula sa karanasan ni Gordon B. Hinckley sa family home evening noong bata pa siya? (Tingnan sa bahagi 4.) Anong mga pagpapala ang dumating sa inyong pamilya sa pamamagitan ng family home evening?

- Pag-aralang muli ang kuwento ni Pangulong Hinckley tungkol sa honey locust tree (tingnan sa bahagi 5). Anong mga aplikasyon sa kuwentong ito ang magagamit ninyo?
- Paano matutulungan ng mga turo ni Pangulong Hinckley sa bahagi 6 ang mga magulang na may anak na naliligaw ng landas? Ano ang ilang paraan na makatutulong ang mga magulang at iba pa nang may pagmamahal?
- Bakit mahalagang disiplinahin ng mga magulang ang kanilang mga anak nang may pagmamahal sa halip na pagalit? Ano ang ilang bagay na magagawa ng mga magulang para magdisiplina nang may pagmamahal? Paano magkakaroon ng pagmamahal at paggalang sa isa't isa ang mga miyembro ng pamilya? (Tingnan sa bahagi 7.)

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*

Deuteronomio 11:19; Enos 1:1–5; Mosias 4:14–15; Alma 56:45–48; 3 Nephi 18:21; tingnan din sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 129

*Tulong sa Pagtuturo*

"Maaari ninyong madama na kulang kayo sa pag-unawa sa ilang alituntunin na inihahanda ninyong ituro. Gayunpaman, habang pinag-aaralan ninyo ito nang may panalangin, nagsisikap na ipamuhay ito, naghahandang ituro ito at pagkatapos ibinabahagi ito sa iba, ang inyong sariling patotoo ay lalakas at lalalim" (*Pagtuturo, Walang HIgit na Dakilang Tungkulin* [2000], 22).

## *Mga Tala*

1. Sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 333.
2. M. Russell Ballard, Sa "Today's Family: Proclamation Still a Clarion Call," lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/proclamation-on-family-is-still-a-clarion-call; na-access noong Mayo 12, 2015.
3. "Stand Strong against the Wiles of the World," *Ensign,* Nob. 1995, 101.
4. "Pillars of Truth," *Ensign,* Ene. 1994, 5.
5. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 208.
6. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 387.
7. Liham ng Unang Panguluhan, Peb. 11, 1999, sa "Policies, Announcements, and Appointments," *Ensign,* Hunyo 1999, 80.
8. "Pillars of Truth," 5.
9. "To Single Adults," *Ensign,* Hunyo 1989, 74.
10. "Stand Strong against the Wiles of the World," 99.
11. "Behold Your Little Ones," *Ensign,* Hunyo 2001, 5.
12. *Cornerstones of a Happy Home* (polyeto, 1984), 10–11.

13. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2,* 402.
14. Sa Conference Report, Okt. 1965, 51.
15. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 212.
16. “Four Simple Things to Help Our Families and Our Nations,” *Ensign,* Set. 1996, 6–7.
17. “Great Shall Be the Peace of Thy Children,” *Ensign,* Nob. 2000, 52.
18. “These, Our Little Ones,” *Ensign,* Dis. 2007, 8.
19. “Inspirational Thoughts,” *Ensign,* Ago. 1997, 4.
20. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 54.
21. “Four Simple Things to Help Our Families and Our Nations,” 8.
22. “Bring Up a Child in the Way He Should Go,” *Ensign,* Nob. 1993, 60.
23. “Blessed Are the Merciful,” *Ensign,* Mayo 1990, 70.
24. “Except the Lord Build the House . . .” *Ensign,* Hunyo 1971, 72.
25. “Behold Your Little Ones,” 4.
26. “The Environment of Our Homes,” *Ensign,* Hunyo 1985, 6.
27. “Thanks to the Lord for His Blessings,” *Ensign,* Mayo 1999, 88–89.
28. “Bring Up a Child in the Way He Should Go,” 60.



*Ang halimbawa ng pagsunod ni Nephi ay nagbigay-inspirasyon sa binatilyong si Gordon B. Hinckley.*

# Pagsunod: Ipamuhay Lamang ang Ebanghelyo

*"Simple lang ang landas ng ebanghelyo. . . . Magpakumbaba at maging masunurin."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Noong mga 14 na taong gulang si Gordon B. Hinckley, may naranasan siya sa Salt Lake Tabernacle na nagtulak sa kanya na gumawa ng isang mahalagang desisyon. Ikinuwento niya kalaunan:

"[Narinig] kong ikuwento ni Pangulong Heber J. Grant ang karanasan niya sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon noong bata pa siya. Binanggit niya si Nephi at ang malaking impluwensya nito sa kanyang buhay. Pagkatapos, sa tinig na tumataginting sa paniniwalang hinding-hindi ko malilimutan, sinabi niya ang magagandang salitang iyon ni Nephi: 'Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila' (1 Ne. 3:7).

"Sumapuso ko sa pagkakataong iyon ang isang desisyon na sikaping gawin ang iniutos ng Panginoon."[1]

Laging nasa puso ni Gordon B. Hinckley ang desisyong iyon. Makalipas ang mga taon, noong siya ang Pangulo ng Simbahan, narinig sa kanyang mga turo ang mensaheng narinig niya noong binatilyo siya. Nang magsalita siya sa isang grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa isang regional conference, sinabi niya:

"Marami nang [tagapagbalita] na nag-interbyu sa akin. Ang isang bagay na sinasabi nila ay, 'Ano ngayon ang magiging tema ninyo bilang pangulo?' Sinasabi ko lang na, 'Ang tema pa rin na narinig kong inulit sa Simbahang ito ng mga pangulo ng Simbahan at mga

apostol noon pa man: Ipamuhay lamang ang ebanghelyo, at lahat ng gagawa nito ay makakatanggap sa kanyang puso ng matatag na pananalig sa katotohanan na kanyang ipinamumuhay.' "[2]

Sa kanyang unang pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, inilabas ni Pangulong Hinckley ang isang panawagan para sa lahat na lalo pang sikaping ipamuhay ang ebanghelyo:

"Ngayon, mga kapatid ko, panahon na para lalo tayong manindigan, na lalo pang lawakan ang ating pananaw at pang-unawa sa dakilang misyon sa milenyo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ngayon tayo kailangang maging malakas. Ngayon tayo kailangang sumulong nang walang pag-aalinlangan, dahil alam na alam na natin ang kahulugan, lawak, at kahalagahan ng ating misyon. Panahon na para gawin ang tama anuman ang maging bunga nito. Panahon na para ipakitang sinusunod natin ang mga utos. Panahon na para tulungan nang buong kabaitan at pagmamahal ang mga naliligalig at ang mga nangangapa sa dilim at nagdurusa. Panahon na para isaalang-alang ang iba at maging mabuti, disente at mapitagan sa bawat isa sa lahat ng ating mga pakikitungo. Sa madaling salita, maging higit na katulad ni Cristo."[3]

Patuloy na binigyang-diin ni Pangulong Hinckley ang mensaheng ito. Makalipas ang sampung taon inulit niya ang mga salitang ito sa pangkalahatang kumperensya at sinundan ng pagsasabing, "Kayo ang huhusga kung gaano na kalayo ang ating narating sa pagsasakatuparan ng paanyayang ibinigay 10 taon na ang nakalilipas."[4]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

### 1

### Tayo ay pinagtipanang mga tao, at malaki ang mga obligasyong kaakibat ng tipang iyon.

Tayo ay pinagtipanang mga tao, at iyan ay isang napakatinding bagay. Nang ipanumbalik ang gawaing ito at itakda ng Panginoon ang mga layunin para sa panunumbalik na iyon, sinabi Niya na ang isang dahilan ng panunumbalik ay para muling maitatag ang Kanyang walang-hanggang tipan. Ang tipang iyon . . . ay ginawa sa pagitan nina Abraham at Jehova nang gumawa ng dakila at taimtim na pangako ang makapangyarihang Jehova kay Abraham. Sinabi



*"Tuwing nakikibahagi tayo ng sakramento, . . . tinataglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo at nangangako tayong susundin ang Kanyang mga utos."*

Niya na ang kanyang binhi ay magiging tulad ng buhangin sa dalampasigan, na lahat ng bansa ay pagpapalain sa pamamagitan niya. Ginawa Niya ang tipang ito sa kanya, na Siya ay magiging kanilang Diyos at sila ay magiging Kanyang mga tao. . . . May itinatag doon noon na isang ugnayan na walang hanggan ang ibubunga sa buhay na walang hanggan ng lahat ng papasok sa tipang ito. Kagila-gilalas ang mga implikasyon nito: kung kikilos tayo ayon sa nararapat ikilos ng mga anak ng Diyos, Siya ay magiging ating Diyos upang pagpalain tayo, mahalin tayo, patnubayan tayo, tulungan tayo.

Ngayon, sa dispensasyong ito, ang walang-hanggang tipang iyan ay napagtibay. Katunayan, ginawa natin ang tipang iyan nang binyagan tayo. Naging bahagi tayo ng Kanyang banal na pamilya, tulad ng dati. Lahat ng anak ng Diyos ay Kanyang pamilya, ngunit sa isang partikular at kahanga-hangang paraan may espesyal na ugnayan ang Diyos at ang Kanyang mga anak sa tipan. At nang maging miyembro tayo ng Simbahan, . . . naging bahagi tayo ng pinagtipanang mga tao; at tuwing nakikibahagi tayo ng sakramento, ginagawa natin ito hindi lamang sa pag-alaala sa sakripisyo ng Anak ng Diyos, na nagbigay ng Kanyang buhay para sa bawat isa sa atin, kundi tataglayin

din natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo at nangangako tayong susundin ang Kanyang mga utos at nangangako Siya sa atin na bibiyayaan Niya tayo ng Kanyang Banal na Espiritu.

Tayo ay mga pinagtipanang tao, at malaki ang mga obligasyong kaakibat ng tipang iyon. Hindi tayo maaaring maging mga karaniwang tao. Kailangan tayong maging mas mabubuting tao. Kailangan tayong maging mas matatag pa. Kailangan tayong maging mas mabuti, mas mabait, mas mapagbigay, mas magalang, mas maalalahanin, mas matulungin sa iba.[5]

Tayo ay mga tao na tinaglay sa ating sarili ang sagradong tipan at ang pangalan ng Panginoong Jesucristo. Sikapin natin na lalo pang sundin ang mga kautusan, na mamuhay ayon sa paraang iniutos sa atin ng Panginoon.[6]

**2**

## Inaasahan ng Panginoon na ipamumuhay natin ang lahat ng aspeto ng ebanghelyo.

Nabubuhay tayo sa panahong puno ng kompromiso at pagsasawalang-kibo. Sa mga sitwasyong kinahaharap natin araw-araw, alam natin kung ano ang tama, ngunit dahil sa pamimilit ng ating mga kabarkada at sa nakalilinlang na mga bulong ng mga taong nanghihikayat sa atin, nagpapatangay tayo. Nakikipagkompromiso tayo. Nagsasawalang-kibo tayo. Nagpapatangay tayo, at ikinahihiya natin ang ating sarili. . . . Kailangan tayong magkaroon ng lakas na sundin ang ating pinaniniwalaan.[7]

Simple lang ang landas ng ebanghelyo. Ang ilan sa mga kailangang gawin ay maaaring karaniwan at hindi kailangan sa tingin ninyo. Huwag ninyong bale-walain ang mga ito. Magpakumbaba at maging masunurin. Ipinapangako ko na ang mga resultang kasunod nito ay magiging kahanga-hanga sa paningin at kasiya-siyang maranasan.[8]

Ang matinding pakiusap ko ay na sikapin natin na lalo pang maging marapat sa kabanalan na nasa ating kalooban. Makagagawa pa tayo nang higit na mabuti kaysa sa ginagawa na natin. Maaari tayong maging mas mabait kaysa rati. Kung lagi nating tatandaan na banal ang ating pinagmulan, na totoong Ama natin ang Diyos at magkakapatid ang mga tao, tayo ay magiging mas maunawain,

mas mabait, mas magsisikap na pasiglahin at tulungan at suportahan ang mga nasa paligid natin. Hindi na tayo gaanong susunod sa mga bagay na malinaw na hindi tama [para sa] atin.[9]

Ang kinabibilangan ninyong relihiyon ay ipinamumuhay nang pitong araw sa isang linggo, hindi lamang tuwing Linggo. . . . Iyo'y sa lahat ng panahon—dalawampu't apat na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon.[10]

Inaasahan ng Panginoon na aayusin natin ang ating buhay, na ipamumuhay natin ang lahat ng aspeto ng ebanghelyo.[11]

**3**

## Ibubuhos ng Diyos ang mga pagpapala sa mga taong sumusunod sa Kanyang mga utos.

Sinabi ng Panginoon kay Elijah na magtago sa batis ng Cherith, na doon ay makakainom siya sa batis, at na pakakainin siya ng mga uwak. Nakatala sa banal na kasulatan ang simple at kahanga-hangang pahayag tungkol kay Elijah: "Sa gayo'y naparoon siya at ginawa ang ayon sa salita ng Panginoon" (I Mga Hari 17:5).

Hindi siya nakipagtalo. Hindi siya nagdahilan. Hindi siya nagduda. Basta "naparoon [si Elijah] at ginawa ang ayon sa salita ng Panginoon." At siya ay naligtas mula sa kakila-kilabot na mga kalamidad na dinanas ng mga taong nangutya at nakipagtalo at nagduda.[12]

Ang buong kuwento ng Aklat ni Mormon ay isang kuwento tungkol sa mga tao na, nang sila ay mabubuti, nang sambahin nila si Jesucristo, sila ay umunlad sa lupain at labis at saganang pinagpala ng Panginoon; at nang sila ay magkasala at mangaligaw ng landas at malimutan nila ang kanilang Diyos, naghirap sila at dumanas ng digmaan at kaguluhan. Ang inyong kaligtasan, inyong kapayapaan, inyong kaunlaran ay nasa pagsunod sa mga utos ng Maykapal.[13]

"Patuloy na sundin ang aking mga kautusan, at isang putong ng kabutihan ang iyong matatanggap." [D at T 25:15.] Iyan ang pangako ng Panginoon kay Emma Hale Smith. Ito ang pangako ng Panginoon sa bawat isa sa inyo. Ang kaligayahan ay nasa pagsunod sa mga kautusan. Para sa isang Banal sa mga Huling Araw . . . kalungkutan lamang ang idudulot ng pagsuway sa mga kautusang iyon. At para

sa bawat susunod sa mga ito, may pangakong isang putong . . . ng kabutihan at walang-hanggang katotohanan.[14]

Ang tunay na kalayaan ay nasa pagsunod sa mga payo ng Diyos. Sinabi noong unang panahon na "ang utos ay tanglaw; at ang kautusan ay liwanag." (Kaw. 6:23.)

Ang ebanghelyo ay hindi isang pilosopiya ng pagsupil, tulad ng turing dito ng marami. Ito ay isang plano ng kalayaan na dumidisiplina sa pagnanasa at gumagabay sa pag-uugali. Ang mga bunga nito ay matamis at ang mga gantimpala nito ay sagana. . . .

"Sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo: magsitibay nga kayo, at huwag na kayong pasakop na muli sa pamatok ng pagkaalipin." (Gal. 5:1.)

"Kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan." (II Cor. 3:17.)[15]

Ang ating kaligtasan ay nasa pagsisisi. Ang ating lakas ay nagmumula sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. . . . Tumatag tayo laban sa kasamaan, kapwa sa tahanan at sa ibang lugar. Mamuhay tayo nang marapat sa mga pagpapala ng langit, baguhin ang ating buhay kung kailangan at umasa sa Kanya, na Ama nating lahat.[16]

Wala tayong dapat ikatakot. Ang Diyos ang namamahala. Siya ang mananaig para sa ikabubuti ng gawaing ito. Magbubuhos Siya ng mga pagpapala sa mga taong sumusunod sa Kanyang mga utos. Iyan ang Kanyang pangako. Walang makapag-aalinlangan sa kakayahan Niyang tuparin ang pangakong iyan.[17]

4

## Itinuturo ng mga pinuno ng Simbahan ang daan at inaanyayahan ang mga miyembro na ipamuhay ang ebanghelyo.

May mga nagsasabi, "Hindi ako didiktahan ng Simbahan kung paano iisipin ito, o iyon, o iba pa, o kung paano mabuhay."

Hindi nga, tugon ko, hindi didiktahan ng Simbahan ang sinuman kung paano mag-isip o ano ang gagawin. Ituturo ng Simbahan ang paraan at aanyayahan ang bawat miyembro na ipamuhay ang ebanghelyo at tamasahin ang mga biyayang nagmumula sa gayong pamumuhay. Hindi didiktahan ng Simbahan ang sinuman, ngunit

magpapayo ito, maghihikayat, maghihimok, at aasa sa katapatan ng mga miyembro nito.

Noong nasa kolehiyo pa ako, sinabi kong minsan sa tatay ko na palagay ko'y lumalampas na ang mga Pangkalahatang Awtoridad sa karapatan nila kapag may sinasabi sila tungkol sa isang bagay. Si Itay ay napakatalino at mabuting tao. Ang sabi niya, "Tinatagubilinan tayo ng Pangulo ng Simbahan at sinusuportahan ko siya bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag, at susundin ko ang payo niya."

Nakapaglingkod ako . . . sa mga pangkalahatang konseho ng Simbahang ito sa loob ng [maraming] taon. . . . Nais kong magpatotoo sa inyo na bagama't nakadalo na ako sa libu-libong pulong kung saan tinalakay ang mga patakaran at programa ng Simbahan, wala pa akong dinaluhan na hindi hinangad ang patnubay ng Panginoon ni hinangad ninuman sa dumalo na magmungkahi o gumawa ng anumang makapipinsala o pipilit sa sinuman.[18]

Sinasabi ko sa bawat isa at sa lahat na kami [na nakaupo sa mga pangkalahatang kapulungan ng Simbahan] ay walang personal na agenda. Ang tanging mayroon kami ay ang agenda ng Panginoon. May mga namimintas kapag nagpapahayag kami ng isang payo o babala. Dapat ninyong malaman na ang aming mga pagsamo ay hindi udyok ng anumang makasariling hangarin. Dapat ninyong malaman na ang aming mga babala ay may katuturan at dahilan. Dapat ninyong malaman na ang mga desisyong magsalita tungkol sa iba't ibang bagay ay hindi ipinapasiya nang hindi muna pinag-iisipan, tinatalakay, at ipinagdarasal. Dapat ninyong malaman na ang tanging layunin namin ay tulungan ang bawat isa sa inyo sa inyong mga problema, paghihirap, pamilya, at buhay. . . . Wala kaming hangad na ituro ang anuman maliban sa ituturo ng Panginoon. . . .

Responsibilidad namin na gawin ang ipinahayag ni Ezekiel: "Anak ng tao, ginawa kitang bantay sa sangbahayan ni Israel: kaya't pakinggan mo ang salita sa aking bibig, at ipanguna mo sa kanila sa ganang akin." (Ezek. 3:17.)

Wala kaming makasariling hangarin sa alinman dito, maliban sa mithiing ang ating mga kapatid ay lumigaya, na magkaroon ng kapayapaan at pagmamahalan sa kanilang tahanan, na biyayaan

sila ng kapangyarihan ng Maykapal sa iba't iba nilang gawain sa kabutihan.[19]

Laging ipinaaalam ng Diyos, sa kanyang paraan, ang kanyang kalooban hinggil sa kanyang mga tao. Pinatototohanan ko sa inyo na ang mga pinuno ng simbahang ito ay hinding-hindi tayo pagagawin ng anumang bagay na hindi natin kayang gawin sa tulong ng Panginoon. Maaari tayong makaramdam ng kakulangan. Maaaring hindi natin gusto o hindi akma sa ating mga ideya ang ipinagagawa sa atin. Ngunit kung susubukan natin nang may pananampalataya at panalangin at pagpapasiya, magagawa natin ito.

Pinatototohanan ko sa inyo na ang kaligayahan ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang kapayapaan ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang pagsulong ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang pag-unlad ng mga Banal sa mga Huling Araw, at ang walang-hanggang kaligtasan at kadakilaan ng mga taong ito ay nasa pagsunod sa mga payo ng priesthood ng Diyos.[20]

5

## Ang maliliit na desisyon ay maaaring magbunga ng napakalaki.

Maaari kong ilarawan ang isang alituntunin . . . na kung susundin ay lubhang magpapaibayo sa posibilidad na magiging tama ang ating mga desisyon, at dahil dito ay magiging napakalaki ng ating pagsulong at kaligayahan sa buhay. Ang dakilang alituntuning ito ay *manatiling sumasampalataya*. . . .

Hindi ko maidedetalye sa inyo kung paano pagpasiyahan ang lahat ng bagay. Ngunit maipapangako ko na kung magpapasiya kayo ayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo at sa mga turo ng Simbahan, at kung mananatili kayong sumasampalataya, ang inyong buhay ay magbubunga ng malaking kabutihan at daranas kayo ng kaligayahan at tagumpay.[21]

Maraming taon na ang nakararaan nagtrabaho ako sa isang riles ng tren. . . . Mga panahon iyon na halos lahat ay sumasakay ng tren. Isang umaga tinawagan ako ng counterpart ko sa Newark, New Jersey. Sabi niya, "Dumating na ang tren numero ganoon-ganito, pero wala ang bagon ng mga bagahe nito. Nawala sa kung saan ang bagahe ng 300 pasahero, at galit sila."



*Inihambing ni Pangulong Hinckley ang ating mga desisyon sa mga bisagra sa tarangkahan ng isang sakahan.*

Agad akong nagpunta para alamin kung saan ito maaaring napunta. Nalaman ko na ito ay naisakay at naibiyahe ito nang wasto sa tren sa Oakland, California. Nailipat ito sa riles namin sa Salt Lake City [at kalaunan ay dumating sa] St. Louis. Naroon iyon at isasakay sa isa pang tren na maghahatid dito sa Newark, New Jersey. Ngunit ginalaw ng isang hindi nag-iingat na switchman sa St. Louis yard ang isang maliit na piraso ng bakal na tatlong pulgada [7.5 sentimetro] lang ang laki, isang switch point, pagkatapos ay hinatak ang pingga [lever] para ihiwalay ang bagon. Natuklasan namin na isang bagon ng mga bagahe na pag-aari ng Newark, New Jersey, ang nasa New Orleans, Louisiana—1,500 milya [2,400 kilometro] mula sa destinasyon nito. Ang tatlong-pulgadang paggalaw lang ng switch sa St. Louis yard ng isang walang-ingat na empleyado ay naging sanhi para mapunta ito sa maling direksyon, at napalayo ito nang husto mula sa tunay nitong destinasyon. Ganyan ang nangyayari sa ating buhay. Sa halip na sumunod sa tamang landas, hinahatak tayo ng maling ideya sa ibang direksyon. Ang paglayo mula sa ating orihinal na destinasyon ay maaaring sanhi ng napakaliit na bagay na ginawa natin, ngunit, kung ipagpapatuloy, ang napakaliit na ginawa nating iyon ay nagiging malaking agwat at napapalayo tayo mula sa nais

nating patunguhan. . . . Ang maliliit na bagay na ginagawa natin ang gumagawa ng malaking kaibhan sa ating buhay.[22]

Isang araw kumapit ako sa tarangkahan ng isang malaking sakahan. Inangat ko ang trangka at binuksan ang tarangkahan. Bahagyang-bahagya ang galaw ng mga bisagra kaya halos hindi ito marinig. Ngunit may malaking arko sa kabilang dulo ng tarangkahan na labing-anim na talampakan ang luwang. Kapag sa galaw ng mga bisagra ka lang tumingin, hindi mo maiisip ang malaking paggalaw na sumunod dahil sa bahagyang galaw na iyon.

Gayon din sa mga desisyon natin sa buhay. Ang kaunting ideya, kaunting salita, kaunting pagkilos ay maaaring magbunga nang napakalaki.[23]

6

### Sa pamumuhay ayon sa ebanghelyo, pinalalakas natin ang Simbahan at tinutulungang lumago ang gawain ng Diyos sa iba't ibang panig ng mundo.

Mapapalakas ninyo [ang Simbahan] sa paraan ng pamumuhay ninyo. Gawing espada at kalasag ninyo ang ebanghelyo. . . .

. . . Kamangha-mangha ang hinaharap habang ipinagpapatuloy ng Diyos ang Kanyang maluwalhating gawain, na iniimpluwensyahan sa kabutihan ang lahat ng tatanggap at mamumuhay ayon sa Kanyang ebanghelyo.[24]

Nakikita ko ang napakagandang hinaharap sa isang mundong walang-katiyakan. Kung maninindigan tayo sa ating mga pinahahalagahan, kung sasalig tayo sa ating pamana, kung susundin natin ang Panginoon, kung ipamumuhay lang natin ang ebanghelyo, pagpapalain tayo sa kahanga-hanga at napakagandang paraan. Kikilalanin tayo bilang mga kakaibang tao na nakatagpo ng susi tungo sa natatanging kaligayahan.[25]

Dapat ipasiya ng bawat lalaki at babae at bata na mas pagbutihin at mas patatagin at mas palakasin ang gawain ng Panginoon kaysa noon. Ang kalidad ng ating buhay ang gumagawa ng kaibhan. Ang ating pasiyang ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo ang gumagawa ng kaibhan. Ito ay nasa pasiya na ng bawat tao. Kung magdarasal tayong lahat, lubhang lalakas ang Simbahan. At gayon din ito

sa bawat alituntunin ng ebanghelyo. Maging bahagi tayo ng dakila at sumusulong na layuning ito na lumalaganap sa buong daigdig. Hindi tayo maaaring huminto; kailangan tayong sumulong. Kailangan nating gawin ito. Ang personal na paniniwala na nananahan sa puso ng bawat isa sa atin ang tunay na lakas ng Simbahan. Kung wala ito, kakunti lang ang nasa atin; kung mayroon tayo nito, nasa atin na ang lahat.[26]

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa inyo, saanman kayo naroon bilang mga miyembro ng simbahang ito, na manindigan at sumulong nang may awit sa puso, sa pamumuhay ayon sa ebanghelyo, pagmamahal sa Panginoon, at pagtatayo ng kaharian. Sama-sama tayong magpatuloy sa gawain at manatiling sumasampalataya, at ang Maykapal ang ating lakas.[27]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit tayo, bilang pinagtipanang mga tao ng Panginoon, ay "hindi maaaring maging mga ordinaryong tao"? (Tingnan sa bahagi 1.) Ano ang ilang paraan na nakaimpluwensya ang mga tipang ginawa ninyo sa Diyos sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay?
- Itinuro ni Pangulong Hinckley na "kailangan tayong magkaroon ng lakas na sundin ang ating mga pinaniniwalaan" (bahagi 2). Paano ba natin ikinukompromiso kung minsan ang ating mga paniniwala? Paano natin mapapalakas ang ating sarili laban sa tukso?
- Ano ang mga aplikasyong ibinigay sa atin ng pagkukuwento ni Pangulong Hinckley tungkol kay Elijah? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano kayo tutugon sa isang tao na ang pakiramdam ay napakahigpit ng mga kautusan? Paano ninyo nakita na ang pagsunod sa mga kautusan ay naghahatid ng kalayaan, kaligtasan, at kapayapaan?
- Rebyuhin ang paliwanag ni Pangulong Hinckley kung paano magbigay ng payo at mga babala ang mga pinuno ng Simbahan (tingnan sa bahagi 4). Paano kayo napagpala sa pagsunod sa payo ng mga pinuno ng Simbahan?
- Ano ang matututuhan natin mula sa kuwento ni Pangulong Hinckley tungkol sa nawalang bagon ng mga bagahe? (Tingnan sa

bahagi 5.) Bakit nakagagawa ng malaking kaibhan sa ating buhay ang maliliit na desisyon o pagkilos? Anong maliit na desisyon ang nakagawa na ng malaking kaibhan sa inyong buhay? Paano natin mas makikilala ang maliliit na paglihis na maaaring maglayo sa atin sa landas ng Diyos?

- Paano tayo matutulungan ng pamumuhay ng ebanghelyo na makayanan ang mga kawalang-katiyakan sa mundo? (Tingnan sa bahagi 6.) Paano mapapasimple ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo ang ating buhay? Isipin kung paano ninyo mas aktibong mapapatatag ang Simbahan at matutulungang umunlad ang gawain ng Diyos sa iba't ibang panig ng mundo.

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*

Deuteronomio 4:39–40; Sa Mga Hebreo 5:8–9; D at T 64:33–34; 93:26–28; 98:22; Abraham 3:24–26; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ang pagbabasa, pag-aaral, at pagbubulay ay hindi magkakapareho. Nababasa natin ang mga salita at maaari tayong makakuha ng mga ideya. Nag-aaral tayo at maaari nating matuklasan ang mga huwaran at pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya sa banal na kasulatan. Ngunit kapag nagbulay-bulay tayo, nag-aanyaya tayo ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu. Ang pagbubulay, para sa akin, ay ang pag-iisip at pagdarasal na ginagawa ko matapos basahin at pag-aralang mabuti ang mga banal na kasulatan" (Henry B. Eyring, "Maglingkod nang May Espiritu," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 60).

## *Mga Tala*

1. "If Ye Be Willing and Obedient," *Ensign,* Hulyo 1995, 2.
2. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 404.
3. "This Is the Work of the Master," *Ensign,* Mayo 1995, 71.
4. "Pambungad na Pananalita," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2005, 4.
5. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 148–49.
6. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 146.
7. "Building Your Tabernacle," *Ensign,* Nob. 1992, 52.
8. "Everything to Gain—Nothing to Lose," *Ensign,* Nob. 1976, 96.
9. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 160–61.
10. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 404.
11. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 412.
12. "If Ye Be Willing and Obedient," 4.
13. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 406–7.
14. "If Thou Art Faithful," *Ensign,* Nob. 1984, 92.
15. Sa Conference Report, Abr. 1965, 78.

16. "The Times in Which We Live," *Ensign,* Nob. 2001, 74.
17. "This Is the Work of the Master," 71.
18. "Katapatan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2003, 60.
19. "The Church Is on Course," *Ensign,* Nob. 1992, 59–60.
20. "If Ye Be Willing and Obedient," *Ensign,* Dis. 1971, 125.
21. "Keep the Faith," *Ensign,* Set. 1985, 3, 6.
22. "A Prophet's Counsel and Prayer for Youth," *Ensign,* Ene. 2001, 5–7.
23. "Keep the Faith," 3.
24. "Stay the Course—Keep the Faith," *Ensign,* Nob. 1995, 72.
25. "Look to the Future," *Ensign,* Nob. 1997, 69.
26. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 138–39.
27. "Stay the Course—Keep the Faith," 72.



*“Walang makakapalit sa ilalim ng langit sa makabuluhang gawain. Sa ganitong paraan nagkakatotoo ang mga pangarap.”*

# Kapayapaan at Katiwasayan sa Pamamagitan ng Temporal na Pag-asa sa Sarili

*"Itinuturo natin ang pag-asa sa sarili bilang isang alituntunin ng buhay, na dapat tayong maglaan para sa ating sarili at asikasuhin ang sarili nating mga pangangailangan."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Noong bata pa siya, natuto si Gordon B. Hinckley ng mga alituntunin ng pag-asa sa sarili habang tumutulong siya sa kanyang mga magulang at kapatid. Ikinuwento niya kalaunan:

"Nanirahan kami sa inakala kong isang malaking bahay. . . . May malaking damuhan, maraming punong naglalaglag ng milyun-milyong dahon, at maraming gagawin palagi.

". . . May isang kalan kami sa kusina at isang kalan sa komedor. Naglagay ng pugon [furnace] kalaunan, at napakaganda niyon. Pero magastos ito sa uling, at walang automatic stoker (makinang naglalagay ng uling). Kinailangang palahin ang uling sa pugon [furnace] at maingat na itabi gabi-gabi.

"Natuto ako ng magandang aral mula sa malaking pugon [furnace] na iyon: kung gusto mong mainitan, kailangan mong magpala ng uling.

"Naisip ng tatay ko na dapat matutong magtrabaho ang kanyang mga anak na lalaki, sa tag-init gayundin sa taglamig, kaya bumili siya ng isang limang-akreng sakahan [mga 20,000 metro kuwadrado], na kalaunan ay nadagdagan ng mahigit tatlumpung akre. Naninirahan kami roon sa tag-init at bumabalik sa lunsod kapag magsisimula na ang klase.

"Nagkaroon kami ng malaking halamanan, at kinailangang pungusan ang mga puno tuwing tagsibol. Dinala kami ni Itay sa mga pruning demonstration ng mga eksperto mula sa kolehiyo ng agrikultura. May nalaman kaming mahalagang katotohanan—na madali ninyong malalaman ang klase ng bungang pipitasin ninyo sa Setyembre sa paraan ng pagpupungos ninyo sa Pebrero."[1]

Dahil bahagi ng kanyang sariling pundasyon ang mga katotohanang ito, madalas magturo si Pangulong Hinckley ng praktikal na mga aral sa pamumuhay ng ebanghelyo. Pinatotohanan niya ang mga pagpapalang dumarating sa pamamagitan ng kasipagan, at hinikayat niya ang mga Banal sa mga Huling Araw na mamuhay ayon sa kanilang kinikita at ihanda ang kanilang sarili para sa mga kalamidad na maaaring dumating sa hinaharap.

Bukod pa sa pagtuturo ng mga alituntuning ito, tumulong si Pangulong Hinckley na maglaan ng mga paraan para masunod ito ng mga Banal. Halimbawa, noong Abril 2001 pinasimulan niya ang Perpetual Education Fund, na ayon sa kanya ay binigyang-inspirasyon ng Panginoon.[2] Sa pamamagitan ng programang ito, maaaring magbigay ng donasyon ang mga tao sa isang pondong maglalaan ng panandaliang pautang sa karapat-dapat na mga miyembro ng Simbahan, na karamiha'y mga returned missionary, para makapag-aral o makakuha ng vocational training na hahantong sa makabuluhang trabaho. Kapag binayaran ng mga tao ang mga pautang na iyon, isasama sa pondo ang pera para matulungan ang mga [makikibahagi] sa hinaharap. Natulungan na ng Perpetual Education Fund ang libu-libong tao na umasa sa sarili. Naglalaan ito, gaya ng sinabi minsan ni Pangulong Hinckley, ng isang "maningning na sinag ng pag-asa."[3]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

### 1

### Kapag tapat tayong gumagawa at nagtatrabaho, pinagpapala ang ating buhay magpakailanman.

Naniniwala ako sa alituntunin ng paggawa. Walang makakapalit sa ilalim ng langit sa makabuluhang gawain o trabaho. Sa ganitong paraan nagkakatotoo ang mga pangarap. Sa ganitong paraan ang mga ideya ay nagiging matagumpay.[4]



*"Kailangang tulungan ng mga anak ang kanilang mga magulang. . . . Malalaman nila na ang paggawa ay magbubunga ng kalinisan at pagsulong at pag-unlad."*

Hindi masama ang maglaro at maglibang nang kaunti. Ngunit trabaho ang gumagawa ng kaibhan sa buhay ng isang lalaki o babae. Trabaho ang naglalaan ng pagkaing ating kinakain, ng damit na ating isinusuot, ng mga bahay na ating tinitirhan. Hindi natin maikakaila ang pangangailangang magtrabaho nang mahusay at matalino kung gusto nating umunlad at sumagana ang buhay ng bawat isa sa atin at ng lahat ng tao.[5]

Natuklasan ko na ang buhay ay hindi binubuo ng sunud-sunod na kabayanihan. Ang ikinagaganda ng buhay ay nasa palagiang kabutihan at kagandahang-asal, na ginagawa ang kailangang gawin

kapag kailangan itong gawin. Naobserbahan ko na hindi matatalino ang gumagawa ng kaibhan sa mundong ito. Naobserbahan ko na ang gawain sa mundo ay ginagawa ng mga lalaki at babae na pangkaraniwan ang talento na gumagawa sa kakaibang paraan.[6]

Kailangang tumulong ang mga anak sa kanilang mga magulang—sa paghuhugas ng mga pinggan, paglampaso ng mga sahig, pagdadamo, pagpupungos ng mga puno at palumpong, pagpipinta at pag-aayos at paglilinis at paggawa ng isandaang iba pang mga bagay kung saan nila matututuhan na ang paggawa ay magbubunga ng kalinisan at pagsulong at pag-unlad.[7]

Ang sikreto ng Simbahang ito ay paggawa. Lahat ay gumagawa. Hindi kayo uunlad kung hindi kayo gagawa. Ang pananampalataya, ang patotoo sa katotohanan, ay katulad ng kalamnan ng aking braso. Kung gagamitin mo ito, lalakas ito. Kung lalagyan mo ito ng sling o sakbat, manghihina at luluyloy ito. Kailangang gumawa at magtrabaho ang mga tao. Malaki ang inaasahan namin sa kanila, at ang kahanga-hanga at kamangha-mangha ay natatapos nila ang gawain. Nagkakaroon ng bunga ang mga ito.[8]

Walang mangyayari sa Simbahang ito kung hindi kayo gagawa. Para itong kartilya. Hindi ito gagalaw hangga't hindi ninyo hinahawakan ang dalawang hawakan at itinutulak ito. Kasipagan ang nagsusulong sa gawain ng Panginoon, at kung natutuhan ninyong gumawa nang may lubos na katapatan pagpapalain nito ang inyong buhay magpakailanman. Taos-puso kong sinasabi iyan. Pagpapalain nito ang inyong buhay magpakailanman.[9]

**2**

**Responsibilidad nating tulungan ang iba na iangat ang kanilang sarili at umasa sa sarili.**

May isang lumang kasabihan na kung bibigyan mo ng isda ang isang tao, kakain siya sa loob ng isang araw. Ngunit kung tuturuan mo siyang mangisda, kakain siya habang siya ay nabubuhay. . . .

Nawa'y pagkalooban tayo ng Panginoon ng pananaw at pagunawa na gawin ang mga bagay na tutulong sa ating mga miyembro hindi lamang sa espirituwal kundi maging sa temporal. May napakabigat tayong obligasyon. Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith . . . na ang isang relihiyon na walang maitutulong sa isang tao sa buhay

na ito ay malamang na wala ring gaanong magagawa para sa kanya sa buhay na darating (tingnan sa "The Truth about Mormonism," *Out West* magazine, Set. 1905, 242).

Kung saan may laganap na kahirapan sa ating mga tao, gawin natin ang lahat ng ating makakaya upang tulungan sila na iangat ang kanilang sarili, itatag ang kanilang sarili sa saligan ng [pag-asa sa sarili] na darating sa pamamagitan ng pagsasanay o training. Edukasyon ang susi sa oportunidad. . . .

Taimtim nating obligasyon . . . na "tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina" (D at T 81:5). Kailangan natin silang tulungan na magsarili at maging matagumpay.

Naniniwala ako na hindi hinahangad ng Panginoon na makita ang Kanyang mga tao na naghihirap. Naniniwala ako na hahayaan Niyang tamasahin ng matatapat ang mabubuting bagay sa mundo. Tutulungan Niya tayo na magawa ang mga bagay na ito upang matulungan sila.[10]

Ang tao, habang tinuturuan natin, ay dapat gawin para sa kanyang sarili ang lahat ng makakaya niya. Kapag naubos na ang kanyang kabuhayan, dapat siyang humingi ng tulong sa kanyang pamilya. Kapag walang magagawa ang pamilya, tumutulong ang Simbahan. At kapag tumulong ang Simbahan, ang malaking hangarin natin ay asikasuhin muna ang agaran niyang mga pangangailangan at saka siya tulungan hangga't kailangan niya ng tulong, ngunit habang ginagawa iyan ay tulungan siya na mabigyan ng training, maghanap ng trabaho, maghanap ng paraan para makatayong muli sa kanyang sariling mga paa. Iyan ang buong layunin ng malaking welfare program [ng Simbahan].[11]

Yaong tumanggap ng tulong mula sa programang ito ay naligtas sa "sumpa ng katamaran at mga kasamaan ng libreng tulong." Ang kanilang dignidad at paggalang sa sarili ay napangalagaan. At pinatotohanan ng napakaraming kalalakihan at kababaihan na hindi tuwirang tumanggap ng tulong mula rito, ngunit nagtanim at nagproseso ng pagkain at lumahok sa marami pang kaugnay na gawain, ang kagalakang matatagpuan sa di-makasariling paglilingkod sa iba.

Walang sinumang nakasaksi sa malawak na implikasyon at malaking kinahinatnan ng programang ito ang may katwirang mag-alinlangan sa diwa ng paghahayag na naging dahilan nito at napalawak ang kakayahan nitong tumulong para sa kabutihan.[12]

Patuloy tayong tutulong sa gawaing ito. Laging may pangangailangan. Ang gutom at kakulangan at sakuna ay laging nasa paligid natin. At laging may mga pusong naaantig ng liwanag ng ebanghelyo na handang maglingkod at gumawa at magpasigla sa mga nangangailangan sa ibabaw ng lupa.

Sa gayunding pagsisikap itinatag natin ang Perpetual Education Fund. Ito'y naitatag dahil sa inyong bukas-palad na mga kontribusyon. . . . Pinautang ang mga karapat-dapat na kabataang lalaki at babae para makapag-aral. Kung hindi, sila ay di na makakaahon sa hirap na nakamulatan ng kanilang mga magulang at ninuno sa maraming henerasyon. . . .

Ginagabayan ng Espiritu ng Panginoon ang gawaing ito. Ang gawaing pangkapakanang ito ay sekular na gawain, na naipapahayag sa pagbibigay ng bigas at beans, kumot at tolda, damit at gamot, trabaho at edukasyon para sa mas magandang trabaho. Ngunit ang tinatawag na sekular na gawaing ito ay isa lamang paggawa na dulot ng espiritu—ang Espiritu ng Panginoon, na sinasabing, Siya ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Mga Gawa 10:38).[13]

3

## Hinikayat tayo ng mga propeta na ihanda ang ating sarili sa espirituwal at temporal para sa mga kapahamakang darating.

Itinuturo natin ang pag-asa sa sarili bilang isang alituntunin ng buhay, na dapat tayong maglaan para sa ating sarili at asikasuhin ang sarili nating mga pangangailangan. Kaya nga hinihikayat natin ang ating mga tao na magtabi, magplano nang maaga, magkaroon ng . . . pagkain, magbukas ng savings account, kung maaari, para sa oras ng kagipitan. Dumarating kung minsan ang mga sakuna sa mga tao kung kailan hindi inaasahan—kawalan ng trabaho, karamdaman, ganoong uri ng mga bagay.[14]

Ang lumang daigdig na ito ay dumaranas ng maraming kalamidad at sakuna. Alam ng mga nagbabasa at naniniwala sa mga banal na

kasulatan ang mga babala ng propeta hinggil sa mga kapahamakang nangyari na at mangyayari pa. . . .

Napakahalaga ng mga salita ng paghahayag na matatagpuan sa ika-88 bahagi ng Doktrina at mga Tipan hinggil sa mga kalamidad na sasapit matapos magpatotoo ang mga elder. Sabi ng Panginoon:

"Sapagkat pagkaraan ng inyong patotoo ay sasapit ang patotoo ng mga paglindol, na magiging sanhi ng mga pagdaing sa gitna niya, at ang mga tao ay babagsak sa lupa at hindi makatatayo.

"At sasapit din ang patotoo ng tinig ng mga kulog, at ang tinig ng mga kidlat, at ang tinig ng mga unos, at ang tinig ng mga alon sa dagat na iaalon nito ang sarili na lagpas sa mga hangganan nito.

"At lahat ng bagay ay magkakagulo; at tiyak, magsisipanlupaypay ang mga puso ng tao; sapagkat ang takot ay mapapasalahat ng tao" (D at T 88:89–91). . . .

. . . Tulad ng mga kalamidad na nagdaan, asahan nating mas marami pang darating sa hinaharap. Ano ang gagawin natin?

May nagsabing hindi umuulan nang gawin ni Noe ang arka. Pero ginawa pa rin niya iyon, at bumuhos ang ulan.

Sabi ng Panginoon, "Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot" (D at T 38:30).

Ang pinakamahalagang paghahanda ay inilahad din sa Doktrina at mga Tipan, na nagsasabing, "Dahil dito, tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag, hanggang sa ang araw ng Panginoon ay dumating" (D at T 87:8). . . .

Mamuhay tayo nang matwid upang makahingi tayo sa Panginoon ng proteksyon at patnubay. Ito ang unang prayoridad. Hindi natin maaasahan ang Kanyang tulong kung hindi tayo handang sumunod sa Kanyang mga utos. Tayo sa Simbahang ito ay may sapat na katibayan ng mga parusa sa pagsuway sa mga halimbawa kapwa ng mga bansang Jaredita at Nephita. Bawat isa ay nagtamasa muna ng kaluwalhatian hanggang sa lubusang pagkalipol dahil sa kasamaan.

Mangyari pa, alam natin na bumabagsak ang ulan sa [mabubuti] at sa [masasama] (tingnan sa Mateo 5:45). Bagama't namamatay ang mabubuti hindi sila nawawala, kundi naliligtas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Manunubos. Sabi ni Pablo sa mga taga-Roma,

“Sapagka’t kung nangabubuhay tayo, sa Panginoon tayo’y nangabubuhay; o kung nangamamatay tayo, sa Panginoon tayo’y nangamamatay” (Mga Taga Roma 14:8). . . .

Ang ating mga tao ay pinayuhan at hinikayat . . . na gumawa ng gayong paghahanda na titiyak sa kaligtasan sakali mang may kalamidad.

Makapagtatabi tayo ng tubig, pangunahing pagkain, gamot, mga pangginaw. Dapat may ipon din tayong pera sa panahon ng kagipitan.[15]

Malaki ang ating [welfare program] na may mga pasilidad para sa pag-iimbak ng mga butil sa iba’t ibang lugar. Mahalagang gawin natin ito. Ngunit ang pinakamainam na lugar para pag-imbakan ng pagkain ay ang ating tahanan, kasama na ang kaunting perang naimpok. [Ang] pinakamagaling na [welfare program ay] ang ating [sariling welfare program]. Ang lima o anim na lata ng trigo sa bahay ay mas mainam kaysa isang salop sa welfare granary. . . .

Makapagsisimula tayo sa simpleng paraan. Simulan natin sa isang linggong imbak ng pagkain at unti-unting dagdagan ito para sa isang buwan, at pagkatapos ay para sa tatlong buwan. Ang tinutukoy ko’y mga pangunahing pagkain. Gaya ng alam ninyo, di na bago ang payong ito. Ngunit natatakot ako na marami ang naniniwalang mahirap mag-imbak ng pagkaing pangmatagalan kaya di nila ito pinagsisikapan.

Magsimula kayo sa kaunti . . . at unti-unting dagdagan ito nang angkop sa kaya ninyo. Palagiang mag-impok ng kaunting pera, at magugulat kayo sa paglago nito.[16]

4

**Nagtatamasa tayo ng kasarinlan at kalayaan kapag [umiiwas] tayo sa utang hangga’t maaari at nagtatabi ng pera para sa oras ng pangangailangan.**

Paulit-ulit tayong [pinayuhan] hinggil sa pag-asa sa sariling kakayahan, hinggil sa utang, hinggil sa pagtitipid. Marami sa ating mga miyembro ang baon sa utang dahil sa mga bagay na hindi kailangan. . . . Hinihimok ko kayong mga miyembro ng Simbahang ito na iwasan ninyo ang utang hangga’t maaari at mag-impok para sa biglaang pangangailangan.[17]

“Dumating na ang panahon para isaayos ang ating mga tahanan. . . .

[Sinabi] ni Pangulong J. Reuben Clark Jr., sa priesthood meeting ng kumperensya noong 1938: “Kapag nagkautang kayo, susundan kayo ng patubo bawat minuto ng araw at gabi; hindi kayo makakaiwas o makakahulagpos dito; hindi ninyo ito mababalewala; hindi ito maidadaan sa pagmamakaawa, paghingi, o pag-uutos; at tuwing haharang kayo sa daan nito o kakalabanin ninyo ito o hindi ninyo tutugunan ang mga hinihingi nito, dudurugin kayo nito” (sa Conference Report, Abr. 1938, 103).

Alam ko na maaaring kailangang manghiram para makabili ng bahay. Ngunit bumili tayo ng bahay na kaya nating bayaran nang sa gayo’y madaling bayaran ang mga bayaring palaging bumabagabag sa ating isipan nang walang awa o walang humpay. . . .

Mula nang magsimula ang Simbahan, nagsalita na ang Panginoon tungkol dito sa pangungutang. Sinabi Niya kay Martin Harris sa paghahayag: “Bayaran ang utang na iyong pinagkasundo sa manlilimbag. Palayain ang iyong sarili mula sa pagkakautang” (D at T 19:35).

Paulit-ulit na binanggit ni Pangulong Heber J. Grant ang bagay na ito. . . . Sabi niya: “Kung may isang bagay na maghahatid ng kapayapaan at katiwasayan sa puso ng tao, at sa pamilya, ito ay ang mamuhay ayon sa ating kinikita. At kung may isang bagay na nakapapagod at nakapanghihina ng loob at nakalulungkot, iyon ay ang magkaroon ng mga utang at obligasyon na hindi kayang bayaran ng isang tao” (*Gospel Standards,* comp. G. Homer Durham [1941], 111).

Inihahatid natin ang mensahe ng pag-asa sa sarili sa buong Simbahan. Ang pag-asa sa sarili ay hindi matatamo kapag may malaking utang na bumabagabag sa buong sambahayan. Ang isang tao ay walang kasarinlan o kalayaan mula sa pagkaalipin kapag may obligasyon siya sa iba.

Sa pamamahala sa mga gawain ng Simbahan, sinikap na naming magpakita ng halimbawa. Tayo, ayon sa patakaran, ay mahigpit na sumusunod sa pag-iimpok bawat taon ng isang porsiyento ng kita ng Simbahan para sa araw ng pangangailangan.

Nagpapasalamat ako na masasabi ko na ang Simbahan sa lahat ng pagpapalakad nito, sa lahat ng ginagawa nito, sa lahat ng departamento nito, ay nakakakilos nang hindi nanghihiram ng pera. Kung

hindi natin makakaya, babawasan natin ang ating mga programa para makapag-impok. Babawasan natin ang paggastos para magkasya ang kita. Hindi tayo manghihiram. . . .

Napakasaya ng pakiramdam na maging malaya sa utang, na magkaroon ng kaunting perang itinabi sa araw ng emergency at maaaring makuha kapag kailangan. . . .

Hinihimok ko kayo . . . na tingnan ang kundisyon ng inyong pananalapi. Hinihimok ko kayo na maging matipid sa inyong paggastos; disiplinahin ang inyong sarili sa pamimili para makaiwas sa utang hangga't maaari. Agad bayaran ang inyong utang hangga't kaya ninyo, at palayain ang inyong sarili sa pagkaalipin.

Ito ay bahagi ng temporal na aspeto ng ebanghelyo na pinaniniwalaan natin. Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon . . . na maisaayos ang inyong tahanan. Kung nakabayad na kayo sa inyong mga utang, kung may matitira sa inyo, kahit kaunti, pagdating ng mga unos, magkakaroon kayo ng kanlungan para sa inyong [pamilya] at kapayapaan sa inyong puso.[18]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Hinckley na "walang makakapalit . . . sa makabuluhang gawain" (bahagi 1). Paano naging pagpapala ang paggawa o pagtatrabaho sa inyong buhay? Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa kasipagan? Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na matutong gumawa o magtrabaho?
- Ano ang ating mga responsibilidad sa mga taong may temporal na mga pangangailangan? (Tingnan sa bahagi 2.) Paano natin matutulungan ang iba na umasa sa sarili? Paano nakaimpluwensya sa buhay ninyo ang paglilingkod na naibigay at natanggap ninyo?
- Pag-aralang muli ang mga paghahandang ipinayo ni Pangulong Hinckley na gawin natin para sa oras ng pangangailangan (tingnan sa bahagi 3). Kailan ninyo nakita ang kahalagahan ng paghahanda para sa oras ng pangangailangan? Ano ang ilang maliliit na bagay na unti-unti nating magagawa upang maihanda ang ating sarili?

- Pag-aralang muli ang payo ni Pangulong Hinckley tungkol sa pag-utang at pagtitipid (tingnan sa bahagi 4). Bakit mahalagang maging disiplinado sa paraan ng paggugol natin ng pera? Paano nakakaapekto sa atin ang utang sa temporal at espirituwal? Paano matuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na maging matalino sa paggamit ng pera?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*

I Mga Taga Tesalonica 4:11–12; D at T 1:11–13; 78:13–14; 104:13–18; Moises 5:1

*Tulong sa Pagtuturo*

"Maging maingat na huwag madaliing tapusin ang magagandang talakayan sa pagtatangkang mailahad ang lahat ng materyal na inyong inihanda. Bagaman mahalaga na tapusin ang materyal, mas mahalagang tulungan ang mga mag-aaral na madama ang impluwensya ng Espiritu, masagot ang kanilang mga katanungan, mapalawak ang kanilang pagkaunawa sa ebanghelyo, at mapalalim ang kanilang pangakong sundin ang mga kautusan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* [2000], 79–80).

## *Mga Tala*

1. "Some Lessons Learned as a Boy," *Ensign,* Mayo 1993, 52.
2. Tingnan sa "Ang Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon," *Liahona,* Hulyo 2001, 52.
3. "Pagtulong Upang Maiangat ang Kapwa," *Liahona,* Enero. 2002, 54.
4. "I Believe," *New Era,* Set. 1996, 6.
5. "I Believe," 6.
6. *One Bright Shining Hope: Messages for Women from Gordon B. Hinckley* (2006), 24.
7. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 707.
8. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 532.
9. "Inspirational Thoughts," *Ensign,* Ago. 2000, 5.
10. "Ang Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon," 52–53.
11. "This Thing Was Not Done in a Corner," *Ensign,* Nob. 1996, 50.
12. "President Harold B. Lee: An Appreciation," *Ensign,* Nob. 1972, 8; tingnan din sa Heber J. Grant, sa Conference Report, Okt. 1936, 3.
13. "Sapagka't Ako'y Nagutom, at Ako'y Inyong Pinakain," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 61.
14. "This Thing Was Not Done in a Corner," 50.
15. Gordon B. Hinckley, "Kung Kayo ay Handa Kayo ay Hindi Matatakot," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2005, 61–62.
16. "Sa Kalalakihan ng Priesthood," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2002, 58.
17. "Sa Panahon Natin Ngayon," *Liahona,* Ene. 2002, 73.
18. "To the Boys and to the Men," *Ensign,* Nob. 1998, 53–54.



*"Kung sasabihin natin na sinasamba at sinusunod natin ang Panginoon, hindi ba kailangan nating sikaping tularan ang kanyang buhay na puno ng paglilingkod?"*

# Kalimutan ang Ating Sarili sa Paglilingkod sa Iba

*"Nawa'y mapadalisay ng tunay na kahulugan ng ebanghelyo ang ating puso nang matanto natin na ang ating buhay, na bigay sa atin ng ating Diyos Ama, ay dapat gamitin sa paglilingkod sa iba."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Nahirapan ang binatang si Elder Gordon B. Hinckley sa mga unang linggo niya bilang full-time missionary sa England. May sakit siya nang dumating siya, at paulit-ulit na hindi tinanggap ang ebanghelyong ipinapangaral niya. Sa mahirap na panahong iyon, nabiyayaan siya ng tinawag niya kalaunan na kanyang "araw ng pagpapasiya"—isang karanasang nakaimpluwensya sa kanyang paglilingkod sa buong buhay niya.

"Pinanghinaan ako ng loob," paggunita niya. "Sinulatan ko ang mabait kong ama at sinabi ko na parang sinasayang ko ang oras ko at pera niya. Siya ang aking ama at stake president, at siya ay isang matalino at inspiradong tao. Sinulatan niya ako ng napakaikling liham na nagsasabing, 'Mahal kong Gordon, natanggap ko ang huling sulat mo. Isa lang ang maipapayo ko: kalimutan mo ang iyong sarili at magtrabaho ka.' Maaga pa noong umagang iyon sa scripture class namin nabasa namin ng kompanyon ko ang mga salitang ito ng Panginoon: 'Sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio ay maililigtas yaon.' (Marcos 8:35.)

"Ang mga salitang iyon ng Panginoon, na sinundan ng sulat ng aking ama na nagpapayo na kalimutan ko ang aking sarili at magtrabaho ako, ay tumimo sa aking kaluluwa. Hawak ang sulat ng aking

ama, pumasok ako sa aming silid sa bahay na nasa 15 Wadham Road, kung saan kami nakatira, at lumuhod ako at nangako sa Panginoon. Nakipagtipan ako na sisikapin kong kalimutan ang aking sarili at magtutuon ako sa paglilingkod sa Kanya.

"Ang araw na iyon noong Hulyo 1933 ang aking araw ng pagpapasiya. Isang bagong liwanag ang dumating sa aking buhay at bagong kagalakan sa aking puso."[1]

Ang liwanag na iyon ay hindi kailanman nawala sa buhay ni Gordon B. Hinckley. Mula nang araw na iyon, inilaan niya ang kanyang sarili sa Panginoon para sa paglilingkod sa iba. Sa libing ni Pangulong Hinckley, inilista ni Pangulong Henry B. Eyring ang ilan sa mga kontribusyon ni Pangulong Hinckley: pagtatayo ng mga templo sa iba't ibang panig ng mundo, pagtatayo ng mas maliliit na templo para pabilisin ang gawain sa templo, pagpapasimula ng Perpetual Education Fund, at pagtatayo ng Conference Center. Pagkatapos ay sinabi Niya:

"Ang kanyang personal na pamana ay higit pa sa maikling listahang iyon at sa kakayahan kong maglarawan. Ngunit kahit paano ay may isang bagay na karaniwan sa kanyang mga nagawa. Palaging naroon ang mga ito upang biyayaan ng oportunidad ang mga indibiduwal. At inisip niya palagi ang mga taong halos walang oportunidad, ang karaniwang taong nahihirapang kayanin ang mga paghihirap sa buhay sa araw-araw at ang hamon na ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Hindi lang niya minsang itinuro ang kanyang daliri sa aking dibdib nang magmungkahi ako at sinabi niyang, 'Hal, naalala mo ba ang taong nahihirapan?' "[2]

"Nais kong tumayo at magtrabaho," sabi ni Pangulong Hinckley. "Nais kong harapin ang bawat araw na may matibay na pagpapasiya at layunin. Nais kong gamitin ang bawat oras na gising ako sa panghihikayat, pagbabasbas ng mga taong may mabibigat na pasanin, pagpapalakas ng pananampalataya at patotoo."[3]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Ang ating buhay ay kaloob ng Diyos at dapat gamitin sa paglilingkod sa iba.

Napakaraming . . . mahirap at malinaw na nagdarahop sa iba't ibang panig ng mundo, napakaraming rebelyon at kasamaan, napakaraming imoralidad at kalaswaan, napakaraming mag-asawang naghiwalay at wasak na pamilya, napakaraming malungkot na tao na nawawalan ng pag-asa, napakaraming problema sa lahat ng dako.

Kaya nga nakikiusap ako sa inyo. Nakikiusap ako sa inyo na sa lahat ng natatanggap ninyo ay magbigay rin kayo upang gumanda ang mundo.[4]

Kung pagagandahin natin ang mundo, kailangang baguhin ng pagmamahal ang puso ng mga tao. Magagawa iyan kapag kinalimutan natin ang ating sarili upang mahalin ang Diyos at ang iba, at gawin natin ito nang buong puso, buong kaluluwa, at buong isipan.

Ipinahayag ng Panginoon sa panahong ito, "Kung ang inyong mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, ang inyong buong katawan ay mapupuno ng liwanag, at walang magiging kadiliman sa inyo." (D at T 88:67.)

Kapag minahal at pinasalamatan natin ang Diyos, kapag pinaglingkuran natin siya nang nakatuon ang mata sa kanyang kaluwalhatian, mawawala sa atin ang kadiliman ng kasalanan, ang kadiliman ng kasakiman, ang kadiliman ng kapalaluan. Magkakaroon tayo ng ibayong pagmamahal sa ating Amang Walang Hanggan at sa kanyang Pinakamamahal na Anak, na ating Tagapagligtas at ating Manunubos. Magkakaroon tayo ng higit na pagpapahalaga sa paglilingkod sa ating kapwa, at hindi na natin gaanong iisipin ang ating sarili at mas tutulong tayo sa iba.

Ang alituntuning ito ng pagmamahal ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo.[5]

Kung sasabihin natin na sinasamba at sinusunod natin ang Panginoon, hindi ba kailangan nating sikaping tularan ang kanyang buhay na puno ng paglilingkod? Walang sinuman sa atin ang may karapatang magsabi na ang buhay natin ay sa atin. Ang ating buhay

ay kaloob ng Diyos. Naparito tayo sa daigdig hindi dahil sa sarili nating kagustuhan. Lumilisan tayo hindi sa sarili nating kagustuhan. Bilang ang ating mga araw hindi ayon sa ating kagustuhan, kundi alinsunod sa kalooban ng Diyos.

Ginagamit ng marami sa atin ang ating buhay na parang sariling pag-aari natin ito. Nasa atin ang pagpapasiya kung gusto nating sayangin ito. Ngunit iyan ay hindi pagiging tapat sa isang dakila at sagradong pagtitiwala. Malinaw na sinabi ng Panginoon, "Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio ay maililigtas yaon." (Marcos 8:35.)[6]

Mahal na mga kapatid, malaki ang hamon. Ang mga oportunidad ay nasa buong paligid natin. Gusto ng Diyos na gawin natin ang Kanyang gawain—at gawin ito nang may sigla at saya. Ang gawaing iyon, tulad ng paliwanag Niya, ay "tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina." (D at T 81:5.)

Maglingkod sa mga nangangailangan. Aliwin ang mga namimighati. Bisitahin ang balo at ulila sa ama sa kanilang pagdadalamhati. Pakainin ang nangangailangan, damitan ang hubad, bigyan ng kanlungan ang mga walang tirahan. Gawin ang ginawa ng Panginoon, na "naglilibot na gumagawa ng mabuti." (Mga Gawa 10:38.)[7]

Ang mensahe ko sa inyo ngayon . . . ay magpasiya kayong maglaan ng kaunti ninyong panahon, habang ipinaplano ninyo ang gawain ninyo sa buhay, sa mga taong may problema at nangangailangan, nang hindi naghihintay ng kapalit. Kailangan ang inyong mga kasanayan, anuman ang mga iyon. Pasisiglahin ng pagtulong ninyo ang isang taong nagdurusa. Ang inyong matatag na tinig ay magpapalakas ng loob sa ilan na maaaring gusto nang sumuko. Mababago ng inyong mga kasanayan ang buhay, sa kagila-gilalas at kamangha-manghang paraan, ng mga taong nangangailangan. Kung hindi ngayon, kailan? Kung hindi kayo, sino?[8]

Nawa'y mapadalisay ng tunay na kahulugan ng ebanghelyo ang ating puso nang matanto natin na ang ating buhay, na bigay sa atin ng ating Diyos Ama, ay dapat gamitin sa paglilingkod sa iba.

Kung maglilingkod tayo sa gayong paraan, ang ating mga araw ay mapupuspos ng kagalakan at kaligayahan. Ang mas mahalaga, ilalaan ang mga ito sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo at sa ikapagpapala ng lahat ng buhay na naaantig natin.[9]

2

### Paglilingkod ang pinakamabisang lunas sa pagkaawa sa sarili, kasakiman, kawalang-pag-asa, at kalungkutan.

Naaalala ko ang pagbisita ko sa kampus ng kolehiyo kung saan ko narinig ang karaniwan at palasak na reklamo ng mga kabataan: mga reklamo tungkol sa mga problema sa eskuwela—na para bang pabigat ito sa halip na isang pagkakataong tumanggap ng kaalaman ng mundo—mga reklamo tungkol sa tirahan at pagkain. . . .

Pinayuhan ko ang mga kabataang iyon na kung napakabigat ng mga problema sa paaralan, kung gusto nilang magreklamo tungkol sa kanilang tirahan at pagkain, may imumungkahi akong lunas sa kanilang mga problema. Iminungkahi ko na itabi nila ang kanilang aklat nang ilang oras, lisanin ang kanilang silid, at bisitahin ang isang matandang nalulumbay, o isang maysakit at pinanghihinaan ng loob. Sa kabuuan, nalaman ko na kung nagrereklamo tayo sa buhay, ito ay dahil sarili lang natin ang ating iniisip.

Sa loob ng maraming taon may karatula sa dingding ng isang pagawaan ng sapatos na lagi kong pinupuntahan. Sabi roon, "Nagreklamo ako dahil wala akong sapatos hanggang sa makita ko ang isang lalaki na walang mga paa." Ang pinakamabisang lunas sa pagkaawa sa sarili ay kalimutan ang ating sarili sa paglilingkod sa iba.[10]

Naniniwala ako na para sa karamihan sa atin ang pinakamabisang lunas sa kalumbayan ay pagtatrabaho at paglilingkod alang-alang sa iba. Hindi ko sinasabing huwag pansinin ang inyong mga problema, ngunit hindi ako mag-aatubiling sabihin na marami pang iba na mas mabibigat ang problema kaysa sa inyo. Tumulong na paglingkuran sila, tulungan sila, hikayatin sila. Napakaraming batang lalaki at babae na bumabagsak sa paaralan dahil kulang sa pansin at panghihikayat. Napakaraming matatandang nagdurusa at nalulumbay at natatakot na mabibigyan ng kaunting pag-asa at sigla kung kakausapin lang ninyo sila. . . .



*"Napakarami ng mga taong ang mga pasanin ay kaya ninyong pagaanin."*

Napakaraming taong nasaktan at nangangailangan ng isang mabuting Samaritano na magbebenda ng kanilang mga sugat at aakayin sila sa paglakad. Ang munting kabaitan ay maaaring maghatid ng malaking pagpapala sa isang taong naliligalig at ng tamis ng damdamin sa taong nakikipagkaibigan sa kanya.[11]

Napakarami ng mga taong ang mga pasanin ay kaya ninyong pagaanin. Mayroong mga walang tirahan, may mga nagugutom, may mga dukha sa buong paligid natin. May matatanda na nag-iisa sa mga rest home o institusyon para sa matatanda. May mga batang may kapansanan, at mga kabataang gumagamit ng droga, at mga maysakit at hindi na makalabas ng bahay na humihiling ng mabuting salita. Kung hindi kayo ang gagawa nito, sino?

Ang pinakamabisang lunas para sa pag-aalala na alam ko ay pagtatrabaho. Ang pinakamabisang lunas sa kawalan ng pag-asa ay paglilingkod. Ang pinakamabisang lunas sa kapaguran ay ang hamon na tulungan ang isang taong mas pagod.[12]

Bakit masaya ang mga missionary? Dahil kinalilimutan nila ang kanilang sarili sa paglilingkod sa iba.

Bakit masaya ang mga taong nagtatrabaho sa mga templo? Dahil ang paggawa nila nang may pagmamahal ay tunay na nakaayon sa

dakila at nagliligtas na gawain ng Tagapagligtas ng sangkatauhan. Hindi sila humihiling ni umaasang pasalamatan sa kanilang ginagawa. Kadalasan, wala silang anumang nalalaman tungkol sa taong pinaglilingkuran nila maliban sa pangalan nito.[13]

Ipakita ang mga dakilang hangarin na nasa kaibuturan ng puso ninyo upang tulungang mapanatag, masuportahan, at mapatatag ang iba. Kapag ginawa ninyo ito, mawawala sa inyo ang nakapipinsalang epekto ng kasakiman, at mapapalitan ito ng magiliw at napakagandang damdamin na tila hindi darating sa ibang paraan.[14]

3

## Kapag tinulungan natin ang iba, natatagpuan natin ang ating tunay na sarili.

Isang Linggo ng umaga ilang taon na ang nakararaan, nasa bahay ako ng isang stake president sa munting bayan sa Idaho. Bago magdasal sa umaga, sama-samang nagbabasa ang pamilya ng ilang talata sa banal na kasulatan. Kasama rito ang mga salita ni Jesus ayon sa nakatala sa Juan 12:24: "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, maliban ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay natitira siyang magiisa: nguni't kung mamatay, ay nagbubunga ng marami."

Walang alinlangan na tinutukoy ng Panginoon ang kanyang darating na kamatayan, na ipinapahayag na maliban kung mamatay siya ang kanyang misyon sa buhay ay magiging walang kabuluhan. Ngunit nakikita ko na may iba pang kahulugan ang mga salitang ito. Sa tingin ko sinasabi ng Panginoon sa bawat isa sa atin na maliban kung kalimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba, ang ating buhay ay halos walang tunay na layunin, sapagkat pagpapatuloy niya, "Ang umiibig sa kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang napopoot sa kaniyang buhay sa sanglibutang ito ay maiingatan yaon sa buhay na walang hanggan." (Juan 12:25.) O, tulad ng nakatala sa Lucas, "Sinumang nagsisikap ingatan ang kaniyang buhay ay mawawalan nito; datapuwa't ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay ay maiingatan yaon." (Lucas 17:33.) Sa madaling salita, siya na nabubuhay para lamang sa kanyang sarili ay nalalanta at namamatay, samantalang siya na kinalilimutan ang sarili sa

paglilingkod sa iba ay lumalago at namumukadkad sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Nang umagang iyon sa stake conference, ang pangulo kung saan ako nakitira ay ini-release pagkaraan ng labintatlong taon ng tapat na paglilingkod. Naroon ang saganang pagbuhos ng pagmamahal at pasasalamat, hindi dahil mayaman siya, hindi dahil sa katayuan niya sa komunidad ng mga negosyante, kundi dahil sa di-makasariling malaking paglilingkod na ibinigay niya. Hindi iniisip ang sariling kapakanan, naglakbay siya nang libu-libong milya sa lahat ng uri ng panahon. Literal siyang nakagugol ng libu-libong oras para sa kapakanan ng iba. Kinaligtaan niya ang kanyang personal na mga problema para tulungan ang mga taong nangangailangan ng kanyang tulong. At sa paggawa nito sumigla siya at naging dakila sa mata ng mga taong pinaglingkuran niya.[15]

Ilang taon na ang nakalilipas nabasa ko ang kuwento tungkol sa isang dalagang nagpunta sa isang lugar sa lalawigan at nagturo sa paaralan. May isang batang babae sa klase niya na bumagsak na dati at babagsak ulit. Hindi nakakabasa ang estudyante. Nagmula siya sa isang pamilyang walang pera para dalhin siya sa mas malaking lungsod para masuri kung may problema siya na maaaring lunasan. Nauunawaan na maaaring may problema sa mata ang bata, inasikaso ng bata pang guro ang pagdadala sa estudyante, para ipasuri ang mga mata nito, at ang guro ang sasagot sa gastusin. Natuklasan ang isang kapansanan na maaaring itama sa paggamit ng salamin. Di-nagtagal isang bagong mundo ang nabuksan sa estudyante. Sa unang pagkakataon sa buhay niya, nakita niya nang malinaw ang mga salitang nasa kanyang harapan. Maliit ang suweldo ng gurong iyon sa pampublikong paaralan, ngunit sa kaunting mayroon siya, tumulong siya na lubusang nagpabago sa buhay ng estudyanteng babagsak, at sa paggawa nito natagpuan niya ang isang bagong aspeto sa kanyang sariling buhay.[16]

Kapag naglingkod kayo nang gayon, isang bagong aspeto ang madaragdag sa inyong buhay. Magkakaroon kayo ng mga bago at masisiglang kasamahan. Magkakaroon kayo ng mga kaibigan at mabuting pakikipag-ugnayan sa mga tao. Madaragdagan ang inyong kaalaman at pang-unawa at karunungan, at ang kakayahan ninyong gumawa.[17]



*"Kapag naglingkod kayo . . . , isang bagong aspeto ang madaragdag sa inyong buhay."*

Pinatototohanan ko na kapag tumulong ang bawat isa sa inyo sa iba, masusumpungan ninyo ang tunay ninyong pagkatao at mapagpapala ninyo nang husto ang mundong ginagalawan ninyo.[18]

4

## Ang Simbahan ay naglalaan ng maraming pagkakataon para sa di-makasariling paglilingkod.

Mga kapatid, hindi kayo kailanman magiging masaya kung sarili lang ninyo ang inyong iniisip. Kalimutan ang sarili sa pinakamabuting mithiin sa mundo—ang mithiin ng Panginoon. Ang gawain ng

mga korum, at ng mga auxiliary organization, gawain sa templo, gawaing pangkapakanan, gawaing misyonero. Pagpapalain ninyo ang sarili ninyong buhay kapag pinagpala ninyo ang buhay ng iba.[19]

Wala nang iba pang gawain sa buong daigdig na puno ng kaligayahan tulad ng gawaing ito. Natatangi ang kaligayahang ito. Galing ito sa paglilingkod sa iba. Ito'y tunay. Ito'y kakaiba. Ito'y kahanga-hanga.[20]

Hayaang maging mabuti ninyong kaibigan ang Simbahan. Hayaan itong maging dakila ninyong kasama. Maglingkod saanman kayo tawaging maglingkod. Gawin ang ipinagagawa sa inyo. Bawat tungkuling hawak ninyo ay magdaragdag sa inyong kakayahan. Naglingkod na ako sa maraming katungkulan sa dakilang organisasyong ito. Bawat paglilingkod ay naghatid ng sarili nitong gantimpala.

Ito . . . ay mangangailangan ng inyong di-makasariling debosyon, ng inyong matibay na katapatan at pananampalataya. Kayo ay maglilingkod sa maraming tungkulin bago makumpleto ang buhay ninyo. Ang ilan sa mga ito ay maaaring tila maliit, ngunit walang maliit o di-mahalagang tungkulin sa Simbahang ito. Bawat tungkulin ay mahalaga. Bawat tungkulin ay kailangan sa ikasusulong ng gawain. Huwag maliitin ang isang tungkulin sa Simbahan. . . .

Bigyan ng puwang ang Simbahan sa inyong buhay. Hayaang umunlad ang inyong kaalaman tungkol sa doktrina nito. Hayaang maragdagan ang inyong pang-unawa sa organisasyon nito. Hayaang mag-ibayo nang husto ang inyong pagmamahal sa mga walang-hanggang katotohanan nito.

Maaari kayong hilingan ng Simbahan na magsakripisyo. Maaari kayong hilingan nitong ibigay ang lahat ng maihahandog ninyo. Walang mawawala sa inyo sa paggawa nito, dahil matutuklasan ninyo na ang paglilingkod na ibinigay ninyo ay magbibigay sa inyo ng pagpapapala habang kayo ay nabubuhay. Ang Simbahan ay malaking imbakan ng walang-hanggang katotohanan. Tanggapin ito at humawak nang mahigpit dito.[21]

Gusto ba ninyong lumigaya? Kalimutan ang inyong sarili at makibahagi sa dakilang mithiing ito. Ibigay ang inyong pagsisikap sa pagtulong sa mga tao. Magkaroon ng diwa ng pagpapatawad sa inyong puso sa sinumang nakasakit sa inyong damdamin. Umasa sa

Panginoon at mabuhay at sikaping pasiglahin at paglingkuran ang Kanyang mga anak. Mararanasan ninyo ang kaligayahang hindi pa ninyo naranasan kailanman kung gagawin ninyo ito. Hindi mahalaga kung gaano na kayo katanda, gaano kayo kabata, o kahit anupaman. Mapapasigla ninyo ang mga tao at matutulungan ninyo sila. Alam ng Langit na napakaraming tao sa mundong ito na nangangailangan ng tulong. Napakarami nila. Alisin natin ang nakasasama at makasariling pag-uugali sa ating buhay, mga kapatid, at lalong manindigan at tumulong sa paglilingkod sa iba. . . . Lalong manindigan, lalong tumulong, pasiglahin ang mga tuhod na mahihina, itaas ang mga bisig na nakababa. Ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Kalimutan ang inyong sarili.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Hinckley na ang ating buhay ay kaloob ng Diyos, na dapat gamitin sa paglilingkod sa iba (tingnan sa bahagi 1). Paano natin magagawang paraan ng pamumuhay ang paglilingkod sa iba? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng ituon ang mata sa kaluwalhatian ng Diyos? Paano kayo napagpala ng paglilingkod ng iba?

- Bakit tayo tinutulungan ng paglilingkod na madaig ang awa sa sarili, pagkamakasarili, at kalumbayan? (Tingnan sa bahagi 2.) Paano kayo napasaya ng paglilingkod? Habang binabasa ninyo ang mga paglalarawan ni Pangulong Hinckley sa mga taong nangangailangan, alamin kung paano kayo makapaglilingkod at ang inyong pamilya.

- Bakit tayo tinutulungan ng paglimot sa ating sarili sa paglilingkod sa iba na "[matagpuan] ang ating tunay na sarili"? (Tingnan sa bahagi 3.) Ano ang matututuhan natin mula sa mga kuwento sa bahagi 3?

- Ipinayo ni Pangulong Hinckley, "Kalimutan ang sarili sa pinakamabuting mithiin sa mundo—ang mithiin ng Panginoon" (bahagi 4). Anong mga pagpapala ang naidulot sa inyong buhay ng paglilingkod sa Simbahan?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*

Mateo 20:25–28; 25:34–40; Juan 13:35; Mosias 2:16–18; 18:8–9; D at T 64:33

*Tulong sa Pag-aaral*

"Sa pag-aaral mo, pansining mabuti ang mga ideya na dumarating sa iyong isipan at damdamin na [dumarating sa] puso mo" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 21). Isiping itala ang mga impresyong natatanggap mo, kahit parang wala itong kaugnayan sa mga salitang binabasa mo. Maaaring ang mga ito mismo ang nais ng Panginoon na matutuhan mo.

## Mga Tala


1. "Taking the Gospel to Britain: A Declaration of Vision, Faith, Courage, and Truth," *Ensign,* Hulyo 1987, 7.
2. Henry B. Eyring, "Things Will Work Out," *In Memoriam: President Gordon B. Hinckley, 1910–2008* (suplemento sa *Ensign,* Mar. 2008), 27; tingnan din sa pahina 26.
3. "Testimony," *Ensign,* Mayo 1998, 69.
4. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1: 1995–1999* (2005), 543.
5. "And the Greatest of These Is Love," *Ensign,* Mar. 1984, 5.
6. "The Gift of Self," *Tambuli,* Dec. 1986, 3; tingnan din sa lds.org/liahona/1986/12/the-gift-of-self.
7. "To Single Adults," *Ensign,* Hunyo 1989, 75.
8. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1,* 544–45.
9. "Giving Ourselves to the Service of the Lord," *Ensign,* Mar. 1987, 5.
10. "Whosoever Will Save His Life," *Ensign,* Ago. 1982, 5.
11. "A Conversation with Single Adults," *Ensign,* Mar. 1997, 61.
12. "To Single Adults," 73–74.
13. "Giving Ourselves to the Service of the Lord," 5.
14. "To a Man Who Has Done What This Church Expects of Each of Us" (Brigham Young University devotional, Okt. 17, 1995), 6, speeches.byu.edu.
15. "Whosoever Will Save His Life," 3–4.
16. "And the Greatest of These Is Love," 4.
17. "Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1996, 69.
18. "Whosoever Will Save His Life," 6.
19. "Pillars of Truth," *Ensign,* Ene. 1994, 7.
20. "Pagkagalak sa Pribilehiyong Maglingkod," *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Hunyo 21, 2003, 23.
21. "Life's Obligations," *Ensign,* Peb. 1999, 4.
22. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 597.

# Ang Banal na Priesthood

*"Mahal ko ang priesthood ng Simbahang ito. Ito ay isang mahalaga at buhay na bagay. Ito ang pinakadiwa at lakas ng gawaing ito. Ito ang kapangyarihan at awtoridad na ginagamit ng ating Diyos Amang Walang Hanggan upang isakatuparan ang Kanyang gawain sa lupa."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Noong 1980, nakibahagi si Elder Gordon B. Hinckley at ang kanyang asawang si Marjorie sa tatlong-linggong paglibot sa Asia, at nagsalita sa mga area conference at nakibahagi sa paglalaan ng Tokyo Japan Temple. Bago umuwi, naglakbay sila patungong Japan Sendai Mission, kung saan nangulo si Elder Hinckley sa paglikha ng unang stake sa mission. Bago nakipagpulong sa bagong stake presidency, kinausap ni Elder Hinckley ang mission president na si Kiyoshi Sakai. "Tinanong niya ang nagulat na si President Sakai kung mayroon itong inilaang langis at idinagdag na, 'Pagod na pagod ako; puwede mo ba akong basbasan?' Nagunita ni President Sakai, 'Takot na takot ako at nadamang napakahina ko para basbasan ang isang Apostol ng Panginoon. Sinabi ko sa kanya na hindi ko siya mababasbasan sa Ingles. Sinabi ni Elder Hinckley na ayos lang ang wikang Japanese. Kaya nagpatuloy kami ni Elder Hitoshi Kashikura, ang Regional Representative.' Matapos bigkasin ang pagbabasbas, nagsabi lang si Elder Hinckley ng, 'Salamat, salamat. Makakauwi na ako bukas.'

"Kinaumagahan ay mukhang malakas at malusog na si Elder Hinckley, at nang tanungin siya ni Pangulong Sakai kung ano ang pakiramdam niya ay sumagot siya ng, '*Dai Jobu,* mas mabuti na ang pakiramdam ko. Magaling na ako.' Pagkaraan ng ilang araw tumanggap ng liham ng pasasalamat si President Sakai mula kay



*"Sa [priesthood], walang imposible sa pagsusulong ng gawain ng kaharian ng Diyos."*

Elder Hinckley, na nagsabing: '. . . Maraming salamat sa basbas na ibinigay ninyo sa akin. Agad gumanda ang pakiramdam ko pagkatapos niyon. Mabilis at lubos akong gumaling. Labis kaming nagpapasalamat ni Sister Hinckley sa pribilehiyong manatili sa inyong mission home.' "[1]

Madalas patotohanan ni Pangulong Hinckley ang mga pagpapala ng priesthood, mula sa mahimala ngunit pansamantalang mga pagpapala ng pisikal na paggaling hanggang sa walang hanggan at nagbibigkis na mga pagpapala sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo. Ipinahayag niya, "Naniniwala ako na nasa Kanyang priesthood ang banal na awtoridad—ang kapangyarihang magbasbas, kapangyarihang magpagaling, kapangyarihang mamahala sa mga gawain ng Diyos sa lupa, kapangyarihang ibuklod sa kalangitan yaong ibinuklod sa lupa."[2]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

**1**

### Ipinanumbalik na ng Diyos ang priesthood at ang mga susi ng kaharian ng langit.

Ang kapangyarihan at awtoridad ng priesthood [ay] ibinigay sa mga kalalakihan noong una. Ang mas mababang awtoridad ay ibinigay sa mga anak ni Aaron para mangasiwa sa temporal na mga bagay gayundin sa ilang sagradong eklesiastikong ordenansa. Ang mas nakatataas na priesthood ay ibinigay ng Panginoon sa Kanyang mga Apostol, ayon sa Kanyang pahayag kay Pedro: "Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit" (Mateo 16:19).

Kabilang sa ganap na panunumbalik ng priesthood ang pagdating ni Juan Bautista . . . at nina Pedro, Santiago, at Juan. . . . Dumating din sina Moises, Elias, at Elijah, bawat isa ay nagkaloob ng mga susi ng priesthood para makumpleto ang gawain ng pagpapanumbalik ng lahat ng mga gawa at ordenansa ng mga naunang dispensasyon dito, sa dakila at huling dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon.

Narito ang priesthood. . . . Alam natin, dahil nakita natin, ang kapangyarihan ng priesthood. Nakita nating gumaling ang mga

maysakit, na nakalakad ang mga lumpo, at ang pagdating ng liwanag at kaalaman at pang-unawa sa mga dating nasa kadiliman.[3]

Minsa'y inilarawan ni Propetang Joseph Smith [ang priesthood] sa mga salitang ito: "Ang Priesthood ay isang walang-hanggang alituntunin, at umiral na kasabay ng Diyos mula sa kawalang-hanggan, at [iiral] hanggang sa kawalang-hanggan, na walang simula ng mga araw o katapusan ng mga taon." (*History of the Church,* 3:386.)

Ito ay tunay na kapangyarihan ng Diyos na ibinigay sa tao upang kumilos sa Kanyang pangalan at bilang kinatawan Niya. Ito ay pagkakaloob ng banal na awtoridad, na naiiba sa lahat ng iba pang kapangyarihan at awtoridad sa balat ng lupa. Hindi nakapagtatakang ipinanumbalik ito sa tao ng mga nabuhay na mag-uling nilalang na mayhawak nito noong unang panahon, upang walang mag-alinlangan sa awtoridad at katotohanan nito. Kung wala ito, pangalan lang ang dala ng simbahan, at wala itong awtoridad na mangasiwa sa mga bagay na ukol sa Diyos. Sa pamamagitan nito, walang imposible sa pagsusulong ng gawain ng kaharian ng Diyos. Likas ang kabanalan nito. Kapwa temporal at walang hanggan ang awtoridad nito. Ito lang ang kapangyarihan sa mundo na umaabot hanggang sa kabilang-buhay.[4]

2

## Ang priesthood ay ang kapangyarihan at awtoridad na ginagamit ng Diyos upang isakatuparan ang Kanyang gawain.

Mahal ko ang priesthood ng Simbahang ito. Ito ay mahalaga at buhay. Ito ang pinakadiwa at lakas ng gawaing ito. Ito ang kapangyarihan at awtoridad na ginagamit ng ating Diyos Amang Walang Hanggan upang isakatuparan ang Kanyang gawain sa mundo.[5]

Ang banal na priesthood ay may awtoridad na pamahalaan ang mga gawain ng kaharian ng Diyos sa lupa. Sa ilalim ng mga paghahayag ng Panginoon, ang Simbahan ay dapat pamunuan ng tatlong namumunong high priest. Tutulungan sila ng isang konseho ng Labindalawang Apostol, na tutulungan naman ng . . . Pitumpu. Isang Presiding Bishopric na may tatlong miyembro ang responsable sa mga gawaing temporal sa ilalim ng pamamahala ng Panguluhan. Lahat ng ito ay mga opisyal ng priesthood. Ang kapangyarihang

iyon na bigay ng langit ang awtoridad na gamit nila sa pamamahala. Gayon din sa mga stake at ward na may mga panguluhan at bishopric. Gayon din sa mga korum. Ginagawa ng mga namumuno sa auxiliary ang kanilang gawain sa ilalim ng pamamahala at pag-aatas ng priesthood. Kung walang priesthood maaaring tawaging simbahan ito, pero wala itong tunay na kahalagahan. Ito ang simbahan ni Jesucristo, at pinamamamahalaan ito ng awtoridad na iyon na "alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos." (D at T 107:3.)[6]

3

## Ang mga pagpapala ng priesthood ay dapat matamasa ng lahat.

[Ang priesthood] . . . ay bahagi ng plano ng ating Diyos Amang Walang Hanggan upang pagpalain ang buhay ng Kanyang mga anak na lalaki at babae sa lahat ng henerasyon.[7]

Kabilang sa banal na priesthood ang kapangyarihang magbasbas. Para sa mga may Aaronic Priesthood, kaakibat nito ang awtoridad na ibigay sa kongregasyon ang mga sagisag ng laman at dugo ng Panginoon, na nagbuwis ng Kanyang buhay bilang sakripisyo para sa lahat. Ang sakramento at ang pakikibahagi sa mga sagisag na ito ang pinakadiwa ng ating pagsamba sa araw ng sabbath. Kabilang dito ang pagpapanibago ng mga tipan sa Diyos. May pangako ito na sasamahan tayo ng Kanyang Banal na Espiritu. Ito ay isang pagpapalang walang katulad na dapat matamasa ng lahat at ginawang posible ng awtoridad na ibinigay sa karapat-dapat na mga kabataang lalaki. . . .

Ang Melchizedek Priesthood ay may awtoridad na magkaloob ng Espiritu Santo. Napakalaking pagpapala ang maimpluwensyahan ng paglilingkod ng isang miyembro ng Panguluhang Diyos, matapos matanggap ang kaloob na iyon sa mga kamay ng mga taong kumikilos nang may banal na awtoridad. Kung patuloy tayong magpapakabanal, maaari nating matamasa ang katuparan ng pangakong ginawa ng Panginoon nang sabihin Niyang: "Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina, at ang iyong setro ay hindi nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan; at ang iyong pamamahala ay magiging walang hanggang pamamahala, at sa walang

sapilitang pamamaraan ito ay dadaloy sa iyo magpakailanman at walang katapusan." (D at T 121:46.)

Kabilang sa priesthood ang kapangyarihang magbasbas sa maysakit. May nakikinig ba sa akin dito na hindi pa nakagamit o nakadama ng banal na kapangyarihang iyon? Mayroon ba sa atin na nag-aalinlangan sa bisa nito? Maikukuwento natin ang mga himala, na sagrado at kahanga-hanga, na nasaksihan natin sa ating sariling karanasan. . . .

Ang banal na Melchizedek Priesthood na ito ay may kapangyarihang magbasbas nang may propesiya, na nagbibigay ng kapanatagan, suporta, patnubay. May mga patriarch tayo sa ating kalipunan na, sa ilalim ng awtoridad na hawak nila, ay nagpapahayag ng lipi natin at bumibigkas ng mga basbas na gagabay sa atin. Ang mga basbas na ito ay maaaring maging tulad sa isang angkla na makakapitan natin para manatiling matatag sa mga unos ng buhay.

Sa pinakamagandang pagpapahayag nito ang banal na priesthood ay may awtoridad na magbuklod sa lupa at gawing mabisa ang pagbubuklod na iyon sa kalangitan. Ito ay kakaiba at kamanghamangha. Ito ang awtoridad na ginagamit sa mga templo ng Diyos. Para ito sa mga buhay at sa mga patay. Ito ang pinakadiwa ng kawalang-hanggan. Ito ay banal na kapangyarihang ipinagkaloob ng Maykapal bilang bahagi ng Kanyang dakilang plano para sa kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.

Napakahalaga ng kaloob na ito ng Diyos sa atin.[8]

**4**

## Ang mga anak ng Diyos na mayhawak ng Kanyang banal na awtoridad ay dapat maging tapat sa abot ng kanilang makakaya.

Bawat karapat-dapat na lalaki, anuman ang kanyang nasyonalidad, katutubong pinanggalingan, o anupamang dahilan, ay maaaring tumanggap ng priesthood. Ang kanyang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos ang magpapasiya kung karapat-dapat siyang tumanggap nito. Ang paggawad nito ay nakabatay lamang sa pagiging karapatdapat sa harap ng Panginoon. . . .

Gayon ang kagandahan ng priesthood na ito. Ang yaman ay hindi batayan. Ang edukasyon ay hindi batayan. Ang mga parangal ng tao ay hindi batayan. Ang pinakamahalagang batayan ay ang pagiging katanggap-tanggap sa Panginoon.[9]

Dumating na ang panahon para sa lahat sa atin na naorden sa Aaronic o sa Melchizedek Priesthood, at sa anuman sa mga katungkulang bahagi nito, na pagnilayan ang ating buhay, suriin ang ating mga pagkukulang, at pagsisihan ang mga pag-uugaling hindi angkop sa mataas at banal na utos na natanggap natin. . . .

Walang sinumang lalaki, bata man o matanda, . . . na . . . naorden, ang maaaring balewalain ang kapangyarihang taglay niya. Siya ay katuwang ng Diyos at may tunay at sagradong obligasyong mamuhay ayon sa paraan na siya ay magiging karapat-dapat magsalita at kumilos sa pangalan ng Diyos bilang nararapat niyang kinatawan.[10]

Kahit ipatong ng mga may awtoridad ang kanilang mga kamay sa ating ulo at iorden tayo, maaaring mawalan ng bisa at kabuluhan ang anumang karapatang gamitin ang banal na awtoridad na ito dahil sa pag-uugali natin.

. . . "Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig;

"Sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya" (D at T 121:41–42).

Ngayon, mga kapatid, iyon ang mga hangganang dapat gamitin ng priesthood na ito. Hindi ito tulad ng isang balabal na isinusuot natin at huhubarin kung kailan natin gusto. Ito, kapag ginamit sa kabutihan, tulad ng mismong himaymay ng ating katawan, ay bahagi natin sa lahat ng oras at pagkakataon.[11]

Dapat tayong maging tapat sa kahusayang taglay natin. Tayo'y mga anak ng Diyos na ikinararangal na taglayin ang Kanyang banal na awtoridad. Ngunit naliligiran tayo ng kasamaan. Lagi nang may kapangyarihang humihila sa atin pababa, na binubuyo tayong

gawin ang mga bagay na hindi akma sa banal na priesthood na taglay natin. . . .

Sa inyong mga kalalakihan narito ang hamon. Layuan ang agos ng kahinaang dadaig sa inyo. Takasan ang mga kasamaan ng mundo. Maging tapat sa mas mabuti ninyong pagkatao. Maging tapat sa kahusayang taglay ninyo. Maging tapat at totoo sa mga tipang kaugnay ng priesthood ng Diyos.[12]

Sa bawat namumuno, sa bawat guro sa Simbahang ito na may katungkulan sa priesthood, sagradong responsibilidad ninyong gampanang mabuti ang tungkuling iyon sa priesthood. Responsibilidad ng bawat isa sa atin ang kapakanan at pagsulong at pag-unlad ng iba. Hindi tayo nabubuhay para lamang sa ating sarili. Kung gagampanan nating mabuti ang ating tungkulin, hindi tayo dapat mabuhay para lamang sa ating sarili.[13]

Maraming kalalakihan ang tila nag-iisip na dahil sila ay naorden, kanila na ang priesthood habambuhay para gamitin kapag gusto nila. Pakiramdam nila'y maaari nilang labagin ang isang tipan at isang kautusan paminsan-minsan, at magkasala sa ganito o ganoong paraan, ngunit sa kabila niyon ay mayroon pa rin silang kapangyarihan ng priesthood at na pagtitibayin ng Diyos ang sinasabi nila sa Kanyang banal na pangalan at sa pangalan ng Manunubos. Ito ay isang pangungutya, at naniniwala ako na sa paggawa niyon, ginagamit nila ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan. Nilalapastangan nila ang pangalan ng Kanyang Pinakamamahal na Anak. Dinudungisan nila ang sagradong kaloob na dumating sa pamamagitan ng pag-oorden, at ang awtoridad na nawala sa kanila dahil sa paglabag. . . .

. . . Binabalaan ko ang lahat, bata at matanda, na talikuran ang kasalanan. Ang paglabag ay salungat sa banal na awtoridad. Iwasan ang pornograpiya na tulad ng pag-iwas ninyo sa salot. Iwasan ang anumang kasalanang seksuwal. Iwasang magsinungaling at manlinlang. Isinasamo ko sa inyo na pigilan ang anumang pagmamataas o walang-kabuluhang ambisyon. Hinihiling ko na suriin ninyo ang inyong sarili upang tiyakin na hindi ninyo nagagawang dominahin o puwersahin ang inyong asawa o mga anak. . . .

. . . Alam ko na hindi natutuwa ang ating Ama sa Langit sa sinumang matanda o batang lalaki na tumatanggap ng pag-oorden at

pagkatapos ay nagpapasasa sa kasamaan. Sa pagtanggap mismo ng pag-oorden pumapasok siya sa isang sumpa at tipan sa pagitan niya at ng kanyang Diyos.[14]

Walang sinumang lalaki, kabataan man o nakatatanda, ang namumuhay ayon sa mga pamantayan ng priesthood na humahamak o nagpapawalang-halaga sa kababaihan, na hindi nagpapakita ng paggalang sa mga anak na babae ng Diyos na siyang gusto ng ating Ama sa Langit na gawin nila.[15]

Maging mabuti tayong asawa at ama. Sinumang lalaking malupit sa kanyang pamilya ay hindi karapat-dapat sa priesthood. Hindi siya nararapat maging kasangkapan sa kamay ng Panginoon kung hindi siya gumagalang at mabait at mapagmahal sa pinili niyang makasama sa buhay. Gayon din, ang sinumang lalaki na hindi mabuting halimbawa sa kanyang mga anak, na madaling magalit, o sangkot sa kasinungalingan o kahalayan ay mawawalan ng bisa ang kanyang priesthood.[16]

Ang kabiyak na inyong pipiliin ay magiging kapantay ninyo. . . . Ang babae ay di ninyo alipin, pag-aari, o anumang katulad nito. Nakalulunos at kamuhi-muhi ang pang-aabuso sa asawa. Sinumang lalaki sa Simbahang ito na umaabuso sa kanyang asawa, nagmamalupit sa kanya, nang-iinsulto, o di-makatwiran ang pakikisama sa kanya ay di karapat-dapat na magtaglay ng priesthood. Bagama't maaaring naordenan siya, ang kalangitan ay lalayo, ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati, at ito na ang wakas ng kapangyarihan ng priesthood ng taong iyon. Sinumang lalaking gagawa nito ay di-nararapat humawak ng temple recommend. . . .

. . . Kung mayroon mang . . . gumagawa ng gayon, magsisi na kayo. Lumuhod kayo at hilingin sa Panginoon na patawarin kayo. Idalangin sa Kanya na bigyan kayo ng kapangyarihang pigilin ang inyong dila at ang bigat ng inyong kamay. Humingi ng tawad sa inyong asawa at mga anak. . . .

Nakatitiyak ako na kapag humarap tayo sa hukuman ng Diyos, halos hindi babanggitin kung gaano tayo kariwasa sa buhay o kung may karangalan tayong nakamtan. Ngunit may mga tanong hinggil sa pagtrato natin sa ating pamilya. At naniniwala ako na tanging ang mga namuhay lang nang may pagmamahal at paggalang at

pagpapahalaga sa kanilang kabiyak at mga anak ang tatanggap mula sa ating walang hanggang hukom ng mga salitang, "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: . . . pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon" (Mat. 25:21).[17]

5

## Ang korum ng priesthood ay maaaring maging angkla ng lakas para sa mga miyembro nito.

Nakatitiyak ako na nilayon ng Panginoon na ang korum ng priesthood ay dapat maging higit pa sa isang klase sa teolohiya tuwing Linggo ng umaga. Mangyari pa, ang pagkakaroon ng espirituwalidad at pagpapalakas ng patotoo sa pamamagitan ng epektibong pagtuturo ng ebanghelyo ay isang mahalagang responsibilidad ng priesthood. Ngunit isang yugto lamang ito ng tungkulin ng korum. Bawat korum ay dapat maging isang kapatirang nagtutulungan para sa bawat miyembro kung gusto nilang matupad ang layunin nito. . . .

. . . Ang korum ng priesthood ay ang organisasyon ng Panginoon para sa kalalakihan ng Simbahan, tulad ng Relief Society na organisasyon ng Panginoon para sa kababaihan ng Simbahan. May responsibilidad ang bawat isa, na mahalaga sa dahilan ng pagkakabuo nito, na tumulong sa mga nangangailangan.

Sinabi ni Propetang Joseph tungkol sa kababaihan ng Samahang ito nang maorganisa ang Relief Society: "Matutugunan nila ang pangangailangan ng mga dayuhan; bubuhusan nila ng langis at alak ang sugatang puso ng naghihinagpis; papahirin nila ang mga luha ng mga ulila at pasasayahin ang puso ng balo" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 530). Umaasa ako na ganito rin ang masasabi tungkol sa kalalakihan ng priesthood.

Magiging napakagandang araw nito . . . kapag ang ating mga priesthood quorum ay magiging angkla ng lakas ng bawat lalaki na kabilang dito, kapag nasabi ng mga lalaking ito na, "Ako ay miyembro ng priesthood quorum ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Handa akong tulungan ang aking mga kapatid sa lahat ng kanilang pangangailangan, at tiwala akong handa rin sila na tulungan ako. Sa pagtutulungan, uunlad kami sa espirituwal bilang mga pinagtipanang anak na lalaki ng Diyos. Sa pagtutulungan, mananaig kami, nang walang pagkapahiya at walang



*Ang mga lider at miyembro ng simbahan—kapwa kalalakihan at kababaihan—ay nagtutulungan upang "ipalaganap ang kanilang gawain sa ilalim ng pamamahala at pagpapakatawan ng priesthood."*

takot, laban sa maaaring paghagupit ng kalaban o kahirapan, maging ito man ay sa ekonomiya, panlipunan, o espirituwal."[18]

6

## Sa mga tahanan at sa Simbahan, nagtutulungan ang kalalakihan at kababaihan para isulong ang kaharian ng Panginoon.

Oo, taglay ng kalalakihan ang priesthood. Ngunit katuwang ko ang aking asawa. Sa Simbahang ito ang lalaki ay hindi lumalakad nang nauuna o nahuhuli sa kanyang asawa kundi sa tabi niya. Pantay ang pananagutan nila sa buhay na ito sa isang dakilang gawain.[19]

Malakas at malaki ang kakayahan ng kababaihan ng Simbahang ito. May pamumuno at patutunguhan, isang tiyak na diwa ng kasarinlan, gayunman may malaking kasiyahan sa pagiging bahagi ng kahariang ito ng Panginoon, at sa pakikipagtulungan sa [mga may-hawak ng] priesthood upang maisulong ito.[20]

Pinasasalamatan ko ang aking Amang Walang Hanggan para sa panunumbalik ng banal na priesthood, na "makapangusap ang

bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan" (D at T 1:20). Nakita ko ang ganda at himala ng priesthood na iyon sa pamamahala ng kahanga-hangang simbahang ito. Nadama ko ang kapangyarihan nito sa pamamagitan ko sa pagbasbas at pagpapagaling ng maysakit. Nakita ko ang pagpapadakila nito sa mga lalaking mapagpakumbaba na tinawag sa dakila at mabigat na responsibilidad. Nakita ko ito nang magsalita sila nang may kapangyarihan at awtoridad mula sa langit na para bang ang tinig ng Diyos ay nagsasalita sa pamamagitan nila.

Pinasasalamatan ko ang Panginoon para sa patotoong ibinigay niya sa akin tungkol sa kabuuan ng ebanghelyo, sa lawak at abot at lalim nito. Dinisenyo ito upang mapagpala ang mga anak na lalaki at anak na babae sa lahat ng mga henerasyon ng panahon—kapwa ang buhay at ang patay.[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Rebyuhin ang mga turo ni Pangulong Hinckley sa bahagi 1 tungkol sa panunumbalik ng priesthood. Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo para magtamo ng patotoo tungkol sa mga katotohanang ito?

- Itinuro ni Pangulong Hinckley, "Ang banal na priesthood ay may awtoridad na pamahalaan ang mga gawain ng kaharian ng Diyos sa lupa" (bahagi 2). Paano naaangkop ang katotohanang ito sa mga stake at ward? sa mga korum? sa Relief Society? Paano pinalalakas ng awtoridad ng priesthood ang inyong paglilingkod sa kaharian ng Diyos?

- Sa bahagi 3, pag-aralan muli ang mga pagpapalang matatanggap nating lahat sa pamamagitan ng priesthood. Sa anong mga paraan ninyo nadama ang kapangyarihan at mga pagpapala ng priesthood?

- Ano ang matututuhan natin mula sa mga turo ni Pangulong Hinckley tungkol sa pagkakaiba ng awtoridad ng priesthood sa kapangyarihan ng priesthood? (Tingnan sa bahagi 4.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "maging tapat sa abot ng makakaya [niya]" ang isang maytaglay ng priesthood? Bakit "hindi dapat

mabuhay para lamang sa [kanilang] sarili" ang mga maytaglay ng priesthood?

- Sa bahagi 5, ano ang hinahangaan ninyo tungkol sa mga paglalarawan ni Pangulong Hinckley sa mga korum ng priesthood at Relief Society? Ano ang magagawa natin sa ating ward o branch para masunod ang payo niya?
- Bakit kailangang magtulungan ang kalalakihan at kababaihan nang may "pantay na pananagutan" upang maisakatuparan ang gawain ng Panginoon? (Tingnan sa bahagi 6.)

*Mga Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*


Sa Mga Hebreo 5:1–4; 1 Nephi 14:12–14; Alma 13:1–9; D at T 84:33–44; 88:133; 112:30–32

*Tulong sa Pagtuturo*

"Magtanong ng mga katanungan na humihingi sa mga mag-aaral na hanapin ang mga kasagutan sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 76).

## ***Mga Tala***

1. Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 377.
2. "The Father, Son, and Holy Ghost," *Ensign,* Mar. 1998, 5.
3. "Apat na Batong Panulok ng Pananampalataya," *Liahona,* Peb. 2004, 6–7.
4. "Priesthood Restoration," *Ensign,* Okt. 1988, 71.
5. "Why We Do Some of the Things We Do," *Ensign,* Nob. 1999, 54.
6. "Priesthood Restoration," 72.
7. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 475.
8. "Priesthood Restoration," 72.
9. "Ang Pangulo ng Istaka," *Liahona,* Hulyo 2000, 49.
10. Sa "News of the Church: Priesthood Restoration Honored," *Ensign,* Hulyo 1983, 76.
11. "Pagiging Marapat ng Sarili upang Magamit ang Priesthood," *Liahona,* Hulyo 2002, 52.
12. "Katapatan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2003, 58–59.
13. "Magnify Your Calling," *Ensign,* Mayo 1989, 47.
14. "Only upon Principles of Righteousness," *Ensign,* Set. 1992, 70.
15. In "News of the Church: Priesthood Restoration Honored," 76.
16. "Pagtulong Upang Maiangat ang Kapwa," *Liahona,* Nob. 2001, 52.
17. "Pagiging Marapat ng Sarili upang Magamit ang Priesthood," 53–54.
18. "Welfare Responsibilities of the Priesthood Quorums," *Ensign,* Nob. 1977, 86.
19. "This Thing Was Not Done in a Corner," *Ensign,* Nob. 1996, 49.
20. "Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1996, 68.
21. "My Testimony," *Ensign,* Nob. 1993, 52.



*"Ang katibayan ng katotohanan [ng Aklat ni Mormon] at katumpakan nito ay nasa mga pahina mismo ng aklat na ito. Kailangang basahin ng tao ang [aklat] para malaman niya ang katotohanan nito."*

# Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon

*"Sa isang mundong humihina ang pananampalataya, ang Aklat ni Mormon ay [isang] makapangyarihang saksi sa kabanalan ng Panginoon."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Noong binata pa si Gordon B. Hinckley, ipinakita niya ang huwaran ng pag-aaral ng banal na kasulatan. "Bilang misyonero, nagbabasa ako noon ng ilang kabanata ng Aklat ni Mormon gabi-gabi bago matulog," sabi niya, "at nagkaroon ng pananalig sa puso ko na hindi na kailanman nawala: na ito ang salita ng Diyos, na ipinanumbalik sa lupa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Maykapal, na isinalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo."[1]

Ang kanyang kaalaman at patotoo sa Aklat ni Mormon ay nakaimpluwensya sa maraming tao pagkatapos ng kanyang misyon, nang maging empleyado siya sa Radio, Publicity, and Mission Literature Committee ng Simbahan. Inatasan siyang sumulat ng mga script para sa isang serye sa radyo na pinamagatang *A New Witness for Christ.* Binigyang-buhay ng serye ang mga talata sa Aklat ni Mormon para sa mga tagapakinig sa radyo. Noong panahong iyon, sinabi niya sa isang kasamahan: "Lagi kong naiisip na magagawa natin ang pinakamainam nating gawain kapag naging interesado ang mga tao sa Aklat ni Mormon at babasahin nila ito. At pagkatapos ay patototohanan ng Espiritu ang kabanalan nito."[2]

Sa kanyang buong paglilingkod, binigyang-diin ni Pangulong Hinckley ang kahalagahan ng Aklat ni Mormon. Noong Agosto 2005, bilang Pangulo ng Simbahan, hinamon niya ang mga Banal sa mga Huling Araw na basahin ang buong aklat bago matapos ang

taon. Inihayag niya kalaunan: "Kamangha-mangha na napakaraming nahikayat na gawin ito. Lahat ng nagbasa ay pinagpala sa kanyang pagsisikap. Nang ituon nila ang kanilang sarili sa karagdagang saksing ito ng ating Manunubos, sumigla ang kanilang puso at naantig ang kanilang espiritu."[3]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Kasama ng Biblia, ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo.

Sinabi noon ng Tagapagligtas, na sa mga bibig ng dalawa o mahigit pang saksi ay mapagtitibay ang lahat ng bagay.[4]

Ang Biblia ay tipan ng Lumang Daigdig, ang Aklat ni Mormon naman ay tipan ng Bagong Daigdig. Ang mga ito ay magkatuwang sa paghahayag na si Jesus ang Anak ng Ama.[5]

Ang Aklat ni Mormon . . . ay nagpapatotoo tungkol sa Kanya na isinilang sa Betlehem ng Judea at namatay sa bundok ng Kalbaryo. Sa isang mundong humihina ang pananampalataya, ang Aklat ni Mormon ay isa pang makapangyarihang saksi sa kabanalan ng Panginoon. Sa pambungad pa lamang nito, na isinulat ng isang propetang nabuhay sa lupain ng Amerika isa at kalahating milenyo na ang nakararaan, malinaw na nakasulat dito na ito ay "sa ikahihikayat ng mga Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa."[6]

Wala nang mas mahalaga pa kaysa mapatibay sa ating sariling buhay ang matatag na pananalig na si Jesus ang Cristo. . . . At, mga kapatid, iyan ang layunin ng paglabas ng kamangha-mangha at kahanga-hangang aklat na ito.[7]

2

### Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, maaari tayong tumanggap ng patotoo sa banal na pinagmulan ng Aklat ni Mormon.

Nabasa ko ang Aklat ni Mormon, na isinalin [ni Joseph Smith] sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Nakatanggap

ako ng patotoo at saksi sa banal na pinagmulan ng sagradong talaang ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.[8]

Ang pinagmulan nito ay mahimala; kapag naikuwento sa unang pagkakataon ang kasaysayan ng pinagmulan nito sa isang taong di-pamilyar dito, halos hindi ito kapani-paniwala. Ngunit narito ang aklat para damhin at hawakan at basahin. Walang sinumang makasasalungat sa katotohanan nito. Lahat ng pagsisikap na ipaliwanag ang pinagmulan nito, maliban sa isinaad ni Joseph Smith, ay nagpapahayag ng kakulangan.[9]

Ang katibayan ng katotohanan nito, ng katumpakan nito sa daigdig na mapaghanap ng ebidensya, ay hindi matatagpuan sa arkeolohiya o antropolohiya, bagama't makatutulong ito sa ilan. Hindi ito matatagpuan sa pagsasaliksik ng salita o pagsusuri ng kasaysayan, bagama't makapagpapatunay ang mga ito. Ang katibayan ng katotohanan at katumpakan nito ay nasa mga pahina mismo ng aklat na ito. Kailangang basahin ng tao ang [aklat] para malaman niya ang katotohanan nito. Ito'y aklat ng Diyos. Maaaring mag-alinlangan ang mga makatwirang tao tungkol sa pinagmulan nito; ngunit ang mga nagbasa nito nang may panalangin ay nalaman sa di-maipaliwanag na paraan na ito'y totoo, na naglalaman ito ng salita ng Diyos, na nakasaad dito ang nakapagliligtas na mga katotohanan ng walang hanggang ebanghelyo, na ito'y "lumabas sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos . . . sa ikahihikayat ng mga Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo."[10]

Isinulat [ni Moroni] ang kanyang huling pahayag sa aklat na ipinangalan sa kanya at tinapos ang talaan ng mga Nephita. Isinulat niya nang may lubos na katiyakan na kalaunan ay lalabas sa liwanag ang kanyang talaan. . . .

Sa huling kabanata ng mga isinulat niya, nagpatotoo siya tungkol sa talaan ng kanyang mga tao at may katiyakang nangako na ang mga yaong magbabasa nito ay malalaman ang katotohanan nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo [tingnan sa Moroni 10:3–5].

Wala nang ibang aklat na naglalaman ng gayong pangako. Kung wala nang ibang isinulat si Moroni, ang pangakong ito sa kanyang huling patotoo ay magpapakilala sa kanya magpakailanman

bilang isang mahusay na saksi ng walang-hanggang katotohanan. Sapagkat, sinabi niya, "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5).[11]

3

**Ang patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon ay humahantong sa paniniwala sa iba pang mga katotohanan.**

Tuwing hinihikayat natin ang iba na basahin ang Aklat ni Mormon, iyon ay para sa kanilang ikabubuti. Kung babasahin nila ito nang may panalangin at may tunay na hangarin na malaman ang katotohanan, malalaman nila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na ang aklat ay totoo.

Dadaloy mula sa kaalamang iyan ang paniniwala sa katotohanan ng marami pang bagay. Sapagkat kung ang Aklat ni Mormon ay totoo, ang Diyos kung gayon ay buhay. Maraming patotoo sa mga pahina nito tungkol sa sagradong katotohanan na ang ating Ama ay totoo, na siya ay buhay, na mahal niya ang kanyang mga anak at hangad ang kanilang kaligayahan.

Kung ang Aklat ni Mormon ay totoo, si Jesus kung gayon ang Anak ng Diyos, ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman, isinilang kay Maria, "isang birhen, pinakamaganda . . . sa lahat ng iba pang birhen" (tingnan sa 1 Ne. 11:13–21), sapagkat pinatototohanan ito ng aklat sa isang paglalahad na hindi nahigitan ng lahat ng panitikan.

Kung totoo ang Aklat ni Mormon, totoo kung gayon na si Jesus ang ating Manunubos, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. . . .

Kung totoo ang Aklat ni Mormon, si Joseph Smith ay isang Propeta ng Diyos, sapagkat siya ang naging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos para dalhin sa liwanag ang patotoong ito tungkol sa kabanalan ng ating Panginoon.

Kung totoo ang aklat na ito, [ang Pangulo ng Simbahan] ay isang propeta, sapagkat hawak niya ang lahat ng susi, kaloob, kapangyarihan, at awtoridad na hinawakan ni Propetang Joseph, na nagpasimula ng gawaing ito sa mga huling araw.

Kung ang Aklat ni Mormon ay totoo, ang Simbahan ay totoo, sapagkat narito ang awtoridad ding iyon na nagdala sa liwanag ng

sagradong talaang ito at nakikita ito sa atin ngayon. Ito'y panunumbalik ng Simbahang itinatag ng Tagapagligtas sa Palestina. Ito'y panunumbalik ng Simbahang itinatag ng Tagapagligtas nang bisitahin niya ang kontinente [ng Amerika] tulad ng nakasaad sa sagradong talaang ito.

Kung ang Aklat ni Mormon ay totoo, ang Biblia ay totoo. Ang Biblia ang tipan ng Lumang Daigdig; ang Aklat ni Mormon ang tipan ng Bagong Daigdig. Ang isa ay talaan ni Juda; ang isa naman ay talaan ni Jose, at nagsama sila sa kamay ng Panginoon bilang katuparan ng propesiya ni Ezekiel. (Tingnan sa Ezek. 37:19.) Magkasamang ipinahahayag ng mga ito ang pagiging Hari ng Manunubos ng daigdig at ang katunayan ng kanyang kaharian.[12]

4

**Ang Aklat ni Mormon ay nagbibigay ng mga turo na makatutulong sa atin na mahanap ang mga solusyon sa mga problema ng lipunan ngayon.**

[Ang Aklat ni Mormon] ay isang tala tungkol sa mga bansang nabuhay noong unang panahon. Ngunit sa mga paglalarawan nito ng mga problema ng lipunan ngayon, napapanahon ito tulad ng mga pahayagan sa umaga at ito ay mas malinaw, nagpapasigla, at nagbibigay-inspirasyon hinggil sa mga solusyon sa mga problemang iyon.[13]

Binubuksan ko ang mga pahina nito at binabasa ko, at ang salitang gamit nito ay maganda at nakasisigla. Ang sinaunang talaan kung saan nagmula ang pagsasalin nito ay lumabas mula sa pagkakabaon sa lupa bilang isang tinig na nagmumula sa alabok. Dumating ito bilang patotoo tungkol sa mga henerasyon ng kalalakihan at kababaihan na namuhay dito sa lupa, na nakibaka sa paghihirap, na nakipag-away at nakipaglaban, na sa iba't ibang pagkakataon ay ipinamuhay ang banal na batas at umunlad at sa iba pang pagkakataon ay tumalikod nang lubusan sa kanilang Diyos at nalipol.[14]

Alam ko na wala nang iba pang nakasulat na naglalarawan nang gayon kalinaw tungkol sa malungkot na kahihinatnan ng mga lipunang tumatahak sa mga landas na taliwas sa mga utos ng Diyos. Ang mga pahina ay nagsasaad ng kasaysayan ng dalawang


magkaibang sibilisasyon na nanirahan sa Kanlurang Panig ng Daigdig [Western Hemisphere]. Bawat isa ay nagsimula bilang isang maliit na bansa, na ang mga tao ay namuhay nang may takot sa Panginoon. Bawat isa ay umunlad, ngunit sa pag-unlad ay lumaganap ang kasamaan. Nagpadaig ang mga tao sa mga panlilinlang ng mga mapaghangad at tusong mga lider na nagpataw sa kanila ng mabibigat na buwis, na nag-udyok na sundin sila para sa pangakong wala namang kabuluhan, na sumang-ayon sa kasamaan at imoralidad at naghikayat sa kanila na gawin ito, na umakay sa kanila sa kakila-kilabot na mga digmaang nauwi sa kamatayan ng milyun-milyon at sa pagkalipol ng dalawang malalaking sibilisasyon sa dalawang magkaibang panahon.

Wala nang ibang nasusulat na tipan ang malinaw na nagpapakita ng katotohanan na kapag ang mga tao at bansa ay namuhay nang may takot sa Diyos at sumusunod sa kanyang mga utos, sila ay sasagana at uunlad, ngunit kapag binalewala nila siya at ang kanyang salita, darating ang pagkabulok na hahantong sa kahinaan at kamatayan, maliban kung mapigil ng kabutihan. Ang Aklat ni Mormon ay isang katibayan ng kawikaan sa Lumang Tipan, "Ang katuwiran ay nagbubunyi ng bansa: nguni't ang kasalanan ay kakutyaan sa alinmang bayan." (Kaw. 14:34.)[15]

5

## Ang Aklat ni Mormon ay may kapangyarihang baguhin ang ating buhay at pananaw.

Noong Agosto 1830, bilang mangangaral ng isang simbahan, naglakbay si Parley Parker Pratt mula Ohio patungong silangang New York. Sa Newark, sa tabi ng Erie Canal, iniwan niya ang bangka at naglakad nang sampung milya [16 na kilometro] papasok ng bayan, kung saan niya nakilala ang isang Baptist na deacon na nagngangalang Hamlin, na nagkuwento sa kanya "tungkol sa isang *aklat,* isang KAKAIBANG AKLAT, isang LUBHANG KAKAIBANG AKLAT! . . . Ang aklat na ito, sabi niya, ay sinasabing orihinal na nakasulat sa mga laminang ginto o tanso, ng isang sangay ng mga lipi ni Israel; at natuklasan at isinalin ng isang binata malapit sa Palmyra, sa Estado ng New York, sa tulong ng mga pangitain, o ng pagmiministeryo ng mga anghel. Tinanong ko siya kung paano o



*Malaki ang naging impluwensya ng Aklat ni Mormon kay Parley P. Pratt, na kalaunan ay naging isang Apostol.*

saan maaaring makuha ang aklat. Nangako siya na mababasa ko iyon, sa bahay niya kinabukasan. . . . Kinaumagahan ay nagpunta ako sa bahay niya, kung saan, sa unang pagkakataon, nakita ng aking mga mata ang 'AKLAT NI MORMON'—ang aklat na iyon na napakahalaga sa lahat ng mga aklat . . . na siyang pangunahing kasangkapan, sa mga kamay ng Diyos, na gagabay sa buong buhay ko sa hinaharap.

"Sabik ko itong binuksan, at binasa ang pahina ng pamagat nito. Pagkatapos ay binasa ko ang patotoo ng ilang saksi na may kinalaman sa pamamaraan ng pagkatagpo at pagsasalin dito. Pagkatapos

nito ay sinimulan kong basahin nang sunud-sunod ang mga nilalaman nito. Maghapon akong nagbasa; hindi ako makakain, dahil mas gusto kong magbasa kaysa kumain; hindi ako makatulog sa gabi, dahil mas gusto kong magbasa kaysa matulog.

"Habang nagbabasa ako, napasaakin ang Espiritu ng Panginoon, at nalaman at naunawaan ko na ang aklat ay totoo, na kasinglinaw at kasingpayak ng pagkaunawa at pagkaalam ng tao na siya ay buhay." (*Autobiography of Parley P. Pratt,* ika-3 ed., Salt Lake City: Deseret Aklat Co., 1938, mga pahina 36–37.)

Dalawampu't tatlong taong gulang noon si Parley Pratt. Napakalaki ng epekto sa kanya ng pagbabasa ng Aklat ni Mormon kaya hindi nagtagal ay nabinyagan siya sa Simbahan at naging isa sa mga pinakamahusay at maimpluwensyang miyembro nito. . . .

Hindi lamang si Parley Pratt ang nagkaroon ng natatanging karanasan sa Aklat ni Mormon. Nang maipamahagi at mabasa ang mga unang edisyon ng aklat, naantig ang daan-daang matatapat na lalaki at babae kaya't iniwan nila ang lahat ng ari-arian nila, at sa sumunod na mga taon, hindi lang iilan ang nagbuwis ng kanilang buhay alang-alang sa patotoong nasa puso nila tungkol sa katotohanan ng kahanga-hangang aklat na ito.

Ngayon . . . mas marami nang nagbabasa nito kaysa sa alinmang panahon sa kasaysayan nito. . . . Ang paanyaya nito ay walang hanggan tulad ng katotohanan, na pangkalahatan dahil ito ay para sa buong sangkatauhan.[16]

Naimpluwensyahan [ng Aklat ni Mormon] sa kabutihan ang buhay ng milyun-milyon na mapanalanging binasa at pinagnilayan ang mga salita nito. Hayaan ninyo akong magkuwento tungkol sa gayong tao. . . .

Isa siyang negosyante, na matagumpay sa kanyang mga gawain. Sa kanyang mga paglalakbay ay nakilala niya ang dalawa sa mga missionary natin. Sinubukan nilang makipag-appointment para turuan siya. Sa una ay iniwasan niya sila, ngunit sa huli'y pumayag siyang makinig. Tinanggap niya nang bahagya ang kanilang sinabi. Nakumbinsi ang kanyang isipan na totoo ang sinabi nila, ngunit wala siyang madama sa kanyang puso.

Nagpasiya siyang basahin ang Aklat ni Mormon. Sinabi niya na bihasa na siya sa mga bagay ng mundo, na hindi siya iyakin. Ngunit nang basahin niya ang aklat, dumaloy ang luha sa kanyang mga pisngi. May ginawa ito sa kanya. Muli niya itong binasa at nadama niya ulit iyon. Ang pagbabago ng isipan ay naging pagbabago ng puso.

Nagbago ang kanyang pamumuhay, nagbago ang kanyang pananaw. Ibinuhos niya ang kanyang sarili sa gawain ng Panginoon. Ngayo'y may mataas at banal na tungkulin na siya na natutuhan niyang mahalin.[17]

May [isa pa] akong ikukuwento tungkol sa Aklat ni Mormon. Narinig ko ang kuwento ng isang lalaking banker sa California. Sinabi niya na ang kanyang secretary ay naninigarilyo, palaging naninigarilyo. Sugapa siya sa paninigarilyo. Hindi niya ito maitigil. Itinanong nito sa kanya isang araw, "Paano kaya ako titigil sa paninigarilyo?"

Kinuha ng lalaki sa kanyang mesa ang isang kopya ng Aklat ni Mormon at iniabot ito sa kanya. Sinabi niya, "Ngayon, basahin mo ito."

Sinabi ng sekretarya niya na, "Sige, babasahin ko ito."

Bumalik siya makalipas ang dalawang araw at nagsabing, "200 pahina na ang nabasa ko, at hindi ko nakita ang salitang *paninigarilyo* kahit saan. Hindi ko nakita ang salitang *tabako* kahit saan. Walang nabanggit tungkol dito."

Sabi niya, "Magbasa ka pa."

Kaya bumalik siya makalipas ang dalawa pang araw at nagsabing, "200 pahina pa ang nabasa ko—walang binanggit tungkol sa paninigarilyo, nikotina, o anumang may kaugnayan sa tabako."

Sabi ng lalaki, "Magbasa ka pa."

Bumalik siya makalipas ang tatlo o apat pang araw. Sabi nito, "Nabasa ko na ang buong aklat. Wala akong nabasa tungkol sa tabako kahit saan; wala akong nabasa tungkol sa paninigarilyo kahit saan. Pero," sabi nito, "nang basahin ko ang aklat na iyon, may nadama akong impluwensya, at lakas kahit paano, na pumawi sa hangarin kong manigarilyo, at napakaganda niyon."[18]

Ikukuwento ko sa inyo ang tungkol sa isang sulat na natanggap namin. . . . Isang lalaki ang sumulat, at nagsabing, "Nakabilanggo ako sa isang federal prison. Kamakailan ay nakita ko ang isang kopya ng Aklat ni Mormon sa aklatan sa bilangguan. Binasa ko ito, at nang mabasa ko ang panaghoy ni Mormon sa pagbagsak ng kanyang mga tao—'O kayong mga kaaya-aya, paano kayo napalihis sa mga landas ng Panginoon! O kayong mga kaaya-aya, paanong itinatwa ninyo si Jesus, na nakatayong bukas ang mga bisig upang kayo ay tanggapin! Masdan, kung hindi ninyo ginawa ito, hindi sana kayo nangabagsak' (Morm. 6:17–18)—Pakiramdam ko'y ako ang kausap ni Mormon. Puwede ba akong makahingi ng isang kopya ng aklat na iyan?"

Pinadalhan namin siya ng kopya. Kalaunan, pumasok siya sa opisina ko na isa nang taong nagbago. Naantig siya sa diwa ng Aklat ni Mormon at ngayon ay isa nang matagumpay na lalaki, nagbagong-buhay, naghahanapbuhay nang tapat para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya.

Ganyan ang kapangyarihan ng aklat na ito sa buhay ng mga taong mapanalangin itong binabasa.

Mga kapatid, walang pag-aalinlangan kong ipinapangako sa inyo na kung mapanalangin ninyong babasahin ang Aklat ni Mormon, kahit ilang beses na ninyo ito nabasa, higit ninyong madarama ang Espiritu ng Panginoon. Lalo kayong magiging determinadong sundin ang kanyang mga utos, at lalong lalakas ang inyong patotoo na totoong buhay ang Anak ng Diyos.[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit natin kailangan ang Aklat ni Mormon? Ano ang ilang talata sa Aklat ni Mormon na nagpalakas sa inyong patotoo tungkol kay Jesucristo? Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa Aklat ni Mormon at Biblia na "nagtutulungan" sa pagpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas? (Tingnan sa bahagi 1.)
- Sa palagay ninyo, bakit mas mahalaga ang pangako sa Moroni 10:3–5 kaysa pisikal na ebidensya ng Aklat ni Mormon? (Tingnan

sa bahagi 2.) Ano ang naging mga karanasan ninyo sa pangakong ito?

- Kapag nirebyu ninyo ang bahagi 3, pansinin ang mga katotohanang maaari nating malaman kapag may patotoo tayo tungkol sa Aklat ni Mormon. Paano pinatototohanan ng Aklat ni Mormon ang mga katotohanang ito?
- Pag-isipan ang ilan sa "mga problema ng lipunan ngayon" (bahagi 4). Sa anong mga paraan tayo matutulungan ng Aklat ni Mormon na makahanap ng mga solusyon sa mga problemang iyon? Ano ang ilang talata sa Aklat ni Mormon na nakatulong sa mga personal ninyong problema?
- Pagnilayan ang mga kuwento sa bahagi 5. Kung may magtanong sa inyo tungkol sa Aklat ni Mormon, ano ang masasabi ninyo tungkol sa kung paano ito nakaimpluwensya sa inyong buhay?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*

Isaias 29:9–18; 1 Nephi 13:35–41; 2 Nephi 29:6–9; Moroni 10:27–29; D at T 20:8–12; 42:12–13

*Tulong sa Pag-aaral*

"Nagpapasalamat ako na nabigyang-diin ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Umaasa ako na magiging mas kasiya-siya ito para sa inyo kaysa isipin ninyo na isang tungkulin lamang ito; na sa halip ay mapamahal sa inyo ang salita ng Diyos. Ipinapangako ko na kapag nagbasa kayo, maliliwanagan ang inyong isipan at sisigla ang inyong espiritu. Sa una ay tila napakahirap, ngunit magiging napakagandang karanasan iyan na may mga pananaw at mga salita tungkol sa mga bagay na banal" (Gordon B. Hinckley, "The Light within You," *Ensign,* Mayo 1995, 99).

## Mga Tala

1. "Gifts to Bring Home from the Mission Field," *New Era,* Mar. 2007, 2.
2. Sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 100.
3. "Puspusin ng Kabanalan ang Iyong mga Iniisip nang Walang Humpay," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 116.
4. "Inspirational Thoughts," *Ensign,* Hulyo 1998, 2.
5. "Mga Dakilang Bagay na Inihayag ng Diyos," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2005, 82.
6. "Ang Sagisag ng Ating Pananampalataya," *Liahona,* Abr. 2005, 4; sinipi mula sa pahina ng pamagat sa Aklat ni Mormon.
7. "Excerpts from Recent Addresses by President Gordon B. Hinckley," *Ensign,* Hulyo 1997, 72.

8. "Believe His Prophets," *Ensign,* Mayo 1992, 51.
9. "An Angel from on High, the Long, Long Silence Broke," *Ensign,* Nob. 1979, 7.
10. "Apat na Batong Panulok ng Pananampalataya," *Liahona,* Peb. 2004, 6; sinipi mula sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon.
11. Sa *Heroes from the Book of Mormon* (1995), 198.
12. "The Power of the Book of Mormon," *Ensign,* Hunyo 1988, 6.
13. "The Power of the Book of Mormon," 4.
14. "Apat na Batong Panulok ng Pananampalataya," 5.
15. "The Power of the Book of Mormon," 5.
16. "The Power of the Book of Mormon," 2, 4.
17. "*Mormon* Should Mean 'More Good,'" *Ensign,* Nob. 1990, 52.
18. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 402–3.
19. "The Power of the Book of Mormon," 6.

KABANATA 17

# Magpatuloy sa Napakahalagang Proseso ng Pag-aaral

*"Kailangan tayong patuloy na umunlad. Kailangan tayong patuloy na matuto. Iniutos ng Diyos na patuloy nating dagdagan ang ating kaalaman."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

"Gustung-gusto kong matuto," sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley. "Sinasamantala ko ang anumang pagkakataon upang magtamo ng kaalaman. Talagang naniniwala ako at masigla akong sumusuporta, sa buong buhay ko, sa pagtatamo ng edukasyon—para sa sarili ko at para sa iba. . . . Sa aking pananaw, ang pag-aaral ay isang bagay na kapwa praktikal at espirituwal."[1]

Namangha ang mga kapwa tagapaglingkod ni Pangulong Hinckley sa pamunuan ng Simbahan sa galing niyang magtamo ng kaalaman at iangkop ito sa kanyang gawain. Sinabi ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Noon lang ako nakakita ng isang tao na maaaring maging maalam tungkol sa napakaraming bagay sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikipag-ugnayan sa mga tao. Kapag may nakasama siya sa hapunan, aalis siya nang may nalamang isang bagay na alam ng taong iyon." Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, na miyembro rin ng Korum ng Labindalawa: "Kakaiba si Pangulong Hinckley dahil naaalala niya ang nabasa niya at pinipili ang mga nais niyang matandaan. Marami siyang pinagkunan ng kanyang katalinuhan. Maaari niyang gamitin ang nalalaman niya para makagawa ng mahuhusay na desisyon."[2]

Sa habambuhay niyang mga pagsisikap na matuto at mapahusay ang kanyang sarili, tinularan ni Pangulong Hinckley ang halimbawa ng kanyang mga magulang. Ikinuwento niya ang sumusunod na



*“Maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya” (D at T 88:118).*

salaysay kung paano masigasig na nag-aral ang kanyang amang si Bryant S. Hinckley:

"Noong nasa ganitong edad siya, retirado na siya. Pero aktibo pa rin siya. Simple pero komportable ang bahay na tinirhan niya sa bukid. May halamanan siya sa paligid at masaya siyang namimigay ng bunga. May damuhan at mga palumpong at puno sa bakuran ng bahay niya. Bato ang pader nito na mga dalawang talampakan ang taas na inihihiwalay ang isang lebel sa isa pa. Kapag maganda ang panahon ay nauupo siya sa ibabaw ng pader, suot ang isang lumang sumbrero para matakpan ang kanyang mga mata mula sa init ng araw. Kapag binibisita namin siya, umuupo ako sa tabi niya. Sa kaunting paghihikayat ay magkukuwento siya tungkol sa buhay niya. . . .

"Isa siyang guro. Isa siyang matagumpay na negosyante. Pinamunuan niya ang pinakamalaking stake sa Simbahan na may mahigit 15,000 miyembro. Naglingkod siya bilang mission president at sa maraming iba pang katungkulan. At ngayo'y retirado na siya, at nakaupo siya sa ibabaw ng pader. Isa siyang kahanga-hangang mambabasa na may napakagandang aklatan. Isa siyang mahusay na tagapagsalita at manunulat. Halos hanggang mamatay siya, bago siya maging 94 anyos, siya ay nagbasa at nagsulat at pinagnilayan ang kaalamang napasakanya.

"Natuklasan ko na kapag nakaupo siya sa ibabaw ng pader, ilang oras sa isang araw na mainit, pinagninilayan niya ang mga bagay na nabasa niya sa kanyang aklatan.

"Palagay ko ay tumanda siya nang maayos at mahusay. Mayroon siyang mga aklat na naglalaman ng napakahahalagang ideya ng mga dakilang lalaki at babae sa lahat ng panahon. Hindi siya tumigil na matuto kailanman, at habang nakaupo sa ibabaw ng pader ay pinag-iisipan niya nang malalim ang nabasa niya sa nakaraang gabi. . . .

". . . Bakit ko ikinukuwento sa inyo ang isang matandang lalaki at ang pader na inupuan niya? Ikinukuwento ko ito sa inyo dahil palagay ko ay may aral iyon para sa ating lahat. Hindi tayo dapat tumigil na matuto. Naniniwala tayo sa walang-hanggang pag-unlad at na ang buhay na ito ay bahagi ng kawalang-hanggan na kailangang pakinabangan hanggang sa huling sandali."[3]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Nais ng Panginoon na turuan natin ang ating sarili para umunlad ang bawat isa sa atin at makapag-ambag tayo sa lipunan.

Kasapi kayo sa isang simbahan na nagtuturo ng kahalagahan ng edukasyon. Inutusan kayo ng Panginoon na turuan ang inyong isipan at inyong puso at inyong mga kamay. Sinabi ng Panginoon, "Masigasig kayong magturo . . . ng mga bagay maging sa langit at sa lupa, at sa ilalim ng lupa; mga bagay na nangyari na, mga bagay na nangyayari, mga bagay na malapit nang mangyari; mga bagay na nasa tahanan, mga bagay na nasa ibang bansa; ang mga digmaan at ang mga bumabagabag sa mga bansa, at ang mga kahatulan na nasa lupa; at kaalaman din tungkol sa mga bansa at sa mga kaharian—upang kayo ay maging handa sa lahat ng bagay" (D at T 88:78–80).[4]

Tayong mga kasapi ng Simbahang ito ay binigyan ng Panginoon ng isang kagila-gilalas na pangako. Sabi Niya: "Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw" (D at T 50:24).

Napakaganda ng pahayag na iyan. Isa ito sa mga paborito kong talata sa banal na kasulatan. Binabanggit dito ang paglago, ang pag-unlad, ang paglalakbay tungo sa pagiging diyos. Kaugnay nito ang mga dakilang pagpapahayag na ito: "Ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan, o, sa ibang salita, liwanag at katotohanan" (D at T 93:36); "Kung ang isang tao ay nagkamit ng maraming kaalaman at katalinuhan sa buhay na ito sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap at pagiging masunurin kaysa sa iba, siya ay magkakaroon ng labis na kalamangan sa daigdig na darating" (D at T 130:19). . . .

Napakalaking hamon ang matatagpuan sa napakagandang pahayag na ito. Kailangan tayong patuloy na umunlad. Kailangan tayong patuloy na matuto. Iniutos ng Diyos na patuloy nating dagdagan ang ating kaalaman. . . .



*"Maagang ilantad ang mga bata sa mga aklat."*

. . . Sinabi ng Panginoon sa inyo at sa akin: "Maghanap kayo sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya. . . . Isaayos ang inyong sarili. . . . Tumigil sa pagiging tamad" (D at T 88:118–119, 124).[5]

Nais ng Panginoon na turuan ninyo ang inyong isipan at mga kamay, anuman ang napili ninyong larangan. Maging ito'y pagkukumpuni ng mga refrigerator, o ang gawain ng bihasang siruhano, kailangan ninyong turuan ang inyong sarili. Hangarin ang pinakamainam na pag-aaral na inyong makukuha. Maging manggagawa na may integridad sa mundo na nasa inyong harapan. . . . Maghahatid kayo ng karangalan sa Simbahan at pagpapalain kayong mabuti dahil sa pagsasanay at kaalamang iyon.

Wala talagang alinlangan na malaki ang magagawa ng edukasyon. Huwag sayangin ang inyong buhay. Kung ganito ang gagawin ninyo, paulit-ulit ninyong pagdurusahan ang bunga nito.[6]

Hindi sapat ang mabuhay lang. Kailangang ihanda ng bawat isa ang ating sarili na gumawa ng isang bagay na makabuluhan sa lipunan—ang magtamo ng higit na liwanag, upang makatulong ang ating sariling liwanag sa pagtanglaw sa madilim na mundo. At nagiging

posible ito sa pamamagitan ng pag-aaral, pagtuturo sa ating sarili, pag-unlad at paglago kapwa sa isipan at sa espiritu.[7]

2

**Gamit ang pagpapaplano at pagdisiplina sa sarili, maaaring lumikha ang mga magulang ng isang kapaligiran ng pagkatuto sa kanilang tahanan.**

Napakaganda at napakasayang masdan ang mga batang umuunlad at humuhusay ang kaisipan. Lubos akong nagpapasalamat sa malaking kabutihang nagawa ng telebisyon. Pero kinukondena ko rin ang maraming nasasayang na oras at pagkakataon sa panonood ng mga bata oras-oras sa ilang tahanan, sa mga programang hindi nagbibigay ng kaalaman ni nagpapalakas.

Noong bata pa ako nakatira kami sa isang malaking lumang bahay. May isang silid doon na tinatawag na aklatan. Mayroon doong isang matibay na mesa at magandang lampara, tatlo o apat na komportableng upuan na may magandang ilawan, at mga aklat sa mga lalagyan na nakahilera sa dingding. Maraming aklat doon—na tinipon ng aking ama at ina sa loob ng maraming taon.

Hindi kami pinilit na basahin ang mga iyon kailanman, ngunit nakalagay ang mga iyon kung saan madali namin iyong makukuha kahit kailan namin gusto.

Tahimik sa silid na iyon. Naunawaan ng lahat na isang lugar iyon para mag-aral.

Mayroon ding mga magasin—mga magasin ng Simbahan at dalawa o tatlong iba pang mabubuting magasin. Mayroong mga aklat ng kasaysayan at panitikan, mga aklat sa mga paksang teknikal, mga diksyunaryo, isang set ng mga encyclopedia, at isang atlas ng mundo. Walang telebisyon, mangyari pa, noong panahong iyon. Nagkaroon ng radyo habang lumalaki ako. Ngunit naroon ang isang lugar, isang lugar na matututo ka. Hindi ko kayo kukumbinsihin na kami ay mahuhusay na iskolar. Ngunit lantad kami sa magandang panitikan, mahuhusay na ideya mula sa matatalinong mag-isip, at sa mga salita ng kalalakihan at kababaihan na nag-isip nang malalim at magaganda ang isinulat.

Napakarami sa mga tahanan natin ngayon ang maaaring walang aklatan. Karamihan sa mga pamilya ay walang lugar sa bahay nila para dito. Ngunit kung paplanuhin, maaaring may isang sulok, may isang lugar na mapupuntahan ninyo na malayo sa mga ingay sa ating paligid kung saan maaari kayong umupo at magbasa at mag-isip. Magandang magkaroon ng isang desk o mesa, kahit simple lang ito, na naroon ang mga pamantayang aklat ng Simbahan, ilang magagandang aklat, mga magasin na inilathala ng Simbahan, at iba pang mga bagay na nararapat nating basahin.

Maagang ilantad ang mga bata sa mga aklat. Ang ina na hindi binabasahan ang kanyang maliliit na anak ay hindi mabuti ang ginagawa sa kanila at sa kanyang sarili. Kailangan ng panahon, oo, maraming panahon. Kailangan ng disiplina sa sarili. Kailangang ayusin at planuhin ang iskedyul sa maghapon. At hindi kayo mai-inip kailanman kapag nakita ninyo na unti-unting naiintindihan ng isipan ng mga bata ang mga tauhan, mga salita, at mga ideya. Maaari ninyong maibigan ang pagbabasa ng magagandang babasahin, na mas kapaki-pakinabang ang mga pangmatagalang epekto kaysa maraming iba pang aktibidad na pinag-uukulan ng panahon ng mga bata. . . .

Mga magulang, . . . hayaan ninyong malantad ang inyong mga anak sa magagandang isipan, magagandang ideya, walang-hanggang katotohanan, at mga bagay na magpapatatag at maghihikayat sa kabutihan. . . . Sikaping lumikha ng kapaligiran para sa pag-aaral sa inyong tahanan at sa pag-unlad na idudulot niyon.[8]

3

## Ang edukasyon ay lumilikha ng oportunidad para sa mga kabataan at young adult.

Magandang pagkakataon ito para sa inyong mga kabataan, ang napakagandang panahong ito na mabuhay sa mundo. Nabubuhay kayo sa pinakadakilang panahon sa lahat. Lantad kayo sa lahat ng karunungan ng lahat ng nabuhay sa lupa, na nakapaloob sa mga kurso kung saan maaari kayong magtamo ng kaalaman sa loob ng maikling panahon, kaalamang pinaghirapang matutuhan ng mga tao sa nakaraang mga siglo. Huwag ninyong hamakin ang inyong

sarili. Huwag ninyong palagpasin ang malaking pagkakataong ito. Tamuhin ito, pagsikapan ito, mag-aral na mabuti.[9]

Napakahalaga na pag-aralan ninyong mga kabataang lalaki at babae ang lahat ng kaya ninyong pag-aralan. . . . Edukasyon ang susi na magbubukas sa pintuan ng mga oportunidad para sa inyo. Sulit itong pagsakripisyuhan. Sulit itong pagsikapan, at kung tuturuan ninyo ang inyong isipan at mga kamay, malaki ang maiaambag ninyo sa lipunang inyong ginagalawan, at magiging marangal na halimbawa kayo sa Simbahang inyong kinasasapian. Mahal kong mga kabataan, samantalahin ang bawat pagkakataong makapag-aral hangga't kaya ninyo, at kayong mga ama at ina, hikayatin ang inyong mga anak na magtamo ng edukasyong magpapala sa kanilang buhay.[10]

Marahil wala kayong pera para pag-aralan ang gusto ninyo. Gamitin nang husto ang pera ninyo para pag-aralan ang gusto ninyo, at samantalahin ang mga scholarship, grant, at pautang na kakayanin ninyong bayaran.[11]

Hindi ko panghihimasukan kung ano ang gusto ninyo basta't marangal iyon. Isang mekaniko, kantero, tubero, electrician, doktor, abugado, negosyante, huwag lang magnanakaw. Ngunit anuman kayo, humanap ng pagkakataong magsanay para dito at samantalahin nang husto ang pagkakataong iyon. Gagantimpalaan kayo ng lipunan ayon sa inyong kahalagahan na nakikita sa inyo. Ngayon ang magandang panahon para maghanda ang bawat isa sa inyo. Kung kailangang magsakripisyo, magsakripisyo kayo. Ang sakripisyong iyon ang magiging pinakamagandang magagawa ninyo, sapagkat mapapakinabangan ninyo ito habambuhay.[12]

Hinihimok ko ang bawat isa sa inyong mga kabataang babae na pag-aralan ang lahat ng kaya ninyong pag-aralan. Kakailanganin ninyo ito sa mundong inyong gagalawan. Napakahirap ng buhay. . . . Nagbabago na ang mundo, at napakahalagang ihanda ang ating sarili na makasabay sa pagbabagong iyon. Ngunit may kabutihan namang hatid ang lahat ng ito. Walang ibang henerasyon sa buong kasaysayan na nagbigay ng napakaraming oportunidad sa kababaihan. Dapat ninyong unahing mithiin na maging masaya ang pagsasama ninyong mag-asawa, na nabuklod sa templo ng Panginoon, at sundan ito ng pagkakaroon ng mabuting pamilya.

Mas maihahanda kayo ng edukasyon sa pagsasakatuparan ng mga mithiing iyon.[13]

Napakalaki ng mga responsibilidad ng kababaihan sa Simbahan at maging sa komunidad na tugma at umaayon sa pag-aasawa, pagiging ina, at pagpapalaki ng mabubuti at mahuhusay na anak.[14]

Ngayon ang lahat ng oportunidad ay bukas na sa kababaihan. Walang anumang bagay na hindi ninyo magagawa kung itutuon ninyo ang inyong isipan dito. Maaari ninyong isama sa pangarap ninyo ang larawan ng isang babae na naglilingkod sa lipunan at gumagawa ng malaking kontribusyon sa lipunan kung saan siya magiging kabahagi.[15]

Nagpapasalamat ako na binibigyan na ng oportunidad ang kababaihan [tulad ng kalalakihan] na mag-aral para sa siyensya, mga propesyon, at bawat aspeto ng kaalaman ng tao. May karapatan kayong tulad ng kalalakihan sa Espiritu ni Cristo, na nagbibigay ng kaliwanagan sa bawat lalaki at babaeng isinisilang sa mundo. (Tingnan sa D at T 84:46.) Itakda ang inyong mga prayoridad pagdating sa pag-aasawa at pamilya, ngunit kumuha rin ng mga kursong hahantong sa kasiya-siyang gawain at makabuluhang trabaho sakaling hindi kayo mag-asawa, o magbibigay sa inyo ng seguridad at katuparan sakaling mag-asawa kayo.[16]

Haharap kayo [mga kabataang lalaki] sa malalaking hamon sa hinaharap. Papasok kayo sa mundong masidhi ang labanan. Kailangan ninyong pag-aralan ang lahat ng kaya ninyong pag-aralan. Tinagubilinan tayo ng Panginoon tungkol sa kahalagahan ng edukasyon. Gagawin kayo nitong karapat-dapat para sa mas malalaking oportunidad. Ihahanda kayo nito na makagawa ng isang bagay na makabuluhan sa malawak na mundo ng oportunidad na naghihintay sa inyo. Kung makakapag-aral kayo sa kolehiyo at iyan ang pangarap ninyo, gawin ninyo iyan. Kung wala kayong hangad na mag-aral sa kolehiyo, mag-aral sa isang vocational o business school para mahasa ang inyong mga kasanayan at maragdagan ang inyong kakayahan.[17]

Sana'y ituring ninyo [mga kabataan] na isang malaking pagpapala ang oportunidad na makapag-aral. Alam kong nakakapagod. Alam kong mahirap. Alam kong pinanghihinaan kayo ng loob kung

minsan. Alam kong nagtataka kayo kung bakit ninyo ginagawa iyon kung minsan. Ngunit magpatuloy, magtiyaga, at patuloy na matuto. Hindi ninyo ito pagsisisihan kailanman habang nabubuhay kayo at ituturing ito bilang isang malaking pagpapala.[18]

4

**Ang pagtuturo sa espiritu ay kasinghalaga, kung hindi man, mas mahalaga kaysa pagtuturo sa isipan.**


Namangha ako sa malalaking kaalamang makikita sa ating panahon. Ngayon lamang nagkaroon ng napakaraming taong naturuan sa karunungan ng mundo. Napakaganda nito—ang matinding pagtuturo sa malaking porsiyento ng mga kabataan sa mundo, na nagkikita-kita araw-araw sa klase upang magtamo ng kaalaman mula sa lahat ng karunungan ng tao.

Ang lawak ng kaalamang iyan ay nakamamangha. Kasama na riyan ang tungkol sa mga bituin sa sansinukob, heolohiya ng mundo, kasaysayan ng mga bansa, kultura at wika ng mga tao, pamamalakad ng mga pamahalaan, mga batas ng komersiyo, paggalaw ng mga atom, pagkilos ng katawan, at kababalaghan ng isipan.

Sa gayon kalaking kaalamang matatamo, maiisip ng isang tao na maaaring malapit nang maging perpekto ang mundo. Subalit laging ipinaaalam sa atin ang kabilang panig ng pahayag na ito—ang sakit ng lipunan, ang mga alitan at problemang naghahatid ng kalungkutan sa buhay ng milyun-milyong tao.

Bawat araw lalo nating nalalaman ang katotohanan na ang buhay ay higit pa sa siyensya at matematika, higit pa sa kasaysayan at panitikan. Kailangan ng isa pang pagtuturo, na kung wala ay hahantong lamang sa pagkawasak ng sekular na kaalaman. Tinutukoy ko ang pagtuturo sa puso, sa budhi, sa pagkatao, sa espiritu—mga aspeto ng ating personalidad na hindi maipaliwanag na magpapaalam nang may katiyakan kung ano tayo at kung ano ang ginagawa natin sa ating mga kaugnayan sa isa't isa.

. . . Noong naglilingkod ako sa England bilang missionary, nagpunta ako sa London Central YMCA. Palagay ko matagal nang nawala ang lumang gusaling iyon, ngunit hinding-hindi ko malilimutan ang mga salitang nakaharap sa mga bisita sa bulwagan pagpasok nila.



*"Sa lahat ng ating pag-aaral, kailangan nating hangarin ang kaalamang ukol sa Panginoon."*

Mga salita iyon ni Solomon: "Sa lahat mong kukunin ay kunin mo ang unawa." (Kaw. 4:7.)

Pag-unawa sa ano? Pag-unawa sa ating sarili, sa mga layunin ng buhay, sa ating kaugnayan sa Diyos, na ating Ama, sa mga banal na alituntuning bigay ng Diyos na napakatagal nang nakapaglaan ng tunay na lakas sa pag-unlad ng tao! . . .

Habang patuloy tayo sa ating sekular na pag-aaral, idagdag din natin sa ating buhay ang pagtataglay ng Espiritu. Kung gagawin natin ito, bibiyayaan tayo ng Diyos ng kapayapaang iyon at ng mga pagpapalang sa Kanya lamang nagmumula.[19]

Sinabi ni Jesus: "Magaral kayo sa akin. . . . Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan." (Mat. 11:29–30.)

Gusto kong imungkahi na sundin natin ang utos na iyan na ibinigay ng Anak ng Diyos. Sa lahat ng ating pag-aaral, matuto rin tayo sa kanya. Sa lahat ng ating pag-aaral, kailangan nating hangarin ang kaalaman ng Panginoon. Daragdagan ng kaalamang iyan ang ating sekular na pag-aaral sa napakagandang paraan at bibigyan

tayo ng katangian at kaganapan sa buhay na hindi matatamo sa ibang paraan.[20]

Hinihikayat ko kayo na huwag kalimutan kailanman na ang pagtuturo sa espiritu ay kasinghalaga, kung hindi man, mas mahalaga kaysa pagtuturo sa isipan.[21]

Sumusulong ang ating magandang programang pang-edukasyon sa Simbahan. Ang pagtuturo sa mga estudyante sa pamamagitan ng seminary at institute program ay patuloy na pinalalawak at pinagbubuti. . . . Alam ninyong mga nakinabang sa programang ito ang napakalaking kahalagahan nito. Hinihimok namin ang lahat ng makikinabang dito na samantalahin ito. Hindi kami nag-aatubiling mangako na madaragdagan ang inyong kaalaman tungkol sa ebanghelyo, lalakas ang inyong pananampalataya, at magkakaroon kayo ng mabubuting kaibigan.[22]

Taglayin natin sa ating sarili ang pangalan ng Panginoon at pagkatapos ay humayo tayo nang may pananampalataya na ibinabahagi ang mga bagay na makabuluhan na makakaapekto sa buhay ng sangkatauhan at maghahatid ng kapayapaan at kagalakan sa mundo. Kailangan ng mundo ang isang henerasyon ng marurunong at maimpluwensyang kalalakihan at kababaihan na totoong maninindigan at magpapahayag nang may katapatan at walang pag-aatubili na ang Diyos ay buhay at na si Jesus ang Cristo.[23]

5

## Gaano man tayo tumanda, maaari tayong magtamo ng kaalaman, magtipon ng karunungan, at patuloy na umunlad.

Kamangha-manghang bagay ang matuto, kung saan ang natipong kaalaman sa buong kasaysayan ay nabuod at nasala upang sa maikling panahon ay matutuhan natin ang kaalamang matagal na pinag-aralan, sinaliksik, at sinubok noon.

Ang edukasyon ay mahalaga sa pagbabago kung kailan nagiging kapaki-pakinabang at makabuluhan ang kaalamang mahirap unawain. Isang bagay ito na kailangang patuloy na gawin. Gaano man tayo tumanda, maaari tayong magtamo ng kaalaman at maaari nating gamitin ito. Maaari tayong magtipon ng karunungan at makinabang mula rito. Maaari tayong maaliw sa himala ng pagbabasa

at pagkalantad sa sining at magdagdag sa pagpapala at kaganapan ng buhay. Habang tumatanda ako, mas nasisiyahan akong basahin ang mga salita ng mga mahuhusay na manunulat, noon at ngayon, at pagnilayan ang kanilang isinulat.[24]

Walang sinuman sa atin . . . ang may sapat na kaalaman. Ang pag-aaral ay isang prosesong walang-katapusan. Kailangan nating basahin, obserbahan, unawain, at pagnilayan ang mga bagay na pinag-aaralan ng ating isipan. . . . Naniniwala ako sa pagpapahusay. Naniniwala ako sa pag-unlad. . . .

Patuloy na umunlad, mga kapatid, tatlumpung taong gulang man kayo o pitumpu. Ang inyong kasipagan sa paggawa nito ay mas nagpapabilis sa paglipas ng mga taon nang hindi ninyo namamalayan, ngunit mapupuspos ang mga ito ng magiliw at napakalaking kasiyahang magpapaganda sa inyong buhay at magdaragdag ng kakayahan sa inyong pagtuturo.[25]

Katabing-katabi [ng Brigham Young University sa Provo, Utah] sa silangan ang isang bundok. Alam ko na [maraming] tumitingin sa bundok na iyon at iniisip na, "Kung puwede ko lang akyatin ang tuktok niyon, nakakatuwa sigurong makita ang lambak sa kabilang panig." Ngunit natuklasan na ninyo na mga nakaakyat na roon na ang lambak ay isa lamang maliit at medyo mababaw na lubak, at na sa banda pa roon ay maraming iba pang mas matataas na bundok na aakyatin.

Sana'y ganito rin ang pakiramdam ninyo. . . . Malalaman ninyo na bagama't ang inyong karanasan sa pag-aaral [ay maaaring] naging malaki, may mas malalaking oportunidad at hamon pang darating. Lakihan ang inyong imbakan ng impormasyon, dagdagan ang inyong kaalaman, ipagpatuloy ang makabuluhang pag-aaral.[26]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit mahalagang "magtamo ng higit na liwanag" sa pamamagitan ng edukasyon? (Tingnan sa bahagi 1.) Paano tayo matutulungan ng pag-aaral na umunlad? Paano tayo matutulungan ng pag-aaral na "[matanglawan ang] madilim na mundo"?

- Rebyuhin ang salaysay ni Pangulong Hinckley kung paano lumikha ang kanyang mga magulang ng isang kapaligiran para sa pag-aaral sa kanilang tahanan (tingnan sa bahagi 2). Paano natin matutulungan ang mga bata na mahalin ang pag-aaral? Paano natin matutulungan ang mga bata na hangaring matuto mula sa mga sanggunian at materyal na nagbibigay-liwanag at nagganganyak sa kabutihan?
- Paano "lilikha ng oportunidad" ang edukasyon para sa mga kabataan at young adult? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano makahahanap ng paraan ang mga kabataan at young adult para masamantala ang mga oportunidad na mag-aral?
- Paano ninyo ipaliliwanag ang kahulugan ng pariralang "pagtuturo sa espiritu"? (Tingnan sa bahagi 4.) Paano natin matuturuan ang puso, pagkatao, at espiritu? Sa inyong buhay, paano pinupunuan ng espirituwal at sekular na pag-aaral ang isa't isa?
- Bakit tayo dapat patuloy na matuto habambuhay? (Tingnan sa bahagi 5.) Paano natin patuloy na mamahalin ang pag-aaral habambuhay? Ano ang natutuhan ninyo kamakailan na naging napakahalaga sa inyo?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*

Mga Kawikaan 1:5; II Ni Pedro 1:1–8; 2 Nephi 9:28–29; 28:29–30; D at T 6:7; 90:15; 131:6; 136:32–33

*Tulong sa Pagtuturo*

Ang isang ideyang maghihikayat ng talakayan tungkol sa mga turo ni Pangulong Hinckley ay hilingin sa mga estudyante na ibahagi ang natutuhan nila mula sa personal na pag-aaral nila ng kabanata (tingnan sa mga pahina viii-x sa aklat na ito para sa iba pang mga ideya).

## *Mga Tala*


1. *Standing for Something: Ten Neglected Virtues That Will Heal Our Hearts and Homes* (2000), 59.
2. Sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 449–50.
3. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1: 1995–1999* (2005), 406–7.
4. "Payo at Panalangin ng Isang Propeta para sa Kabataan," *Liahona,* Abr. 2001, 34.
5. "A Conversation with Single Adults," *Ensign,* Mar. 1997, 62.
6. "Payo at Panalangin ng Isang Propeta para sa Kabataan," 35.
7. *Standing for Something,* 67.

8. "The Environment of Our Homes," *Ensign,* Hunyo 1985, 4–5.
9. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 171–72.
10. "Inspirational Thoughts," *Ensign,* Hunyo 1999, 4.
11. "Manatili sa Mataas na Landas," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 113.
12. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 172–73.
13. "Stand True and Faithful," *Ensign,* Mayo 1996, 92.
14. "Youth Is the Season," *New Era,* Set. 1988, 47.
15. "Paano Ako Magiging Katulad ng Babaing Pinapangarap ko?" *Liahona,* Hulyo 2001, 115.
16. "Ten Gifts from the Lord," *Ensign,* Nob. 1985, 89.
17. "Converts and Young Men," *Ensign,* Mayo 1997, 49–50.
18. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1,* 370.
19. "With All Thy Getting Get Understanding," *Ensign,* Ago. 1988, 2, 5.
20. "With All Thy Getting Get Understanding," 5.
21. Sa "President Hinckley Visits New Zealand, Australia, and Mexico," *Ensign,* Ago. 1997, 77.
22. "The Miracle Made Possible by Faith," *Ensign,* Mayo 1984, 47.
23. "With All Thy Getting Get Understanding," 5.
24. "I Believe," *Ensign,* Ago. 1992, 4.
25. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 298–99.
26. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 299.



*Ipinayo ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "Kabanalan ang gawing batong panulok na mapagsasaligan ninyo sa buhay."*

# Kabanalan—Isang Batong Panulok na Mapagsasaligan Natin sa Buhay

*"Kayo, bawat isa sa inyo, ay mga anak ng isang dakilang Ama sa Langit. Kayo ay nilikha ayon sa Kanyang plano sa larawan ng inyong Lumikha. Ang inyong katawan ay sagrado. Ito ang templo ng inyong espiritu. Huwag ninyo itong dungisan ng kasalanan."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Sa pagsasalita sa mga estudyante sa Brigham Young University noong 2007, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"May namasdan akong isang interesanteng bagay noong makalawa. Sa Salt Lake City, maaga pa ng Sabado ng umaga, gumuho ang gusali ng Key Bank sa sunud-sunod na pampasabog na inilagay sa lugar. Nangyari ang lahat ng ito sa loob ng tatlo o apat na segundo, na nag-iwan ng malaking ulap ng alikabok patungong hilagang-kanluran. Ang proseso ay tinatawag na implosion [pagpapasabog papasok], kabaligtaran ng explosion [pagpapasabog palabas].

"Ang gusali ay itinayo halos 30 taon na ang nakararaan. Palagay ko umabot ng di-kukulangin sa isa, o dalawang taon, ang pagtatayo nito. Ngayon ay naglaho ito nang ilang segundo lamang.

"Iyan, mga kaibigan, ang kuwento ng napakaraming buhay. Buong ingat natin itong pinangangalagaan sa loob ng ilang taon. Pagkatapos ay natatagpuan natin ang ating sarili sa napakahirap na kalagayan. Nagagawa ang mga pagkakamali. Nakukumpromiso ang kalinisang-puri. May nangyayaring pagsabog, at alikabok na lang ang natitira.

“Naalala ko ito nang magunita ko ang isang binata at isang dalaga na pumunta sa opisina ko. Makisig ang binata at maganda ang dalaga. Nag-aaral sila sa kolehiyo. Mukhang maaliwalas at maganda ang kanilang kinabukasan. Ngunit bumigay sila sa tukso. . . .

“Napuno ng luha ang kanilang mga mata nang kausapin nila ako. Ngunit hindi nila matatakasan ang katotohanang kinahaharap nila. Nasira ang buhay nila, at gumuho ang kanilang mga pangarap.

“Huwag hayaang mangyari ito sa inyo. Huwag ninyong gawing kaawa-awa ang inyong sarili sa paglalagay sa alanganin ng inyong katapatan sa moralidad. Kayo, bawat isa sa inyo, ay mga anak ng isang banal na Ama sa Langit. Kayo ay nilikha ayon sa Kanyang plano sa larawan ng inyong Lumikha. Ang inyong katawan ay sagrado. Ito ang templo ng inyong espiritu. Huwag itong dungisan ng kasalanan.

“Ngayon, tungkol sa paglalarawan ng toreng gumuho, ipinapaalala ko sa inyo na itatayo sa lugar nito ang isang bago at magandang gusali. Gayundin, ang mga lumabag ay makakabaling sa kanilang Manunubos, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala, ay muling malilinis at mapapanibago.”[1]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Ang banal na pamumuhay ay naghahatid ng mga kahanga-hanga at kamangha-manghang pagpapala.

Walang anumang bagay sa mundong ito na kasingringal ng kabanalan. Kumikinang ito na parang walang kupas na hiyas. Mamahalin ito at maganda. Wala itong kasinghalaga. Hindi ito maaaring bilhin o ipagbili. Ito ang bunga ng self-mastery o pagpipigil sa sarili.

. . . Nagbigay ang Panginoon ng napakagandang utos. Sabi niya, “Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay” (D at T 121:45). Ito’y nagiging kautusang dapat sundin nang may sigasig at disiplina. At kaakibat nito ang pangako ng kahanga-hanga at kamangha-manghang pagpapala. Sinabi niya sa mga namumuhay nang may kabanalan:

“Sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos. . . .

"Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina, at ang iyong setro ay hindi nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan; at ang iyong pamamahala ay magiging walang hanggang pamamahala, at sa walang sapilitang pamamaraan ito ay dadaloy sa iyo magpakailanman at walang katapusan" (D at T 121:45–46).

May mas dadakila o gaganda pa bang pangako kaysa rito?[2]

May katanggap-tanggap bang dahilan para magpakabanal? Ito lang ang paraan para makalaya sa panghihinayang. Ang kapayapaan ng budhi na nagmumula roon ang tanging personal na kapayapaang hindi huwad.

At bukod pa rito ay ang walang-maliw na pangako ng Diyos sa mga taong namumuhay sa kabanalan. Ipinahayag ni Jesus ng Nazaret, nang magsalita Siya sa bundok, "Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios" (Mat. 5:8). Iyan ay isang tipan, na ginawa Niya na may kapangyarihang tumupad.[3]

Dapat ninyong maunawaan, *kailangan* ninyong maunawaan, na ang karanasan at banal na karunungan ay kapwa nangangailangan ng kabanalan at kalinisang-moral bilang daan tungo sa katatagan ng pagkatao, kapayapaan sa puso, at kaligayahan sa buhay.[4]

Kabanalan ang gawing batong panulok na mapagsasaligan ninyo sa buhay.[5]

**2**

## Kapag nilabanan natin ang karumihan at imoralidad sa mundo, nagtatamasa tayo ng higit na kaligayahan, seguridad, at kapayapaan ng isipan.

Sa pagmamasid natin sa buong mundo, tila binabalewala na ang moralidad. Karaniwan na ang paglabag sa mga lumang pamantayan. Makikita sa sunud-sunod na pag-aaral ang pagtalikod sa subok nang mga prinsipyo. Nalimutan na ang disiplina sa sarili, at laganap na ang kawalan ng delikadesa.

Ngunit, mahal kong mga kaibigan, hindi natin maaaring tanggapin ang naging karaniwan na sa mundo. Bilang mga miyembro ng Simbahang ito, mas mataas at mas mahirap ang inyong pamantayan. Ipinahahayag nito sa tinig na mula sa Sinai na hindi kayo dapat makiapid. Kailangan ninyong pigilin ang inyong mga pagnanasa.[6]



*Ang kalinisang-puri ay "ang daan tungo sa kaligayahan sa buhay."*

Angkop sa atin ngayon ang mga salita ni Pablo sa mga Banal sa Corinto tulad noon sa mga taong sinulatan niya. Sabi niya:

"Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?

"Kung gibain ng sinoman ang templo ng Dios, siya'y igigiba ng Dios; sapagka't ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo" (I Mga Taga Corinto 3:16–17).[7]

Muli ang payo ni Pablo kay Timoteo, "Ingatan mong malinis ang iyong sarili" (I Tim. 5:22).

Simple ang mga salitang iyon. Ngunit napakahalaga ng mga ito. Ang ibig sabihin ni Pablo ay lumayo sa mga bagay na sisira sa inyo at wawasak sa inyong espirituwalidad. Lumayo sa mga palabas sa telebisyon na humahantong sa maruruming ideya at pananalita. Lumayo sa mga video na hahantong sa masasamang ideya. Hindi kayo tutulungan ng mga ito. Sasaktan lang kayo ng mga ito. Lumayo sa mga aklat at magasin na malaswa at marumi ang sinasabi at ipinapakita. Panatilihing malinis ang inyong sarili.[8]

Ang kasal ay inorden ng Diyos, kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Ito ang institusyon na ipinlano Niya na nararapat na gawing daan para maisilang ang mga bata sa mundo. Ang mga

relasyong seksuwal sa anumang iba pang sitwasyon ay nagiging paglabag at lubos na taliwas sa mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo.[9]

Naniniwala tayo sa kalinisang-puri bago magpakasal at sa lubos na katapatan pagkatapos ng kasal. Iyan ang buod ng ating moralidad. Iyan ang daan tungo sa kaligayahan sa buhay. Iyan ang daan tungo sa kasiyahan. Naghahatid ito ng kapayapaan sa puso at sa tahanan.[10]

Walang pamilyang mapapayapa, walang buhay na lalaya sa mahihirap na pagsubok maliban kung nakasalig ang pamilya at ang tahanang iyon sa pundasyon ng moralidad, katapatan, at paggalang. Hindi magkakaroon ng kapayapaan kapag walang pagtitiwala; hindi magkakaroon ng kalayaan kung walang katapatan. Ang mainit na sinag ng pagmamahal ay hindi kailanman magmumula sa isang sapa ng imoralidad.[11]

Naniniwala ako na dapat maging pagpapala sa bawat bata ang maisilang sa isang tahanan kung saan ang batang iyon ay malugod na tatanggapin, aalagaan, mamahalin, at bibiyayaan ng mga magulang, isang ama at isang ina, na namumuhay nang tapat sa isa't isa at sa kanilang mga anak. . . . Maging matatag laban sa mga tukso ng mundo. Ang mga lumikha ng ating libangan, ang mga nagbebenta ng karamihan sa ating panitikan, ay uudyukan kayong paniwalaan ang kabaligtaran nito. Buong linaw at katiyakang ipinapahayag ng natipong karunungan ng mga siglo na ang mas malaking kaligayahan, higit na seguridad, higit na kapayapaan ng isipan, mas malalim na pag-ibig ay nararanasan lamang ng mga taong namumuhay ayon sa subok nang mga pamantayan ng kabanalan bago magpakasal at lubos na katapatan pagkatapos ng kasal.[12]

Nabubuhay tayo sa isang mundong puno ng kahalayan at imoralidad at problema. Iwaksi ang mga ito, manindigan, talikuran ang mundo, at gawin ang mga bagay na nais ng Panginoon na gawin ninyo.[13]

3

**Ang pornograpiya ay nakalululong at nakasisira, ngunit mapaglalabanan natin ito.**

Medyo atubili akong magsalita tungkol sa temang natalakay ko na noon. Gagawin ko ito ayon sa diwa ng mga salita ni Alma, na nagsabing: "Ito ang aking kaluwalhatian, na baka sakaling ako'y

maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang madala ang ilang kaluluwa sa pagsisisi" (Alma 29:9).

. . . Tungkol sa lahat ng uri ng pornograpiya ang sasabihin ko. . . . Napakasama nito. Hindi ito naaayon sa diwa ng ebanghelyo, sa personal na patotoo sa mga bagay ng Diyos. . . .

. . . Lahat ng sangkot ay nagiging biktima. Ang mga bata ay pinagsasamantalahan, at lubhang nasisira ang kanilang buhay. Dumurumi ang utak ng mga kabataan sa mga maling konsepto. Ang patuloy na pagkalantad ay humahantong sa pagkalulong na halos imposibleng maalis. . . . Nalaman ng napakarami . . . na hindi nila ito maiwasan. Ang lakas nila at interes ay nauubos sa walang katuturang pagnanasa sa malaswa at nakakadiring materyal na ito.

Katwiran nila'y mahirap itong iwasan, na abot-kamay lang nila ito at wala silang kawala.

Ipalagay nating nagngangalit ang bagyo at sumisipol ang hangin at pumapaikot sa inyo ang yelo. Alam ninyong hindi ninyo ito mapipigil. Pero maaari kayong manamit nang maayos at makahahanap ng kanlungan, at hindi kayo maaapektuhan ng bagyo.

Gayundin, kahit puno ng mahahalay at nakadidiring materyal ang Internet, hindi ninyo ito dapat panoorin. Makapupunta kayo sa kanlungan ng ebanghelyo at sa turo nitong kalinisan at kabutihan at kadalisayan ng buhay.

Alam ko na simple at deretsahan akong magsalita. Ito'y dahil pinadali ng Internet ang pagpapakita ng pornograpiya, dinaragdagan ang nasa mga DVD at video, sa telebisyon at mga tindahan ng magasin. Humahantong ito sa imahinasyon na sumisira sa paggalang sa sarili. Humahantong ito sa imoral na pakikipagrelasyon, madalas ay sa sakit o karamdaman, at sa abusadong gawain ng mga kriminal.[14]

Nabubuhay kayo sa isang mundong puno ng mga tukso. Ang pornograpiya, pati na ang nakakadiring kahalayan nito, ay laganap sa buong mundo na parang isang nakakakilabot at napakalaking alon na tatabon sa inyo. Ito ay lason. Huwag itong panoorin o basahin. Wawasakin kayo nito kung ito ay gagawin ninyo. Aalisin nito ang paggalang ninyo sa sarili. Nanakawin nito ang kakayahan ninyong pahalagahan ang kagandahan ng buhay. Sisirain kayo nito at hihilahin pababa sa putikan ng masasamang ideya at malamang

na sa masasamang gawain. Layuan ito. Iwasan ito tulad ng pag-iwas sa nakakahawang sakit, dahil nakamamatay rin ito. Maging malinis sa isip at sa gawa.[15]

Napakaraming kahalayan at pagnanasa at pornograpiya sa mundong ito. Kailangan natin bilang mga Banal sa mga Huling Araw na madaig ito at manindigan laban dito. Hindi kayo maaaring magpakasasa rito. Talagang hindi kayo maaaring magpakasasa rito. Kailangan ninyo itong alisin sa puso ninyo. Nakalululong ito gaya ng tabako, at wawasakin nito ang mga taong nakikisangkot dito. "Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay" [D at T 121:45].[16]

4

**Gamit ang disiplina at pagsisikap, kaya nating pigilin ang ating mga iniisip at ikinikilos.**

Panatilihing malinis ang inyong mga iniisip, at nang sa gayo'y mas mapigilan ninyo ang inyong katawan. Sinabi noong araw, "Kung ano ang iniisip [ng tao] ay gayon siya" (Kaw. 23:7). Ang mahahalay na ideya ay humahantong sa mahahalay na mga kilos.[17]

Kapag natutukso maaari nating isipin [ang ating Tagapagligtas] at ang Kanyang mga turo sa halip na mag-isip ng masasama. Sinabi Niya: "At kung ang inyong mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, ang inyong buong katawan ay mapupuno ng liwanag, at walang magiging kadiliman sa inyo; at yaong katawan na puno ng liwanag ay nakauunawa sa lahat ng bagay.

"Samakatwid, pabanalin ang inyong sarili na ang inyong mga isipan ay matuon sa Diyos, at darating ang mga araw na inyo siyang makikita; sapagkat kanyang aalisin ang tabing ng kanyang mukha sa inyo" (D at T 88:67–68).[18]

Iniutos ni Jesus na kontrolin natin ang ating mga iniisip gayundin ang ating mga ginagawa. Sabi Niya, "Ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso" (Mateo 5:28). . . .

Ang pagpipigil sa isipan ay kailangang mas malakas kaysa mga pisikal na pagnanasa o kahalayan ng laman. Kapag ang mga iniisip ay lubos na inayon sa inihayag na katotohanan, magiging angkop

ang mga ikinikilos. . . . Bawat isa sa atin, sa disiplina at pagsisikap, ay may kakayahang kontrolin ang ating isipan at mga kilos. Ito ay bahagi ng proseso ng pagkakaroon ng espirituwal, pisikal, at emosyonal na kahustuhan ng isipan. . . .

Nakikiusap kami sa mga tao sa lahat ng dako na mamuhay alinsunod sa mga turo ng ating Lumikha at labanan ang mga makamundong pang-aakit na kadalasa'y nauuwi sa mga trahedyang kasunod ng paglabag ng moralidad.[19]

5

**Yaong mga nasangkot na sa imoralidad ay maaaring mapatawad at kalimutan ang nakaraan.**

Ayaw kong maging negatibo. Likas na maganda ang aking pananaw. Pero sa mga bagay na tulad nito [pornograpiya at imoralidad] makatotohanan ako. Kung ginagawa natin ang mga ito, panahon na ngayon para magbago. Pagpasiyahan na ito sa oras na ito. Magbagumbuhay na tayo.[20]

Kung matagpuan ninyo ang inyong sarili na napipilitan dahil sa sitwasyon, disiplinahin ang inyong sarili. Tumigil bago mahuli ang lahat. Magpapasalamat kayo nang walang katapusan na ginawa ninyo ito.

Maging tapat sa inyong sarili at gawin ang lahat ng makakaya ninyo.[21]

Hayaan . . . ninyong tiyakin ko sa inyo na kung nakagawa kayo ng pagkakamali, kung nasangkot kayo sa kahalayan, hindi pa huli ang lahat. Marahil ay nariyan pa rin ang alaala ng pagkakamali, ngunit mapapatawad iyon, at maaari ninyong iwanan ang nakaraan at mamuhay sa paraang katanggap-tanggap sa Panginoon dahil nagsisi kayo. Nangako Siyang patatawarin ang inyong mga kasalanan at hindi na aalalahanin pa ang mga ito (tingnan sa D at T 58:42).

. . . [Ang] mga pinuno ng Simbahan [ay maaari kayong tulungan] sa inyong [pakikibaka]. Maaari ninyong talikuran ang anumang kasamaang kinasangkutan ninyo. Makasusulong kayo nang may panibagong pag-asa at pagkamarapat tungo sa mas mabuting pamumuhay.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Hinckley na may "katanggap-tanggap na dahilan para magpakabanal" (bahagi 1). Paano kayo tutugon sa isang taong nagpipilit na *walang* katanggap-tanggap na dahilan para magpakabanal?
- Bakit ang kalinisang-puri "ang daan tungo sa kaligayahan sa buhay"? Bakit naghahatid ng "kapayapaan sa puso at sa tahanan" ang kalinisang-puri? (Tingnan sa mga bahagi 1 at 2.)
- Sabi ni Pangulong Hinckley, "Kailangan natin bilang mga Banal sa mga Huling Araw na madaig [ang pornograpiya] at manindigan laban dito" (bahagi 3). Ano ang magagawa natin para madaig ito? Paano natin matutulungan ang iba na madaig ito? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng manindigan laban dito?
- Nang mabasa ninyo ang payo ni Pangulong Hinckley sa bahagi 4, ano ang natutuhan ninyo tungkol sa pagpipigil sa inyong mga iniisip? Ano ang ilang praktikal na bagay na magagawa natin para mapanatiling malinis ang ating isipan?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*

Mga Awit 24:3–4; Mateo 5:27–28; Mga Taga Filipos 4:6–8; Jacob 3:2; D at T 46:31–33; 59:6; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13

*Tulong sa Pag-aaral*

Habang nagbabasa, "guhitan at markahan ang mga salita o parirala para matukoy mo ang mga ideya sa isang [talata]. . . . Sa mga margin isulat ang mga sangguniang banal na kasulatan na naglilinaw sa mga talata na iyong pinag-aaralan" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 25).

### *Mga Tala*

1. "True to the Faith" (Brigham Young University devotional, Set. 18, 2007), 2–3, speeches.byu.edu.
2. "Paano Ako Magiging Katulad ng Babaing Pinapangarap ko?" *Liahona,* Hulyo 2001, 114.
3. "Words of the Prophet: Blessed Are the Pure in Heart," *New Era,* Hulyo 1999, 4.
4. "Reverence and Morality," *Ensign,* Mayo 1987, 48.
5. Sa Conference Report, Okt. 1964, 118.
6. "Manatili sa Mataas na Landas," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 114.
7. "Sa Tatlong Ito'y Naniniwala Ako," *Liahona,* Hulyo 2006, 3–4.
8. "Converts and Young Men," *Ensign,* Mayo 1997, 49.
9. "True to the Faith," *Ensign,* Hunyo 1996, 5.

10. "This Thing Was Not Done in a Corner," *Ensign,* Nob. 1996, 49.
11. "In Search of Peace and Freedom," *Ensign,* Ago. 1989, 5.
12. "Stand Strong against the Wiles of the World," *Ensign,* Nob. 1995, 99.
13. "Inspirational Thoughts," *Ensign,* Peb. 2007, 7.
14. "Isang Kalunus-lunos na Kasamaan sa Ating Paligid," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2004, 59–61.
15. "Some Thoughts on Temples, Retention of Converts, and Missionary Service," *Ensign,* Nob. 1997, 51.
16. "Inspirational Thoughts," *Ensign,* Ago. 1997, 6–7.
17. "Be Ye Clean," *Ensign,* Mayo 1996, 48.
18. "Isang Kalunus-lunos na Kasamaan sa Ating Paligid," 62.
19. "Reverence and Morality," 47.
20. "Isang Kalunus-lunos na Kasamaan sa Ating Paligid," 62.
21. "Stand True and Faithful," *Ensign,* Mayo 1996, 92.
22. "Paano Ako Magiging Katulad ng Babaing Pinapangarap ko?" 114.

# Pamumuno ng mga Mayhawak ng Priesthood sa Simbahan ni Jesucristo

*"Binabantayan ng Panginoon ang gawaing ito. Ito ang Kanyang kaharian. Hindi tayo mga tupang walang pastol. Hindi tayo isang hukbong walang pinuno."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Paggunita ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Ang una kong responsibilidad sa Simbahan, ang unang katungkulang hinawakan ko sa lahat, ay tagapayo sa batang lalaking namuno sa aming deacons quorum. Pinapasok ako ng aming butihing bishop at kinausap tungkol sa tungkuling ito. Hangang-hanga ako. Nabagabag ako at nag-alala. Sa maniwala kayo't sa hindi, likas akong mahiyain at hindi palakibo, at palagay ko ang tawag na maglingkod bilang tagapayo sa isang deacons quorum ay nakababagabag sa akin, pagdating sa edad ko at karanasan, na katulad ng responsibilidad ko ngayon pagdating sa edad ko at karanasan."[1]

Gayon din ang naging damdamin ni Pangulong Hinckley noong 1961, nang tawagin siyang maglingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sa kanyang unang mensahe sa pangkalahatang kumperensya bilang Apostol, sinabi niya:

"Bahagya kong nadarama ang bigat ng responsibilidad na ito na tumayo bilang saksi ng Panginoong Jesucristo sa harap ng isang mundo na nag-aatubiling tanggapin siya. 'Ako ay namangha sa pag-ibig ni Jesus.' Napakumbaba ako ng tiwala ng Propeta ng Panginoon sa akin, at sa hayagang pagmamahal nila, na aking mga kapatid. . . . Dalangin ko na magkaroon ako ng lakas; tulungan ako; at magkaroon ako ng pananampalataya at kahandaang sumunod."[2]



*Ang Unang Panguluhan, 1995. Pangulong Gordon B. Hinckley* (gitna); *Pangulong Thomas S. Monson, Unang Tagapayo* (kaliwa); *at Pangulong James E. Faust, Pangalawang Tagapayo* (kanan).

Noong Abril 1, 1995, nagsalita si Pangulong Hinckley sa sesyon ng priesthood sa pangkalahatang kumperensya matapos siyang sang-ayunan ng mga miyembro ng Simbahan sa unang pagkakataon bilang kanilang propeta at Pangulo. Sa nagdaang 14 na taon, naglingkod siya bilang tagapayo sa tatlong iba pang Pangulo ng Simbahan. Paulit-ulit niyang pinatotohanan ang kabanalan ng kanilang tungkulin at hinikayat ang mga Banal sa mga Huling Araw na sundin ang kanilang payo. Ngayon, nang matagpuan ang sarili sa katungkulang iyon, hindi nabawasan ang kanyang pag-asa sa Panginoon mula noong siya ay maging deacon o bagong tawag na Apostol. Sa halip, mas nabatid niya ang kanyang pangangailangan sa lakas na nagmumula sa Panginoon. Sabi niya:

"Ang nakataas ninyong mga kamay sa kapita-pitagang pulong ngayong umaga ay nagpapakita ng kahandaan at hangarin ninyong suportahan kami, na inyong mga kapatid at tagapaglingkod, ng inyong pagtitiwala, pananampalataya, at panalangin. Labis akong nagpapasalamat sa ipinakita ninyong iyan. Salamat sa inyo, sa bawat isa sa inyo. Tinitiyak ko sa inyo, tulad ng alam ninyo, na sa mga pamamaraan ng Panginoon, walang naghahangad ng katungkulan. Tulad ng sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo, "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at akin kayong inihalal" (Juan 15:16). Ang katungkulang ito ay hindi hinahangad. Ang Panginoon ang may karapatang pumili. Siya ang Panginoon ng buhay at kamatayan. Siya ang may kapangyarihang tumawag. Siya ang may kapangyarihang mag-alis. Siya ang may kapangyarihang magpanatili. Nasa mga kamay Niya ang lahat.

"Hindi ko alam kung bakit kasama sa Kanyang dakilang plano ang isang katulad ko. Ngunit dahil nasa akin na ang responsibilidad na ito, muli kong inilalaan ang anumang lakas o panahon o talento o buhay ko sa gawain ng aking Panginoon sa paglilingkod sa aking mga kapatid. Muli, salamat . . . sa mga ginawa ninyo ngayong araw na ito. Dalangin ko na nawa'y maging karapat-dapat ako. Sana'y maalaala ninyo ako sa inyong mga dalangin."[3]

# Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

## Tinatawag ng Panginoon ang bawat Pangulo ng Simbahan matapos siyang masubukan, mapadalisay, at maihanda.

Nakatrabaho ko ang mga Pangulo ng Simbahan mula kay Pangulong Heber J. Grant hanggang ngayon. . . . Nakilala ko ang mga tagapayo ng lahat ng kalalakihang ito, at nakilala ko ang Konseho ng Labindalawa sa mga taon ng pamamahala ng mga Pangulong ito. Lahat ng kalalakihang ito ay mga tao. Mayroon silang mga katangian ng tao at marahil ng ilang kahinaan ng tao. Ngunit ang mas mahalaga, ang buhay ng bawat isa sa kanila ay puspos ng inspirasyon ng Diyos. Yaong mga naging Pangulo ay naging tunay na mga propeta. Nasaksihan ko mismo ang diwa ng paghahayag sa kanila. Bawat lalaki ay natawag sa Panguluhan pagkaraan ng maraming taon ng karanasan bilang miyembro ng Konseho ng Labindalawa at sa iba pang katungkulan. Pinadalisay at inihanda ng Panginoon ang bawat isa, hinayaan siyang makadama ng kalungkutan at kabiguan, ng karamdaman at sa ilang pagkakataon ay matinding kalungkutan. Lahat ng ito ay naging bahagi ng matinding proseso ng pagdadalisay, at ang epekto ng prosesong iyan ay kitang-kita sa kanilang buhay.

Mahal kong mga kaibigan sa ebanghelyo, ito ay gawain ng Diyos. Ito ang kanyang Simbahan at ang Simbahan ng kanyang Pinakamamahal na Anak na ang pangalan ay taglay nito. Hinding-hindi tutulutan ng Diyos ang isang impostor na mamuno rito. Tatawagin niya ang kanyang mga propeta, at bibigyang-inspirasyon at papatnubayan sila.[4]

Nag-aalala ang ilan na palaging matanda ang nagiging Pangulo ng Simbahan, at ang sagot ko ay, "Kaylaking pagpapala!" . . . Hindi kailangang maging bata pa siya. Mayroon at patuloy siyang magkakaroon ng nakababatang kalalakihan na maglalakbay sa buong mundo sa gawain ng ministeryo. Siya ang namumunong high priest, ang mayhawak ng lahat ng susi ng banal na priesthood, at ang tinig ng paghahayag mula sa Diyos tungo sa kanyang mga tao. . . .

Naisip ko na may napakalaking kapanatagan sa kaalaman na . . . magkakaroon tayo ng isang Pangulo na nadisiplina at naturuan,

nasubukan at napatunayan, na ang katapatan sa gawain at integridad sa layunin ay napalakas ng paglilingkod, na ang pananampalataya ay nahusto, at ang pagiging malapit sa Diyos ay nalinang sa loob ng maraming taon.[5]

Nagpapasalamat ako . . . sa isang propetang gumagabay sa atin sa mga huling araw na ito. Nawa'y maging tapat ako sa kanya na tinawag at hinirang ng Panginoon. Nawa'y maging matatag ako sa pagsuporta sa kanya at pagdinig sa kanyang mga turo. Nasabi ko na . . . na kung tayo ay may propeta, nasa atin na ang lahat. Kung wala tayong propeta, wala tayong anuman. May propeta tayo. May mga propeta na tayo simula pa nang itatag ang Simbahang ito. Hindi tayo mawawalan ng propeta kailanman kung mamumuhay tayo nang marapat para sa isang propeta.

Ginagabayan ng Panginoon ang gawaing ito. Ito ang Kanyang kaharian. Hindi tayo katulad ng mga tupang walang pastol. Hindi tayo katulad ng isang hukbo na walang pinuno.[6]

**2**

## Kapag pumanaw ang isang Pangulo ng Simbahan, ang senior na Apostol ang kasunod na Pangulo.

Ang paglilipat ng awtoridad [sa isang bagong Pangulo ng Simbahan], kung saan ako nakibahagi nang ilang beses, ay maganda at simple. Ipinakikita nito kung paano ginagawa ng Panginoon ang mga bagay-bagay. Ayon sa Kanyang pamamaraan isang lalaki ang pinipili ng propeta na maging miyembro ng Kapulungan ng Labindalawang Apostol. Hindi niya pinipili ito bilang propesyon. Tinawag siya, tulad ng mga Apostol sa panahon ni Jesus, na sinabihan ng Panginoon, "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal." (Juan 15:16.) Lumilipas ang mga taon. Siya ay tinuruan at sinanay sa kanyang mga tungkulin. Naglalakbay siya sa buong mundo para gampanan ang kanyang tungkulin bilang apostol. Mahabang paghahanda ito, kung saan nakikilala niya ang mga Banal sa mga Huling Araw saanman sila naroon, at siya ay nakilala nila. Sinusubukan ng Panginoon ang kanyang puso at kalooban. Sa mga karaniwang pangyayari, nagkakaroon ng mga bakante sa kapulungang iyon at may mga bagong hinihirang. Sa paraang ito nagiging isang senior na Apostol ang isang partikular na lalaki. Nasa kanya, at

sa kanyang kasamang mga Kapatid, na ibinigay sa bawat isa sa oras ng ordinasyon, ang lahat ng susi ng priesthood. Ngunit ang awtoridad na gamitin ang mga susing iyon ay nasa Pangulo lamang ng Simbahan. Sa pagpanaw [ng propeta], ang awtoridad na iyon ay magagamit ng senior na Apostol, na tinawag, itinalaga, at inorden bilang propeta at Pangulo ng kanyang mga kasamahan sa Kapulungan ng Labindalawa.

Walang kumakandidato. Walang nangangampanya. Naroon lang ang tahimik at simpleng pagsasagawa ng isang banal na plano na naglalaan ng inspirado at matatag na pamumuno.

Nasaksihan ko, nang personal, ang napakagandang paraang ito. Pinatototohanan ko sa inyo na ang Panginoon ang [pumipili ng propeta].[7]

Nang pumanaw si Pangulong [Howard W.] Hunter, na-release ang Unang Panguluhan. Nanungkulan kami ni Brother Monson, na naglingkod bilang kanyang mga tagapayo, sa aming posisyon sa Korum ng Labindalawa, na naging namumunong awtoridad ng Simbahan.

. . . Sama-samang nag-ayuno at nanalangin ang lahat ng buhay na inordeng Apostol sa silid sa itaas ng templo. Dito'y sama-sama kaming kumanta ng isang sagradong himno at nanalangin. Nakibahagi kami ng sakramento ng hapunan ng Panginoon, na pinaninibago sa sagrado at masimbolong ordenansang iyon ang aming mga tipan at kaugnayan sa Kanya na ating banal na Manunubos.

Pagkatapos ay muling binuo ang panguluhan, na sinusunod ang huwarang itinatag nang maayos sa nakalipas na mga henerasyon.

Doon ay walang nangampanya, walang nakipagpaligsahan, walang nag-ambisyong maupo sa katungkulan. Iyon ay tahimik, payapa, simple, at sagrado. Ginawa iyon alinsunod sa huwarang itinakda ng Panginoon.[8]

3

## Ang Panginoon ay naglaan ng mga alituntunin at patakaran para sa mga pamamahala ng Kanyang Simbahan kung hindi lubos na magampanan ng Pangulo ang kanyang tungkulin.

*Ipinahayag ni Pangulong Hinckley ang sumusunod noong 1992, nang maglingkod siya bilang Unang Tagapayo sa Unang*



*Ang Korum ng Labindalawang Apostol, 1965.* Nakaupo mula kaliwa pakanan: *Ezra Taft Benson, Mark E. Petersen (nakaupo sa patungan ng kamay ng silya), Joseph Fielding Smith (pangulo ng korum), at LeGrand Richards.* Nakatayo mula kaliwa pakanan: *Gordon B. Hinckley, Delbert L. Stapley, Thomas S. Monson, Spencer W. Kimball, Harold B. Lee, Marion G. Romney, Richard L. Evans, at Howard W. Hunter.*

*Panguluhan:* Ang pinuno ng Simbahan ay ang Panginoong Jesucristo. Ito ang Kanyang Simbahan. Ngunit ang pinuno sa lupa ay ang ating propeta. Ang mga propeta ay kalalakihang pinagkalooban ng banal na tungkulin. Sa kabila ng kabanalan ng tungkuling iyon, sila ay mga tao. Lantad sila sa mga problema ng mortalidad.

Minamahal at nirerespeto at iginagalang at inaasahan natin ang propeta sa panahong ito, si Pangulong Ezra Taft Benson. Siya ay isang dakila at matalinong lider, isang lalaking nagpatotoo sa gawaing ito sa iba't ibang panig ng mundo. Hawak niya ang lahat ng susi ng priesthood sa lupa sa panahong ito. Ngunit umabot na siya sa edad na hindi na niya magagawa ang marami sa mga bagay na minsan na niyang ginawa. Hindi ito nakabawas sa kanyang katungkulan bilang propeta. Ngunit naglagay ito ng mga limitasyon sa kanyang mga pisikal na aktibidad.[9]

*Ipinahayag ni Pangulong Hinckley ang sumusunod noong 1994, nang maglingkod siya bilang Unang Tagapayo sa Unang*

*Panguluhan:* Ang mga tao sa buong Simbahan ay talagang sabik na malaman ang kalagayan ng Pangulo. Si Pangulong Benson ay siyamnapu't limang taon na ngayon. . . . Labis siyang nahirapan dahil sa mga epekto ng katandaan at karamdaman at hindi niya nagampanan ang mahahalagang tungkulin ng kanyang sagradong katungkulan. Hindi ito isang sitwasyon na noon lang nangyari. Ang iba pang mga Pangulo ng Simbahan ay nagkasakit din o hindi lubos na nakaganap sa kanilang tungkulin sa mga huling buwan o taon ng kanilang buhay. Posibleng mangyari itong muli sa hinaharap.

Ang mga alituntunin at pamamaraang itinakda ng Panginoon para sa pamamahala ng Kanyang Simbahan ay nakahanda para sa gayong sitwasyon. Mahalaga . . . na walang mga pag-aalinlangan o pag-aalala tungkol sa pamamahala ng Simbahan at sa paggamit ng mga kaloob na ibinigay sa propeta, kabilang na ang karapatang mabigyan ng inspirasyon at paghahayag sa pamamahala sa mga gawain at programa ng Simbahan, kapag ang Pangulo ay nagkasakit o hindi lubos na makaganap sa tungkulin.

Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol, na tinawag at inorden na humawak ng mga susi ng priesthood, ay may awtoridad at responsibilidad na pamahalaan ang Simbahan, pangasiwaan ang mga ordenansa nito, linawin ang doktrina nito, at itatag at panatilihin ang mga gawain nito. Bawat lalaking inorden bilang Apostol at itinalaga bilang miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa ay sinasang-ayunan bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag. Tulad ng mga nauna sa kanya, si Pangulong Benson ang senior na Apostol nang matawag siya bilang Pangulo ng Simbahan. Ang Kanyang mga Tagapayo ay pinili mula sa Kapulungan ng Labindalawa. Kaya nga, lahat ng kasalukuyang miyembro ng Korum ng Unang Panguluhan at ng Kapulungan ng Labindalawa ay tumanggap ng mga susi, karapatan, at awtoridad na nauukol sa banal na pagkaapostol.

Magbabanggit ako mula sa Doktrina at mga Tipan:

"Mula sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, tatlong Namumunong Mataas na Saserdote, pinili ng pangkat, itinalaga at inordenan sa tungkuling yaon, at pinagtibay ng pagtitiwala, pananampalataya, at panalangin ng simbahan, ang bumubuo ng isang korum ng Panguluhan ng Simbahan" (D at T 107:22).

Kapag maysakit ang Pangulo o hindi lubos na makaganap sa lahat ng kanyang tungkulin, ang kanyang dalawang Tagapayo ang bumubuo sa Korum ng Unang Panguluhan. Ipinagpapatuloy nila ang araw-araw na gawain ng Panguluhan. Sa mga hindi pangkaraniwang kalagayan, kapag isa lang ang nakakaganap, maaari siyang kumilos sa awtoridad ng katungkulan ng Panguluhan na itinakda sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 102, mga talata 10–11. . . .

. . . Ipinagpapatuloy ng mga Tagapayo sa Unang Panguluhan ang karaniwang ginagawa ng katungkulang ito. Ngunit anumang mahalagang usapin tungkol sa patakaran, mga pamamaraan, programa, o doktrina ay pinag-iisipan nang taimtim at mapanalangin ng Unang Panguluhan kasama ang Labindalawa. Ang dalawang korum na ito, ang Korum ng Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa, ay nagpupulong, na bawat miyembro ay may lubos na kalayaang ipahayag ang kanyang sarili, na isinasaalang-alang ang bawat mahalagang tanong.

At muli akong sisipi mula sa salita ng Panginoon: "At bawat pagpapasiyang gagawin ng alinman sa mga korum na ito ay kinakailangang sa pamamagitan ng nagkakaisang tinig ng naturan; na, bawat kasapi sa bawat korum ay kinakailangang sumang-ayon sa mga pasiya nito, upang magawa ang kanilang pagpapasiya sa gayon ding kapangyarihan o bisa sa isa't isa" (D at T 107:27). . . .

. . . Dapat maunawaan ng lahat na si Jesucristo ang namumuno sa simbahang ito na nagtataglay ng Kanyang sagradong pangalan. Pinapatnubayan Niya ito. Ginagabayan Niya ito. Nakatayo sa kanang kamay ng Kanyang Ama, Siya ang namamahala sa gawaing ito. Siya ang may karapatan, kapangyarihan, at opsyong tumawag ng kalalakihan ayon sa Kanyang paraan sa matataas at mga sagradong katungkulan at i-release sila ayon sa Kanyang kalooban kung sila ay tatawagin na Niya pabalik sa Kanyang piling. Siya ang Panginoon ng buhay at kamatayan. Hindi ako nag-aalala tungkol sa mga sitwasyon kung saan natin natatagpuan ang ating sarili. Tinatanggap ko ang ganitong mga kalagayan na nagpapahayag ng Kanyang kalooban. Tinatanggap ko rin ang responsibilidad, na kumilos na kasama ang aking mga Kapatid, na gawin ang lahat ng aming makakaya upang isulong ang banal na gawaing ito nang may lubos na paglalaan, pagmamahal, pagpapakumbaba, pagtupad sa tungkulin, at katapatan.[10]

## 4

### Ang mga Apostol ay mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong mundo.

Matapos [na] inorden sa banal na pagkaapostol at . . . maitalaga bilang mga miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa, [ang mga Apostol ay] inaasahang ilaan ang kanilang sarili una sa lahat sa gawain ng ministeryo. Inuuna nila . . . sa kanilang buhay, higit sa lahat, ang responsibilidad na tumayo bilang mga natatanging saksi ng pangalan ni Jesucristo sa buong mundo. . . .

Tulad nating lahat, sila ay mga tao. Mayroon silang mga kalakasan at kahinaan. Ngunit simula ngayon, at sa nalalabi pa nilang buhay, hangga't nananatili silang tapat, ang pangunahin nilang tungkulin ay ang isulong ang gawain ng Diyos sa lupa. Kailangan nilang alalahanin ang kapakanan ng mga anak ng ating Ama, kapwa ang mga miyembro at mga hindi miyembro ng Simbahan. Kailangan nilang gawin ang lahat para mapanatag ang mga nagdadalamhati, palakasin ang mahihina, hikayatin ang mga pinanghihinaan ng loob, kaibiganin ang mga walang kaibigan, pangalagaan ang mga dukha, basbasan ang mga maysakit, magpatotoo, hindi dahil sa paniniwala kundi dahil sa tiyak na kaalaman tungkol sa Anak ng Diyos, na kanilang Kaibigan at Panginoon, na kanilang pinaglilingkuran. . . .

. . . Pinatototohanan ko ang kanilang kapatiran, kanilang katapatan, kanilang pananampalataya, kanilang kasipagan, at kanilang pambihirang paglilingkod sa pagsusulong ng kaharian ng Diyos.[11]

## 5

### Ang Unang Panguluhan at ang Labindalawa ay naghahangad ng paghahayag at lubos na pagkakasundo bago sila magdesisyon.

Walang mangyayaring desisyon nang hindi lubos na pinagkaisahan ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa. Sa simula ng paguusap tungkol sa mga bagay-bagay, maaaring may mga pagkakaiba ng opinyon. Inaasahan na iyan. Ang kalalakihang ito ay iba't iba ang pinagmulan. Sila ay kalalakihang nag-iisip para sa kanilang sarili. Ngunit bago ang huling pagpapasiya, nagkakaisa na ang kanilang isipan at opinyon.

Inaasahan na ito kung sinusunod nila ang inihayag na salita ng Panginoon [tingnan sa D at T 107:27, 30–31]. . . .

. . . [Nang] maglingkod ako bilang miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa at [nang] maglingkod ako sa Unang Panguluhan, wala kaming ginawang anuman kailanman nang hindi ito sinusunod. . . . Mula sa pag-uusap-usap na ito ng mga tao na inihahayag ang kanilang iniisip at nadarama ay nangyayari ang pag-aaral at pagsusuri ng mga ideya at konsepto. Ngunit wala akong napansing matinding pagtatalo o personal na alitan kailanman sa aking mga Kapatid. Sa halip, napansin ko ang isang maganda at kagila-gilalas na bagay—ang pagsasama-sama, sa ilalim ng impluwensya ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan ng paghahayag, ng magkakaibang pananaw hanggang sa magkaroon ng lubos na pagkakaisa at pagkakasundo. . . .

Wala na akong alam na iba pang lupong namamahala na ganito ang ginagawa.[12]

**6**

**Ang [stake president] ay tinatawag sa pamamagitan ng inspirasyon na maglingkod bilang tagapayo sa mga bishop at bilang isang lider sa mga tao.**

Ang [stake president] ay ang opisyal na tinawag sa pamamagitan ng paghahayag upang tumayo sa pagitan ng mga [bishop ng ward] at mga [General Authority] ng Simbahan. Ito ay napakahalagang responsibilidad. Siya ay sinasanay ng mga [General Authority], at siya naman ang nagsasanay sa mga [bishop]. . . .

Ang [stake president] ay naglilingkod bilang tagapayo sa mga [bishop]. Nalalaman ng bawat bishop na kapag may mabigat siyang suliranin may isang taong laging nakahanda na maaari niyang lapitan upang masabi ang kanyang suliranin at makatanggap ng payo.

Isa siya sa nagpapasiya kung karapat-dapat pumasok sa bahay ng Panginoon ang isang miyembro. . . . Ang [stake president din] ang nagpapasiya sa pagiging karapat-dapat ng mga taong hahayo upang kumatawan sa Simbahan sa [mission field]. Iniinterbyu niya rin ang mga magmimisyon, at kapag nalaman niya na karapat-dapat ito saka lamang niya lalagdaan ang rekomendasyon. Siya rin ang binigyan

ng awtoridad na italaga ang mga taong tinawag na magmisyon at i-release sila kapag natapos na nila ang kanilang paglilingkod.

Pinakamahalaga sa lahat, siya ang pangunahing [disciplinary officer ng stake]. . . . Napakabigat ng responsibilidad niya na tiyakin na ang doktrinang itinuturo sa [stake] ay napapanatiling dalisay at walang-halo. Tungkulin niya na tiyakin na walang maling doktrina na itinuturo ni maling gawain na umiiral. Kung mayroon mang may taglay ng [Melchizedek Priesthood] na nalilihis sa doktrina, o sinuman sa katulad na sitwasyon, siya ang magpapayo sa kanila, at kapag iginiit ng taong iyon ang kanyang maling gawa, kailangang kumilos na ang [stake president]. Tatawagin niya ang maysala na humarap sa isang [disciplinary council], kung saan maaaring gumawa ng aksiyon upang magtalaga ng probationary period o i-disfellowship o i-excommunicate ito mula sa Simbahan.

Ito ay isang napakahirap at hindi kinagigiliwang gawain, ngunit dapat [itong] harapin ng [stake president] nang walang takot o pagkiling. Lahat ng ito ay ginagawa nang may patnubay ng Espiritu at gaya ng nakalahad sa bahagi 102 ng Doktrina at mga Tipan.

Pagkatapos kailangan niyang gawin ang lahat ng makakaya niya na tulungan at mapabalik sa tamang panahon ang taong dinisiplina.

Lahat ng ito at marami pa ang saklaw ng kanyang mga tungkulin. Kaya nga, ang kanyang buhay ay dapat maging halimbawa sa harap ng kanyang mga tao. . . .

. . . Dahil nagtitiwala kami sa [mga stake president], hinihikayat namin ang mga lokal na miyembro na huwag nang maghanap ng mga [General Authority] upang magpayo at magbasbas sa kanila. Ang kanilang mga [stake president] ay tinawag sa gayunding inspirasyon kung saan tinawag ang mga [General Authority].[13]

7

**Ang mga bishop ay mga pastol ng ward.**

Ang [Simbahan] ay maaaring lumago at dumami, at tiyak iyan. Ang ebanghelyong ito ay kailangang dalhin sa bawat bansa, lahi, wika, at tao. Hindi maaaring tumigil sa pag-unlad sa hinaharap o mabigo tayong tulungan, isulong, itayo, palakihin ang Zion sa iba't ibang panig ng mundo. Ngunit sa lahat ng ito kailangang patuloy

na maging malapit ang isang matalino at mapagmalasakit na bishop o branch president sa bawat miyembro bilang pastol. Ito ang mga pastol ng ward na ang responsibilidad ay pangalagaan ang mga tao sa maliliit na bilang para walang malimutan, makaligtaan, o mapabayaan. Si Jesus ang tunay na pastol na tumulong sa mga nababagabag, nang paisa-isa, sa paggawad ng bawat pagpapala sa kanila.[14]

Ang mga bishop ng Simbahan . . . ay tunay na mga pastol ng Israel. Lahat [sa Simbahan] ay nananagot sa isang bishop o branch president. Napakalaki ng mga pasanin nila, at inaanyayahan ko ang bawat miyembro ng Simbahan na gawin ang lahat ng magagawa niya para mabawasan ang bigat ng trabaho ng [ating] mga bishop at branch president.

Ipagdasal natin sila. Kailangan nila ng tulong sa pagdadala ng mabibigat nilang pasanin. Mas masusuportahan natin sila at mababawasan ang pag-asa sa kanila. Matutulungan natin sila sa lahat ng posibleng paraan. Mapasasalamatan natin sila sa lahat ng ginagawa nila para sa atin. Pinapagod natin sila sa maikling panahon sa mga pasaning ipinababalikat natin sa kanila.

. . . Bawat [bishop] ay tinawag sa pamamagitan ng diwa ng propesiya at paghahayag at itinalaga at inorden sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Bawat isa sa kanila ay mayhawak ng mga susi ng panguluhan sa kanyang ward. Lahat ay high priest, ang namumunong high priest sa kanyang ward. Lahat ay may napakabigat na responsibilidad ng pamamahala. Lahat ay tumatayong ama sa kanyang mga miyembro.

Walang bayad ang kanyang paglilingkod. Walang bishop ng ward na binabayaran ng Simbahan para gampanan ang kanyang tungkulin.

Ang hinihinging mga katangian sa bishop ngayon ay tulad din noong panahon ni Pablo, na sumulat kay Timoteo [tingnan sa I Kay Timoteo 3:2–6]. . . .

Sa kanyang sulat kay Tito, idinagdag ni Pablo na "ang [bishop] ay walang kapintasan, palibhasa siya'y katiwala ng Dios; . . .

"Na nananangan sa tapat na salita na ayon sa turo, upang umaral ng magaling na aral, at papaniwalain ang nagsisisalangsang" (Kay Tito 1:7, 9).

Angkop na inilarawan sa mga katagang iyon ang bishop ngayon sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.[15]

Hinihikayat ko ang mga tao ng Simbahan, saanman kayo naroon, na kapag naharap kayo sa mga problema, sikapin muna ninyong lutasing mag-isa ang mga problemang iyon. Pag-isipan ang mga ito, pag-aralan ang mga alternatibong mayroon kayo, ipagdasal ang mga ito, at umasa sa patnubay ng Panginoon. Kung hindi ninyo ito malutas nang mag-isa, kausapin ang inyong bishop o branch president. Siya ay isang tao ng Diyos, na tinawag sa ilalim ng awtoridad ng banal na priesthood bilang pastol ng ward.[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit natin kailangan ng mga buhay na propeta? Ano ang hinahangaan ninyo tungkol sa "paraan ng pagdadalisay" ng Panginoon sa paghahanda at pagtawag sa Pangulo ng Simbahan? (Tingnan sa bahagi 1.)
- Ano ang mga naisip ninyo nang pag-aralan ninyo ang paglalarawan ni Pangulong Hinckley sa paraan ng pagpili ng bagong Pangulo ng Simbahan? (Tingnan sa bahagi 2.) Bakit mahalagang malaman na pinipili ang Pangulo ayon sa "isang banal na plano na naglalaan ng inspirado at subok na pamumuno"?
- Anong mga alituntunin at pamamaraan ang itinakda ng Panginoon sa pamamahala sa Simbahan kung hindi lubos na makaganap ang Pangulo sa lahat ng kanyang tungkulin? (Tingnan sa bahagi 3.)
- Paano nagpapakita ng malasakit ang mga Apostol sa mga huling araw sa lahat ng anak ng Diyos, "kapwa sa mga miyembro ay hindi miyembro ng Simbahan"? (Tingnan sa bahagi 4.) Paano nakikita ang malasakit na ito sa mga mensahe sa huling kumperensya? Paano kayo nakinabang mula sa mga turo ng mga buhay na propeta at apostol?
- Pag-aralan ang mga turo ni Pangulong Hinckley kung paano nagpapasiya ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa (tingnan sa bahagi 5). Ano ang matututuhan natin sa paraan ng pagdedesisyon nila? Paano natin maipamumuhay ang mga alituntuning ito sa ating pamilya at sa Simbahan?

- Habang inyong pinag-aaralang muli ang mga bahagi 6 at 7, ano ang natutuhan ninyo tungkol sa mga calling ng stake president at bishop? Paano natin mas masusuportahan ang mga lider ng ating Simbahan?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*

Mga Taga Efeso 2:19–20; 4:11–14; D at T 1:38; 21:1–6; Abraham 3:22–23; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5–6

*Tulong sa Pagtuturo*

"Magpatotoo kapag [hinikayat] kayo ng Espiritu na gawin ito, hindi lamang sa katapusan ng bawat aralin. Magbigay ng mga pagkakataon sa mga tinuturuan ninyo na makapagbigay ng kanilang mga patotoo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 55–56).

## *Mga Tala*

1. "In . . . Counsellors There Is Safety," *Ensign,* Nob. 1990, 49.
2. Sa Conference Report, Okt. 1961, 115–16; pagsipi sa "Ako ay Namangha," *Mga Himno,* blg. 115.
3. "This Work Is Concerned with People," *Ensign,* Mayo 1995, 51.
4. "Strengthening Each Other," *Ensign,* Peb. 1985, 5.
5. "He Slumbers Not, nor Sleeps," *Ensign,* Mayo 1983, 6–7.
6. "Believe His Prophets," *Ensign,* Mayo 1992, 53.
7. "Come and Partake," *Ensign,* Mayo 1986, 46–47.
8. "This Is the Work of the Master," *Ensign,* Mayo 1995, 69.
9. "The Church Is on Course," *Ensign,* Nob. 1992, 53–54.
10. "God Is at the Helm," *Ensign,* Mayo 1994, 54, 59.
11. "Special Witnesses for Christ," *Ensign,* Mayo 1984, 49–51.
12. "God Is at the Helm," 54, 59.
13. "Ang Pangulo ng Istaka," *Liahona,* Hulyo 2000, 59–61.
14. "This Work Is Concerned with People," 52–53.
15. "Ang mga Pastol ng Israel," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2003, 60.
16. "Live the Gospel," *Ensign,* Nob. 1984, 86.



*Hinikayat tayo ni Pangulong Hinckley na makiisa sa mga taong iba ang relihiyon "sa mabubuting mithiin ng komunidad."*

# Makisalamuha sa mga Taong Iba ang Pananampalataya

*"Tulungan natin ang kalalakihan at kababaihang may mabuting kalooban, anuman ang pinaniniwalaan nilang relihiyon at saanman sila nakatira."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Sa pagsasalita sa isang kumperensya ng mga pinuno ng iba't ibang relihiyon noong Nobyembre 1994, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Iba't iba ang mga doktrinang pinaniniwalaan natin. Batid ang pagkakaiba-iba ng ating mga relihiyon, palagay ko'y nagkakaisa tayo sa kamalayan sa mga kasamaan at problema ng mundo at ng lipunang ating ginagalawan, at sa malaking responsibilidad at pagkakataon nating magkaisa sa paninindigan sa mga katangiang iyon sa pampubliko at pribadong buhay na nagpapamalas ng kabanalan at moralidad, paggalang sa lahat ng lalaki at babae bilang mga anak ng Diyos, pangangailangang gumalang at magbigay-pitagan sa ating mga pakikipag-ugnayan, at pangangalaga sa pamilya bilang pangunahing yunit ng lipunan na itinakda ng Diyos.

". . . Lahat tayo ay may hangaring tulungan ang mga maralita, pasiglahin ang mga namimighati, aluin, bigyan ng pag-asa, at tulungan ang lahat ng may problema at pasakit sa anumang kadahilanan.

"Alam natin na kailangang lunasan ang mga problema ng lipunan at halinhan o palitan ng magandang pananaw at pananampalataya ang mga negatibong pananaw sa ating panahon. Kailangan nating tanggapin na hindi natin kailangang magsisihan o pintasan ang isa't isa. Kailangan nating gamitin ang ating impluwensya para payapain ang galit at mapaghiganting pangangatwiran ng mga tao.

". . . Ang ating lakas ay nagmumula sa ating kalayaang pumili. May lakas kahit sa pagkakaiba-iba natin. Ngunit may higit na lakas sa utos na bigay ng Diyos sa bawat isa sa atin na pasiglahin at pagpalain ang lahat ng Kanyang mga anak, anuman ang kanilang lipi o bansang pinagmulan o iba pang pagkakaiba-iba. . . .

"Nawa'y pagpalain tayo ng Panginoon na magkaisang alisin sa ating puso at iwaksi sa ating lipunan ang lahat ng elemento ng pagkamuhi, diskriminasyon, paghamak sa hindi kalahi, at iba pang mga salita at gawa na maghihiwa-hiwalay sa atin. Ang masakit na salita, pag-insulto sa hindi kalahi, nakamumuhing mga pang-aabuso, mapanirang tsismis, at pagkakalat ng masama at mapanirang balita ay hindi dapat magkaroon ng puwang sa atin.

"Nawa'y biyayaan tayong lahat ng Diyos ng kapayapaang nagmumula sa Kanya. Nawa'y biyayaan Niya tayo ng mapagpasalamat na puso at ng kahandaang makihalubilo nang may paggalang sa isa't isa, na pinagbubuklod ang ating mga pagsisikap na mabasbasan ang mga komunidad kung saan mapalad tayong makapanirahan."[1]

Isang taon matapos ibigay ang mensaheng ito, nagsalita si Pangulong Hinckley sa isang grupo ng mga pinunong sekular. Maliit na grupo iyon—mga 30 katao lang—ngunit isang grupong may malawak na impluwensya: mga pangulo, editor-in-chief, producer, at reporter na kumakatawan sa pinagmumulan ng mga pangunahing balita sa Estados Unidos. Sa isang "nakasisiya at kung minsa'y nakakatawang pag-uusap," ibinigay niya ang "isang buod ng saklaw ng Simbahan sa buong mundo, nagsalita siya tungkol sa gawaing misyonero, gawaing pantao, at pang-edukasyon, at sumagot sa mga tanong. . . . Sinagot niya ang bawat tanong nang tahasan at walang pag-aatubili o anumang pahiwatig ng pagkaasiwa." Ikinagulat ng ilang dumalo ang kanyang katapatan, na sinagot niya na ang hindi lang niya tatalakayin ay ang mga detalye tungkol sa mga sagradong ordenansa sa templo. "Maaari nating talakayin ang iba pang bagay," sabi niya.

Sa isang pagkakataon sa question-and-answer session, sinabi ni Mike Wallace, isang senior reporter sa palabas sa telebisyon na *60 Minutes,* na gusto niyang gumawa ng isang espesyal na ulat tungkol kay Pangulong Hinckley. Huminto si Pangulong Hinckley at saka sumagot, "Salamat. Sasamantalahin ko ang pagkakataong iyan."[2]

Kalaunan ay inamin ni Pangulong Hinckley na medyo nag-alala siya tungkol sa pag-interbyu sa kanya ni Mike Wallace, na isang kilalang batikang reporter. Ipinaliwanag niya kung bakit siya pumayag na magpainterbyu sa kabila ng pag-aalala niya:

"Nadama ko na isang pagkakataon ito para mailahad ang ilang magagandang aspeto ng ating kultura at mensahe sa milyun-milyong tao. Naisip ko na mas mabuting gawin ang lahat sa kabila ng mahirap na sitwasyon kaysa iwasan ang mahirap na sitwasyon nang walang ginagawa."[3]

Kasama sa interbyung iyon ang sumusunod na pag-uusap:

Mr. Wallace: "Ano ang damdamin ninyo sa mga hindi Mormon?"

Pangulong Hinckley: "May pagmamahal at paggalang. Marami akong kaibigang hindi Mormon. Iginagalang ko sila. Napakalaki ng paghanga ko sa kanila."

Mr. Wallace: "Kahit hindi pa nila natatagpuan ang liwanag?"

Pangulong Hinckley: "Oo. Sa sinumang hindi kasapi ng Simbahang ito, sinasabi ko na kinikilala namin ang lahat ng kabanalan at kabutihan ninyo. Dalhin ninyo ito at tingnan kung madaragdagan pa namin ito."[4]

Nang matapos ang interbyu, magkaibigan na sina Pangulong Hinckley at Mike Wallace. Inilarawan ni Mr. Wallace si Pangulong Hinckley na isang "pinunong magiliw at maalalahanin at disente at may magandang pananaw" na "lubos na nararapat sa paghanga sa kanya ng halos buong mundo."[5]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Kapag isinasaisip natin na lahat ng tao ay anak ng Diyos, mas nagagawa nating pasiglahin at tulungan ang iba.

Huwag nating kalimutan kailanman na tayo ay nabubuhay sa isang mundong puno ng maraming pagkakaiba-iba. Ang lahat ng mga tao sa mundo ay mga anak ng ating Ama at marami at iba't iba ang kanilang mga paniniwala sa relihiyon. Kailangan tayong matutong magparaya at magpahalaga at gumalang sa isa't isa.[6]

Hindi kailangang magkaroon ng alitan sa anumang lupain sa pagitan ng anumang iba't ibang grupo. Hayaang maituro sa tahanan ng mga tao na lahat tayo ay mga anak ng Diyos, na ating Amang Walang Hanggan, at yamang mayroong ama, maaari at kailangan tayong magturingan na magkakapatid.[7]

Kung lagi nating isasaisip ang ating banal na pinagmulan, na totoong Ama natin ang Diyos at magkakapatid ang mga tao, magiging mas maunawain, mas mabait, mas magsisikap tayo na pasiglahin at tulungan at suportahan ang mga nasa paligid natin. Mas malamang na hindi tayo gumawa ng mga bagay na hindi karapat-dapat. Tayo ay mga anak ng Diyos at mahal natin Siya. Kumilos tayo nang mas naaayon dito.[8]

2

## Dapat tayong magpakita ng paggalang, pagpapahalaga, at kabaitan sa mga taong iba ang relihiyon.

"Inaangkin namin ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos alinsunod sa mga atas ng aming sariling budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayon ding karapatan, hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:11).

Napakahalaga niyan—na bagama't naniniwala tayo sa pagsamba sa Diyos alinsunod sa ating doktrina, hindi tayo nagyayabang o nagmamagaling o nagmamalaki kundi binibigyan natin ang iba ng pribilehiyong sumamba alinsunod sa kanilang kagustuhan. Karamihan ng problema sa mundo ay nagmumula sa alitan ng mga relihiyon. Natutuwa akong sabihin na maaari kong kausapin ang mga kaibigan kong Katoliko, na maaari kong kausapin ang mga kaibigan kong Protestante. Ipagtatanggol ko sila, tulad ng nagawa at patuloy na gagawin ng Simbahang ito, sa pagtatanggol sa kanila sa mundong ito.[9]

"Nakikiusap ako sa ating mga tao sa lahat ng dako na mamuhay nang may paggalang at pagpapahalaga sa mga hindi natin kasapi. Napakalaki ng pangangailangang igalang at respetuhin ng mga taong magkakaiba ang mga paniniwala at pilosopiya ang isa't isa. Hindi tayo dapat pumanig sa anumang doktrina ng nangingibabaw na lipi. Nabubuhay tayo sa mundong puno ng pagkakaiba-iba.

Maaari at kailangan nating igalang ang mga tao na ang mga turo ay maaaring hindi natin sinasang-ayunan. Kailangang handa tayong ipagtanggol ang mga karapatan ng iba na maaaring maging biktima ng diskriminasyon.

Gusto kong pansinin ninyo ang matitinding salitang binitawan ni Joseph Smith noong 1843:

"Kung naipamalas na na handa akong mamatay para sa isang 'Mormon,' matapang kong ipinahahayag sa harap ng Langit na handa rin akong mamatay sa pagtatanggol sa mga karapatan ng isang Presbyterian, Baptist, o isang mabuting tao ng ibang relihiyon; sapagkat ang mga [prinsipyong] yuyurak sa mga karapatan ng mga Banal sa mga Huling Araw ay yuyurak sa mga karapatan ng mga Romano Katoliko, o ng iba pang relihiyon" (*History of the Church,* 5:498).[10]

Makisama tayo kahit sa hindi natin kasapi. Huwag nating isipin na mas banal tayo kaysa iba. Huwag tayong maging mapagmagaling. Maging mapagbigay at bukas-palad at maging mabait tayo sa iba. Mapapanatili natin ang ating paniniwala. Makapamumuhay tayo ayon sa ating relihiyon. Mapapahalagahan natin ang ating pamamaraan ng pagsamba nang hindi nakasasakit sa iba. Sasamantalahin ko ang pagkakataong ito na hilingin na nawa'y matuto tayong magparaya at makipagkapwa-tao, maging mabait at mapagmahal sa mga hindi natin kasapi.[11]

Huwag tayong makipagtalo kapag pinag-uusapan ang mga pagkakaiba natin sa doktrina. Walang puwang ang kabagsikan. Ngunit hindi natin maaaring isuko o ipagpalit ang kaalamang iyan na dumating sa atin sa pamamagitan ng paghahayag at ang tuwirang pagkakaloob ng mga susi at awtoridad sa ilalim ng mga kamay ng mga taong mayhawak nito noong unang panahon. Huwag nating kalimutan kailanman na ito ay pagpapanumbalik ng pinasimulan at itinatag noon ng Tagapagligtas ng mundo. . . .

Maigagalang natin ang ibang mga relihiyon, at dapat nating gawin iyon. Kilalanin natin ang malaking kabutihang ginagawa nila. Ituro natin sa ating mga anak na maging mapagparaya at mabait sa mga hindi natin kasapi.[12]

Hindi natin tinatangkang siraan ang ibang mga simbahan. Hindi natin tinatangkang saktan ang ibang mga simbahan. Hindi tayo

nakikipagtalo sa ibang mga simbahan. Hindi tayo nakikipagdebate sa ibang mga simbahan. Sinasabi lang natin sa mga taong maaaring iba ang relihiyon o walang relihiyon, "Dalhin ninyo ang katotohanang alam ninyo at tingnan kung madaragdagan namin ito."[13]

3

**Maaari tayong makipagtulungan sa iba sa mabubuting layunin nang hindi kinukompromiso ang ating doktrina.**

Maaari tayong makipagtulungan sa mga miyembro ng ibang relihiyon sa iba't ibang proyekto sa patuloy na paglaban sa mga kasamaan ng lipunan na nagbabanta sa mga bagay na napakahalaga sa ating lahat. Ang mga taong ito ay hindi miyembro ng Simbahan natin, ngunit sila ay ating mga kaibigan, kapitbahay, at katrabaho sa iba't ibang mithiin. Nalulugod tayong idagdag ang ating lakas sa kanilang mga pagsisikap.

Ngunit sa paggawa ng lahat ng ito ay hindi natin ikinukompromiso ang ating doktrina. Hindi kailangan at hindi natin dapat gawin iyon. Ngunit naroon ang mabuting pagsasamahan habang magkakasama tayo sa paggawa.[14]

Huwag nating kalimutan na naniniwala tayo sa pagiging mapagkawanggawa at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao. Naniniwala ako na matuturuan natin nang sapat at epektibo ang ating mga anak upang hindi tayo mangamba na mawawala ang kanilang pananampalataya sa pakikipagkaibigan at pagmamalasakit nila sa mga taong hindi naniniwala sa doktrina ng Simbahang ito. . . . Makilahok tayo sa mabubuting mithiin ng komunidad. Maaaring may mga sitwasyon kung saan, pagdating sa mabibigat na problema sa moralidad, hindi natin dapat ikompromiso ang ating pamantayan. Ngunit sa gayong mga sitwasyon maaari tayong magalang na hindi sumang-ayon nang hindi nakikipagtalo. Maaari nating kilalanin ang katapatan ng mga taong hindi natin matanggap ang opinyon. Maaari nating pag-usapan ang mga prinsipyo sa halip na ang mga tao.

Sa mga mithiing nagpapaganda sa kapaligiran ng komunidad, at ipinlano para mapagpala ang lahat ng mamamayan nito, makibahagi tayo at tumulong. . . .

. . . Ituro sa mga taong responsibilidad ninyo ang kahalagahan ng pagiging mabuting mamamayan. Hikayatin silang makibahagi, na



*"Ang ating kabaitan ang higit na makahihikayat para sa mga bagay na ating pinaniniwalaan."*

inaalala sa mga pampublikong talakayan na ang banayad na tinig ng makabuluhang pangangatwiran ay mas nakahihikayat kaysa maingay at pasigaw na pagpoprotesta. Sa pagtanggap sa gayong mga responsibilidad ay mapagpapala ng ating mga tao ang kanilang komunidad, ang kanilang pamilya, at ang Simbahan.[15]

Hindi tayo dapat sumuko sa mga puwersa ng kasamaan. Makakaya at kailangan nating panatilihin ang mga pamantayang pinaninindigan ng Simbahan mula noong itatag ito. May mas mainam na paraan kaysa sa paraan ng daigdig. Kung mangahulugan ito ng paninindigan nang mag-isa, kailangan nating gawin ito.

Ngunit hindi tayo mag-iisa. Tiwala ako na milyun-milyong tao sa buong mundo ang nalulungkot sa kasamaang nakikita nila sa paligid. Mahal nila ang marangal, mabuti, at nakasisigla. Iparirinig din nila ang kanilang tinig at ibabahagi ang kanilang lakas sa ikaliligtas ng mga pinahahalagahang iyon na marapat panatilihin at linangin.[16]

Manalangin tayo para sa mga puwersa ng kabutihan. Tulungan natin ang mabubuting kalalakihan at kababaihan anuman ang kanilang paniniwala at saanman sila naroon. Maging matatag tayo laban

sa kasamaan, sa sariling bansa man at sa ibang bansa. . . . Maaari tayong maging mabuting impluwensya sa mundo.[17]

4

**Kapag pinakitunguhan natin ang iba nang may pagmamahal, paggalang, at kabaitan, ipinapakita natin na tayo ay tunay na mga disipulo ni Jesucristo.**

Kapag isinakatuparan natin ang ating kakaibang misyon, sinusunod natin ang utos na ibinigay sa atin ng nagbangong Panginoon, na nangusap sa huling dispensasyong ito. Ito ang Kanyang natatangi at kahanga-hangang layunin. Nagpapatotoo at sumasaksi tayo tungkol sa Kanya. Ngunit hindi natin ito kailangang gawin nang may kayabangan o pagmamagaling.

Tulad ng sabi ni Pedro, tayo ay "isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios." Bakit? Upang ating "ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa [atin] mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan" (I Ni Pedro 2:9). . . .

. . . Maging tunay tayong mga disipulo ni Cristo, na sumusunod sa Ginintuang Aral, na ginagawa sa iba ang gusto nating gawin nila sa atin. Palakasin natin ang ating sariling pananampalataya at ang pananampalataya ng ating mga anak habang minamahal ang mga taong hindi natin kasapi. Madadaig ng pagmamahal at paggalang ang lahat ng elemento ng pagkapoot. Ang ating kabaitan ang higit na makahihikayat para sa mga bagay na ating pinaniniwalaan.[18]

Iminumungkahi ko na maging matulungin tayo sa mga taong hindi natin kasapi, na hikayatin sila, na ilapit sila nang may pagmamahal at kabaitan sa mga kasamahang maaaring maglantad sa kanila sa magagandang programa ng Simbahan.

Naisip ko ang tula ni Edwin Markham:

*Ang grupo niya'y ayaw akong tanggapin—*
*Ako raw ay rebelde, 'di dapat pansinin.*
*Ngunit nang manaig ang Pag-ibig sa tao:*
*Siya ay aming tinanggap sa grupo!*[19]

Hindi natin dapat ipagyabang [ang ating relihiyon] o isiping mas magaling tayo sa iba. Salungat iyan sa Espiritu ni Cristo na sinisikap

nating tularan. Naipahahayag ang Espiritung iyon sa puso at kaluluwa, sa tahimik at mapagpakumbabang paraan ng ating pamumuhay.

Lahat tayo ay nakakita na ng mga taong halos kainggitan natin dahil nagkaroon sila ng ugaling, di man sabihin ay halimbawa ng kagandahan ng ebanghelyong iniuugnay nila sa kanilang pag-uugali.

Mas mahihinaan natin ang ating boses. Magagantihan ng kabutihan ang kumakalaban sa atin. Makangingiti kahit mas madali ang magalit. Makapagpipigil at makapagdidisiplina ng sarili at hindi papansinin ang pangungutya sa atin.[20]

Nauunawaan ba natin talaga ang malaking kahalagahan ng nasa atin? Ito ang bunga ng mga henerasyon ng tao, ang huling kabanata sa buong palabas ng buhay ng tao.

Pero hindi ibig sabihin na nakahihigit tayo kaysa iba. Sa halip, dapat tayong magpakumbaba. Dahil dito'y tungkulin nating tumulong sa iba nang may malasakit at nang may Espiritu ng Panginoon, na nagturong, "Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Mateo 19:19). Dapat nating alisin ang pagmamagaling at kalimutan ang pansariling kapakanan. . . .

Tayo, sa henerasyong ito, ang bunga ng lahat ng nangauna sa atin. Hindi sapat ang makilala bilang miyembro ng Simbahang ito. Banal ang ating tungkulin. Harapin natin ito at gawin.

Mamuhay tayo bilang tunay na mga tagasunod ni Cristo, na nagmamahal sa lahat, na gumaganti ng kabutihan sa masama, na itinuturo sa pamamagitan ng halimbawa ang mga paraan ng Panginoon, at isinasakatuparan ang malawak na paglilingkod na iniatas Niya sa atin.[21]

*Mula sa panalangin sa paglalaan para sa Conference Center sa Salt Lake City, Utah:* Nawa'y maging magiliw at mapagmahal kaming mga miyembro ng Inyong Simbahan. Nawa'y masunod namin ang mga pamantayan at gawi na siyang nagpapakilala sa amin at maibigay namin sa iba ang karapatang sambahin kung sino, "kung saan, o kung anuman ang ibig nila" [Mga Saligan ng Pananampalataya 1:11]. Tulungan po Ninyo kaming maging mabubuting kapitbahay at maging matulungin sa lahat. Nawa'y maitaas namin ang mga kamay at mapalakas ang mga tuhod na nanghihina ng sinumang namimighati [tingnan sa D at T 81:5]. Nawa'y mamuhay kaming

lahat nang sama-sama sa kapayapaan nang may pasasalamat at paggalang sa isa't isa.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sa ating mga pakikipag-ugnayan sa iba, bakit makatutulong ang isaisip na lahat tayo ay mga anak ng Diyos? (Tingnan sa bahagi 1.) Paano tayo magkakaroon ng mas malaking pagpapahalaga at paggalang sa iba? Paano maituturo ng matatanda sa mga bata na pahalagahan at igalang ang iba?
- Pag-aralan muli ang payo ni Pangulong Hinckley tungkol sa ating mga pakikipag-ugnayan sa mga taong hindi natin kasapi (tingnan sa bahagi 2). Paano natin malalaman kung nagyayabang o nagmamagaling tayo sa mga pakikipag-ugnayang ito? Paano natin higit na kakaibiganin at mamahalin ang mga taong iba ang mga pinaniniwalaan?
- Bakit mahalagang makipagtulungan ang mga miyembro ng Simbahan sa ibang mga tao sa mabubuting layunin? (Tingnan sa bahagi 3.) Ano ang ilang halimbawa ng gayong mga pagsisikap? Paano tayo magiging mas malaking impluwensya sa kabutihan sa ating komunidad?
- Ano ang matututuhan natin tungkol sa pagiging disipulo mula sa mga turo ni Pangulong Hinckley sa bahagi 4? Paano ninyo nakita na nadaig ng pagmamahal at paggalang ang pagkapoot? Bakit ang pag-uugali natin sa iba "ang higit na makahihikayat para sa mga bagay na ating pinaniniwalaan"? Isipin ang mga partikular na paraan na makatutulong kayo sa iba.

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*

Mateo 7:12; Lucas 9:49–50; Juan 13:34–35; I Ni Juan 4:7–8; D at T 1:30; 123:12–14; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13

*Tulong sa Pag-aaral*

"Sa nadarama mong galak na dulot ng pagkaunawa sa ebanghelyo, gugustuhin mong ipamuhay ang natututuhan mo. Sikaping mamuhay ayon sa iyong natutuhan. Sa paggawa nito, mapapalakas ang iyong pananampalataya, kaalaman, at patotoo" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 21).

## *Mga Tala*


1. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 663-64.
2. Sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 537–38.
3. "Remember . . . Thy Church, O Lord," *Ensign,* Mayo 1996, 83.
4. "This Thing Was Not Done in a Corner," *Ensign,* Nob. 1996, 51.
5. Mike Wallace, sa Gordon B. Hinckley, *Standing for Something: Ten Neglected Virtues That Will Heal Our Hearts and Homes* (2000), viii.
6. "The Work Moves Forward," *Ensign,* Mayo 1999, 5.
7. "Four Simple Things to Help Our Families and Our Nations," *Ensign,* Set. 1996, 7.
8. "Messages of Inspiration from President Hinckley," *Church News,* Okt. 5, 1996, 2.
9. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 417.
10. "This Is the Work of the Master," *Ensign,* Mayo 1995, 71; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 404.
11. "Remarks at Pioneer Day Commemoration Concert," *Ensign,* Okt. 2001, 70.
12. "We Bear Witness of Him," *Ensign,* Mayo 1998, 4.
13. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2,* 350.
14. "We Bear Witness of Him," 4–5.
15. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 131.
16. Pagiging Matatag at Di Natitinag, *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Ene. 10, 2004, 20.
17. "Sa Panahon Natin Ngayon," *Liahona,* Ene. 2002, 74.
18. "We Bear Witness of Him," 5.
19. "Four B's for Boys," *Ensign,* Nob. 1981, 41; sinipi mula sa Edwin Markham, "Outwitted," sa *The Best Loved Poems of the American People,* pinili ni Hazel Felleman (1936), 67.
20. "Bawat Isa'y Maging Mas Mabuting Tao," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2002, 100.
21. "Sa Pagsikat ng Umagang Maningning," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2004, 83–84.
22. Panalangin sa paglalaan para sa Conference Center, sa "This Great Millennial Year," *Ensign,* Nob. 2000, 71.



*"Iparating natin sa mga tao ang ebanghelyo sa pamamagitan ng gawaing misyonero, tinuturuan ang lahat ng makikinig hinggil sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo."*

# Ang Himala ng Gawaing Misyonero sa mga Huling Araw

*"Inaanyayahan ko kayong maging malaking hukbo na masigasig sa gawaing ito at magkaroon ng malaking hangaring tulungan ang mga missionary sa napakalaking responsibilidad nila."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Noong binatilyo si Gordon B. Hinckley, isa siyang tapat na mayhawak ng priesthood, ngunit hindi niya inasahang matawag na maglingkod sa full-time mission. "Panahon iyon ng pinakamalalang pagbagsak ng ekonomiya sa kasaysayan ng mundo," paliwanag niya kalaunan. "Mga 35 porsiyento ng mga mamamayan sa [Salt Lake City] ang walang trabaho, at karamihan sa mga walang trabaho ay mga asawang lalaki at ama, dahil iilan lang ang kababaihang nagtatrabaho noon. Kakaunti ang mga missionary na nagmimisyon noong panahong iyon. . . . Natanggap ko ang aking bachelor's degree at ipinlano kong mag-aral kahit paano sa graduate school. Pagkatapos ay dumating ang bishop na may tila nakabibiglang mungkahi para sa akin. Iminungkahi niya na magmisyon ako."[1]

Tinanggap ni Gordon ang "nakabibiglang mungkahi" ng kanyang bishop, at noong 1933 ay tinawag siyang maglingkod sa England—isa sa 525 missionary lamang na tinawag sa taon na iyon.[2] Dumanas siya ng maraming pagsubok sa kanyang misyon, ngunit ang kanyang paglilingkod ang nagpatibay sa kanyang pananampalataya:

"Ang gawain sa misyon ay hindi madali. Ito ay mahirap at nakapanghihina ng loob. Ngunit napakagandang karanasan nito. Nang maalaala ko ito, natanto ko na marahil ay isa akong makasariling binatilyo noong dumating ako sa Britain. Naging malaking pagpapala

sa akin ang isantabi ang makasarili kong mga hangarin para sa mas dakilang mga hangarin ng gawain ng Panginoon. . . .

"Lubos akong nagpapasalamat para sa karanasang iyon sa misyon. Naantig ko ang buhay ng ilan na sa paglipas ng mga taon ay nagpasalamat. Naging mahalaga iyon. Ngunit hindi ko ipinag-alala kailanman kung ilan ang nabinyagan ko o ng iba pang mga missionary. Ang kasiyahang nadama ko ay nagmula sa katiyakan na nagawa ko ang nais ipagawa sa akin ng Panginoon at na ako ay naging kasangkapan sa Kanyang mga kamay para isakatuparan ang Kanyang mga layunin. Sa karanasang iyan, natimo sa pagkatao ko ang malalim na pananalig at kaalaman na ito talaga ang totoo at buhay na gawain ng Diyos, na ipinanumbalik sa pamamagitan ng isang propeta para sa pagpapala ng lahat ng tatanggap nito at mamumuhay ayon sa mga alituntunin nito."[3]

Ang misyon ni Pangulong Hinckley ang naging simula ng kanyang habambuhay na katapatan sa gawain ng Panginoon. Sa kanyang paglilingkod bilang Pangulo ng Simbahan, naglakbay siya nang mahigit isang milyong milya (1.6 milyong kilometro) sa mahigit 70 bansa upang magpatotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo.[4]

Madalas manawagan si Pangulong Hinckley sa mga miyembro ng Simbahan na makiisa sa kanya sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Mahigit 400,000 full-time missionary ang tumugon sa panawagang iyon noong siya ang Pangulo. Sa tulong ng kanilang paglilingkod at ng mga member missionary, mahigit 3,500,000 convert ang nabinyagan noong panahong iyon.[5]

Laging maganda ang pananaw sa buhay, ibinahagi ni Pangulong Hinckley ang malawak na pananaw kung paano patuloy na uunlad ang gawain ng Panginoon:

"Kung susulong tayo, nang hindi kailanman nalilimutan ang ating mithiin, hindi nagsasalita ng masama tungkol sa sinuman, sinusunod ang mabubuting alituntunin na alam nating totoo, ang mithiing ito ay patuloy na susulong nang may pagkamaharlika at kapangyarihan upang punuin ang mundo. Ang mga pintuang nakapinid ngayon sa pangangaral ng ebanghelyo ay mabubuksan."[6]

"Malaki ang ating pag-asa at matatag ang ating pananampalataya sa hinaharap. Alam nating bababahagya pa lang ang nakita natin sa mga mangyayari sa darating na mga taon. . . . Mabigat ang ating pasanin sa patuloy na pagsulong. Ngunit maluwalhati ang bigay sa ating pagkakataon."[7]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Iparating natin sa mga tao ang ebanghelyo sa pamamagitan ng gawaing misyonero, tinuturuan ang lahat ng makikinig.

Inutusan tayo ng Diyos na dalhin ang ebanghelyo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao. Responsibilidad nating magturo at magbinyag sa pangalan ng Panginoong Jesucristo. Sinabi ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas, "Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal" [Marcos 16:15]. Abala tayo sa isang dakila at matinding krusada para sa katotohanan at kabutihan.[8]

Bago itinatag ang Simbahan, mayroon nang gawaing misyonero. Nagpatuloy ito simula noon, sa kabila ng maraming panahon ng paghihirap na pinagdaanan ng ating mga tao. Ipasiya nating lahat, sa ating kalooban, nang buong katatagan na bumangon sa isang bagong oportunidad, isang bagong pagkaunawa sa responsibilidad, isang bagong pagpapasan ng obligasyon na tulungan ang ating Ama sa Langit sa Kanyang maluwalhating gawaing isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng Kanyang mga anak sa buong mundo.[9]

Sikapin natin na iparating bilang mga Banal sa Huling Araw ang ating mensahe sa mga hindi natin kapanalig. Kailanma'y huwag tayong kumilos nang may pagmamayabang o isiping higit tayong banal kaysa sa ibang tao. Sa halip, nawa'y magpakita tayo ng pagmamahal at paggalang at pagtulong sa kanila. Marami ang hindi nakauunawa sa atin, at nangangamba ako na ito'y dahil sa kagagawan natin. Maaari tayong maging higit na mapagparaya, higit na mabuting kapitbahay, higit na palakaibigan, higit na maging isang halimbawa kaysa noon. Turuan natin ang ating mga anak na tratuhin ang iba nang may [kabaitan], paggalang, pagmamahal, at [pagpapahalaga].

Higit na magbubunga iyan ng maganda kaysa sa asal na pagiging makasarili at mapagmataas. . . .

Iparating natin ang ating mensahe sa lahat ng tao sa pamamagitan ng [ating] gawaing misyonero, [na] tinuturuan ang lahat ng makikinig hinggil sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo, [nagsasalita] nang walang takot ngunit wala ring [pagmamagaling], hinggil sa Unang Pangitain, nagpapatotoo hinggil sa Aklat ni Mormon, at sa pagpapanumbalik ng [priesthood]. Lumuhod tayo at manalangin, mga kapatid ko, para sa pagkakataon na maakay ang iba sa kagalakang dulot ng ebanghelyo.[10]

Ito'y isang kahanga-hanga at kamangha-manghang bagay, na libu-libo ang naaantig ng himala ng Banal na Espiritu, na sila'y naniniwala at tumanggap at naging miyembro. Nabinyagan sila. Naimpluwensiyahan magpasawalang-hanggan ang kanilang buhay sa kabutihan. Nagaganap ang mga himala. Dumarating sa kanilang mga puso ang binhi ng pananampalataya. Lumalaki ito habang sila'y natututo. At tumatanggap sila ng alituntunin tungo sa isa pang alituntunin, hanggang sa matanggap nila ang bawat isa sa mga kamangha-manghang pagpapala na dumarating sa mga lumalakad sa pananampalataya sa simbahang ito, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.[11]

2

## Tulungan natin ang mga full-time missionary na ilapit ang iba sa kaalaman ng katotohanan.

Nakilala ko ang isang babae sa South America na kasasapi pa lang sa Simbahan. Dahil naantig ng matinding pagmamahal sa kanyang natagpuan, masigasig niya itong ibinahagi sa iba. Sa loob lamang ng pitong buwan mula nang mabinyagan siya, nakapagbigay siya ng tatlong daang pangalan ng mga kakilala niya sa mga missionary upang maipaliwanag nila ang ebanghelyo sa mga ito. Sa isang pagkakataon, animnapu ang naging miyembro ng Simbahan. Malamang na may mga iba pang nabinyagan. Sa São Paulo, Brazil, nakilala ko ang binatang missionary na unang nagturo sa kanya ng ebanghelyo. Siya man ay naging convert, nagmisyon upang katawanin ang Simbahan kahit kinailangan niyang gumastos nang malaki. Ang babaeng binabanggit ko ay isa sa apatnapu't tatlo na natulungan niyang madala sa Simbahan



*"Naglipana ang mga pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo."*

noon. Napalawak ng binatang taga-Brazil na ito mismo ang kanyang sarili nang mahigit isandaang beses—apatnapu't tatlo ang naturuan at nabinyagan niya at animnapu sa pamamagitan ng isa sa mga nabinyagan niya, at marami pa mula sa iba pa niyang mga convert.[12]

Ang tingin ng marami sa atin sa gawaing misyonero ay simpleng pagbabahay-bahay lang. Alam ng lahat ng pamilyar sa gawaing ito na may mas mainam na paraan. Ang paraang iyon ay sa pamamagitan ng mga miyembro ng Simbahan. Tuwing may ipinapakilalang investigator ang isang miyembro, may agarang sumusuporta sa investigator na iyon. Nagpapatotoo ang miyembro sa katotohanan ng gawain. Sabik siyang lumigaya ang buhay ng kaibigan niyang investigator. Natutuwa siya kapag umuunlad ang kaibigan niya sa pag-aaral ng ebanghelyo.

Maaaring aktuwal na magturo ang mga full-time missionary, ngunit ang miyembro, hangga't maaari, ang susuporta sa pagtuturong iyan sa pagpapagamit ng bahay niya upang doon ituloy ang pagtuturong ito ng mga missionary. Taos niyang patototohanan ang kabanalan ng gawain. Dadalo siya para sagutin ang mga tanong kapag wala ang mga missionary. Magiging kaibigan siya ng convert na nagdaraan sa malaki at kadalasa'y mahirap na pagbabago.

Hindi dapat ikahiya ang ebanghelyo. Ito ay isang bagay na dapat ipagmalaki. "Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon," pagsulat ni Pablo kay Timoteo (II Kay Timoteo 1:8). Naglipana ang mga pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo. . . .

Hindi lamang mga missionary ang may responsibilidad na magdala ng mga bagong tao sa Simbahan. Higit silang nagtatagumpay kapag mga miyembro ang nagdadala ng mga bagong investigator. . . .

Hayaang magkaroon ng kamalayan sa puso ng bawat miyembro tungkol sa sarili niyang potensyal na ipaalam sa iba ang katotohanan. Hayaan siyang pagsumikapan ito. Hayaan siyang ipagdasal ito nang buong kasigasigan. . . .

. . . Mga kapatid, maaari nating hayaan ang mga missionary na sikaping gawin itong mag-isa, o maaari natin silang tulungan. Kung gagawin nila itong mag-isa, kakatok sila sa mga pintuan araw-araw at hindi sila gaanong magtatagumpay. O bilang mga miyembro matutulungan natin silang maghanap at magturo sa mga investigator. . . .

Hayaang magkaroon ng kamalayan sa bawat stake tungkol sa pagkakataong maghanap ng mga taong makikinig sa mensahe ng ebanghelyo. Sa paggawa nito ay hindi natin kailangang manakit ng damdamin. Hindi natin kailangang magyabang. Ang pinakaepektibong kasangkapang magagamit natin ay ang kabutihan ng sarili nating buhay at halimbawa. At kapag nakibahagi tayo sa paglilingkod na ito, bubuti ang ating buhay, sapagkat magiging maingat tayong huwag gumawa o magsalita ng anumang bagay na maaaring humadlang sa pagsulong ng mga tao na sinisikap nating akayin sa katotohanan. . . .

Kailangang mag-ibayo ang kasigasigan sa bawat lebel sa Simbahan. Hayaang mapag-usapan paminsan-minsan ang paksang ito [tungkol sa gawaing misyonero] sa sacrament meeting. Hayaang matalakay ito ng priesthood at Relief Society sa kanilang mga lingguhang miting. Hayaang pag-usapan ng Young Men at Young Women ang tungkol dito at magplano sila ng mga paraan para makatulong sa napakahalagang gawaing ito. Hayaang mag-isip ng mga paraan maging ang mga batang Primary para makatulong. Maraming magulang ang naging miyembro ng Simbahan dahil sa isang batang inanyayahan sa Primary. . . .

Mga kapatid, lahat kayo na nasa mga ward at stake at sa mga district at branch, inaanyayahan ko kayong maging malaking hukbo na masigasig sa gawaing ito at magkaroon ng malaking hangaring tulungan ang mga missionary sa napakalaking responsibilidad nila na dalhin ang ebanghelyo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao. "Masdan ang bukid ay puti na upang anihin (D at T 4:4). Paulit-ulit na itong ipinahayag ng Panginoon. Hindi ba tayo magtitiwala sa Kanyang salita?[13]

Para sa mga [missionary] . . . nakikiisa ako sa pagsamo ng mga Banal na gawin ninyo ang lahat ng kaya ninyo upang mabigyan sila ng pangalan [ng mga tao] na tuturuan. Matutuwa kayo kapag nagawa ninyo ito. Lahat ng makita ninyong sumasapi sa Simbahan dahil sa inyong pagsisikap ay magpapaligaya sa inyong buhay. Pangako ko iyan sa inyong lahat.[14]

3

## Ang gawain ng full-time missionary ay naghahatid ng walang-hanggang kaligayahan sa mga naglilingkod.

Dapat nating taasan ang pamantayan sa pagiging marapat at mga katangiang kailangan ng mga maglilingkod sa buong mundo bilang mga kinatawan ng Panginoong Jesucristo.[15]

Kailangan ngayon ng mundo ang kapangyarihan ng dalisay na patotoo. Kailangan nito ang ebanghelyo ni Jesucristo, at kung nais nating mapakinggan ng mundo ang ebanghelyong iyon, kailangang magkaroon ng mga sugo na magtuturo nito.

Hinihiling namin sa mga magulang na simulan nang turuan nang maaga ang kanilang mga anak [para sa paglilingkod sa misyon]. Kapag may panalangin ng pamilya, kapag may mga family home evening, kapag ang pamilya ay nagbabasa ng mga banal na kasulatan, at ang ama at ina ay aktibo sa Simbahan at masigasig na nagkukuwento tungkol sa Simbahan at ebanghelyo, ang mga bata sa gayong mga tahanan ay likas na makadarama ng hangaring ituro ang ebanghelyo sa iba. Karaniwang naroon sa gayong tahanan ang tradisyon ng gawaing misyonero. Nag-iimpok sila ng pera habang maliliit pa ang mga anak. Ang mga anak na lalaki ay lumalaki na umaasam na tatawagin sila na maglingkod bilang mga missionary para sa Simbahan. Ang pagmimisyon tulad sa pag-aaral ay nagiging isang malaking bahagi ng plano sa buhay ng isang batang lalaki.[16]

Totoo na ang gawaing misyonero ay isang responsibilidad ng priesthood. Dahil dito, kailangang pasanin ng ating mga kabataang lalaki ang malaking responsibilidad na ito. Ito ay kanilang responsibilidad at kanilang obligasyon.[17]

Mga kabataang [lalaki], umaasa ako na lahat kayo ay nagpaplano at naghahandang magmisyon. Hindi ko maipapangako sa inyo na magiging masaya ito. Hindi ko maipapangako sa inyo na madali at maginhawa ito. Hindi ko maipapangako sa inyo na hindi kayo panghihinaan ng loob, matatakot, at malulungkot nang husto kung minsan. Ngunit maipapangako ko sa inyo na uunlad kayo sa paraang hindi pa kailanman nangyari sa ganitong panahon sa buong buhay ninyo. Maipapangako ko sa inyo ang isang kaligayahang kakaiba at kahanga-hanga at walang-kupas. Maipapangako ko sa inyo na muli ninyong susuriin ang inyong buhay, na magtatakda kayo ng mga bagong prayoridad, na mas mapapalapit kayo sa Panginoon, na ang pagdarasal ay magiging tunay at kasiya-siyang karanasan, na mabubuhay kayo nang may pananampalataya sa mga bunga ng inyong mabubuting gawa.[18]

Kailangan natin ng ilang dalaga [na magmimisyon]. Kamangha-mangha ang nagagawa nila. Napapasok nila ang mga tahanang hindi mapasok ng mga elder. . . .

[Gayunman], hindi . . . dapat madama [ng mga dalaga] na may tungkulin silang katumbas ng sa mga binata. Subalit nanaising magmisyon ng ilan. Kung magkagayon, dapat silang sumangguni sa kanilang bishop gayundin sa kanilang mga magulang. . . . Sa kababaihan sinasabi ko na igagalang kayo nang husto, pahahalagahan ang inyong mga nagawa, ang inyong mga pagsisikap ay magiging katanggap-tanggap sa Panginoon at sa Simbahan magmisyon man kayo o hindi.[19]

Kasabay ng pangangailangan sa mga binata at dalagang missionary, lumalaki ang pangangailangan sa mga mag-asawa sa misyon. Kahanga-hanga ang nagagawa sa misyon ng mas matatandang mag-asawa. Marami pang kailangan. Kailangan namin lalo na yaong mga nakapagsasalita ng wikang dayuhan. Makapaglilingkod sila sa maraming responsibilidad sa ilalim ng pamamahala ng mabait at maunawaing mga mission president.



*"Kailangan ng mundo ngayon . . . ang ebanghelyo ni Jesucristo, at kung nais nating mapakinggan ng mundo ang ebanghelyong iyon, kailangang magkaroon ng mga sugo na magtuturo nito."*

Sa lumalaking bilang ng mga taong nagreretiro na malulusog at malalakas pa rin, maraming makapupuno sa malaking pangangailangang ito sa gawain ng Panginoon.[20]

[May] mga retiradong kalalakihan at kababaihan tayo na naglilingkod nang makabuluhan bilang missionary para sa Simbahang ito sa iba't ibang dako ng mundo. Dumarami ang bilang nila. Humahayo sila saanman sila tawagin. Naglilingkod sila saanman sila kailanganin. Nabubuo ang mga pagkakaibigan; naibabahagi ang mga kasanayan; nabubuksan ang mga pagkakataon sa mga taong hindi kailanman malilimutan ang kalalakihan at kababaihang dumating sa kanila upang magturo at gumawa ng mabuti nang walang kasakiman. Hindi sila binabayaran. Nagmisyon sila sa sarili nilang gastos. Walang hanggan ang kanilang katapatan. Ang mga bunga ng kanilang mga pagsisikap ay hindi masusukat.[21]

4

### Kapag itinuro natin ang ebanghelyo sa iba, ang Espiritu ng Panginoon ay tutulong para maunawaan natin ang ating mga pagkakaiba-iba.

Dahil pareho ang ating mga magulang [bilang mga anak ng Diyos], tumutugon tayo sa iisang katotohanan. Ang katotohanan na maaaring maiba nang kaunti ang kulay ng balat ng isang tao, na maiba nang kaunti ang lalim ng kanyang mga mata, na maiba ang klase ng damit na suot niya sa anumang paraan ay hindi nangangahulugan na ibang klaseng tao siya. Ang kalalakihan at kababaihan sa buong mundo ay halos iisa ang reaksyon sa iisang bagay. Naghahanap sila ng init kapag giniginaw sila; pareho ang mga sakit na nararamdaman nila; nakadarama sila ng kalungkutan, at ng kagalakan. . . .

Kapag ang mga pagkakaiba—sa ating kapwa man o sa ibang mga kultura—ay tila mga hadlang sa hangarin nating ibahagi ang ebanghelyo, karaniwan ay nawawala ang mga hadlang na ito sa tahimik na paggalang. Kapag sinunod natin ang utos ng Panginoon na ipaalam sa iba ang ebanghelyo, pinatototohanan ko na tumutulong ang Espiritu ng Panginoon na madaig ang mga pagkakaiba sa pagitan ng taong nagtuturo at ng taong tinuturuan. Nilinaw ng Panginoon ang dapat gawin nang sabihin niyang, "Dahil dito, siya na nangangaral [sa pamamagitan ng Espiritu] at siya na nakatatanggap [sa pamamagitan ng Espiritu], ay nauunawaan ang isa't isa, at sila ay kapwa pinagtitibay at magkasamang magsasaya." (D at T 50:22.)

Nasisiyahan ako na ang pinaka-epektibong kasangkapan natin sa ating tungkuling ibahagi ang ebanghelyo ay ang Espiritu ng Panginoon. Nakita nating lahat ito sa iba. Nang gawin natin ang gawain ng Panginoon, nadama rin natin ito sa ating sarili. Sa gayong mga pagkakataon, ang mga pisikal na pagkakaiba sa pagitan natin at ng mga tinuturuan natin ay tila nalalaglag na parang mga kaliskis mula sa ating mga mata. (Tingnan sa 2 Nephi 30:6.) Nagkakaroon ng magiliw na pagsasamahan at pagkakaunawaan na kagila-gilalas pagmasdan. Talagang nauunawaan natin ang isa't isa, at talagang magkakasama tayong napapasigla at nagsasaya.[22]

5

**Kapag sumulong tayo nang may pananampalataya, pagpapalain ng Panginoon ang ating mga pagsisikap na ipaalam sa iba ang ebanghelyo.**

Tunay ngang kabahagi tayo ng isang kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain. . . . Napangyari ng Diyos ng langit ang himalang ito sa mga huling araw, at ang nakita natin ay simula pa lamang ng mga dakilang bagay na darating. Ang gawain ay isasakatuparan ng mga mapagkumbabang kalalakihan at kababaihan, bata at matanda.[23]

Ang gawain ay magtatagumpay dahil ang Panginoon ang nangako:

"At sinuman ang tatanggap sa inyo, naroroon din ako, sapagkat ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo." (D at T 84:88.)

Sa utos na ibinigay sa atin ng Diyos, sa mga pagpapalang ipinangako ng Diyos, sumulong tayo nang may pananampalataya. Kapag ginawa natin ito, pagpapalain ng Panginoon ang ating mga pagsisikap. Gawin natin ang ating tungkulin sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga nasa paligid natin, sa pamamagitan muna ng halimbawa at pagkatapos ay sa pamamagitan ng inspiradong tuntunin.

Ang batong tinibag sa bundok hindi ng mga kamay ay patuloy na lalaganap hanggang sa mapuno nito ang buong mundo. (Tingnan sa Dan. 2.) Pinatototohanan ko ang katotohanang ito at ang katotohanan na bawat isa sa atin ay maaaring tumulong sa mga paraang angkop sa ating sitwasyon kung hihingin natin ang patnubay at inspirasyon ng ating Ama sa Langit. Gawain ng Diyos ang ating ginagawa, at sa kanyang pagpapala hindi tayo mabibigo.[24]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit kung minsan ay natatakot tayong ibahagi ang ebanghelyo? Ano ang ilang paraan na madaraig natin ang takot na iyan at matutulungan natin ang iba? (Tingnan sa bahagi 1.) Ano ang ilang himala ng gawaing misyonero na nasaksihan na ninyo?

- Bakit "higit [na] nagtatagumpay [ang mga missionary] kapag mga miyembro ang nagdadala ng mga bagong investigator"? (Tingnan sa bahagi 2.) Ano ang ilang iba pang paraan na maaaring makatulong ang mga miyembro sa mga full-time missionary?
- Bakit malaki ang impluwensya ng mga full-time mission sa buhay ng mga nagmimisyon? Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na maghandang maglingkod sa mga full-time mission? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano matutulungan ng mga pamilya ang mas matatandang mag-asawa na maghandang maglingkod?
- Rebyuhin ang bahagi 4. Ano ang ilan sa mga karaniwang katangian ng lahat ng tao? Paano natin madaraig ang ating mga pagkakaiba-iba na tila humahadlang sa pagbabahagi ng ebanghelyo? Paano ninyo nakita na tinulungan ng Espiritu ng Panginoon ang mga tao na madaig ang kanilang mga pagkakaiba-iba?
- Binigyang-diin ni Pangulong Hinckley na pagpapalain ng Panginoon ang ating mga pagsisikap na ibahagi ang ebanghelyo kapag "sumulong tayo nang may pananampalataya" (bahagi 5). Paano ninyo mapag-iibayo ang inyong hangarin at pananampalataya na ibahagi ang ebanghelyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*


Isaias 52:7; Mateo 28:19–20; Alma 26:1–5; D at T 1:20–23; 4; 18:15–16; 38:40–41

*Tulong sa Pagtuturo*

"Huwag matakot sa katahimikan. Madalas na nangangailangan ang mga tao ng panahon na mag-isip at tumugon sa mga tanong o ipahayag ang kanilang nadarama. Maaari kayong tumigil sandali matapos kayong magtanong, matapos maibahagi ang isang espirituwal na karanasan, o kapag nahihirapang ipahayag ng isang tao ang kanyang sarili" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* [2000], 83).

## *Mga Tala*


1. "The Question of a Mission," *Ensign,* Mayo 1986, 40.
2. Tingnan sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 58.
3. "The Question of a Mission," 40.
4. Tingnan sa "Pambungad na Pananalita," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2005, 5.
5. Tingnan sa "Malinis Ako," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 60.
6. "Look to the Future," *Ensign,* Nob. 1997, 68.
7. "Pambungad na Pananalita," 6.
8. "True to the Faith," *Ensign,* Mayo 1997, 67.
9. "Find the Lambs, Feed the Sheep," *Ensign,* Mayo 1999, 110.
10. "Isang Panahon ng mga Panibagong Pagsisimula," *Liahona,* Hulyo 2000, 87.
11. "Ang Himala ng Pananampalataya," *Liahona,* May 2001, 68.
12. "Be Not Afraid, Only Believe," *Ensign,* Peb. 1996, 5.
13. "Find the Lambs, Feed the Sheep," 105–7, 110.
14. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 374.
15. "Sa Kalalakihan ng Priesthood," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2002, 57.
16. "There Must Be Messengers," *Ensign,* Okt. 1987, 2.
17. "Some Thoughts on Temples, Retention of Converts, and Missionary Service," *Ensign,* Nob. 1997, 52.
18. "To the Boys and to the Men," *Ensign,* Nob. 1998, 52.
19. "Some Thoughts on Temples, Retention of Converts, and Missionary Service," 52.
20. "There Must Be Messengers," 4.
21. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 2: 2000–2004* (2005), 517–18.
22. "We Have a Work to Do," *Ensign,* Peb. 1988, 5–6.
23. "We Have a Work to Do," 6.
24. "We Have a Work to Do," 6.



*"Iniwan ng Panginoon ang siyamnapu't siyam upang hanapin ang nawawalang tupa."*

# Pagtulong nang May Pagmamahal sa mga Bagong Convert at Di-Gaanong Aktibong Miyembro

*"Kailangan nating [ma]isaisip palagi ang napakalaking obligasyon na pakisamahan . . . ang mga convert sa Simbahan, at na tulungan nang may pagmamahal yaong mga . . . di-gaanong aktibo."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Ang isang temang binigyang-diin ni Pangulong Hinckley sa buong paglilingkod niya bilang Pangulo ng Simbahan ay ang kahalagahan ng pagtulong sa mga bagong convert at sa mga di-gaanong aktibo sa Simbahan. Nagbahagi siya ng maraming halimbawa ng kanyang mga personal na pagsisikap sa bagay na ito, na ang isa ay malungkot niyang inilarawan na "isa sa mga pagkukulang ko." Ipinaliwanag niya:

"Habang naglilingkod bilang missionary sa British Isles, tinuruan namin ng kompanyon ko ang isang binata, at ikinagalak naming mabinyagan siya. Napakaedukado niya. Pino siyang kumilos. Masipag siyang mag-aral. Ipinagmalaki ko ang matalinong binatang ito na sumapi sa Simbahan. Pakiramdam ko nasa kanya na ang lahat ng katangiang maging lider ng ating mga miyembro balang-araw.

"Nag-a-adjust pa siya noon sa malaking pagbabago mula sa pagiging convert tungo sa pagiging miyembro. Bago natapos ang misyon ko, nagkaroon ako ng pagkakataong maging kaibigan niya. Pagkatapos ay na-release na ako para makauwi. Binigyan siya ng maliit na responsibilidad sa branch sa London. Wala siyang kaalam-alam kung ano ang inaasahan sa kanya. Nagkamali siya. Ang pinuno

ng organisasyong pinaglingkuran niya ay isang taong masasabi kong hindi marunong magmahal at mahilig mamintas. Walang-awang kinastigo niya ang kaibigan kong nakagawa ng simpleng pagkakamali.

"Nilisan ng binata ang inuupahan naming gusali noong gabing iyon na balisa at masama ang loob. . . . Sinabi niya sa kanyang sarili, 'Kung ganyang klaseng mga tao sila, hindi na ako babalik.'

"Hindi na siya nagsimba. Lumipas ang mga taon. . . . Noong nasa England ako [ulit], pinilit ko siyang hanapin. . . . Umuwi ako at sa wakas, matapos ang mahabang paghahanap, natagpuan ko siya.

"Sinulatan ko siya. Sumagot siya ngunit hindi niya binanggit ang ebanghelyo.

"Noong nasa London naman ako, hinanap ko siyang muli. Sa araw ng pag-alis ko, natagpuan ko siya. Tinawagan ko siya, at nagkita kami sa underground station. Niyakap niya ako at niyakap ko rin siya. Ilang minuto na lang at sasakay na ako ng eroplano, ngunit nag-usap kami sandali at nadama ko ang tunay na pagpapahalaga namin sa isa't isa. Muli niya akong niyakap bago ako umalis. Ipinasiya ko na hinding-hindi na dapat mawala ang koneksyon ko sa kanya. . . .

"Lumipas ang mga taon. Tumanda na akong tulad niya. Nagretiro siya sa kanyang trabaho at lumipat sa Switzerland. Sa isang pagkakataon noong nasa Switzerland ako, pinuntahan ko ang nayon kung saan siya nakatira. Halos buong araw kaming magkakasama—siya, ang kanyang asawa, ang asawa ko, at ako. Napakasaya namin, ngunit malinaw na matagal na siyang nawalan ng pananampalataya. Ginawa ko ang lahat ng alam ko, ngunit hindi ko malaman kung paano iyon muling pag-aalabin. Patuloy ko siyang sinulatan. Pinadalhan ko siya ng mga aklat, magasin, recording ng Tabernacle Choir, at iba pang mga bagay na lubos niyang pinasalamatan.

"Namatay siya ilang buwan na ang nakararaan. Sumulat sa akin ang asawa niya para ipaalam ito sa akin. Sabi niya, 'Ikaw ang pinakamatalik niyang kaibigan.'

"Dumaloy ang luha sa aking mga pisngi nang mabasa ko ang sulat na iyon. Alam kong nagkulang ako. Marahil kung natulungan ko siya noong unang sumama ang loob niya, maaaring naiba ang

takbo ng buhay niya. Sa palagay ko matutulungan ko siya noon. Sa palagay ko magagamot ko ang sakit na nadama niya. Isa lang ang nakaginhawa sa akin: nagsikap ako. Isa lang ang ikinalungkot ko: nagkulang ako.

"Mas malaki ang hamon ngayon kaysa noon dahil mas marami nang convert kaysa noon. . . . Bawat convert ay mahalaga. Bawat convert ay anak ng Diyos. Bawat convert ay isang malaki at mabigat na responsibilidad."[1]

Ang pagmamalasakit ni Pangulong Hinckley sa mga bagong convert at di-gaanong aktibong miyembro ay bunga ng kanyang karanasang makita kung paano pinagpapala ng ebanghelyo ang buhay ng mga tao. Minsa'y tinanong siya ng isang mamamahayag, "Ano ang pinaka-nakasisiya sa iyo kapag nakikita mo ang gawain ng Simbahan ngayon?" Sumagot si Pangulong Hinckley:

"Ang pinaka-nakasisiyang karanasan ko ay ang makita ang ginagawa ng ebanghelyong ito para sa mga tao. Binibigyan sila nito ng bagong pananaw sa buhay. Binibigyan sila nito ng isang pananaw na hindi pa nila nadama kahit kailan. Tinutulungan sila nitong hangarin ang mga bagay na marangal at banal. May nangyayari sa kanila na mahimalang pagmasdan. Umaasa sila kay Cristo at sumisigla."[2]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Malaki ang responsibilidad natin na maglingkod sa tao.

[Pangalagaan] natin ang bawat tao. Laging binabanggit ni Cristo ang mga tao. Isa-isa Niyang pinagaling ang mga maysakit. Binanggit Niya ang mga tao sa Kanyang mga talinghaga. Mga tao ang inaalala ng Simbahang ito, gaano man tayo karami. Kahit 6 o 10 o 12 o 50 milyon man, hindi natin dapat kaligtaan ang katotohanan na ang tao ang mahalaga.[3]

Tayo ay nagiging isang malaking pandaigdigang samahan. Ngunit ang ating interes at malasakit ay kailangang palaging nakatuon sa tao. Bawat miyembro ng simbahang ito ay isang lalaki o babae, bata man o matanda. Ang malaking responsibilidad natin ay tiyakin na bawat isa ay "maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos" (Moro. 6:4), na bawat isa ay magkaroon ng pagkakataong

umunlad at makapag-ambag at makabahagi sa gawain at mga paraan ng Panginoon, na hindi nagkukulang ang sinuman sa mga pangangailangan sa buhay, na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga maralita, na bawat miyembro ay mabigyan ng lakas ng loob, training, at pagkakataong sumulong sa landas tungo sa kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan. . . .

Ang gawaing ito ay may kinalaman sa mga tao, sa bawat anak ng Diyos. Sa paglalarawan ng ating mga tagumpay nagsasalita tayo ayon sa dami ng mga miyembro, ngunit lahat ng pagsisikap natin ay kailangang ilaan sa pag-unlad ng bawat tao.[4]

Nais kong bigyang-diin na may napakapositibo at magandang pag-unlad sa Simbahan. . . . Maraming dahilan para tayo sumigla. Ngunit sinumang convert na nawalan ng pananampalataya ay nakapanlulumo. Sinumang miyembrong hindi na magsimba ay isang malaking problema. Iniwan ng Panginoon ang siyamnapu't siyam upang hanapin ang nawawalang tupa. Napakatindi ng pag-aalala Niya para sa [isa] kaya ginawa Niya itong tema ng isa sa Kanyang mga dakilang turo [tingnan sa Lucas 15:1–7]. Hindi tayo maaaring magpabaya. Kailangan nating ipaalala palagi sa mga opisyal at miyembro ng Simbahan na isaisip ang napakalaking obligasyon na pakisamahan nang tapat at magiliw at mabuti yaong mga convert sa Simbahan, at na tulungan nang may pagmamahal yaong mga sa anumang kadahilanan ay naging di-gaanong aktibo."Kailangan nating [ma]isaisip palagi ang napakalaking obligasyon na pakisamahan . . . ang mga convert sa Simbahan, at na tulungan nang may pagmamahal yaong mga . . . di-gaanong aktibo." Sapat ang katibayan na magagawa ito kung nanaisin.[5]

## 2

## Bawat convert ay mahalaga at isang malaki at mabigat na responsibilidad.

Nadama ko na ang pinakamatinding trahedya sa Simbahan ay ang pagkawala ng mga taong sumapi sa Simbahan at pagkatapos ay nawala. Maliban sa iilang eksepsyon hindi kailangang mangyari ito. Kumbinsido ako na halos lahat ng bininyagan ng mga missionary sa iba't ibang dako ng mundo ay naturuan nang sapat upang tumanggap ng kaalaman at patotoo para mabinyagan sila. Ngunit



*"Inaanyayahan ko ang bawat miyembro na kaibiganin at mahalin ang mga convert sa Simbahan."*

hindi madaling gumawa ng pagbabagong kaugnay ng pagsapi sa Simbahang ito. Nangangahulugan ito ng pagputol sa mga dating kaugnayan. Nangangahulugan ito ng pag-iwan sa mga kaibigan. Maaari itong mangahulugan ng pagtalikod sa itinatanging mga paniniwala. Maaari itong mangailangan ng pagbabago ng mga gawi at pagpipigil ng mga pagnanasa. Sa maraming pagkakataon nangangahulugan ito ng kalungkutan at maging ng takot sa mga bagay na hindi natin alam. Kailangan ay may pag-aaruga at pagpapalakas sa mahirap na panahong ito ng buhay ng isang convert. Napakalaki ng naging kapalit ng pagdalo niya sa Simbahan. Ang mahabang pagsisikap ng mga missionary at ang halaga ng kanilang paglilingkod, ang paglayo sa dating mga kaibigan at ang sakit na idinulot ng lahat ng ito ang mga dahilan para ang mahahalagang kaluluwang ito ay malugod na tanggapin, bigyang-katiyakan, tulungan sa mga panahon ng kahinaan, bigyan ng responsibilidad kung saan sila titibay, at hikayatin at pasalamatan sa lahat ng kanilang ginagawa.[6]

Hindi makatuturang gumawa ng gawaing misyonero kung hindi natin mapapanatiling aktibo sa Simbahan ang mga convert na iyon. Hindi dapat magkahiwalay ang dalawang ito. Mahalaga ang mga convert na ito. . . . Bawat convert ay isang malaki at mabigat na responsibilidad. Talagang kailangan nating pangalagaan yaong mga naging miyembro ng ating Simbahan. . . .

"Nakatanggap ako noong isang araw ng isang magandang sulat. Isinulat ito ng isang babaeng sumapi sa Simbahan noong isang taon. Sabi niya:

"Kakaiba at puno ng hamon ang pagsapi ko sa Simbahan . Itong nakalipas na taon ang pinakamahirap na taon sa buong buhay ko. Ito rin ang pinakamakabuluhan. Bilang isang bagong miyembro, patuloy akong nagkakaroon ng hamon araw-araw." . . .

Sinabi niya na "hindi alam ng mga miyembro ng Simbahan kung ano ang pakiramdam ng maging bagong miyembro ng Simbahan. Kaya halos imposibleng malaman nila kung paano kami susuportahan."

Hinihikayat ko kayo, mga kapatid, na kung hindi ninyo alam ang pakiramdam nito, subukan ninyong isipin kung ano ang pakiramdam nito. Maaaring napakalungkot nito. Maaaring nakakapanghina ito ng loob. Maaaring nakakatakot ito. Malaki ang kaibahan nating mga miyembro ng Simbahan na ito sa daigdig kaysa sa inaakala natin. Sabi pa ng babaeng ito:

"Kapag kaming mga investigator ay naging miyembro ng Simbahan, nagugulat kaming matuklasan na pumasok kami sa isang lubos na kakaibang mundo, isang mundo na may sariling mga tradisyon, kultura, at wika. Natutuklasan namin na walang tao o lugar kaming malalapitan para gabayan kami sa aming paglalakbay sa bagong mundong ito. Sa una ay nakakatuwa ang paglalakbay, nakakatawa pa nga ang aming mga pagkakamali, pagkatapos ay nakakayamot na ito at kalaunan, ang pagkayamot ay nauuwi sa galit. At sa mga sandaling ito ng pagkayamot at galit kami umaalis. Bumabalik kami sa mundong pinanggalingan namin, kung saan alam namin kung sino kami, kung saan kami makakatulong, at kung saan nauunawaan namin ang wika."[7]

Ang ilang tao ay nabinyagan lang, hindi sila kinaibigan, at umaalis pagkaraan ng dalawa o tatlong buwan. Napakahalaga, mga kapatid,

na tiyaking nagbalik-loob [ang mga bagong binyag], na naniniwala sila sa kanilang puso hinggil sa dakilang gawaing ito. Hindi lang [ito kailangang maunawaan sa] isipan. [Kailangan ding itong maunawaan sa] puso at inaantig [ito] ng Banal na Espiritu hanggang sa mabatid nilang totoo ang gawaing ito, na si Joseph Smith ay tunay na propeta ng Diyos, na ang Diyos at si Jesucristo ay buhay at sila ay nagpakita sa batang si Joseph Smith, na ang Aklat ni Mormon ay totoo, na narito ang priesthood taglay ang lahat ng kaloob at biyaya nito. Hindi ko talaga alam kung paano ko ito mabibigyang-diin.[8]

3

## Bawat convert ay nangangailangan ng kaibigan, isang responsibilidad, at pangangalaga ng salita ng Diyos.

Dahil dumarami ang bilang ng mga bagong miyembro, kailangan pa nating pag-ibayuhin ang pagsisikap na tulungan sila sa pagtahak sa tamang landas. Bawat isa sa kanila ay nangangailangan ng tatlong bagay: isang kaibigan, isang responsibilidad, at pangangalaga ng "mabuting salita ng Diyos" (Moroni 6:4). Responsibilidad at pagkakataon nating ibigay ang mga bagay na ito.[9]

### *Pagkakaibigan*

[Ang mga convert] ay dumarating sa Simbahan nang may sigla sa mga bagay na nalaman nila. Agad nating patatagin ang kasiglahang iyan. . . . Pakinggan sila, gabayan sila, sagutin ang mga tanong nila, at tulungan sila sa lahat ng sitwasyon at sa lahat ng kalagayan. . . . Inaanyayahan ko ang bawat miyembro na kaibiganin at mahalin ang mga convert sa Simbahan.[10]

Iyan ang obligasyon natin sa mga nabinyagan sa Simbahan. Hindi natin sila maaaring kaligtaan. Hindi natin sila maaaring iwanang mag-isa. Kailangan nila ng tulong habang nagsasanay sila sa mga paraan at kultura ng Simbahang ito. At malaking pagpapala at oportunidad para sa atin ang tumulong. . . . Ang isang matamis na ngiti, isang magiliw na pakikipagkamay, isang nagpapasiglang salita ay gagawa ng mga himala.[11]

Tumulong tayo sa mga taong ito! Kaibiganin natin sila! Maging mabait tayo sa kanila! Pasiglahin natin sila! Magdagdag tayo sa kanilang pananampalataya at kaalaman tungkol dito, ang gawain ng Panginoon.[12]

Isinasamo ko sa inyo . . . na magiliw na akbayan ang mga sumasapi sa Simbahan at kaibiganin sila at ipadama sa kanila na malugod silang tinatanggap at aliwin sila at makikita natin ang magagandang bunga nito. Pagpapalain kayo ng Panginoon para makatulong sa pagpapanatili sa mga convert.[13]

### *Responsibilidad*

May inaasahan ang Simbahang ito sa mga tao. [Ang Simbahan ay] may mataas na mga pamantayan. Makapangyarihan ang doktrina nito. Malaki ang pag-asa nitong maglilingkod ang mga tao. Hindi lang sila basta sunod nang sunod. Inaasahan natin silang magtrabaho. Tumutugon dito ang mga tao. Tanggap nila ang pagkakataong maglingkod, at sa paggawa nila nito, nadaragdagan ang kanilang kakayahan, pang-unawa, at mga katangian upang gawin nang mahusay ang mga ito.[14]

Bigyan [ang mga bagong miyembro] ng gagawin. Hindi lalakas ang kanilang pananampalataya kung hindi nila ito gagamitin. Ang pananampalataya at patotoo ay parang mga kalamnan ng braso ko. Kung gagamitin ko ang mga kalamnang ito at pangangalagaan ito, mas lalakas ang mga ito. Kung ilalagay ko ang braso ko sa isang sakbat at hahayaan ito roon, magiging mahina ito at walang silbi, at gayon din ang mga patotoo.

Ngayon, sinasabi ng ilan sa inyo na hindi pa sila handang tumanggap ng responsibilidad. Ngunit wala ni isa man sa atin ang handa nang dumating ang tawag. Masasabi ko iyan tungkol sa sarili ko. Sa palagay ba ninyo handa ako para sa dakila at sagradong tungkuling ito? Natigilan ako. Nadama ko na kulang ang kakayahan ko. Hanggang ngayon natitigilan pa rin ako. Nadarama ko pa rin na kulang ang kakayahan ko. Ngunit sinisikap kong sumulong, at hinihiling ko sa Panginoon na pagpalain ako at sinisikap kong gawin ang Kanyang kalooban at umaasa at nagdarasal ako na maging katanggap-tanggap sa Kanya ang paglilingkod ko. Ang unang responsibilidad ko sa Simbahang ito ay bilang tagapayo sa deacons quorum president noong labindalawang taong gulang ako. Hindi ko nadama na may kakayahan ako. Natigilan ako. Ngunit nagsikap ako, katulad ninyo, at nasundan iyon ng iba pang mga responsibilidad. Hindi ko nadama kailanman na may kakayahan ako, ngunit lagi akong nagpapasalamat at nakahandang magsikap.[15]



*Itinuro ni Pangulong Hinckley na kailangang magkaroon ng mga pagkakataon ang mga bagong convert na makapaglingkod sa Simbahan.*

Bawat convert na dumarating sa Simbahang ito ay dapat magkaroon kaagad ng isang responsibilidad. Maaaring napakaliit nito, ngunit gagawa ito ng kaibhan sa kanyang buhay.[16]

Mangyari pa hindi alam ng bagong convert ang lahat ng bagay. Malamang ay makakagawa siya ng ilang pagkakamali. E ano ngayon? Lahat naman tayo ay nagkakamali. Ang mahalaga ay ang pag-unlad na darating dahil sa pagiging aktibo.[17]

### *Pangangalaga ng mabuting salita ng Diyos*

Naniniwala ako . . . na ang mga bagong convert na ito ay may patotoo sa ebanghelyo. Naniniwala ako na may pananampalataya sila sa Panginoong Jesucristo at alam nila ang katotohanan ng Kanyang kabanalan. Naniniwala ako na talagang pinagsisihan nila ang kanilang mga kasalanan at determinado silang paglingkuran ang Panginoon.

[Sinabi ni] Moroni tungkol sa kanila matapos silang mabinyagan: "At matapos na sila ay matanggap sa pagbibinyag, at nahikayat at nalinis ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, sila ay napabilang sa mga tao ng simbahan ni Cristo; at ang kanilang mga pangalan ay kinuha, upang sila ay maalaala at mapangalagaan ng mabuting

salita ng Diyos, upang mapanatili sila sa tamang daan, upang patuloy silang mapanatili sa mataimtim na panalangin, umaasa lamang sa mga gantimpala ni Cristo, na siyang may akda at tagatapos ng kanilang pananampalataya" (Moro. 6:4).

Sa panahong ito tulad noong mga panahong iyon, ang mga convert ay "napabilang sa mga tao ng simbahan . . . upang sila ay maalaala at mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos, upang mapanatili sila sa tamang daan, upang patuloy silang mapanatili sa mataimtim na panalangin." . . . Tulungan natin sila sa mga una nilang hakbang bilang mga miyembro.[18]

Kinakailangan na [bawat bagong convert] ay maging bahagi ng isang korum ng priesthood o ng Relief Society, ng Young Women, ng Young Men, ng Sunday School, o ng Primary. Kailangan siyang hikayating dumalo sa sacrament meeting upang makibahagi ng sakramento, upang magpanibago ng mga tipang ginawa sa binyag.[19]

4

## Maraming mapapakinabangan at walang mawawala sa pagbalik sa pagiging aktibo sa Simbahan.

Libu-libong tao sa iba't ibang panig ng mundo . . . na mga miyembro ng Simbahan sa pangalan, ngunit umalis, at ngayon sa puso nila ay gustong bumalik, ngunit hindi alam kung paano at nahihiyang bumalik. . . .

Sa inyo, mga kapatid, na kinuha ang inyong espirituwal na mana at lumisan, at ngayon ay nakadarama ng kahungkagan sa inyong buhay, bukas ang daan para sa inyong pagbabalik. . . . Kung gagawin ninyo ang unang hakbang pabalik, makikita ninyo na malugod kayong sasalubungin at tatanggapin ng magigiliw na kaibigan.

Sa palagay ko alam ko kung bakit kayo umalis. Sumama ang loob ninyo sa isang walang-pakundangang tao, at inakala ninyo na gayon ang lahat ng miyembro ng Simbahan. O maaaring lumipat na kayo mula sa isang lugar kung saan kayo kilala papunta sa isang lugar na wala kayong kakilala, at doon kayo lumaki na kakaunti lamang ang kaalaman tungkol sa Simbahan.

O maaaring napasama kayo sa isang grupo o sa mga gawi na sa inyong palagay ay hindi angkop sa Simbahan. O maaaring nadama

ninyo na mas mahusay kayo sa karunungan ng mundo kaysa mga kasamahan ninyo sa Simbahan, at dahil inisip ninyong mas magaling kayo sa kanila, inilayo ninyo ang inyong sarili sa kanila.

Hindi ako naparito para pag-usapan ang mga dahilan. Sana'y kayo rin. Kalimutan na ninyo ang nakaraan. . . . Maraming mapapakinabangan at walang mawawala. Magbalik kayo, mga kaibigan. Higit ang kapayapaang matatagpuan sa Simbahan kaysa nalalaman ninyo sa matagal na panahon. Marami kayong magiging kaibigan na ikasisiya ninyo.[20]

Mahal kong mga kapatid na maaaring . . . nalihis ng landas, kailangan kayo ng Simbahan, at kailangan ninyo ang Simbahan. Makikita ninyo na maraming makikinig sa inyo na nakakaunawa. Maraming taong tutulong sa inyo na mahanap ang daan pabalik. Maraming puso ang magpapadama sa inyo ng pagmamahal. Magkakaroon ng mga luha, hindi ng kalungkutan, kundi ng kagalakan.[21]

5

## Para sa mga Banal sa mga Huling Araw na nagbalik sa pagkaaktibo sa Simbahan, maganda sa pakiramdam ang makauwing muli.

Isang araw ng Linggo napunta ako sa isang lungsod sa California para sa isang stake conference. Nasa lokal na pahayagan ang pangalan at larawan ko. Tumunog ang telepono sa stake center pagpasok namin ng stake president sa gusali nang umagang iyon. Ang tawag ay para sa akin, at nagpakilala ang tumawag. Nais niyang makipagkita sa akin. Nagpaalam ako sa pulong na idaraos ko sa umagang iyon at sinabi ko sa stake president na ituloy iyon. May gagawin akong mas mahalaga.

Dumating siya, ang kaibigan kong ito, na nahihiya at medyo takot. Matagal siyang nawala sa Simbahan. Nagyakap kami bilang magkapatid na matagal na nagkawalay. Noong una naging asiwa ang pag-uusap namin, ngunit hindi nagtagal ay sumaya ito nang pag-usapan namin ang mga araw na magkasama kami sa England maraming taon na ang nakararaan. May mga luha sa mga mata ng matatag na lalaking ito nang banggitin niya ang Simbahang minsa'y kinabilangan niya, at pagkatapos ay ikinuwento niya ang mahaba at hungkag na mga taon na sumunod. Inilahad niya ito na tulad

ng isang taong nagkukuwento ng mga bangungot. Nang ilarawan niya ang nasayang na mga taon na iyon, pinag-usapan namin ang kanyang pagbalik. Naisip niya na magiging mahirap iyon, na nakakahiya, ngunit pumayag siyang subukan iyon.

[Nakatanggap ako] ng liham mula sa kanya kamakailan lang. Sabi niya, "Nakabalik na ako. Nakabalik na ako, at napakasayang makauwing muli."

At gayon din sa inyo, mga kaibigan, na sabik nang bumalik, na katulad niya, ngunit atubiling gawin ang unang hakbang, ang subukan ito. Hayaan ninyong salubungin namin kayo kung saan kayo naroon ngayon, at hawakan namin ang inyong kamay at tulungan kayo. Ipinapangako ko sa inyo na gaganda ang pakiramdam ninyo na makauwing muli.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit kailangang ang "ating interes at malasakit ay . . . palaging nakatuon sa tao," kahit sa isang pandaigdigang simbahan? (Tingnan sa bahagi 1.) Kailan kayo napagpala ng isang tao na nagpakita ng personal na interes sa inyo? Ano ang ilang paraan na maaaring maging mas sensitibo tayo sa pag-aalaga sa bawat indibiduwal?
- Ano ang matututuhan at maipapamuhay natin mula sa liham na ibinahagi ni Pangulong Hinckley sa bahagi 2? Pagbulayan kung ano ang magagawa ninyo para palakasin yaong mga nagsisikap na patatagin ang kanilang pananampalataya.
- Bakit kailangan ng bawat bagong convert ang kaibigan, responsibilidad, at pangangalaga ng salita ng Diyos? (Tingnan sa bahagi 3.) Ano ang ilang paraan na maaari naging kaibiganin ang mga bagong convert? Paano natin masusuportahan ang mga bagong convert sa mga responsibilidad nila sa Simbahan? Paano natin matutulungan ang mga bagong convert na "mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos"?
- Bakit kung minsan ay mahirap para sa mga miyembro na maging aktibong muli sa Simbahan? (Tingnan sa bahagi 4.) Paano natin matutulungan ang mga tao na makabalik? Kailan ninyo naranasan

o nasaksihan ang kagalakang kaakibat ng muling pagbalik sa pagiging aktibo sa Simbahan?

- Ano ang natutuhan ninyo sa ikinuwento ni Pangulong Hinckley sa bahagi 5? Pag-isipan kung paano ninyo matutulungan ang isang tao na hindi aktibo sa Simbahan na "makauwing muli."

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Lucas 15; Juan 10:1–16, 26–28; 13:34–35; Mosias 18:8–10; Helaman 6:3; 3 Nephi 18:32; Moroni 6:4–6; D at T 38:24

*Tulong sa Pag-aaral*

"Natuklasan ng marami na ang pinakamagandang oras para mag-aral ay sa umaga matapos makapahinga sa gabi. . . . Ang iba ay mas gustong mag-aral sa tahimik na mga oras pagkatapos ng gawain at mga alalahanin sa maghapon. . . . Marahil ang mas mahalaga kaysa sa oras ng maghapon ay ang magtakda ng regular na oras para mag-aral" (Howard W. Hunter, "Reading the Scriptures," *Ensign,* Nob. 1979, 64).

## *Mga Tala*


1. "Converts and Young Men," *Ensign,* Mayo 1997, 47–48.
2. "Converts and Young Men," 48.
3. "Mga Kaisipang Nagbibigay-inspirasyon," *Liahona,* Okt. 2003, 5.
4. "This Work Is Concerned with People," *Ensign,* Mayo 1995, 52–53.
5. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 537–38.
6. "There Must Be Messengers," *Ensign,* Okt. 1987, 5.
7. "Find the Lambs, Feed the Sheep," *Ensign,* Mayo 1999, 108.
8. "Messages of Inspiration from President Hinckley," *Church News,* Abr. 5, 1997, 2; tingnan din sa "Mga Kaisipang Nagbibigay-inspirasyon," 3.
9. "Converts and Young Men," 47.
10. "Some Thoughts on Temples, Retention of Converts, and Missionary Service," *Ensign,* Nob. 1997, 51.
11. "Mga Kaisipang Nagbibigay-inspirasyon," 4.
12. "Latter-day Counsel: Excerpts from Recent Addresses of President Gordon B. Hinckley," *Ensign,* Hulyo 1999, 73.
13. "Words of the Prophet: Reach Out," *New Era,* Peb. 2003, 7.
14. "Mga Kaisipang Nagbibigay-inspirasyon," 3–4.
15. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 538.
16. "Inspirational Thoughts," *Ensign,* Hulyo 1998, 4.
17. "Find the Lambs, Feed the Sheep," 108.
18. "Converts and Young Men," 48.
19. "Find the Lambs, Feed the Sheep," 108.
20. "Everything to Gain—Nothing to Lose," *Ensign,* Nob. 1976, 95–96.
21. "And Peter Went Out and Wept Bitterly," *Ensign,* Mayo 1979, 67.
22. "Everything to Gain—Nothing to Lose," 97.



*Ang Colonia Juárez Chihuahua Mexico Temple*

# Ang mga Pagpapala ng Banal na Templo

*"Ang mga ordenansa sa templo ang nagiging sukdulang mga pagpapalang maibibigay ng Simbahan."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

"Naniniwala ako na walang miyembro ng Simbahan na nakatanggap ng pinakamaringal na bagay na maibibigay ng Simbahang ito hangga't hindi niya natatanggap ang kanyang mga pagpapala ng templo sa bahay ng Panginoon," sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa sesyon ng priesthood sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1997. "Dahil dito, ginagawa namin ang lahat ng alam namin para mapabilis ang pagtatayo ng mga sagradong gusaling ito at mas madaling matanggap ang mga pagpapalang naroon."[1] Binanggit niya ang ilang templo na nasa iba't ibang yugto na ng pagpaplano at pagtatayo, at saka niya ibinalita ang isang bagay na magpapabago sa buhay ng mga tao sa buong mundo:

"Maraming unit ng Simbahan na nasa mga liblib na lugar, kung saan kakaunti ang mga miyembro at malamang na hindi gaanong dumami sa malapit na hinaharap. Ipagkakait ba natin sa mga taong naninirahan sa mga lugar na ito ang mga pagpapala ng mga ordenansa sa templo? Nang bisitahin namin ang isang lugar na gayon ang sitwasyon ilang buwan pa lang ang nakalilipas, mapanalangin naming pinagbulayan ang tanong na ito. Ang sagot, naniniwala kami, ay dumating nang malinaw at puno ng pag-asa.

"Magtatayo tayo ng maliliit na templo sa ilan sa mga lugar na ito. . . . Ang mga ito [ay] itatayo ayon sa mga pamantayan ng templo, na mas mataas kaysa mga pamantayan ng meetinghouse. I[sa]sagawa rito ang mga binyag para sa mga patay, endowment,

mga pagbubuklod, at lahat ng iba pang mga ordenansa sa bahay ng Panginoon para sa mga buhay at patay."[2]

Ang inspirasyon para sa planong ito ay nagsimula mahigit 20 taon na ang nakararaan, nang maglingkod si Pangulong Hinckley bilang chairman ng Temple Committee ng Simbahan. Nag-aalala na maraming Banal sa mga Huling Araw ang hindi kaagad makakamtan ang mga pagpapala ng templo, isinulat niya sa kanyang journal, "Ang Simbahan ay maaaring magtayo ng [maraming mas maliliit] na templo na kasinghalaga ng Washington Temple [na itinatayo pa lang noon]. Ilalapit nito ang mga templo sa mga tao sa halip na ang mga tao ang maglakbay nang napakalayo para makarating doon."[3]

Noong 1997 isinakatuparan ng isang paghahayag mula sa Panginoon ang ideyang ito. Ibinahagi ni Pangulong Hinckley ang isang bagay tungkol sa paghahayag na iyon nang ialay niya ang panalangin sa paglalaan ng Colonia Juárez Chihuahua Mexico Temple. "Dito sa Northern Mexico," pag-usal niya, "Inyong inihayag ang ideya at plano para sa isang mas maliit na templo, na kumpleto sa lahat ng mahalagang detalye, ngunit akma sa mga pangangailangan at sitwasyon ng mga miyembro ng Simbahan sa lugar na ito ng Inyong ubasan. Ang paghahayag na iyan ay bunga ng hangarin at panalanging tulungan ang Inyong mga tao sa mga lupaing ito na tunay at matatapat."[4]

Anim na buwan matapos ibalita ang planong magtayo ng mas maliliit na templo, isa pang mahalagang balita ang ipinahayag ni Pangulong Hinckley:

"Napakalayo na ng nalakbay namin ng mga miyembro ng Simbahan. Marami akong nakasama na lubhang kakaunti ang mga pag-aari sa mundong ito. Ngunit nag-aalab ang pananampalataya sa kanilang puso hinggil sa gawaing ito sa mga huling araw. Mahal nila ang Simbahan. Mahal nila ang ebanghelyo. Mahal nila ang Panginoon at nais nilang gawin ang Kanyang kalooban. Nagbabayad sila ng kanilang ikapu, maliit man ito. Nagsasakripisyo sila nang husto para makapunta sa mga templo. Naglalakbay sila nang maraming araw sa mga mumurahing bus at mga lumang bangka. Nag-iipon sila ng pera at nagsasakripisyo para maging posible ang lahat ng ito.

"Kailangan nila ng mga templo sa malapit—maliit, maganda, at gumaganang mga templo. Dahil dito, sasamantalahin ko ang pagkakataong ito upang ipahayag sa buong Simbahan ang programang magtayo kaagad ng 30 mas maliliit na templo. . . .

"Napakalaking gawain nito. Hindi pa ito nasubukang gawin kahit kailan. . . . Ang magiging kabuuan nito ay 47 bagong templo bukod pa sa 51 na kasalukuyang ginagamit ngayon. Sa palagay ko magdaragdag na rin tayo ng 2 pa para maging 100 na sa katapusan ng siglong ito, na 2,000 taon 'mula noong pumarito ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo,' (D at T 20:1). Sa programang ito sumusulong tayo sa antas na hindi pa nangyari kahit kailan."[5]

Noong Oktubre 1, 2000, inilaan ni Pangulong Hinckley ang Boston Massachusetts Temple, ang ika-100 templong gumagana. Bago natapos ang taon, inilaan niya ang dalawang templo sa Brazil. At nang pumanaw siya noong Enero 27, 2008, may 124 na templo nang gumagana ang Simbahan, at 13 pa ang ibinalitang itatayo. Sa 124 na templong gumagana, nakibahagi si Pangulong Hinckley sa pagpaplano at pagtatayo ng karamihan sa mga ito at personal niyang nailaan ang 85 sa mga ito.

Kahit nang ibalita ni Pangulong Hinckley ang pagtatayo ng maraming bagong templo, at mamangha siya sa ganda ng mga ito, ipinaalala niya sa mga Banal sa mga Huling Araw ang layunin ng mga sagradong gusaling ito: na pagpalain ang mga tao at pamilya, nang isa-isa. Nang banggitin niya ang San Diego California Temple, sinabi niya: "Napakaganda ng gusaling iyan. Ngunit kahit napakaganda ng gusaling iyan, kasangkapan lamang ang istrukturang iyan para maisakatuparan ang isang layunin. Itinayo at inilaan ang pasilidad na iyan para sa pagsasagawa ng mga sagradong ordenansang naihayag ng Panginoon sa panahong ito."[6]

Sa isa pang pagkakataon sinabi niya: "Hindi pa natatanggap ng sinuman ang kabuuan ng ebanghelyo hangga't hindi niya natatanggap [ang mga ordenansa sa templo]. At responsibilidad nating tiyakin na nariyan ang mga pasilidad na iyan. Hindi ko alam kung gaano pa tatagal ang buhay ko, ngunit inaasam kong magwakas ang buhay ko sa pagtatayo ng mga templo ng Panginoon, na ilalapit ang mga

templo sa mga tao upang makamtan nila ang kagila-gilalas na mga pagpapalang matatamo [roon]."[7]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Ang mga templo ay nagpapahayag ng ating patotoo, at kumakatawan sa pinakamataas na antas ng ating pagsamba.

Bawat templong itinayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagpapahayag ng patotoo ng mga taong ito na ang Diyos Amang Walang Hanggan ay buhay, na Siya ay may planong basbasan ang Kanyang mga anak sa lahat ng henerasyon, na ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, si Cristo Jesus, na isinilang sa Betlehem ng Judea at ipinako sa krus sa Golgota, ang Tagapagligtas at Manunubos ng daigdig, na ginawang posible sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo na maisakatuparan ang planong iyan sa buhay na walang hanggan ng bawat taong tatanggap at mamumuhay ayon sa ebanghelyo.[8]

Lahat ng bagay na nagaganap sa templo ay nagpapasigla at nagpapadakila sa atin. Nangungusap ito tungkol sa buhay sa mundo at sa kabilang buhay. Nangungusap ito tungkol sa kahalagahan ng tao bilang anak ng Diyos. Nangungusap ito tungkol sa kahalagahan ng pamilya bilang likha ng Makapangyarihang Diyos. Nangungusap ito tungkol sa kawalang-hanggan ng pagsasama ng mag-asawa. Nangungusap ito tungkol sa pagsulong sa mas dakilang kaluwalhatian. Isang lugar ito ng kaliwanagan, isang lugar ng kapayapaan, isang lugar ng pagmamahal kung saan tayo tinuturuan tungkol sa mga bagay na walang hanggan.[9]

Bawat templo . . . ay nagsisilbing bantayog ng ating paniniwala sa kawalang-kamatayan ng kaluluwa ng tao, na ang yugtong ito ng buhay sa lupa na pinagdaraanan natin ay bahagi ng patuloy na pag-akyat, wika nga, at kung paanong tiyak na may buhay rito, ay may buhay rin sa kabila. Iyan ang matibay naming paniniwala. Bunga ito ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, at ang templo, tulad ng natukoy ko na, ang nagiging tulay mula sa buhay na ito patungo sa kabila. Ang templo ay hinggil sa mga bagay na nauukol sa kawalang-kamatayan.[10]

Ang kakaiba at magagandang gusaling ito, at ang mga ordenansang isinasagawa rito, ay sumasagisag sa pinakamataas na antas ng ating pagsamba. Ang mga ordenansang ito ang naging pinakamatinding pagpapahayag ng ating relihiyon.[11]

Ang mga sagradong bagay ay marapat bigyan ng sagradong pagsasaalang-alang. . . . Kapag lumabas na kayo sa mga pintuan ng Bahay ng Panginoon, maging tapat sa sagradong pagtitiwalang huwag magsalita tungkol sa mga bagay na banal at sagrado.

Sinabi ng Panginoon "Tandaan na yaong nagmumula sa kaitaasan ay banal, at kailangang sambitin nang may pag-iingat, at sa panghihimok ng Espiritu." (D at T 63:64.) At muli, "Huwag lapastanganin ang mga bagay na banal." (D at T 6:12.)[12]

**2**

## Sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo, tumatanggap tayo ng mga sukdulang pagpapala ng ebanghelyo.

Ang mga templong ito, na nasa iba't ibang dako ng mundo, ay kailangan sa lubos na katuparan ng layunin ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Dito, sa ilalim ng awtoridad ng Banal na Priesthood, pangangasiwaan ang mga ordenansang iyon na hindi lamang humahantong sa kaligtasan, kundi maging sa walang-hanggang kadakilaan.[13]

Ibinuwis ni Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Kanyang buhay sa krus sa Kalbaryo bilang pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sangkatauhan. Nagsakripisyo Siya para sa bawat isa sa atin. Dahil sa sakripisyong iyan dumating ang pangako ng pagkabuhay na mag-uli para sa lahat. Dumating ito sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, nang walang anumang ginagawa ang tao. At bukod pa rito, sa pamamagitan ng mga susi ng banal na priesthood na iginawad ng Panginoon sa Labindalawa noong kasama Niya sila, na mga susing ipinanumbalik sa dispensasyong ito ng mga taong mayhawak nito noong unang panahon—sa pamamagitan ng mga ito ay dumating ang karagdagang mga dakilang pagpapala, kabilang na ang natatangi at pambihirang mga ordenansang isinasagawa sa bahay ng Panginoon. Tanging sa mga ordenansang iyon nagagamit ang "kaganapan ng pagkasaserdote." (D at T 124:28.)[14]

Ang mga ordenansa sa templo [ay] ang sukdulang mga pagpapalang maibibigay ng Simbahan.[15]

Kabilang sa mga pagpapala ng templo para sa kalalakihan at kababaihan na karapat-dapat pumasok dito . . . ang mga paghuhugas at pagpapahid ng langis sa atin upang maging malinis tayo sa harapan ng Panginoon. Kabilang dito ang pagkakaloob ng mga obligasyon at pagpapala na maghihikayat na kumilos tayo alinsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Kasama sa mga ito ang mga ordenansa ng pagbubuklod na anuman ang ibuklod sa lupa ay ibubuklod sa langit, na naglalaan ng pagpapatuloy ng mag-anak.[16]

[Minsan] ay pinapunta ako sa ospital kung saan naroon ang isang inang malapit nang mamatay dahil sa malubhang karamdaman. Hindi nagtagal ay pumanaw ito, at naulila ang kanyang asawa at apat na anak, pati na ang isang batang lalaking anim na taong gulang. Matindi, nakaaantig at nakapanlulumo ang kalungkutan sa paligid. Ngunit sa kabila ng kanilang mga luha ay mababanaag ang matibay at tiyak na pananampalataya na malungkot man ang paghihiwalay ngayon, balang-araw ay masaya silang magsasama-samang muli, dahil nagsimula ang pagsasama nilang mag-asawa sa isang pagbubuklod para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan sa bahay ng Panginoon, sa ilalim ng awtoridad ng banal na priesthood. . . .

Maraming naglakbay [nang napakalayo] para matanggap ang mga pagpapala ng kasal sa templo. Nakita ko na hindi kumain ang isang grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula sa Japan—bago itinayo ang templo sa kanilang sariling bansa—para maging posibleng makapaglakbay sila patungong Laie Hawaii Temple. Bago pa tayo nagkaroon ng templo sa Johannesburg, nakilala namin ang mga tao na nagsakripisyo ng mga bagay na kailangan nila para makaya nilang maglakbay nang 7,000-milya (11,000-km) sakay ng eroplano mula sa South Africa hanggang sa templo sa Surrey, England. Naroon ang ningning sa kanilang mga mata at ngiti sa kanilang mukha at patotoo mula sa kanilang mga labi na sulit ito sa kabila ng lahat ng hirap at gastos.

At naaalala ko na narinig ko sa New Zealand maraming taon na ang nakararaan ang patotoo ng isang lalaki mula sa malayong lugar sa Australia, na dati nang kasal sa huwes at kalaunan ay sumapi sa Simbahan kasama ang kanyang asawa't mga anak, na

naglakbay patawid ng malawak na kontinenteng iyon, pagkatapos ay naglayag patawid ng Tasman Sea patungong Auckland, hanggang sa templo sa magandang lambak ng mga Waikato. Naaalala ko na sinabi niya, "Hindi kami makakasama dahil wala kaming pamasahe. Mayroon lang kaming lumang kotse, mga muwebles, at mga pinggan. Sinabi ko sa pamilya ko, 'Wala tayong pamasahe.' Pagkatapos ay tumingin ako sa mukha ng maganda kong asawa at ng aming magagandang anak, at sinabi ko, 'Hindi maaaring hindi tayo magpunta. Kung bibigyan ako ng lakas ng Panginoon, makakapagtrabaho ako at kikita ako nang sapat para makabiling muli ng kotse at mga muwebles at pinggan, pero kung mawawala sa akin ang mga mahal ko sa buhay, talagang maghihirap ako sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.' "[17]

Hindi na nakakagulat, mga kapatid, na sa pagbubukas ng . . . mga templo ay nakita ko ang mga luha ng matitipunong kalalakihan na yakap ang kanilang asawa sa harap ng mga altar sa mga sagradong bahay na ito. Nakita ko ang mga luha ng mga ama at ina habang yakap ang kanilang mga anak sa harap ng mga altar ding iyon. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit dito ay nalaman nila na hindi mapuputol ng panahon ni ng kamatayan ang mga bigkis na nagbubuklod sa kanila.[18]

3

**Ang templo ay isang santuwaryo ng paglilingkod kung saan natatanggap natin ang nakapagliligtas na mga ordenansa para sa mga namatay nang hindi natatanggap ang ebanghelyo.**

Milyun-milyong taong nabuhay sa mundo ang hindi kailanman nagkaroon ng pagkakataong marinig ang ebanghelyo. Ipagkakait ba natin sa kanila ang mga pagpapalang iyon na ibinibigay sa mga templo ng Simbahan?

Sa pamamagitan ng mga buhay na proxy na kumakatawan sa mga yumao, maaari ding matanggap ng mga yumao ang mga ordenansang ito. Sa daigdig ng mga espiritu malaya na nilang mapipili kung tatanggapin o hindi ang mga ordenansang iyon na isinagawa para sa kanila dito sa lupa, kabilang na ang binyag, kasal, at pagbubuklod

ng mga pamilya. Walang pamimilit sa gawain ng Panginoon, ngunit kailangang mabigyan sila ng pagkakataon.[19]

Ito ang santuwaryo ng paglilingkod. Karamihan ng ginagawa sa sagradong bahay na ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagkatawan sa mga nasa kabilang buhay. Wala akong alam na ibang gawaing katulad nito. Higit itong katulad ng sakripisyo ng Anak ng Diyos para sa buong sangkatauhan kaysa ibang mga gawaing alam ko. Hindi inaasahang magpasalamat ang mga nasa kabilang buhay na nakinabang sa inilaang paglilingkod na ito. Ito ay paglilingkod ng buhay alang-alang sa mga patay. Ito ay paglilingkod na siyang pinakadiwa ng pagiging di-makasarili.[20]

Maraming batang lalaki at babae na . . . ang napaalalahanan na ang mga templong ito ay hindi lamang para sa kanilang mga magulang kundi para din sa kanila. Sa edad na 12, maaari na silang makapasok sa bahay ng Panginoon at magpabinyag para sa mga nasa kabilang buhay na. Dakila at di-makasarili ang paglilingkod na ito. Napakagandang pasalihin ang ating mga kabataan sa lubos na di-makasariling paglilingkod na ito para sa iba na hindi na kayang tulungan ang kanilang sarili.

Ang isa pang epekto ng . . . pagkakaroon ng mas maraming aktibidad sa templo ay dumarami ang nagagawa sa family history. Pinabibilis ng computer ang gawain, at sinasamantala ng mga tao ang mga bagong paraang ibinigay sa kanila. Paano masasabi ng isang tao na hindi ang Panginoon ang may gawa ng lahat ng ito? Habang mabilis na umuunlad ang teknolohiya, nadaragdagan ang bilang ng mga templo para matugunan ang pinabilis na gawain sa family history.[21]

Tayo ang may responsibilidad sa pagpapala, ang walang-hanggang pagpapala, sa lahat ng nabuhay rito sa lupa, ang di-mabilang na mga henerasyon ng kalalakihan at kababaihang nabuhay sa lupa, lahat ng nabubuhay ngayon sa lupa, at lahat ng mabubuhay pa lang sa sa lupa. Napakalaki ng ating responsibilidad. Kailangan nating mas panindigan at mas pagsikapang maisagawa ito.[22]

Ang mga nasa kabilang buhay, na hindi patay kundi buhay bilang espiritu, ay magagalak at matutuwa kapag nagbangon at sumulong

sila patungo sa "kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan" (Moises 1:39).[23]

4

**Malalaking pagpapala ang naghihintay sa atin kapag pinanatili nating karapat-dapat ang ating sarili at pumupunta tayo nang madalas sa templo.**

Hinahamon ko . . . ang bawat isa sa inyo sa araw na ito na ayusin ang inyong buhay, na maging karapat-dapat na makapunta sa bahay ng Panginoon at tanggapin doon ang mga pagpapala na natatangi lamang sa inyo. . . . Maraming kailangang gawin, ngunit mas maraming pagpapalang darating.[24]

Hinihimok ko ang ating mga tao sa lahat ng dako, nang buong kasigasigan, na mamuhay nang marapat upang magkaroon ng temple recommend, na makakuha nito at ituring itong isang katangi-tanging pag-aari, at mas sikaping makapunta sa bahay ng Panginoon at makabahagi sa espiritu at mga pagpapalang naroon.[25]

Makapunta man kayo nang madalas [sa templo] o hindi, maging karapat-dapat para sa temple recommend at lagi itong dalhin sa inyong bulsa. Ipapaalala nito kung ano ang inaasahan sa inyo bilang isang Banal sa mga Huling Araw.[26]

Nasisiyahan ako na bawat lalaki o babaeng nagpupunta sa templo nang may katapatan at pananampalataya ay nililisan ang bahay ng Panginoon na mas mabuting lalaki o babae. Kailangang palagian nating pagbutihin ang lahat sa buhay natin. Kailangan nating lisanin paminsan-minsan ang ingay at gulo ng mundo at pumasok sa loob ng sagradong bahay ng Diyos, at doo'y madama ang Kanyang Espiritu sa kapaligirang puno ng kabanalan at kapayapaan.[27]

Ang sagradong gusaling ito ay nagiging isang paaralan ng mga tagubilin ukol sa maluwalhati at sagradong mga bagay ng Diyos. Naibalangkas natin dito ang plano ng isang mapagmahal na Ama para sa Kanyang mga anak sa lahat ng henerasyon. Naiplano natin dito sa ating harapan ang walang-hanggang paglalakbay ng tao mula sa premortal na buhay hanggang sa buhay na ito tungo sa kabilang buhay. Ang pangunahin at mahalagang mga katotohanan ay itinuturo nang malinaw at simple na mauunawaan ng lahat ng makaririnig. . . .



*"Magpunta sa bahay ng Panginoon at damhin doon ang Kanyang Espiritu at makaniig Siya at madarama ninyo ang kapayapaang hindi ninyo matatagpuan sa ibang lugar."*

Ang templo ay isa ring lugar ng personal na inspirasyon at paghahayag. Maraming pumupunta sa templo na sa oras ng problema, kapag kailangang gumawa ng mahihirap na desisyon at lutasin ang nakalilitong mga problema, ay nagpupunta sa templo na nakapag-ayuno at nakapagdasal upang humingi ng banal na patnubay. Maraming nagpatotoo na kahit hindi narinig ang mga tinig ng paghahayag, tumanggap sila ng mga paramdam hinggil sa landas na dapat tahakin sa oras na iyon o kalaunan na naging sagot sa kanilang mga dalangin.

Ang templong ito ay isang bukal ng walang-hanggang katotohanan. "Sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man." (Juan 4:14.) Dito itinuturo ang mga banal na katotohanang iyon na walang hanggan ang epekto.

Para sa mga pumapasok sa loob nito, ang bahay na ito ay nagiging bahay ng mga tipan. Dito tayo nangangako, nang taimtim at sagrado, na ipamumuhay natin ang ebanghelyo ni Jesucristo sa pinakamabuting paraan. Nakikipagtipan tayo sa ating Diyos Amang

Walang Hanggan na ipamumuhay natin ang mga alituntuning iyon na matibay na pundasyon ng lahat ng tunay na relihiyon.[28]

Puno ba ng alalahanin ang inyong buhay? Kayo ba ay may mga problema at inaalala at pangamba? Gusto ba ninyo ng kapayapaan sa inyong puso at ng pagkakataong makaniig ang Panginoon at magnilay-nilay sa Kanyang paraan? Magpunta sa bahay ng Panginoon at damhin doon ang Kanyang Espiritu at makaniig Siya at madarama ninyo ang kapayapaang hindi ninyo matatagpuan sa ibang lugar.[29]

Sa mga panahon ng kadiliman, sikaping makapunta sa bahay ng Panginoon at doo'y kalimutan ang mundo. Tanggapin ang Kanyang mga banal na ordenansa, at isagawa ito para sa inyong mga ninuno. Sa pagtatapos ng isang sesyon sa templo, maupo nang tahimik sa silid selestiyal at pagbulayan ang mga pagpapalang natanggap ninyo para sa inyong sarili o para sa inyong mga pumanaw na ninuno. Mapupuspos ng pasasalamat ang inyong puso, at titimo sa inyong kaluluwa ang pagpapahalaga sa mga walang-hanggang katotohanan ng dakilang plano ng kaligayahan.[30]

Sa maingay at abalang daigdig na ito, malaking pribilehiyo ang magkaroon ng sagradong bahay kung saan natin madarama ang nakadadalisay na impluwensya ng Espiritu ng Panginoon. Palagi tayong sinisikap na impluwensyahan ng kasakiman. Kailangan natin itong daigin, at walang mas mainam na paraan kundi magpunta sa bahay ng Panginoon at doo'y maglingkod para sa mga nasa kabilang buhay na. . . .

. . . Hinihikayat ko kayong samantalahin nang husto ang banal na pribilehiyong ito. Pagbubutihin nito ang inyong likas na pagkatao. Papalisin ng pagdalo sa templo ang kasakimang bumabalot sa ating pagkatao. Literal nitong padadalisayin ang ating buhay at gagawin tayong mas mabubuting lalaki at babae.[31]

Alam kong abala kayo sa buhay. Alam kong marami kayong ginagawa. Ngunit ipinapangako ko na kung pupunta kayo sa Bahay ng Panginoon, kayo ay pagpapalain; mas iigi ang buhay ninyo. Ngayon, pakiusap, pakiusap, mahal kong mga kapatid, samantalahin ninyo ang malaking pagkakataong magpunta sa bahay ng Panginoon at

nang makabahagi kayo sa lahat ng kagila-gilalas na pagpapalang matatanggap ninyo roon.[32]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sinabi ni Pangulong Hinckley na ang mga ordenansa sa templo ang "pinakamatinding pagpapahayag ng ating relihiyon" (bahagi 1) at "ang sukdulang mga pagpapalang maibibigay ng Simbahan" (bahagi 2). Ano ang ilang pagpapalang natanggap na ninyo sa pamamagitan ng mga ordenansang ito?
- Ikinuwento ni Pangulong Hinckley ang kalalakihan at kababaihang lumuha sa kagalakan sa mga templo (tingnan sa bahagi 2). Mula sa inyong mga karanasan, bakit naaantig ng mga ordenansa sa templo ang gayon katitinding damdamin?
- Tungkol sa gawaing tubusin ang mga patay, sinabi ni Pangulong Hinckley, "Napakagandang pasalihin ang ating mga kabataan sa lubos na di-makasariling paglilingkod na ito" (bahagi 3). Ano ang magagawa ng mga magulang at kabataan para magkatulungan sa paglilingkod na ito?
- Ano ang magagawa natin para magkaroon tayo ng panahong maglingkod at sumamba sa templo? Sa anong mga paraan maiimpluwensyahan ng ating paglilingkod sa templo ang ating buhay sa labas ng templo? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa bahagi 4.) Paano kayo napagpala ng pagpunta sa templo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*


Exodo 25:8; I Mga Hari 6:11–13; D at T 88:119–20; 109:12–13, 24–28; 110:1–10; 128:22–24

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ibahagi ang natutuhan ninyo. Kapag ginagawa ninyo ito, ang inyong kaisipan ay magiging mas malinaw at madaragdagan ang inyong kakayahang mapanatili ang inyong natutuhan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 19).

## *Mga Tala*


1. "Some Thoughts on Temples, Retention of Converts, and Missionary Service," *Ensign,* Nob. 1997, 49.
2. "Some Thoughts on Temples, Retention of Converts, and Missionary Service," 49.
3. Sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 325.
4. "This Is a Day Long Looked Forward To" (teksto ng panalangin sa paglalaan ng Colonia Juárez Chihuahua Mexico Temple, Mar. 6, 1999), *Church News,* Mar. 13, 1999, 7.
5. "New Temples to Provide 'Crowning Blessings' of the Gospel," *Ensign,* Mayo 1998, 87–88.
6. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1: 1995–1999* (2005), 311–12.
7. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 641.
8. "This Peaceful House of God," *Ensign,* Mayo 1993, 74.
9. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 623–24.
10. "Mga Kaisipang Nagbibigay-Inspirasyon," *Liahona,* Abr. 2002, 4.
11. "Of Missions, Temples, and Stewardship," *Ensign,* Nob. 1995, 53.
12. "Keeping the Temple Holy," *Ensign,* Mayo 1990, 52.
13. "Shining Star in a World Oppressed with Darkness" (teksto ng panalangin ng paglalaan ng Manhattan New York Temple, Hunyo 13, 2004), *Church News,* Hunyo 19, 2004, 5.
14. "Rejoice in This Great Era of Temple Building," *Ensign,* Nob. 1985, 59.
15. "New Temples to Provide 'Crowning Blessings' of the Gospel," 88.
16. "Temples and Temple Work," *Ensign,* Peb. 1982, 3.
17. "The Marriage That Endures," *Ensign,* Hulyo 2003, 4–6.
18. "Rejoice in This Great Era of Temple Building," 60.
19. "Why These Temples?" *Ensign,* Ago. 1974, 40.
20. "The Salt Lake Temple," *Ensign,* Mar. 1993, 5.
21. "Welcome to Conference," *Ensign,* Nob. 1999, 4–5.
22. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 640.
23. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1,* 154.
24. *Discourses of President Gordon B. Hinckley, Volume 1,* 362.
25. "Of Missions, Temples, and Stewardship," 53.
26. "Mga Kaisipang Nagbibigay-Inspirasyon," 4.
27. "Of Missions, Temples, and Stewardship," 52.
28. "The Salt Lake Temple," 5–6.
29. "Excerpts from Recent Addresses of President Gordon B. Hinckley," *Ensign,* Abr. 1996, 72.
30. *One Bright Shining Hope: Messages for Women from Gordon B. Hinckley* (2006), 103.
31. "Pangwakas na Mensahe," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2004, 104–5.
32. *Teachings of Gordon B. Hinckley,* 624.



*"Lahat ng bagay ay nakasalalay sa Kanya—sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. . . . Iyan ang saligang bato sa dakilang plano [ng] Ama."*

# Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo: Para sa Lahat ng Tao, Ngunit Personal ang Epekto

*"Pinatototohanan ko ang Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. Kung wala ito, walang kahulugan ang buhay. Ito ang pinakamahalagang bahagi ng ating buhay."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

Noong Enero 1, 2000, pinamunuan ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol sa paglalathala ng kanilang nagkakaisang patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Sa mensaheng ito, na pinamagatang "Ang Buhay na Cristo," ipinahayag nila: "Iniaalay namin ang aming patotoo tungkol sa katotohanan ng Kanyang hindi mapapantayang buhay at ang walang hanggang kapangyarihan ng Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Walang sinuman ang nakapagbigay ng gayong makahulugang impluwensiya sa lahat ng nabuhay na at sa lahat ng mabubuhay pa sa mundo."[1]

Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya tatlong buwan kalaunan, pinatotohanan ni Pangulong Hinckley ang malaking impluwensya ng Tagapagligtas sa kanyang sariling buhay. Nagsalita siya nang buong giliw at personal, at kung minsa'y nasasamid dahil sa matinding damdamin:

"Sa lahat ng bagay na pinasasalamatan ko sa umagang ito, ang isang ito ay tumatayong katangi-tangi. Iyon ay ang buhay na patotoo kay Jesucristo, ang Anak ng Makapangyarihang Diyos, ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Banal. . . .

*"Si Jesus ay aking kaibigan.* Walang sinumang nagbigay sa akin ng labis. 'Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan' (Juan 15:13). Ibinigay Niya ang kanyang buhay para sa akin. Binuksan Niya ang daan patungo sa buhay na walang hanggan. Diyos lamang ang makagagawa nito. Sana ay maging karapat-dapat akong kaibigan sa Kanya.

*"Siya ay aking huwaran.* Ang paraan ng Kanyang pamumuhay, ang Kanyang lubos na mapagbigay na pag-ugali, ang Kanyang pagtulong sa mga nangangailangan, ang Kanyang huling sakripisyo ay pawang nagpapakita ng halimbawa sa akin. Hindi ako lubos na magiging karapat-dapat, subalit sisikapin ko. . . .

*"Siya ay aking tagapagpagaling.* Nanggigilalas ako sa Kanyang mga kahanga-hangang himala. Gayunpaman alam ko na nangyari ang mga ito. Tinatanggap ko ang katotohanan ng mga bagay na ito dahil alam ko na Siya ang Panginoon ng buhay at kamatayan. Ang mga himala ng Kanyang ministeryo ay nagpapahiwatig ng pagkahabag, pag-ibig, at paglingap na kahanga-hangang pagmasdan.

*"Siya ay aking pinuno.* Ikinararangal ko ang maging isa sa mahabang hanay ng mga nagmamahal sa Kanya at sumusunod sa Kanya sa loob ng nagdaang dalawang milenyo mula sa Kanyang pagsilang. . . .

*"Siya ay aking Tagapagligtas at aking Manunubos.* Sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang buhay sa pagpapakasakit at di-matatawarang paghihirap, bumaba Siya upang ako'y abutin, ang bawat isa sa atin, at ang lahat ng anak na lalaki at babae ng Diyos, mula sa kailaliman ng walang hanggang kadiliman pagkatapos ng kamatayan. Siya ay naglaan ng isang bagay na mas mainam—isang paraan na maranasan ang liwanag at pang-unawa, pag-unlad at kagandahan kung saan makasusulong tayo sa landas patungo sa buhay na walang hanggan. Ang pagtanaw ko ng utang na loob ay walang hanggan. Ang pasasalamat ko sa aking Panginoon ay walang katapusan.

*"Siya ay aking Diyos at aking Hari.* Mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan, Siya ang maghahari at mamumuno bilang Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon. Hindi magkakaroon ng katapusan sa Kanyang pamamahala. Walang gabi sa Kanyang kaluwalhatian.

"Walang makahahalili sa kanyang lugar. Wala kailanman. Walang bahid-dungis at walang anumang uri ng kamalian, Siya ang Kordero ng Diyos, kung kanino ako ay yuyukod at sa pamamagitan Niya makalalapit ako sa aking Ama sa Langit. . . .

"Hatid ang pasasalamat, at di-nagmamaliw na pagmamahal, pinatototohanan ko ang mga bagay na ito sa Kanyang Banal na pangalan."[2]

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

1

### Ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit ay ipinahayag sa pagkakaloob ng Kanyang Bugtong na Anak.

Nakaramdam ako ng pagpapakumbaba sa tuwing naiisip ko ang dakilang pagmamahal ng aking Ama sa Langit. Lubos akong nagpapasalamat sa kaalamang mahal tayo ng Diyos. Ang di-mawaring lalim ng pag-ibig na iyon ay makikita sa kaloob na Kanyang Bugtong na Anak na pumarito sa mundo upang maghatid ng pag-asa sa ating mga puso, upang magdala ng kabaitan at paggalang sa ating pakikitungo sa iba, at higit sa lahat upang iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan at gabayan tayo sa landas patungo sa buhay na walang hanggan.[3]

*Ang ministeryo ng Tagapagligtas bago Siya isinilang*

Ang Ama nating lahat, na nagmamahal sa atin na Kanyang mga anak, ay nagmungkahi ng . . . plano kung saan magkakaroon tayo ng kalayaang pumili para sa ating sarili. Ang Kanyang Panganay na Anak, ang Nakatatanda nating Kapatid, ang pinakasentro sa planong iyan. Magkakaroon ng kalayaan ang tao, at kalakip ng kalayaang iyon ang pananagutan. Ang tao'y lalakad sa paraan ng daigdig, magkakasala at matitisod. Ngunit ang Anak ng Diyos ay magkakatawang-tao at iaalay ang Kanyang Sarili bilang hain para sa mga kasalanan ng tao. Sa di-mailarawang pagpapakasakit, Siya ang magiging dakilang Manunubos, ang Tagapagligtas ng sanlibutan.[4]

*Ang ministeryo ng Tagapagligtas sa lupa*

Sa buong kasaysayan walang kamahalang katulad ng Kanyang kamahalan. Siya, ang dakilang Jehova, ay nagpakababa upang isilang

sa buhay na ito sa isang kuwadra sa Betlehem. Siya ay lumaki sa Nazaret at "[lumaki] sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao" (Lucas 2:52).

Siya ay bininyagan ni Juan sa mga tubig ng Jordan, "at, narito, nangabuksan sa kaniya ang mga langit, at nakita niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kaniya:

"At narito, ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan" (Mat. 3:16–17).

Sa tatlong taon ng Kanyang ministeryo sa lupa, ginawa Niya ang hindi nagawa ninuman kahit kailan; nagturo Siya sa paraang hindi pa nagawa ninuman.

Pagkatapos ay dumating ang panahon para ihandog Siya. Naroon ang hapunan sa Silid sa Itaas, ang Kanyang huli sa piling ng Labindalawa sa mortalidad. Nang hugasan Niya ang kanilang mga paa, nagturo Siya ng isang aral tungkol sa pagpapakumbaba at paglilingkod na hindi nila malilimutan kailanman.[5]

### *Pagdurusa sa Halamanan ng Getsemani*

Kasunod nito ang pagdurusa sa Getsemani, "kung aling pagdurusa," wika Niya, ay "dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu" (D at T 19:18).[6]

Sa Halamanan ng Getsemani, Siya ay nagdusa nang husto kaya ang pawis na lumalabas sa Kanya ay mga patak ng dugo habang nagsusumamo Siya sa Kanyang Ama. Ngunit ang lahat ng ito ay bahagi lamang ng Kanyang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo.[7]

[Minsa'y naupo ako] malapit sa isang matandang punong olibo [sa Halamanan ng Getsemani] at binasa ko ang napakatinding paghihirap na iyon ng Anak ng Diyos nang maharap Siya sa tiyak na kamatayan, na pinapawisan ng mga patak ng dugo at nagdarasal sa Kanyang Ama na tulutang makalampas ang saro kung maaari—ngunit sinabing, Gayon pa man, ang Inyong kalooban ang masusunod, hindi sa akin. . . . Napuspos ako ng damdaming hindi Niya hiniling na hindi ito mangyari, hindi Niya inisip ang pisikal na sakit

na madarama Niya, ang kahindik-hindik at malupit na pagpapako sa krus. Bahagi lamang ito, sigurado ako. Ngunit higit sa lahat, sa palagay ko, ang hangad Niya ay isakatuparan ang bahaging ginagampanan Niya sa walang-hanggang kapakanan ng lahat ng anak ng Diyos, sa lahat ng henerasyon.

Lahat ay nakasalalay sa Kanya—sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Iyan ang susi. Iyan ang saligang bato sa dakilang planong binuo ng Ama para sa buhay na walang hanggan ng Kanyang mga anak. Kakila-kilabot mang harapin ito, at napakahirap gawin, hinarap Niya ito, isinakatuparan Niya ito, at kagila-gilalas at kamangha-mangha ito. Sa palagay ko, hindi natin ito lubos na mauunawaan. Gayon pa man, bahagya nating naunawaan ito at kailangan nating matutuhan na higit pa itong pahalagahan.[8]

### *Pagdakip, pagpapako sa krus, at kamatayan*

Siya ay dinakip ng malulupit na tao, at ginawa ito sa gabi, na labag sa batas, at dinala kay Anas, at pagkatapos kay Caifas, ang tuso at masamang opisyal ng Sanedrin. At sa sumunod na umaga ay muli Siyang iniharap sa ikalawang pagkakataon sa tuso at malupit na lalaking ito. Pagkatapos ay dinala Siya kay Pilato, ang Romanong gobernador, na binalaan ng kanyang asawa, "Huwag kang makialam sa matuwid na taong iyan" (Mat. 27:19). Ang Romano, na naisip na umiwas sa responsibilidad, ay ipinadala Siya kay Herodes, ang tiwali, imoral, at masamang tetrarka ng Galilea. Si Cristo ay pinahirapan at binugbog. Ang Kanyang ulo ay pinutungan ng koronang may mga tinik; isang balabal na kulay-ube ang mapangutyang inihagis sa Kanyang nagdurugong likod. At muli Siyang dinala kay Pilato, kung saan isinigaw ng mga tao, "Ipako sa krus, ipako siya sa krus" (Lucas 23:21).

Sa pasuray-suray na hakbang ay nakarating Siya sa Golgota, kung saan ipinako sa krus ang Kanyang sugatang katawan sa pinakamalupit at pinakamasakit na paraan ng pagpaparusa na magagawa lamang mga taong ubod ng sama.

Gayon pa man nagsumamo Siya, "Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).[9]

Wala nang mas papait pang larawan sa buong kasaysayan maliban sa larawan ni Jesus na nasa Getsemani at sa krus, na nag-iisa:

ang Manunubos ng sangkatauhan, ang Tagapagligtas ng daigdig, na nagsasakatuparan sa Pagbabayad-sala.

Naaalala ko noong kasama ko si Pangulong Harold B. Lee . . . sa Halamanan ng Getsemani sa Jerusalem. Nadama namin, kahit paano, ang matinding pakikibaka na nangyari doon, isang ubod ng tinding pakikibaka, habang mag-isang nakipaglaban sa espiritu si Jesus, kung kaya dugo ang lumabas sa bawat butas ng balat (tingnan sa Lucas 22:44; D at T 19:18). Ginunita namin ang pagkakanulo ng isang taong pinagkatiwalaan. Nagunita namin na nilapastangan ng masasamang tao ang Anak ng Diyos. Ginunita namin ang malungkot na katauhang nasa krus, na sumisigaw sa pagdadalamhati, “Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?” (Mat. 27:46). Gayunman, buong tapang na nagpatuloy ang Tagapagligtas ng daigdig upang maisakatuparan ang Pagbabayad-sala para sa ating kapakanan.[10]


Lumipas ang mga oras habang Siya ay naghihingalo sa sakit. Nayanig ang lupa; nahati ang tabing ng templo. Mula sa Kanyang tuyot na mga labi narinig ang mga salitang, “Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu: at pagkasabi nito, ay nalagot ang [kanyang] hininga” (Lucas 23:46).

Natapos na. Natapos na ang kanyang mortal na buhay. Ipinantubos na Niya ito para sa lahat. Naglaho ang pag-asa ng mga taong nagmamahal sa Kanya. Nalimutan na ang mga pangakong binitawan Niya. Ang Kanyang katawan ay dali-dali ngunit buong ingat na inihimlay sa isang hiram na libingan noong bisperas ng Sabbath ng mga Judio.[11]

### *Pagkabuhay na Mag-uli*

Maaga pa noong umaga ng araw ng Linggo, dumating si Maria Magdalena at iba pang mga babae sa libingan. Nagtaka sila habang humahangos kung paano naigulong ang batong nakatakip sa pintuan ng libingan. Pagdating nila, nakita nila ang isang anghel na nagsalita sa kanila: “Nalalaman ko na inyong hinahanap si Jesus na ipinako sa krus.

“Siya’y wala rito; sapagka’t siya’y nagbangon, ayon sa sinabi niya” (Mat. 28:5–6).



*"Siya'y wala rito; sapagka't siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya" (Mateo 28:6).*

Hindi pa ito nangyari kahit kailan. Ang libingang walang laman ang sagot sa pinakamahalagang tanong sa lahat ng panahon. Ipinahayag ito nang malinaw ni Pablo nang sabihin niya: "Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong tibo? Saan naroon, Oh kamatayan, nasaan ang iyong pagtatagumpay?" (I Mga Taga Corinto 15:55.)[12]

2

## Sa pamamagitan ng mapagtubos na sakripisyo ng Tagapagligtas, lahat ng tao ay babangon mula sa libingan.

Ang himala ng pagkabuhay na mag-uli noong umagang iyon . . . ay isang himala para sa buong sangkatauhan. Ito ay himala ng kapangyarihan ng Diyos, na ang Pinakamamahal na Anak ay nagbuwis ng Kanyang buhay upang magbayad-sala para sa mga kasalanan

ng lahat, isang sakripisyo ng pagmamahal para sa lahat ng anak ng Diyos. Sa paggawa nito nilagot Niya ang mga gapos ng kamatayan.[13]

Wala nang ibang bagay na mas pangkalahatan ang epekto kaysa sa kamatayan, at wala nang mas maningning na pag-asa at pananampalataya kaysa sa katiyakan ng imortalidad. Ang kahabag-habag na kalungkutang dulot ng kamatayan, ang pagdadalamhating kasunod ng pagpanaw ng isang mahal sa buhay ay napapagaan lamang ng katiyakan ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Anak ng Diyos. . . .

Tuwing sasapit ang malamig na kamay ng kamatayan, sumisilay sa pagitan ng kalungkutan at kadiliman ng oras na iyon ang matagumpay na anyo ng Panginoong Jesucristo, ang Anak ng Diyos, na dahil sa Kanyang walang-kapantay at walang-hanggang kapangyarihan ay nadaig ang kamatayan. Siya ang Tagapagligtas ng mundo. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa bawat isa sa atin. At kinuha Niya itong muli at naging pangunahing bunga ng nangatutulog. Siya, bilang Hari ng mga Hari, ay nagtagumpay sa lahat ng iba pang hari. Siya, bilang Makapangyarihan, ay nakatataas sa lahat ng namumuno. Siya ang ating kapanatagan, ang tanging tunay na nagbibigay ng kapanatagan sa atin, kapag sumapit na ang dapit-hapon at nilisan na ng espiritu ang katawan.

Si Jesucristo higit sa lahat ang nagkakaloob ng mga pagpapala sa buong sangkatauhan.[14]

Naaalala kong nagsalita ako sa serbisyong nekrolohikal para sa isang mabuting tao, isang kaibigan na ang kabutihan ay nagbigay-sigla sa akin na magsumikap na umunlad. Sa loob ng [maraming] taon, nakilala ko ang kanyang mga ngiti, ang kanyang mabait na pananalita, ang bisa ng kanyang katalinuhan, ang malawak na saklaw ng kanyang paglilingkod. At siya na napakahusay at napakabuti ay biglang pumanaw. Tiningnan ko ang walang buhay niyang katawan. HIndi na ito nakakakilala o nakakikilos o nakapagsasalita o anupaman. . . .

Tiningnan ko ang umiiyak niyang balo at mga anak. Batid nila, kagaya ng pagkakabatid ko, na sa buhay na ito ay hindi nila kailanman muling maririnig ang kanyang tinig. Ngunit may isang maginhawang damdamin, na hindi maisalarawan ang katangian, ang

nagdulot ng kapayapaan at pagtitiyak. Tila ba sinasabi nitong, "Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na ako ang Dios" (Mga Awit 46:10).

Tila ba sinasabi pa nito, "Huwag mag-alala. Bahagi itong lahat ng aking plano. Walang sinumang makatatakas sa kamatayan. Kahit na ang aking Bugtong na Anak ay namatay sa krus. Ngunit sa pamamagitan nito, Siya ang kauna-unahang bunga ng Pagkabuhay na Mag-uli. Kanyang inalis ang tibo sa kamatayan at ang tagumpay sa libingan."

Naririnig ko sa aking isipan ang Panginoon na nagsasalita sa nagdadalamhating si Marta: "Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya: At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan man" (Juan 11:25–26).[15]

3

**Sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, tayo ay nabigyan ng pagkakataong magtamo ng kadakilaan at buhay na walang hanggan.**

Salamat sa Makapangyarihang Diyos. Nilagot ng Kanyang niluwalhating Anak ang mga gapos ng kamatayan, ang pinakadakila sa lahat ng tagumpay. . . . Siya ang ating matagumpay na Panginoon. Siya ang ating Manunubos, na nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan. Dahil sa Kanyang nakatutubos na sakripisyo, lahat ng tao ay magbabangon mula sa libingan. Binuksan Niya ang daan upang magtamo tayo hindi lamang ng kawalang-kamatayan kundi pati na ng buhay na walang hanggan.[16]

Nauunawaan ko nang kaunti ang kahulugan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Hindi ko nauunawaang lahat ito. Napakalawak ng saklaw nito ngunit lubos na personal ang epekto kung kaya't ito ay hindi maunawaan.[17]

Ang kahalagahan ng Pagbabayad-sala . . . ay hindi natin kayang arukin nang lubusan. Ang alam ko lang ay nangyari ito, at ito'y para sa akin at sa inyo. Napakatindi ng pagdurusa, sukdulan ang paghihirap, kung kaya wala ni isa man sa atin ang makauunawa dito nang ialay ng Tagapagligtas ang Kanyang sarili bilang pantubos sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan.

Sa pamamagitan Niya tayo'y napapatawad. Sa pamamagitan Niya dumarating ang partikular na pangako na mabibigyan ang lahat ng tao ng mga pagpapala ng kaligtasan, lakip ang pagkabuhay na muli mula sa mga patay. Sa pamamagitan Niya at sa kanyang dakila at napakahalagang sakripisyo kung kaya tayo nabigyan ng pagkakataon, sa pamamagitan ng pagsunod, ng kadakilaan at buhay na walang hanggan.[18]

Hindi ba't lahat tayo ay alibughang anak na kailangang magsisi at tumanggap ng nagpapatawad na awa ng ating Ama sa Langit at pagkatapos ay sumunod tayo sa Kanyang halimbawa?

Ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, na ating Manunubos, ay patatawarin at kaaawaan tayo, ngunit sa paggawa nito ito ay pinagsisisi niya tayo. . . . Sinabi ng Panginoon—at sisipi ako mula sa isang paghahayag kay Propetang Joseph:

"Kaya nga iniuutos ko sa iyong magsisi—magsisi, upang hindi kita masaktan ng pamalo ng aking bibig, at ng aking poot, at ng aking galit, at ang iyong mga pagdurusa ay maging masakit—kung gaano kasakit ay hindi mo nalalaman, kung gaano kasidhi ay hindi mo nalalaman, oo, kung gaano kahirap dalhin ay hindi mo nalalaman.

"Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu. . . .

"Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin." (D at T 19:15–18, 23.)[19]

Kapag ang lahat ay nagawa na, kapag ang buong kasaysayan ay natuos na, kapag ang buong lalim ng pag-iisip ng tao ay napag-aralan na, walang kasing-kahanga-hanga, kasingrangal, kasing bigat sa gawaing ito ng pagpapala nang ang Anak ng Makapangyarihang

Diyos, ang Prinsipe ng marangal na sambahayan ng Kanyang Ama, Siya na nagsalita noon bilang si Jehova, Siya na nagpakumbaba sa pagpunta sa lupa bilang isang sanggol na isinilang sa Betlehem, ay ibinigay ang Kanyang buhay sa kadustaan at paghihirap upang ang lahat ng anak na lalaki at babae ng Diyos sa lahat ng [henerasyon] ng panahon, na mamamatay bawat isa, ay muling makalakad at mabubuhay nang walang hanggan. Ginawa Niya para sa atin ang hindi magagawa ng sinuman para sa atin. . . .

Pahayag ni Propeta[ng] Isaias:

"Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan: . . .

". . . Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo" (Is. 53:4–5).

Ito ang kahanga-hanga at tunay na kuwento ng Pasko. Ang kapanganakan ni Jesus sa Betlehem ng Judea ang paunang salita. Ang tatlong taong ministeryo ng Panginoon ang pambungad. Ang dakilang diwa ng kanyang kuwento ay ang Kanyang sakripisyo, ang tunay na di-makasariling pagkamatay sa krus ng Calvario upang pagbayaran ang mga kasalanan nating lahat.

Ang pangwakas ay ang himala ng Pagkabuhay na Mag-uli, na nagdala ng katiyakan na "kung paanong kay Adan ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin" (I Mga Taga Corinto 15:22).

Hindi magkakaroon ng Pasko kung walang Pasko ng Pagkabuhay. Ang sanggol na si Jesus ng Betlehem ay magiging isang pangkaraniwang sanggol kung wala ang pagtubos ni Cristo sa Getsemani at sa Calvario, at ang matagumpay na katunayan ng Pagkabuhay na Mag-uli.

Naniniwala ako sa Panginoong Jesucristo, ang Anak ng Walang Hanggan at Buhay na Diyos. Walang sinumang kasingdakila ang lumakad sa lupa. Walang sinuman ang nakagawa ng maihahambing na sakripisyo o nagkaloob ng maihahambing na biyaya. Siya ang Tagapagligtas at Manunubos ng mundo. Naniniwala ako sa Kanya. Ipinahahayag ko ang Kanyang pagka-Diyos nang tahasan o walang

pag-aalinlangan. Minamahal ko Siya. Binibigkas ko ang Kanyang pangalan nang may pagpipitagan at paghanga. Sinasamba ko Siya katulad ng pagsamba ko sa Kanyang Ama, sa espiritu at sa katotohanan. Nagpapasalamat ako sa Kanya at lumuluhod sa harapan ng Kanyang Sinisintang Anak, na umabot at nagsabi sa atin matagal nang panahon ang nakalipas, "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin" (Mat. 11:28).

. . . Hinihiling ko sa inyo ang isang panahon, maaaring isang oras, na gugulin sa matahimik na pagmumuni-muni at pagbubulay-bulay sa kadakilaan at dangal nito, ang Anak ng Diyos.[20]

Pinatototohanan [ko] ang Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. Kung wala ito, walang kahulugan ang buhay. Ito ang nagpapabuo sa ating buhay. Pinatutunayan nito na nabuhay tayo bago tayo isinilang sa mortalidad. Ang mortalidad ay isang hakbang lamang tungo sa isang maluwalhating buhay sa hinaharap. Nababawasan ang kalungkutan sa kamatayan dahil sa pangako ng Pagkabuhay na Mag-uli.[21]

Si Jesus ang Cristo, ang inorden na Anak ng Diyos noon pa man na nagpakababa upang pumarito sa lupa, na isinilang sa isang sabsaban, sa bansang sakop ng ibang bansa, ang Anak ng Diyos, ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman, ang Panganay na Anak ng Ama at ang May-akda ng ating kaligtasan. Siya ang ating Manunubos, ang ating Tagapagligtas, na dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala ay naging posibleng makamtan ng lahat ng susunod sa Kanyang mga turo ang buhay na walang hanggan.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang "kaloob na Kanyang Bugtong na Anak"? (Tingnan sa bahagi 1.) Ano ang magagawa ninyo upang mapasalamatan ang kaloob na ito? Ano ang inyong naisip at nadama nang basahin ninyo ang buod ni Pangulong Hinckley tungkol sa nagawa ng Tagapagligtas para sa atin?
- Sa bahagi 2, ihambing ang mga salitang ginamit ni Pangulong Hinckley upang ilarawan ang kamatayan sa mga salitang ginamit

niya upang ilarawan ang pagkabuhay na mag-uli. Ano ang natutuhan ninyo mula sa mga pagkakaiba sa mga salitang ito? Paano nakaimpluwensya sa buhay ninyo ang inyong patotoo tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas?

- Ano ang natutuhan ninyo mula sa patotoo ni Pangulong Hinckley tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano kayo personal na napagpala ng Pagbabayad-sala? Ano ang nadarama ninyo kapag pinagbubulayan ninyo ang sakripisyo ng Tagapagligtas para sa inyo? Planuhing mag-ukol ng oras na magkaroon ng "matahimik na pagmumuni-muni at pagbubulaybulay" tungkol sa Tagapagligtas.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Isaias 53; Juan 3:16; 11:25; 2 Nephi 9:6–13; Alma 7:11–13; 34:8–10; Helaman 14:13–19; D at T 18:10–12

*Tulong sa Pagtuturo*

"Habang naghahanda kayo nang may panalangin upang magturo,. . . maaari kayong magabayan na bigyang-diin ang ilang alituntunin. Maaaring magkaroon kayo ng pang-unawa kung paano pinakamabuting mailalahad ang ilang ideya. Maaaring makatuklas kayo ng mga halimbawa, bagay na gagamitin sa pagtuturo ng aralin, at nagbibigay-inspirasyong kuwento sa mga simpleng gawain sa buhay. Maaari kayong makadama ng impresyon na anyayahan ang isang partikular na tao upang tumulong sa aralin. Maaaring maipaalala sa inyo ang isang personal na karanasan na maibabahagi ninyo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 58).

## *Mga Tala*

1. "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Mar. 2008.
2. "Ang Aking Patotoo," *Liahona,* Hulyo 2000, 69, 71.
3. "Ang Kahanga-hanga at Tunay na Kuwento ng Pasko," *Liahona,* Dis. 2000, 2.
4. "Tumingin Tayo Kay Cristo," *Liahona,* Mayo 2002, 90.
5. "The Victory over Death," *Ensign,* Abr. 1997, 2.
6. "The Victory over Death," 2.
7. "Ang mga Bagay na Nalalaman ko," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2007, 84.
8. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 29–30.
9. "The Victory over Death," 2, 4.
10. "Pamumuhay na Taglay ang Ating Matibay na Paniniwala," *Liahona,* Set. 2001, 2.
11. "The Victory over Death," 4.
12. "The Victory over Death," 4.
13. "The Victory over Death," 4.

14. "This Glorious Easter Morn," *Ensign,* Mayo 1996, 67.
15. "Ang Kahanga-hanga at Tunay na Kuwento ng Pasko," 2, 4.
16. "He Is Not Here, but Is Risen," *Ensign,* Mayo 1999, 72.
17. "Ang Kahanga-hanga at Tunay na Kuwento ng Pasko," 2.
18. "Pagpapatawad," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2005, 84.
19. "Of You It Is Required to Forgive," *Ensign,* Hunyo 1991, 5.
20. "Ang Kahanga-hanga at Tunay na Kuwento ng Pasko," 4–5.
21. "Ang mga Bagay na Nalalaman ko," 84.
22. Sa Sheri L. Dew, *Go Forward with Faith: The Biography of Gordon B. Hinckley* (1996), 560.

# Sumulong nang May Pananampalataya

*"Kung may isang bagay tayong kailangan, . . . [iyon ay] ang uri ng pananampalatayang naghihikayat sa atin na lumuhod at magsumamo sa Panginoon na patnubayan tayo, at pagkatapos, taglay ang tiwala sa Diyos, titindig tayo at kikilos upang tumulong na maisakatuparan ang hangad nating mga resulta."*

## Mula sa Buhay ni Gordon B. Hinckley

"Nang umalis ako para magmisyon [noong binata pa ako]," paggunita ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "binigyan ako ng butihin kong ama ng isang kard na may nakasulat na anim na salita. Iyon ay ang mga salita ng Panginoon sa pinuno ng sinagoga na nakatanggap ng balita tungkol sa pagkamatay ng kanyang anak na babae: 'Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang.' (Marcos 5:36.)"[1] Nang maglingkod ang binatang si Elder Hinckley sa England, naharap siya sa maraming hamon kung saan kinailangan niyang alalahanin ang anim na salitang iyon. Kalaunan ay ikinuwento niya ang isang gayong karanasan:

"Isang araw tatlo o apat sa mga pahayagan ng London ang naghatid ng mga rebyu tungkol sa isang lumang aklat na muling inilimbag, na nangungutya at di-kasiya-siya, na nagsasabing ang aklat ay isang kasaysaysan ng mga Mormon. Sinabi sa akin ni Pangulong Merrill [ang mission president ko], 'Gusto kong pumunta ka sa naglathala nito at tutulan mo ito.' Tiningnan ko siya at sasabihin ko sanang, 'Hindi po ako puwede.' Ngunit mapagkumbaba kong sinabing, 'Opo, sir.'

"Hindi ako nag-aatubiling sabihin na natatakot ako. Pumasok ako sa aking silid at nadama ko ang sa palagay ko'y nadama ni Moises nang utusan siya ng Panginoon na pumunta at kausapin si Faraon.



*"Ang pananampalataya, kapag nasabi at nagawa na ang lahat, ang ating tanging tunay at walang-hanggang pag-asa."*

Nanalangin ako. Sinisikmura ako sa kaba habang naglalakad ako sa Goodge Street station para sumakay sa underground train papunta sa Fleet Street. Nakita ko ang opisina ng presidente at ipinakita ko ang aking kard sa receptionist. Kinuha niya ito at pumasok siya sa opisina sa bandang loob at di-nagtagal ay nagbalik para sabihin na hindi ako puwedeng harapin ng presidente dahil marami itong ginagawa. Sinabi ko na limang libong milya [8,000 kilometro] ang nilakbay ko at na maghihintay ako. Sa sumunod na oras dalawa o tatlong beses siyang naglabas-masok sa opisina ng presidente; sa huli ay pinapasok niya ako. Hindi ko kailanman malilimutan ang larawang tumambad sa akin pagpasok ko ng opisina. Nananabako siya at nakatingin sa akin na tila nagsasabing, 'Huwag mo akong istorbohin.'

"Hawak ko ang mga rebyu. Hindi ko maalala ang sinabi ko pagkatapos niyon. Isang kapangyarihan ang tila nagsalita sa pamamagitan ko. Noong una nangatwiran siya at galit pa. Pagkatapos ay bumait na siya. Nangako siya sa huli na gagawa siya ng paraan. Sa loob ng isang oras nakarating ang isang mensahe sa lahat ng nagbebenta ng aklat sa England na ibalik ang mga aklat sa naglathala nito. Gumastos siya ng malaki sa pagpapalimbag at pagsulat sa harapan ng bawat aklat ng isang pahayag na nagsasabing ang aklat ay hindi dapat ituring na kasaysayan, kundi isang kathang-isip lamang, at na wala siyang layon na kalabanin ang respetadong mga Mormon. Pagkaraan ng ilang taon may isang malaking pabor pa siyang ginawa para sa Simbahan, at taun-taon hanggang sa kanyang pagpanaw ay nakatanggap ako ng Christmas card mula sa kanya."[2]

Sa pagtanggap sa tungkuling bumisita sa opisina ng naglathala, isinagawa ni Elder Hinckley ang isang bagay na magiging bahagi ng kanyang buhay: may pananampalatayang tanggapin ang hamon; magsumamo ng tulong sa Panginoon; pagkatapos ay kumilos.

## Mga Turo ni Gordon B. Hinckley

### 1

**Ang pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay maaaring pagmulan ng makabuluhang pamumuhay.**

Kung may isang bagay tayong kailangan, na tutulong sa atin na magtagumpay at maging maligaya sa mundong ito, iyon ay ang

pananampalataya—ang nakasisigla, makapangyarihan, kahanga-hangang alituntunin na pinagbatayan, tulad ng ipinahayag ni Pablo, ng mga daigdig mismo (tingnan sa Sa mga Hebreo 11:3). Hindi ko tinutukoy ang karaniwang konsepto kundi ang isang praktikal, mahalaga, at aktibong pananampalataya—ang uri ng pananampalatayang naghihikayat sa atin na lumuhod at magsumamo sa Panginoon na patnubayan tayo, at pagkatapos, taglay ang tiwala sa Diyos, titindig tayo at kikilos upang tumulong na maisakatuparan ang hangad nating mga resulta. Ang gayong pananampalataya ay isang katangiang hindi mapapantayan. Ang gayong pananampalataya, kapag nasabi at nagawa na ang lahat, ang ating tanging tunay at walang-hanggang pag-asa.

. . . Ang pananampalataya ay maaaring pagmulan ng makabuluhang pamumuhay. Wala nang mas nakahihikayat na impluwensya sa paggawa ng makabuluhang gawain kaysa sa kaalaman na tayo ay mga anak ng Diyos, na inaasahan ng Diyos na may gagawin tayong mahalaga sa ating buhay, at na tutulungan Niya tayo kapag humingi tayo ng tulong. . . .

. . . Kapag tinatalakay ko ang pananampalataya, hindi ko ito tinatalakay sa kumplikadong paraan. Sinasabi ko na ito ay isang buhay at mahalagang puwersang nagmumula sa pagkilala sa Diyos bilang ating Ama at kay Jesucristo bilang ating Tagapagligtas. . . .

. . . Ang pananampalataya sa isang Banal na Nilalang, sa Makapangyarihang Diyos, *ang* malaking kapangyarihang maaaring magpabago sa ating buhay.[3]

Noo'y nagtrabaho ako sa isa sa mga kumpanya ng tren na dumadaan sa mga bundok. Madalas akong sumakay ng tren. Panahon iyon ng mga makinang de-uling. Ang malalaking tren na iyon ay mabibilis at mapanganib. Madalas akong magtaka kung paano nakakaya ng mga inhinyero na maglakbay sa gabi. Tapos ay natanto kong di ito isang mahabang paglalakbay, kundi patigil-tigil na maiikling paglalakbay. Malakas ang ilaw sa harapan ng tren at naaabot nito ang [400 o 500 yarda]. Ang layong iyon lang ang natatanaw ng inhinyero, at sapat na iyon dahil buong magdamag itong maliwanag hanggang sa magbukang-liwayway. . . .

Ganyan din ang ating walang-hanggang paglalakbay. Paisa-isa ang ating hakbang. Sa gayo'y nararating natin ang di-mawaring lugar, ngunit pananampalataya ang ating gabay. Kung pagyayamanin natin ang pananampalatayang iyon, di tayo kailanman lalakad sa dilim. . . .

Ang hamong kinakaharap ng bawat miyembro ng Simbahang ito ay ang humakbang muli, tanggapin ang responsibilidad na bigay sa kanya, kahit dama niyang di siya nararapat dito, at gawin ito nang may pananampalataya na umaasa nang lubos na iilawan ng Panginoon ang kanyang landas.[4]

**2**

## Pananampalataya ang batayan ng patotoo at lakas ng gawain ng Panginoon sa lupa.

Ang tanging tunay na yaman ng Simbahan ay ang pananampalataya ng mga tao nito.[5]

Ito'y isang kahanga-hanga at kamangha-manghang bagay, na libulibo ang naaantig ng himala ng Banal na Espiritu, na sila'y naniwala at tumanggap at naging mga miyembro [ng Simbahan]. Nabinyagan sila. Naimpluwensiyahan magpasawalang-hanggan ang kanilang buhay sa kabutihan. Nagaganap ang mga himala. Dumarating sa kanilang mga puso ang binhi ng pananampalataya. Lumalaki ito habang sila'y natututo. At tumatanggap sila ng alituntunin tungo sa isa pang alituntunin, hanggang sa matanggap nila ang bawat isa sa mga kamangha-manghang pagpapala na dumarating sa mga lumalakad sa pananampalataya sa simbahang ito, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

. . . Ang mahalaga at kamangha-manghang kaloob na pananampalatayang ito, ang kaloob na ito na mula sa Diyos ang ating Amang Walang Hanggan, ay ang siya pa ring lakas ng gawaing ito at ang tahimik na kapangyarihan ng mensahe nito. Ang pananampalataya ang pundasyon ng lahat ng ito. Ang pananampalataya ang pinagmumulan ng lahat ng ito. Maging ito man ay pagpunta sa misyon, pagsunod sa Word of Wisdom, pagbabayad ng ikapu, pawang magkakatulad ang mga ito. Makikita sa lahat ng ginagawa natin ang ating pananampalataya.

. . . Hindi matatagpuan ang lakas ng gawain at kahariang ito sa temporal na pag-aari nito, gaano man ito kahanga-hanga.

Matatagpuan ang mga ito sa puso ng mga tao nito. Dahil dito, ito'y matagumpay. Dahil dito, ito'y malakas at umuunlad. Dahil dito, nagagawa nitong maisakatuparan ang mga kamangha-manghang bagay na ginagawa nito. Lahat ng ito'y nagmumula sa kaloob na pananampalataya, na ipinagkaloob ng Makapangyarihan sa Kanyang mga anak na hindi nag-aalinlangan at hindi natatakot, ngunit patuloy na sumusulong. . . .

Ang pananampalataya ang saligan ng patotoo. Ang pananampalataya ang pundasyon ng katapatan sa Simbahan. Ang pananampalataya ay sumasagisag sa pagsasakripisyo, na malugod na ipinagkakalob sa pagpapasulong ng gawain ng Panginoon.[6]

Ang ebanghelyo ay mabuting balita. Ito ay isang mensahe ng tagumpay. Dapat itong lubos na tanggapin nang may sigla. . . .

Huwag tayong matakot. Si Jesus ang ating pinuno, ating lakas, at ating hari.

Maraming tao sa panahong ito na negatibo ang pananaw. Ang ating misyon ay isang misyon ng pananampalataya. Sa aking mga kapatid sa lahat ng dako, hinihiling ko sa inyo na muling pagtibayin ang inyong pananampalataya, upang isulong ang gawaing ito sa buong mundo. . . .

"Mga kapatid, hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain? Sumulong at huwag umurong. Lakas ng loob, mga kapatid; at humayo, humayo sa pananagumpay!" (D at T 128:22). Gayon ang isinulat ni Propetang Joseph sa isang awit ng pananampalataya.

Napakaluwalhati ng kasaysayan ng dakilang layuning ito. Puno ito ng kabayanihan, lakas ng loob, katapangan, at pananampalataya. Kayganda ng kasalukuyan habang sumusulong tayo upang pagpalain ang buhay ng mga tao saanman sila makikinig sa mensahe ng mga lingkod ng Panginoon. Kayringal ng hinaharap habang ipinagpapatuloy ng Makapangyarihang Diyos ang Kanyang maluwalhating gawain, na iniimpluwensyahan sa kabutihan ang lahat ng tatanggap at susunod sa Kanyang ebanghelyo, at umaabot pa sa walang-hanggang pagpapala ng Kanyang mga anak na lalaki at babae sa lahat ng henerasyon sa pamamagitan ng di-makasariling gawain ng mga tao na ang puso ay puno ng pagmamahal sa Manunubos ng mundo. . . .

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa inyo, saanman kayo naroon bilang mga miyembro ng simbahang ito, na tumindig at sumulong nang may awit sa inyong puso, na ipinamumuhay ang ebanghelyo, minamahal ang Panginoon, at itinatayo ang kaharian. Sama-sama tayong magpapatuloy sa gawain at mananatiling nananampalataya, at ang Makapangyarihang Diyos ang ating lakas.[7]

3

## Sa pagsampalataya, maaari nating daigin ang takot at anumang balakid o hamon sa ating buhay.


Sino sa atin ang makapagsasabi na hindi pa siya nakadama ng takot? Wala akong kilala na hindi nakaranas nito. Siyempre pa, dumaranas ng mas matinding takot ang ilan kaysa sa iba. Ang ilan ay agad itong nadaraig, ngunit ang iba naman ay nabibitag at nahihila nito pababa at tuluyang nagpapatalo sa takot. Dumaranas tayo ng takot sa pangungutya, takot sa kabiguan, takot sa pag-iisa, takot sa kamangmangan. Ang ilan ay takot sa kasalukuyan, ang ilan ay sa hinaharap. Ang ilan ay nabibigatan sa kasalanan at ibibigay ang halos lahat para mapalaya ang kanilang sarili mula sa mga pasaning ito ngunit takot namang baguhin ang kanilang buhay. Dapat nating maunawaan na ang takot ay hindi nagmumula sa Diyos, kundi ang nakapipinsalang bagay na ito ay nagmumula sa kaaway ng katotohanan at kabutihan. Ang takot ay kabaligtaran ng pananampalataya. Mapangwasak ang epekto nito, at nakamamatay pa.[8]

Isinulat ni Pablo kay Timoteo: "Hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan, at ng pagibig, at ng kahusayan.

"Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon" (II Kay Timoteo 1:7–8).

Sana'y ilagay ng lahat ng miyembro ng simbahang ito ang mga salitang ito sa lugar na makikita nila ito tuwing umaga sa pagsisimula ng araw niya. Bibigyan tayo nito ng lakas ng loob na magsalita, bibigyan tayo nito ng pananamplatayang magsikap, magpapalakas ito sa ating pananalig sa Panginoong Jesucristo. Naniniwala ako na marami pang himalang mangyayari sa mundo.[9]

Nakausap ko isang araw ang isang kaibigan na tumakas mula sa kanyang bayang sinilangan. Nang bumagsak ang kanilang



*"Huwag . . . ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon" (II Kay Timoteo 1:8).*

pamahalaan, inaresto siya at ikinulong. Nakatakas ang kanyang asawa't mga anak, ngunit mahigit tatlong taon siyang nabilanggo nang hindi nakakaugnayan ang kanyang mga mahal sa buhay. Hindi masarap ang pagkain, mahirap ang buhay, at walang posibilidad na umunlad.

"Ano ang nakatulong sa iyong tiisin ang mahirap na panahong iyon?" tanong ko.

Sumagot siya: "Ang aking pananampalataya; ang aking pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Ibinigay ko ang aking mga pasanin sa kanya, at pagkatapos ay tila mas gumaan ang mga ito."[10]

Naging maayos ang lahat. Huwag mag-alala. Sinasabi ko iyan sa sarili ko tuwing umaga. Magiging maayos ang lahat. Kung gagawin ninyo ang lahat ng kaya ninyo, magiging maayos ang lahat. Magtiwala sa Diyos, at sumulong nang may pananampalataya at tiwala

sa hinaharap. Hindi tayo pababayaan ng Panginoon. Hindi Niya tayo pababayaan.[11]

May makapagsasabi bang sinuman sa atin na kung mas malakas ang ating pananampalataya sa Diyos ay mas mabuti ang magagawa natin kaysa sa ginagawa natin ngayon? Walang balakid na napakalaki, walang hamong napakahirap, kung may pananampalataya tayo. Sa pagsampalataya magtatagumpay tayo sa mga negatibong bagay sa ating buhay na patuloy na humihila sa atin pababa. Sa pagsisikap magkakaroon tayo ng kakayahang supilin ang mga silakbong iyon ng damdamin na humahantong sa nakahihiya at masasamang gawain. Sa pagsampalataya mapipigilan natin ang mga layaw ng ating katawan. Matutulungan natin yaong mga pinanghihinaan ng loob at nagpapatalo, at mapapasigla sila ng lakas at kapangyarihan ng ating sariling pananampalataya.[12]

4

## Kapag sumampalataya tayo, tutulungan tayo ng Panginoon na mas mapalakas ito.

Kapag ginamit ninyo ang inyong oras at mga talento sa paglilingkod, lalakas ang inyong pananampalataya at mababawasan ang inyong pagdududa.[13]

Maraming ipagagawa sa inyo ang Simbahan. Hihilingin nitong maglingkod kayo sa iba't ibang tungkulin. Hindi tayo binabayaran sa ating paglilingkod. Kayo ang nagiging tagapaglingkod ng Simbahang ito, at tuwing tatawagin kayong maglingkod ay hinihimok ko kayong tanggapin ito, at kapag ginawa ninyo ito ay titibay at lalakas ang inyong pananampalataya. Ang pananampalataya ay parang kalamnan ng braso ko. Kung gagamitin ko ito, kung aalagaan ko ito, lalakas ito; marami itong magagawa. Ngunit kung isasakbat ko ito at hindi ko ito gagamitin, manghihina at mawawalan ito ng silbi, at gayon din ang mangyayari sa inyo. Kung tatanggapin ninyo ang lahat ng pagkakataon, kung tatanggapin ninyo ang lahat ng tungkulin, tutulungan kayo ng Panginoon na magampanan ito. Hindi kayo hihilingan ng Simbahan na gawin ang anuman na hindi ninyo magagawa sa tulong ng Panginoon.[14]

Ito ang aking dalangin para sa ating lahat—"Panginoon, dagdagan mo ang pananampalataya namin" [tingnan sa Lucas 17:5]. Palakasin

po Ninyo ang aming pananampalataya upang madaig namin ang kawalang-katiyakan at pagdududa. . . .

. . . Panginoon, palakasin po Ninyo ang aming pananampalataya upang matiis namin ang mga taong sumasalungat sa Inyong dakila at banal na gawaing ito. Palakasin Ninyo ang aming loob. Tulungan Ninyo kaming itayo at palawakin ang Inyong kaharian ayon sa Inyong dakilang utos, upang ang ebanghelyong ito ay maipangaral sa buong mundo bilang patotoo sa lahat ng bansa. . . .

. . . Pagkalooban Ninyo kami ng pananampalatayang umasa sa mga himala sa hinaharap sa kabila ng mga problema sa kasalukuyan. Bigyan Ninyo kami ng pananampalatayang magbayad ng aming mga ikapu at handog at magtiwala sa Inyo, ang Makapangyarihang Diyos, na Inyong bubuksan ang mga dungawan ng langit tulad ng Inyong pangako. Bigyan Ninyo kami ng pananampalatayang tama'y gawin at bunga'y aming makita.

Pagkalooban Ninyo kami ng pananampalataya kapag nahihirapan kami sa mga pagsubok. Sa panahon ng karamdaman nawa'y lumakas ang aming pagtitiwala sa kapangyarihan ng priesthood. Nawa'y sundin namin ang payo ni Santiago:

"May sakit baga ang sinoman sa inyo? ipatawag niya ang mga [elder] sa iglesia; at ipanalangin nila siya, na pahiran nila ng langis sa pangalan ng Panginoon:

"At ang *panalangin ng pananampalataya* ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon siya ng Panginoon" (Santiago 5:14–15; idinagdag ang italics). . . .

Panginoon, kapag kami ay naglalakad sa libis ng lilim ng kamatayan, bigyan Ninyo kami ng pananampalataya na ngumiti sa kabila ng aming kalungkutan, batid na ito ay bahagi lamang ng walang-hanggang plano ng isang mapagmahal na Ama, na kapag kami ay sumakabilang-buhay na ay paroroon kami sa isang lugar na mas maluwalhati, at na sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ng Anak ng Diyos lahat ay magbabangon mula sa libingan at ang matatapat ay magpapatuloy sa kadakilaan.

Bigyan Ninyo kami ng pananampalatayang ituloy ang gawain ng pagtubos sa mga patay upang ang Inyong mga walang-hanggang

layunin ay maisakatuparan para sa kapakanan ng Inyong mga anak sa lahat ng henerasyon.

Ama, pagkalooban Ninyo kami ng pananampalatayang sundin ang payo sa maliliit na bagay na maaaring napakahalaga. . . .

Panginoon, palakasin Ninyo ang aming pananalig sa isa't isa, at sa aming sarili, at sa aming kakayahang gumawa ng mga bagay na mabuti at dakila. . . .

Ama, palakasin Ninyo ang aming pananampalataya. Sa lahat ng aming mga pangangailangan, sa palagay ko ang talagang kailangan namin ay mas malakas na pananampalataya. Kaya, mahal na Ama, palakasin Ninyo ang aming pananampalataya sa Inyo, at sa Inyong Pinakamamahal na Anak, sa inyong dakila at walang-hanggang gawain, sa aming sarili bilang Inyong mga anak, at sa kakayahan naming humayo upang gawin ang naaayon sa Inyong kalooban, at sa Inyong mga tuntunin, ang mapagkumbaba kong dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Hinckley na ang pananampalataya sa Diyos ay "malaking kapangyarihang maaaring magpabago sa ating buhay" (bahagi 1). Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo na malaman ang tungkol sa kapangyarihan ng pananampalataya? Paano ninyo nakita na kapag "nararating natin ang di-mawaring lugar, . . . pananampalataya ang ating gabay"?
- Ano ang matututuhan natin mula sa bahagi 2 tungkol sa pinagmumulan ng lakas ng Simbahan? Paano nauugnay ang pananampalataya at sakripisyo sa isa't isa? Isipin kung paano ninyo susundin ang panawagan ni Pangulong Hinckley na "isulong ang gawaing ito sa buong mundo."
- Sa palagay ninyo, bakit may kapangyarihan ang pananampalataya na tulungan tayo sa ating mga pagsubok? (Tingnan sa bahagi 3.) Kailan nakatulong sa inyo ang pananampalataya na madaig ang takot? Kailan nakatulong sa inyo ang pananampalataya na madaig ang iba pang mga balakid?

- Rebyuhin ang panalangin ni Pangulong Hinckley sa bahagi 4. Anong mga salita sa panalanging ito ang may espesyal na kahulugan sa inyo? Paano tayo matutulungan ng pananampalataya na madaig ang kawalang-katiyakan at pagdududa? Paano tayo matutulungan ng pananampalataya na umasa sa mga himala sa hinaharap sa kabila ng mga problema sa kasalukuyan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Juan 14:12–14; Mga Taga Roma 5:1–5; 2 Nephi 26:12–13; Moroni 7:33–38; D at T 27:16–18

*Tulong sa Pagtuturo*

"Kapag palagian at masigasig nating pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan, masigasig na hinahangad ang gabay mula sa Espiritu, tayo ay magiging handa na tumanggap ng kalinawan tungkol sa paghahanda ng mga aralin. Magiging handa rin tayo na tanggapin at sundin ang mga udyok mula sa Espiritu habang tayo ay nagtuturo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 16).

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Okt. 1969, 114.
2. "If Ye Be Willing and Obedient," *Ensign,* Hulyo 1995, 5.
3. *Standing for Something: Ten Neglected Virtues That Will Heal Our Hearts and Homes* (2000), 109–10.
4. "Tayo ay Nagsisilakad nang May Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2002, 72–73.
5. "The State of the Church," *Ensign,* Mayo 1991, 54.
6. "Ang Himala ng Pananampalataya," *Liahona,* Hulyo 2001, 68–69.
7. "Stay the Course—Keep the Faith," *Ensign,* Nob. 1995, 71–72.
8. "God Hath Not Given Us the Spirit of Fear," *Ensign,* Okt. 1984, 2.
9. "Be Not Afraid, Only Believe," *Ensign,* Peb. 1996, 5.
10. "Be Not Faithless," *Ensign,* Abr. 1989, 4.
11. "Latter-Day Counsel: Excerpts from Addresses of President Gordon B. Hinckley," *Ensign,* Okt. 2000, 73.
12. *Standing for Something,* 109–10.
13. "He Is Risen, As He Said," *Ensign,* Abr. 1983, 7.
14. "Inspirational Thoughts," *Ensign,* Hunyo 1999, 2.
15. "Lord, Increase Our Faith," *Ensign,* Nob. 1987, 52–54.

# Listahan ng mga Larawan

Pahina 48: Detalye mula sa *Unang Pangitain ni Joseph Smith,* ni Greg K. Olsen

Pahina 57: *Isang Pastol,* ni Howard Lyon

Pahina 67: *Brigham Young sa Ensign Peak,* ni A. VaLoy Eaton

Pahina 73: Detalye mula sa *Si Cristo at ang Mayamang Binatang Pinuno,* ni Heinrich Hofmann, sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

Pahina 90: *Ang Dulo ng Parley's Street,* ni Glen S. Hopkinson

Pahina 98: *Pagsagip sa Handcart,* ni Glen S. Hopkinson

Pahina 142: Detalye mula sa *Ang Sermon sa Bundok,* ni Harry Anderson

Pahina 148: *Ang Turo ng Tagapagligtas Tungkol sa Pagiging Disipulo,* ni Justin Kunz

Pahina 151: *Daan Patungong Emaus,* ni Jon McNaughton

Pahina 158: *Ang Panginoong Jesucristo,* ni Del Parson

Pahina 198: *Ang Nabaling Pana ni Nephi,* ni Michael Jarvis Nelson

Pahina 224: Detalye mula sa *Pinagagaling ni Cristo ang Maysakit sa Betesda,* ni Carl Heinrich Bloch

Pahina 257: *Binabasa ni Parley P. Pratt ang Aklat ni Mormon,* ni Jeff Hein

Pahina 273: Detalye mula sa *Imahe ni Cristo,* ni Heinrich Hofmann, sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

Pahina 330: *Hindi na Nawawala,* ni Greg K. Olsen

Pahina 344: Larawan © *Deseret Morning News*

Pahina 358: *Si Cristo sa Getsemani,* ni Harry Anderson

Pahina 380: Detalye mula sa *Si Cristo Kasama ang Batang Lalaki,* ni Carl Heinrich Bloch

# Indeks


**A**

Aklat ni Mormon
  bilang kasama ng Biblia sa pagpapatotoo, 56–57
  hamon ni Gordon B. Hinckley na basahin ang, 251
  isinalin ni Joseph Smith, 252, 254
  kapangyarihan ng, 251–261
  kuwento tungkol sa, 203, 254–256
  mababago ang ating buhay at pananaw, 256–260
  pagtanggap ng patotoo tungkol sa, 252–254
  patotoo tungkol sa, humahantong sa paniniwala sa iba pang mga katotohanan, 254–255
  pinatototohanan si Jesucristo, 56–57, 256
  tinutulungan tayong mahanap ang mga solusyon sa mga problema sa ngayon, 255–256

Ama, mga
  ang mga maytaglay ng priesthood ay dapat maging mabubuting, 240–46
  mga responsibilidad ng, 187
  *Tingnan din sa* Magulang, mga; Pamilya

Ama sa Langit
  ang Ama ng ating espiritu, 59, 86, 123–24
  ang gumagabay o namamahala sa Simbahang ito, 72, 204
  ang tunay na pinagmumulan ng lakas, 110
  at si Jesucristo ay magkahiwalay na mga nilalang, 55–56
  inaanyayahan tayong manalangin sa Kanya, 123–24
  mahal tayo, 360–61
  may pisikal na anyo, 55–56
  nagpakita kay Joseph Smith, 50, 53–56
  pagkakaroon ng patotoo tungkol sa, 165–67
  pinagpapala ang mga sumusunod sa Kanyang mga utos, 72
  pinasimulan ang pamilya, 186

Apostasiya, 51, 58

Apostol, mga, 51, 293, 295–97

Araw ng Sabbath, 71, 139

**B**

Bata, mga
  ay mga kaloob ng Panginoon, 187
  buhay ng, mababanaag ang pagtuturo sa pamilya, 194–95
  dapat ihanda nang maaga para sa gawaing misyonero, 323–24
  dapat palakihin sa liwanag at katotohanan, 113
  dapat turuan habang bata pa, 191–92
  kawalang-malay ng, 58
  rebelde, kailangan ng pagmamahal at mga dasal, 193

Bishop, 300–302

**C**

Convert sa Simbahan, mga
  ay mahalaga, 333–37
  kailangang pangalagaan sa salita ng Diyos, 333, 337, 339–40
  kailangan ng kaibigan, 337–40

kailangan ng responsibilidad, 333–34, 337–39
Cristo. *Tingnan sa* Jesucristo

**D**

Desisyon, mga, 206–208
Di-gaanong aktibong mga miyembro
inanyayahang bumalik sa pagiging aktibo sa Simbahan, 340–42
pagtulong nang may pagmamahal sa, 334
Diyos Ama. *Tingnan sa* Ama sa Langit

**E**

Ebanghelyo
ay mensahe ng tagumpay, 84–86
ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith, 49–50, 53–60
nagbibigay sa atin ng dahilan para magalak, 81–83, 112
Edukasyon
buong buhay, 263–75
espirituwal, ay kasinghalaga ng temporal, 272–274
nagbibigay ng mga pagkakataon, 266–67, 269–72
ni Gordon B. Hinckley, 5–7
sa pamamagitan ng Perpetual Education Fund, 34–35, 214, 218
Espiritu. *Tingnan sa* Espiritu Santo
Espiritu Santo
binibigyan ng kaliwanagan, pinatatatag, at pinasisigla tayo, 137–39
bumubulong ng paghahayag sa atin, 133–40
ginagabayan tayo sa ating paglilingkod sa tahanan at sa simbahan, 134–35
maaari nating makasama palagi, 134–35, 139–40
nagpapatotoo sa katotohanan, 134, 252–53
tinutulungan tayong madaig ang ating mga pagkakaiba, 325–26

**F**

Family home evening, 190–91

**G**

Gawaing misyonero
ay responsibilidad ng priesthood, 324
naghahatid ng kaligayahan, 323–25
natutulungan ng panalangin ng pamilya, 126–28
ni Gordon B. Hinckley, 7–10, 77, 225, 317–19, 373–75
paghahanda sa mga bata para sa, 323–24
pagpapalain ng Panginoon ang ating mga pagsisikap sa, 327
pagtulong sa mga full-time missionary sa, 320–23
pagtulong sa mundo sa pamamagitan ng, 319–20
sa mga huling araw, 317–27

**H**

Hinckley, Ada Bitner (ina), 2–9, 10, 77, 107, 157
Hinckley, Bryant Stringham (ama), 2–10, 77, 92, 107, 157, 213, 225, 263–65
Hinckley, Gordon B.
bilang ama, 15–16, 121, 185
bilang asawa, 14, 171–74
binigyang-diin ang pagpapanatiling aktibo ng mga convert, 37–38, 331–42
binuo ang temple endowment film para sa Bern Switzerland Temple, 19–20
full-time mission ni, 7–10, 77, 225, 317–18, 373–75

hinirang na executive secretary ng Church Radio, Publicity, and Mission Literature Committee, 12–14, 17, 64, 251
hinirang na executive secretary ng General Missionary Committee, 17
inilaan ang Conference Center, 41
inilaan ang ika-100 templong gumagana, 39, 347
ininterbyu sa *60 Minutes*, 31, 306–307
ipinaalam ang pagtawag sa mga Area Presidency, 26
ipinakilala ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 36, 186
kabataan ni, 4–5
kasal ni, kay Marjorie Pay, 14–15, 107–108, 171–74
magulang ni, mga, 2–10, 77, 107, 157, 263
nagdalamhati sa pagkamatay ng kanyang asawang si Marjorie, 42, 174
naghikayat ng espirituwal at sekular na pagkatuto, 34–35, 263–75
naging Pangulo ng Simbahan, 28–30, 289–91
naging punong-abala sa 2002 Winter Olympics sa Salt Lake City, 31–32
nagtapos sa University of Utah, 7, 63
nagtatrabaho sa Denver at Rio Grande Railroad, 17
naharap sa mga pagsubok sa pananampalataya noong binatilyo siya, 6–7
natuklasang may kanser, 43
niligawan si Marjorie Pay, 7, 14–16, 171
pag-aaral ni, 5–7
pagkamatay ni, 42–43
paglalakbay ni, mga, 10–12, 32–34, 49, 107, 172, 318
paglilingkod ni, sa Korum ng Labindalawa, 20–23, 289
paglilingkod ni, sa Unang Panguluhan, 24–28, 289–91
pagsilang ni, 2–3
pamana ng pamilya ni, 2–3, 91–92
patotoo ni, 5, 7, 41, 157–58, 359–61, 368–70
pinasimulan ang Perpetual Education Fund, 34–35, 214, 218
serbisyo sa libing para kay, 42–43
tumanggap ng paghahayag na magtayo ng maliliit na templo, 38–39, 345–47
tumanggap ng Presidential Medal of Freedom, 32

Hinckley, Marjorie Pay (asawa)
kasal ni, kay Gordon B. Hinckley, 15–16, 107–108, 171–74
niligawan ni Gordon B. Hinckley, 7, 14–16, 171
pagkamatay ni, 42, 174

**I**

Ina, mga
responsibilidad ng, mga, 187
sagradong tungkulin ng, 112–14
*Tingnan din sa* Magulang, mga; Pamilya, Mag-anak

**J**

Jesucristo
"Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," 41, 359
ang pinakamahalagang nilalang sa kasaysayan ng sangkatauhan, 53
at ang Ama sa Langit ay magkahiwalay na mga nilalang, 54–55
itinatatwa ng ilan ang kabanalan ni, 150–53

ministeryo ni, bago isinilang, 361–62
ministeryo sa lupa ni, 145–46, 361–62
nagpakita kay Joseph Smith, 51, 53–55
nangakong sasamahan tayo, 72, 326
Pagbabayad-sala ni, 146–47, 359–70
Pagkabuhay na Mag-uli ni, 146–48, 363–64
pagkakaroon ng patotoo tungkol kay, 150–54, 165–67
Pagpapako sa Krus kay, 146–47, 362–63
umaasa tayo kay, 143–55

Joseph Smith. *Tingnan sa* Smith, Joseph

**K**

Kababaihan
bilang mga anak na babae ng Diyos, 107–118
kapangyarihan ng matatapat, 116–17
makipagtulungan sa mga maytaglay ng priesthood, 114, 247–48
oportunidad para sa, mga, 270–71
responsibilidad ng, sa Simbahan, mga, 114
sagradong lugar ng, sa plano ng Diyos, 109

Kabanalan
kahalagahan ng, 111, 280
naghahatid ng mga pagpapala, 280–81
pagsasalig ng ating buhay sa, 279–87
sa ating isipan, 285–86

Kagipitan, Paghihirap
dinanas ng mga pioneer, 3, 91, 93, 95–100
masigasig sa kabila ng, 78
matutulungan tayo ng pananampalataya na magtiis, 379–81
paghahanda para sa, 218–220
sa Aklat ni Mormon, 256

Kahandaan sa emergency, 218–20

Kaligayahan
ang plano ng Panginoon ay isang plano ng, 79
nagmumula sa kaalaman tungkol sa ebanghelyo, 81–83, 112
pagkakaroon, 77–87
sa pagsasama ng mag-asawa ay nagmumula sa pagpapakita ng magiliw na malasakit, 179–81
sa pamamagitan ng gawaing misyonero, 323–25
sa pamamagitan ng paglilingkod, 229–31
sa pamamagitan ng panalangin, 121–22

Kapayapaan
matatagpuan sa templo, 353–55
nananalangin para sa, 124
sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay, 281–83
sa pamamagitan ng pag-asa sa sarili, 213–22

Kasal, Pagsasama ng Mag-asawa
ay pakikipagtuwang ng magkapantay, 176
bilang walang-hanggang pagsasamahan, 171–82
dinisenyo ng Ama sa Langit, 174–75
kaligayahan sa, ay nagmumula sa pagpapakita ng magiliw na malasakit, 179–81
ni Gordon B. Hinckley kay Marjorie Pay, 15–16, 107–108, 171–74
pagiging tunay at tapat sa kalooban, 181

**M**


Magandang pananaw, 77–87

Magulang, mga
ang may pananagutang turuan at alagaan ang kanilang mga anak, 186–88
dapat ihanda nang maaga ang mga anak para sa gawaing misyonero, 323–24
dapat ipagdasal ang kanilang mga anak, 123, 188, 193
dapat lumikha ng kapaligiran ng pagkatuto sa kanilang mga tahanan, 268–69
dapat magpigil ng galit, 193–95
hindi dapat sumuko o pabayaan na lang ang rebeldeng mga anak, 193
mag-isang nagtataguyod, 188


**O**


Ordenansa, mga
para sa mga patay, 59, 351–52
sa templo ang pinakadakilang mga pagpapala ng Simbahan, 349–51


**P**


Pag-asa sa sarili
naghahatid ng kapayapaan, 213–222
pagtulong sa iba na makamtan ang, 216–18
sa pamamagitan ng Perpetual Education Fund, 35–36, 214, 218

Pagbabayad-sala. *Tingnan sa* Jesucristo, Pagbabayad-sala ni

Paggalang
ay nagpapatatag sa ugnayan ng pamilya, 193–95
para sa mga taong iba ang pananampalataya, 308–310, 312–13

Paghahayag
dumarating sa pamamagitan ng marahan at banayad na tinig, 136
makabago, 59–60
na itayo ang Hong Kong China Temple, 133–35
na magtayo ng maliliit na templo, 38–39, 345–47

Pag-ibig, Pagmamahal
ang pamilya ay tumatatag sa pamamagitan ng, 193–95
ang pinakadiwa ng ebanghelyo, 227
makapagpapabago ng mga puso, 226
pagtulong nang may, sa di-gaanong aktibong mga miyembro, 334
para sa mga taong hindi natin kapanalig, 312–14
sa pagsasama ng mag-asawa, 174–81

Pagkabuhay na Mag-uli
ginawang posible ng Tagapagligtas, 365–70
ni Jesucristo, 147–49, 364–65

Pagkakaisa
sa mga miyembro ng Simbahan, 72
sa mga taong hindi natin kamiyembro, 305–307
sa Unang Panguluhan at sa Labindalawa, 298–99

Paglilingkod
ang pinakamabisang lunas sa kalungkutan, 229–31
ang Simbahan ay nagbibigay ng mga pagkakataon para sa, 233–35
ginagabayan tayo ng Espiritu Santo sa, 135–36
paglimot sa ating sarili sa, 225–35
pagtuklas sa ating tunay na pagkatao sa, 231–32

sa mga templo, 351–52
sa Relief Society, 114–16

Pagpapahayag tungkol sa mag-anak, 36, 186

Pagpapanatiling aktibo ng mga convert, 372–38, 331–42

Pagpaparaya, 307–10, 312–14, 319

Pagsisisi
ay ginawang posible ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, 367–69
ay isa sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo, 82
sa imoral na pag-uugali, 286

Pagsubok, mga. *Tingnan sa* Kagipitan, Paghihirap

Pagsunod
ang daan tungo sa kaligayahan, 82
ang hinihingi sa atin sa lahat ng aspeto, 202
ang mga pagpapala ay dumarating sa pamamagitan ng, 72, 203–204
ay nangangahulugang ipamuhay ang ebanghelyo, 199–209
pinalalakas ang Simbahan, 208–209

Pakikipagkaibigan, Pakikisama
sa bago at di-gaanong aktibong mga miyembro, 331–42
sa mga taong hindi natin kapanalig o iba ang pananampalataya, 305–314

Pamilya
ang pangunahing organisasyon o yunit ng lipunan, 58, 127
ang posisyon ng Simbahan tungkol sa, 70
ay pinatatatag ng pagmamahal at paggalang, 193–95
maaaring ibuklod sa kawalang-hanggan, 58
pagpapahayag tungkol sa, 36, 186
pinasimulan ng Ama sa Langit, 186
ugnayan ang pinakasagrado, mga, 186

Panalangin
kapangyarihan ng, 121–30
naghahatid ng mga pagpapala at kaligayahan, 121–23
paghahanap ng mga sagot sa, 128–30
pamilya, humahantong sa mga himala, 125–28
pamilya, sa tahanan ni Gordon B. Hinckley, 121
pamilya, tinutulungan ang mga bata na lalong manampalataya, 189–90

Panalangin ng pamilya
humahantong sa mga himala, 125–28
sa tahanan ni Gordon B. Hinckley, 121
tinutulungan ang mga bata na lumakas ang pananampalataya, 189–90

Pananalapi, 218–220

Pananampalataya
ang batayan ng patotoo, 377–79
ang pinagmumulan ng makabuluhang pamumuhay, 375–377
mas lumalakas kapag ginamit, 381–83
ng matwid na kababaihan ay nagdudulot ng kapangyarihan, 118
ng mga pioneer, 93–95
pagsulong nang may, 373–83
tinutulungan tayong daigin ang takot at balakid o hamon, 379–81

Pang-aabuso, 245

Pangamba, Takot, 84–86, 167, 379

Pangulo ng Simbahan
ang senior na Apostol ang nagiging kasunod na, 293–94
kapag hindi lubos na magampanan ang tungkulin, 294–97
tinawag ng Panginoon, 292–93
Panguluhang Diyos, 55–56
Paninindigan, 77–78, 179–81, 209, 283
Panunumbalik
ng ebanghelyo, 49–60
ng mga susi at awtoridad ng priesthood, 50, 54–55, 239–40
pinangunahan ng Renaissance at Reformation, 52–53
pinasimulan ng Unang Pangitain, 50, 53, 65
sa pamamagitan ni Joseph Smith, 49–50, 53–60
Pasasalamat, 79–81
Patotoo
ang ating buhay ay dapat maging sagisag ng ating, 144
ang kaloob na, 157–69
ang makapangyarihang lakas ng Simbahan, 159, 209, 377–79
kailangan nating ibahagi at ipamuhay, 167–68
ni Gordon B. Hinckley, 5, 7, 41, 157–59, 359–61, 368–70
tinutulungan tayong mabuhay sa pananampalataya, 159–65
tungkol sa Aklat ni Mormon, 252–53
Perpetual Education Fund, 34–35, 214, 218
Pioneer, mga
lahat ng miyembro ng Simbahan ay mga, 100–102
makabago, 92, 100–102
ng sinaunang Simbahan, 3, 65–69, 91–101
ng Willie at Martin handcart companies, 97–100
pamana ng, 91–103
pinatunayan ang kanilang pananampalataya, 93–95
Plano ng kaligtasan, 59, 353
Pornograpiya, 139, 244, 281–85
Pratt, Parley P., 256–60
Priesthood
at organisasyon ng Simbahan, 58, 289–302
awtoridad at mga susi ng, ipinanumbalik, 50, 54–55, 159, 239–40
bawat karapat-dapat na lalaki ay maaaring magtaglay ng, 242–302
isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng, 240
kapangyarihan at mga pagpapala ng, 237–48
korum ng, makapaglalaan ng angkla ng lakas, mga, 246
maaaring pagpalain ang lahat ng anak ng Diyos, 241–42
Melchizedek, 241–42
pagkamarapat na magtaglay, 242–46
Propeta, mga
ay palaging matatandang lalaki, 292
pinapayuhan tayong maging handa sa temporal at espirituwal, 218–20
tinawag ng Panginoon, 292–93
Punong tumutubo nang hindi balanse, 191–92

**R**

Relief Society, 114–116

**S**

Senior missionary, mga, 324–25
Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang
bawat miyembro ng, ay may mahalagang bahaging gagampanan, 68–69
bilang sagisag sa mga bansa, 63–74
doktrina ng, na ipinagkaiba nito sa iba pang simbahan, mga, 55–60
ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith, 49–50, 53–60
mga unang lider ng, nakinita ang tadhana nito, 65–68, 95–96
nagbibigay ng mga pagkakataong makapaglingkod, 231–35
organisasyon ng, 58, 289–302
pinupuspos ang mundo, 53, 64–65, 327
Single adult, mga, 178–79
Smith, Emma, 110–12, 203
Smith, Joseph
ipinanumbalik ang Simbahan sa pamamagitan ni, 44–50, 52–60, 159
nagsalin ng Aklat ni Mormon, 252, 254
patotoo ni, 148
Unang Pangitain ni, 51, 53–56
Stake president, 299–300

**T**

Tahanan
bilang batayan ng matwid na pamumuhay, 185–95
ni Gordon B. Hinckley, 185
paglikha ng kapaligiran ng pagkatuto sa, 268–69
*Tingnan din sa* Pamilya, Mag-anak
Templo, mga
ang mga mag-anak ay maaaring mabuklod sa, 175–76, 350–51
ang mga ordenansa para sa mga patay ay isinasagawa sa, 351–52
ay mga lugar ng kapayapaan at paghahayag, 353–55
ay mga pagpapahayag ng ating patotoo, 348–49
paghahayag na magtayo ng maliliit na, 38–39, 345–47
pagpapala ng, mga, 345–55
Tipan, mga, 139, 200–202, 354
Trabaho, Gawain
ang pangangailangan sa, 214–16
ang sikreto ng Simbahan, 215–16
mga aral na natutuhan sa pamamagitan ng, 213

**U**

Unang Pangitain, 50, 53–55, 64
Utang, 220–22

**W**

Welfare, 214–16, 219–20

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02088 62893 8
08862 893